

Ang Islam:

Ang mga Saligan Nito at

Ang mga Simulain Nito

Isinulat ni
Dr. Muḥammad ibnu ‘Abdulláh ibni Sálih as-Suḥaym

Isinalin ng Zulfi Foreigners Guidance Office

الإسلام أصوله ومبادئه

تأليف

د. محمد بن عبد الله صالح السحيم

قام بترجمته: شعبة توعية الجاليات بالزلفي

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa ngalan ni Allah,¹ ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

Paunang Salita

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allah. Nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya at humingi tayo ng tawad sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allah laban mga kasamaan ng mga sarili natin at laban sa mga masagwa sa mga gawain natin. Ang sinumang pinapatnubayan ni Allah ay walang magliligaw sa kanya, at ang sinumang pinaliligaw Niya ay walang magpapatnubay sa kanya. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah: nag-iisa Siya, walang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay lingkod Niya at Sugo² Niya. Pagpalain siya ni Allah at batiin ng maraming pagbati.

Isinugo nga ni Allah ang mga sugo Niya sa mga nilalang upang hindi magkaroon ang tao ng ipangangatwiran sa Kanya kapag wala na ang mga sugo. Ibinaba Niya ang mga kasulatan bilang patnubay, awa, liwanag at lunas. Ang mga sugo sa nagdaang panahon ay ipinadadala sa mga tao nila lamang. Pinaiingatan nila ang mga aklat nila kaya dahil doon napawi ang mga isinulat nila at nabago. Nabaluktot ang mga ito at napalitan ang mga batas nila dahil ang mga ito ay ibinaba sa isang takdang kalipunan³ sa loob ng yugtong mabibilang.

Pagkatapos ay itinangi ni Allah ang Propeta Niya na si Muhammad (SAS)⁴ sa pamamagitan ng paggawa sa kanya na pangwakas sa mga propeta at mga isinugo. Nagsabi

¹ Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangalang pantangi at hindi pangalang pambalana. Kaya ang mga mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at HINDI ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng Ministry of Islamic Affairs sa Saudi Arabia. Ang Tagapagsalin.

² Kapag binanggit sa lathalain natin ang salitang **sugo** o **isinugo**, ang tinutukoy natin ay isang sugong propeta o isinugo ng Panginoon, maliban kung tahasang binanggit na iyon ay hindi isang propeta. Ang sugo sa Islam ay ang pinakamataas na antas na maaaring marating ng isang tao. Ang sugo ay higit na mataas kaysa sa propeta sapagkat ang bawat sugo ay isang propeta rin ngunit ang karamihan sa mga propeta ay hindi sugo. Sa mga lathalain natin, ang Sugo na may malaking titik na “S” at ang Propeta na may malaking titik na “P” ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

³ Ang kalipunan ay salin ng salitang Arabe na *ummah* na nangangahulugang: Isang pangkat ng mga tao na ipinagbubuklod ng isang kalagayan na gaya ng relihiyon o pook o panahon. Tingnan ang *al-Mu‘jam al-Wasit*, p. 27. Samakatuwid ang kalipunan o *ummah* ay maaaring tumukoy sa isang bansa o isang pangkat o isang komunidad ng mga mananampalataya kapag ang tinutukoy ay ang Kalipunan ng Islam. Ang Tagapagsalin.

⁴ (SAS): *Sallallāhu ‘Alayhi wa Sallam*: Pagpalain siya ni Allah at batiin (o pangalagaan). Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya. Ang Tagapagsalin.

Siya, pagkataas-taas Niya:⁵ **Si Muhammad ay hindi ama ng isa sa mga kalalakhian ninyo bagkus ang Sugo ni Allah at ang pangwakas sa mga Propeta.**⁶ Pinarangalan siya ni Allah ng pinaka-mainam na aklat na ibinaba, ang Dakilang Qur'an.⁷

Ginarantiyahan ni Allah ang pangangalaga nito at hindi Niya iniwan sa mga nilikha Niya. Nagsabi Siya: **Tunay na Kami ay nagpababa sa Paalaala, at tunay na Kami ay talagang mag-iingat nito.**⁸ Ginawa Niya ang Batas Niya na mananatili hanggang sa pagdating ng Huling Sandali. Nililinaw Niya na kabilang sa mga kinakailangan sa pananatili ng Batas Niya ay ang pananampalataya rito, ang pag-aanyaya tungo rito at ang pagtitiis para rito.

Ang pamamaraan ni Muhammad (SAS) at ang pamamaraan ng mga tagasunod niya noong wala na siya ay ang pag-aanyaya tungo kay Allah ayon sa pagkatalos. Nagsabi Siya, na naglilinaw sa pamamaraang ito: **Sabihin mo: "Ito ay landas ko. Nag-aanyaya ako tungo kay Allah batay sa pagkatalos, ako at ang sinumang sumunod sa akin. Napakamaluwalhati ni Allah, at ako ay hindi kabilang sa mga nagtatambal kay Allah."**⁹

Inutusan Niya ang Propeta (SAS) na magtiis sa mga kapinsalaan alang-alang sa landas Niya. Nagsabi Siya: **Kaya magtiis ka gaya ng pagtitiis ng mga may matatag ng pagpapasya na kabilang sa mga sugo,**¹⁰ Sinabi pa Niya: **O mga sumampalataya, magtiis kayo, humigit kayo sa pagtitiis, magbantay kayo sa hangganan at mangilag kayong magkasala kay Allah nang harinawa kayo ay magtagumpay.**¹¹

Bilang pagsunod sa marangal na maka-Diyos na pamamaraang ito ay isinulat ko ang aklat na ito bilang pag-anyaya tungo sa landas ni Allah, na nagpapakalinaw sa pamamagitan ng Aklat ni Allah at nagpapagabay sa pamamagitan ng Sunnah¹² ng Sugo Niya (SAS). Nilinaw

⁵ Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadith na sinipi rito ay direktahang salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng sanaysay tungkol kay Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin. Ang salin ng talata ng Qur'an ay isinusulat sa matingskad na titik. Ang salin naman ng mismong salita ni Propeta Muhammad sa Hadith ay isinusulat sa matingskad na pahilig na titik. Sa pagsisipi ng mga salin ng mga talata ng Qur'an, pangungunahin ito ng pariralang "Nagsabi Siya" o "Nagsabi si Allah" o "Sinabi Niya" o "Sinabi ni Allah." Ang Tagapagsalin.

⁶ Kabanata 33, talata 40 (Qur'an 33:40). Ito ay isang teksto mula sa Dakilang Aklat, ang Marangal na Qur'an, na ibinaba ni Allah kay Muhammad. Sa aklat ko na ito ay mayroong maraming teksto mula sa Marangal na Qur'an. Ito ay pinangungunahan palagi sa pamamagitan ng pagsabi ng "Nagsabi si Allah na pagkataas-taas" o "Nagsabi Siya na pagkataas-taas" o "Nagsabi Siya na kapita-pitagan ang pagbubunyi sa Kanya" o "Nagsabi Siya, napakamaluwalhati Niya." Makatatagpo ka ng isang binuod na pagpapakilala sa Dakilang Qur'an sa pahina: A-B, C-D ng aklat na ito.

⁷ Ang Qur'an ay kadalasang tinatawag sa wikang Arabe na *al-Qur'an al-Karim* (Ang Marangal na Qur'an), o *al-Qur'an al-'Adhim* (Ang Dakilang Qur'an), o *al-Qur'an al-Majid* (Ang Maluwalhatang Qur'an). Madalas ding tawagin ito na Banal na Qur'an sa Tagalog at Holy Qur'an sa Ingles bagamat ang mga katawagang ito ay hindi ginamit kailanman sa wikang Arabe. Ang Tagapagsalin.

⁸ Qur'an 15:9.

⁹ Qur'an 12:108.

¹⁰ Qur'an 46:35.

¹¹ Qur'an 3:200.

¹² Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay ang "kalakaran" o "pamamaraan" ni Propeta Muhammad (SAS). Tumutukoy ito sa **sinabi**, **ginawa**, **sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS) at pati na **paglalarawan** sa kanya. Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng Hadith o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman na may maliit na



ko rito sa isang binuod na paglilinaw ang balita ng pagkalikha sa Sansinukob, pagkalikha sa tao at pagpaparangal sa kanya, pagsusugo ng mga sugo sa kanya, at ang kalagayan ng mga naunang relihiyon.

Pagkatapos ay ipinakilala ko ang Islam ayon sa kahulugan at mga sandigan nito. Kaya ang sinumang nagnanais ng patnubay ay heto ang mga patunay na nasa harap na niya. Ang sinumang nagnanais ng kaligtasan ay nilinaw ko na sa kanya ang daan niyon. Ang sinumang ibig na sumunod sa mga bakas ng mga propeta, mga sugo at mga nagtutuwid ay heto ang landas nila. Ang sinumang ayaw sa kanila ay nagpahunghang sa sarili niya at tumahak sa landas ng pagkaligaw.

Tunay na ang bawat kaanib ng isang kapaniwalaan ay nag-aanyaya sa mga tao tungo sa kapaniwalaang iyon. Naniniwala sila na ang katotohanan ay naroon at wala sa iba pa roon. Ang lahat ng kaanib ng isang pinaniniwalaan ay nag-aanyaya sa mga tao tungo sa pagsunod sa tagapagtatag ng pinaniniwalaan nila at sa pagluwalhati sa pinuno ng daan nila.

Ang Muslim¹³ naman ay hindi nag-aanyaya sa pagsunod sa daan niya dahil wala naman siyang daan na natatangi sa kanya. Ang Relihiyon niya ay ang Relihiyon mula kay Allah lamang na kinasiyahan Niya para sa sarili Niya. Nagsabi Siya: **Tunay na ang Relihiyon sa ganang kay Allah ay ang Islam.**¹⁴

Hindi siya nag-aanyaya sa pagluwalhati sa isang tao sapagkat ang lahat ng tao sa Relihiyon mula kay Allah ay magkapatay: walang pagkakaiba sa kanila kundi sa pangingilag sa pagkakasala. Bagkus inaanyayahan niya ang mga tao na tumahak sa landas ng Panginoon, maniwala sa mga sugo Niya at sumunod sa isinabatas Niya na ibinaba Niya sa Pangwakas sa mga sugo Niya na si Muhammad (SAS), na inutusan naman Niya na iparating iyon sa lahat ng tao.

Alang-alang doon ay isinatitik ko ang aklat na ito bilang pag-anyaya tungo sa Relihiyon mula kay Allah na kinasiyahan Niya para sa sarili Niya at ibinaba Niya dahil dito ang Pangwakas sa mga sugo Niya, bilang paggabay sa sinumang nagnais ng pagkapatnubay at bilang patunay sa sinumang nagnais ng kaligayahan.

Kaya sumpa man kay Allah, hindi matatagpuan ng isang nilikha ang totoong kaligayahan kundi sa Relihiyong ito. Walang nakaaalam sa kapanatagan kundi ang sumampalataya kay Allah bilang Panginoon, kay Muhammad bilang Sugo at sa Islam bilang Relihiyon. Sumaksi nga ang libu-libo na napatnubayan sa Islam — sa matanda at makabagong panahon — na sila ay nakabatid lamang ng totoong buhay pagkatapos ng pagyakap nila sa Islam at nakalasp lamang ng kaligayahan sa lilim ng Islam.

Dahil sa ang bawat tao ay nag-aasam-asam sa kaligayahan, naghahanap ng kapanatagan at nagsasaliksik sa katotohanan kaya naman inihanda ko ang aklat na ito. Hinihiling ko kay Allah na gawin Niya ang gawang ito na isang wagas na inuukol sa ikasisiya ng mukha Niya at isang nag-aanyaya tungo sa landas Niya, na itakda Niya para rito ang pagtanggap, at na gawin Niya ito na kabilang sa gawang matuwid na mapakikinabangan ng may-akda nito sa mundo at kabilang-buhay.

titik na s ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa. Ang Tagapagsalin.

¹³ Ang Muslim na tinutukoy natin dito ay ang totoo at tapat sa Islam, hindi ang naturingang Muslim lamang. Ang Tagapagsalin.

¹⁴ Qur'an 3:19.

Nagpahintulot na ako sa sinumang nagnais na ilimbig ito sa alinmang wika o isalin ito sa alinmang wika sa kondisyon na susunod sa katapatan sa pagliliwat nito sa wikang pagsasalinan at pagkakalooban ako ng isang kopya mula sa salin niya upang mabigyang-kaalaman tungkol dito at upang hindi mauli-ulit ang mga pagpapakahirap.

Inaasahan ko rin sa bawat mayroong puna o pagtutumpak, maging ito man ay sa orihinal ng aklat sa wikang Arabe o sa alinmang salin ng aklat na ito, na iparating sa akin iyon sa address na babangitin dito.

Ang papuri ay ukol kay Allah sa simula at wakas, sa labas at loob. Ukol sa Kanya ang papuri nang lantaran at palihim. Ukol sa Kanya ang papuri sa mundo at kabilang-buhay. Ukol sa Kanya ang papuri na pupuno sa mga langit, pupuno sa lupa at pupuno sa anumang niloob na bagay ng Panginoon natin. Pagpalain ni Allah ang Propeta natin na si Muhammad, ang mga Kasamahan niya at ang sinumang lumakad ayon sa pamamaraan niya at tumahak sa landas niya, at batiin ng maraming pagbati hanggang sa araw ng paggantimpala.

Ang May-akda

Dr. Muḥammad ibnu ‘Abdullāh ibni Ṣālih as-Suḥaym
Riyadh, 10/13/1420 A.H. (20/1/2000)

P.O. Box: 1032
Riyadh 11342
Saudi Arabia

P.O. Box: 6249
Riyadh 11442
Saudi Arabia

Nasaan ang Daan?

Kapag lumalaki ang tao at nagkakaunawa ay may nagdadatingan sa isip niya na maraming tanong na tulad ng: “Saan ako nanggaling?” “Bakit ako dumating?” “Saan patungo ang kahahantungan?” “Sino ang lumikha sa akin at lumikha sa sansinukob sa paligid ko?” “Sino ang nagmamay-ari sa sansinukob at nagpapainog dito?” at iba pang mga tanong.

Hindi makakaya ng tao na mag-isang malaman ang mga sagot sa mga tanong na ito. Hindi kakayanin ng makabagong kaalaman na umunlad tungo sa pagsagot sa mga ito dahil sa ang mga isyung ito ay kabilang sa napaloloob sa saklaw ng bakuran ng relihiyon. Dahil doon, dumami ang mga salaysay at naging sari-sari ang mga alamat at mga mito tungkol sa mga usaping ito na nakadaragdag sa kalituhan ng tao at kabalisaan niya.

Hindi makakayang malaman ng tao ang kasiya-siyang sagot na makasasapat sa mga usaping ito malibang kapag pinatnubayan siya ni Allah sa tamang Relihiyon na magdadala ng tahasang pahayag kaugnay sa mga usaping ito at iba pa. Ang mga isyu na ito ay itinuturing na kabilang sa mga bagay-bagay na nakalingid.¹⁵

Ang tumpak na Relihiyon ay ang namumukod sa katotohanan at pahayag ng katapatan dahil ito lamang ang mula kay Allah na nagsiwalat nito sa mga propeta Niya at mga sugo Niya. Dahil dito naging kinakailangan para sa tao na sadyain ang totoong Relihiyon, matutuhan ito at sampalatayanan ito upang maalis sa kanya ang kalituhan, maglaho sa kanya ang mga pagdududa at mapatnubayan siya sa tuwid na landasin.

Sa mga sumusunod na pahina ay inaanyayahan kita tungo sa pagsunod sa tuwid na landasin ni Allah. Ilalahad ko sa harap ng mga paningin mo ang ilan sa mga patunay niyon, mga katibayan niyon at mga katwiran niyon upang tingnan mo ang mga ito nang walang pagkiling, pagsusuri at hinahon.

Ang Kairalan ni Allah, ang Pagkapanginoon Niya, ang Pagkaiisa Niya at ang Pagkadiyos Niya¹⁶

Sumasamba ang marami sa mga tao sa mga nilikha at mga niyaring diyos gaya ng punong-kahoy, bato at tao. Dahil dito ay tinanong ng mga Hudyo at mga Mushrik¹⁷ ang Sugo ni Allah (SAS) tungkol sa katangian ni Allah at kung mula sa aling bagay Siya. Kaya naman

¹⁵ Anumang nakalingid sa mga pandama ng tao gaya ng Diyos, anghel, demonyo, Paraiso, Impiyerno at iba. Ang Tagapagsalin.

¹⁶ Para sa karagdagang pagpapakalawak ay tingnan ang aklat na: *al-‘Aqidah as-Sahihah wa má Yuddáduhá* (Ang Tamang Pinaniniwalaa at ang Sumasalungat Dito) na akda ni Shaykh ‘Abdul‘aziz ibnu Báz, kaawaan siya ni Allah, at ang *‘Aqidah Ahl as-Sunnah wa al-Jamá‘ah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah at Pagkakabuklod) na akda ni Shaykh Muḥammad ibnu Sālih al-‘Uthaymin.

¹⁷ Ang Mushrik ay ang naniniwala sa Shirk o sa isang bahagi ng Shirk. Ang Shirk ay ang paniniwala na ang tunay na Diyos, na tinatawag sa wikang Arabe na Allah, ay may katambal o kasama sa pagkadiyos, pagkapanginoon, mga pangalan at mga katangian, at anumang nauukol lamang sa Kanya. Samakatuwid ang Mushrik ay ang naniniwala sa higit sa isang diyos o higit sa isang panginoon, o naniniwalang ang Diyos o ang pagkadiyos ay higit sa isang persona o isang pamilya, o naniniwalang ang pagkadiyos ay matatamo ng tao o ng anuman, o naniniwalang ang iba pa sa tunay na Diyos ay panginoon din o maaaring maging panginoon, o naniniwalang mayroong iba pa sa Diyos ang nagtataglay ng mga pangalan at katangiang taglay lamang ng Diyos. Ang Tagapagsalin.

ibinaba ni Allah ito: Sabihin mo: “Siya, si Allah, ay Isa.”¹⁸ Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, at walang isa man na sa Kanya ay naging kapantay.”¹⁹

Ipinakilala Niya sa mga lingkod²⁰ Niya ang sarili Niya. Sinabi Niya: Tunay na ang Panginoon ninyo ay si Allah na lumikha sa mga langit at lupa sa loob ng anim na araw. Pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono. Ipinambabalot Niya ang gabi sa maghapon na humahabol naman doon sa gabi nang maliksi. Nilikha Niya ang araw, ang buwan at ang mga bituin, na mga sunud-sunuran sa utos Niya. Pakatandaan, ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.²¹

Sinabi pa Niya: Si Allah ang nag-angat sa mga langit nang walang mga haligi na nakikita ninyo. Pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono. Pinasunud-sunuran Niya ang araw at ang buwan; bawat isa ay tumatakbo sa takdang taning. Pinangangasiwaan Niya ang kapakanan; sinari-sari Niya ang mga tanda nang harinawa kayo sa paki-kipagtagpo sa Panginoon ninyo ay makatiyak. Siya ang naglatag sa lupa at naglagay rito ng mga matatag na bundok at mga ilog. Mula sa lahat ng bunga ay gumawa Siya sa mga ito ng dalawang kapares. Ipinambabalot Niya ang gabi sa maghapon....Si Allah ay nakaaalam sa anumang dinadala ng bawat babae, anumang kinulang ang mga sinapupunan at anumang lumabis ang mga ito. Bawat bagay sa Kanya ay ayon sa sukat, ang Nakaaalam sa nakalingid at nasasaksihan, ang Dakila,²² ang Nakatataas.²³

Nagsabi pa Siya: Sabihin mo: “Sino ang Panginoon ng mga langit at lupa?” Sabihin mo: “Si Allah.” Sabihin mo: “Kaya gumawa ba kayo bukod pa sa Kanya ng mga tagatangkilik na hindi nakakayang magdulot para sa mga sarili nila ng pakinabang ni pinsala?” Sabihin mo: “Nagkakapantay ba ang bulag at ang nakakikita? O nagkakapantay ba ang mga kadiliman at ang liwanag? O gumawa ba sila para kay Allah ng mga katambal na lumikha gaya ng paglikha Niya kaya nagkakawangis ang pagkakalikha ng dalawa para sa kanila?” Sabihin mo: “Si Allah ay Tagapaglikha ng bawat bagay at Siya ang Nag-iisa, ang Manlulupig.”²⁴

Inilahad Niya sa kanila ang mga talata Niya bilang mga patotoo at mga patunay. Nagsabi Siya: Kabilang sa mga tanda Niya ang gabi at ang maghapon, at ang araw at ang buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw ni sa buwan; magpatirapa kayo kay Allah na lumikha sa mga ito, kung kayo ay sa Kanya sumasamba. Ngunit kung nagmalaki sila sa pagtangga, ang mga nasa piling ng Panginoon mo ay nagluluwalhati sa Kanya sa gabi at maghapon, at sila ay hindi nanghihinawa. Kabilang sa mga tanda Niya ay na ikaw ay nakakikita na ang lupa ay tigang ngunit kapag ibinaba Namin dito ang tubig, gumagalaw-galaw ito at lumalago ito. Tunay na ang nagbigay-

¹⁸ O Siya, si Allah, ay isa; O Siya ay si Allah, isa. Ang Tagapagsalin.

¹⁹ Qur'an 112:1-4.

²⁰ Sa terminolohiya ng Islam, ang tao ay tinatatawag na lingkod ni Allah o alipin ni Allah maging anuman ang saloobin nila sa Kanya dahil silang lahat ay pag-aari ni Allah. Ang Tagapasalin.

²¹ Qur'an 7:54.

²² O Malaki. Ang Tagapasalin.

²³ Qur'an 13:2-3, 8-9.

²⁴ Qur'an 13:16.

buhay rito ay talagang magbibigay-buhay sa mga patay. Tunay na Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.²⁵

Sinabi pa Niya: **Kabilang sa mga tanda Niya ang pagkakalikha ng mga langit at lupa, at ang pagkakaiba-iba ng mga wika ninyo at mga kulay ninyo. Tunay na sa gayon ay talagang may mga tanda para sa mga nakaaalam. Kabilang sa mga tanda Niya ang pagtulog ninyo sa gabi at maghapon,**²⁶

Inilarawan Niya ang sarili Niya sa pamamagitan ng mga pang-uri ng kagandahan at kalubusan. Sinabi Niya: **Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buhay, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya natatangay ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya ang mamamagitan sa Kanya nang walang kapahintulutan Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Wala silang masasaklawan sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa niloob Niya.**²⁷

Nagsabi pa Siya: **ang Nagpapatawad ng pagkakasala, Tumatanggap ng pagsisisi, matindi sa pagpaparusa, May-ari ng pagpapala. Walang Diyos kundi Siya; tungo sa Kanya ang kahahantungan.**²⁸

Sinabi pa Niya: **Siya ay si Allah na walang Diyos kundi Siya, ang Hari, ang Banal, ang Sakdal,**²⁹ **ang Tagapagpasampalataya,**³⁰ **ang Tagapagbantay, ang Nakapangyayari, ang Tagasupil, ang Makapagmamalaki. Napakamaluwalhati ni Allah kaysa sa mga itinatambal nila.**³¹

Ito ang Panginoong Diyos, ang Marunong, ang Makapangyarihan na nagpakilala ng sarili Niya sa mga lingkod Niya at naglahad sa kanila ng mga talata Niya bilang mga patotoo at mga patunay. Inilarawan Niya ang sarili Niya sa pamamagitan ng mga katangian ng kalubusan. Nagpapatunay sa kairalan Niya, pagkapanginoon Niya at pagkadiyos Niya ang mga batas na pampropeta, ang pangangailangang pangkaisipan at ang kalikasan ng pagkalalang. Nagkaisa naman ang mga kalipunan doon. Lilinawin ko sa iyo ang isang bahagi niyon sa susunod.

Tungkol naman sa mga patunay sa kairalan Niya at pagkapanginoon Niya, ang mga ito ang sumusunod:

A. Ang Pagkalikha sa Sansinukob na Ito at ang Anumang Nasa Loob Nito na Kahanga-hangang Pagkayari

Napaliligiran ka, tao, ng malaking Sansinukob na ito. Binubuo ito ng mga langit, mga tala, mga galaxy at nakalatag na lupa. Dito sa lupa ay may mga bahaging magkakatabi na nagkakaiba-iba ang tumutubo sa mga ito ayon sa pagkakaiba-iba ng mga ito. Narito ang lahat ng bunga. Mula sa lahat ng nilikha ay makasusumpong ka ng magkatambal.

Ang Sansinukob na ito ay hindi lumikha sa sarili nito at kailangang tiyak na mayroon itong isang tagapaglikha sapagkat hindi maaaring nilikha nito ang sarili nito. Kaya sino ang

²⁵ Qur'an 41:37-39.

²⁶ Qur'an 30:22-23.

²⁷ Qur'an 2:255.

²⁸ Qur'an 40:3.

²⁹ O ang walang kapintasan o kakulangan. Ang Tagapagsalin.

³⁰ O ang Tagapagpatiwasa. Ang Tagapagsalin.

³¹ Qur'an 59:23.

lumikha rito ayon sa kahanga-hangang sistema na ito, lumubos dito ayon sa magandang pagkalubos na ito at gumawa rito na isang tanda para sa mga nagmamasid kung hindi si Allah, ang Nag-iisa, ang Manlulupig na walang Panginoon na iba pa sa Kanya at walang Diyos bukod pa sa Kanya?

Nagsabi si Allah: **O nilikha ba sila mula sa hindi isang bagay o sila ang mga tagapaglikha? O nilikha ba nila ang mga langit at ang lupa? Bagkus hindi sila nakatitiyak.**³² Naglaman ang dalawang talata na ito ng tatlong batayang pahayag:

1. Nilikha ba sila mula sa wala?
2. Nilikha ba nila ang mga sarili nila?
3. Nilikha ba nila ang mga langit at ang lupa?

Kung hindi nangyaring nilikha sila mula sa wala, hindi nila nilikha ang mga sarili nila at hindi nila nilikha ang mga langit at ang lupa, kinailangang hindi maiiwasang kilalanin ang pagkakaroon ng isang tagapaglikha na lumikha sa kanila at lumikha sa mga langit at lupa. Siya ay si Allah, ang Nag-iisa, ang Manlulupig.

B. Ang Kalikasan ng Pagkalalang

Ang mga nilikha ay mga nilalang na likas sa pagkilala sa Tagapaglikha, na Siya ay pinakakapita-pitagan, pinakamalaki, pinakadakila, pinakalubos kaysa sa lahat ng bagay. Ang bagay na ito ay nakatatag sa kalikasan ng pagkalalang, na higit na matindi sa katatagan kaysa sa mga prinsipyo ng Matematika. Hindi na ito nangangailangan ng paglalahad ng patunay maliban sa taong nabago ang kalikasan ng pagkalalang sa kanya at naganap sa kalikasang ito ang ilan sa mga pangyayari na nagpabaling dito palayo sa nangangalaga rito.³³

Sinabi Niya: **Mamalagi sa kalikasan ng pagkalalang ni Allah na nilalang Niya ang mga tao ayon doon. Walang pagpapalit sa pagkakalikha ni Allah. Iyan ay ang matuwid na Relihiyon,**³⁴ Sinabi naman ng Propeta (SAS): **Walang anumang ipinanganak kundi ipinangangank ayon sa kalikasan ng pagkalalang. Ngunit ang mga magulang niya ay nagpapa-Hudyong sa kanya o nagpapa-Kristiyano sa kanya o nagpapa-Mago**³⁵ **sa kanya. Gaya ng pagkaluwal ng hayop sa isang hayop na buo ang bahagi, nakadarama ka ba rito ng anumang kulang na bahagi?**

³² Qur'an 52:35-36.

³³ Tingnan ang *Majmú' al-Fatáwá* (Katipunan ng mga Fatwá) ni Shaykh al-Islám Ibnu Taymiyah, tomo 1, pahina 47-49, 73.

³⁴ Qur'an 30:30.

³⁵ Mago ang isa pang tawag sa isang Mazdaista na kaanib ng relihiyong Mazdaismo. Ang Mazdaismo ay isang anyo ng Zoroasterianismo, ang relihiyong itinatag ni Zoroaster o Zarathustra na Persiano. Ang relihiyong ito ay naniniwala sa dalawang diyos na magkatunggali: ang diyos ng kabutihan at ang diyos ng kasamaan. Napakalaki ang pagpapahalagang idinudulot ng mga kaanib nito sa apoy anupat ang pagpapahalaga nila sa apoy ay nauwi na sa pagsamba nila sa apoy. Ang Tagapagsalin.

Pagkatapos ay nagsasabi si Abú Hurayrah: “Bigkasin ninyo kung loloobin ninyo: **Mamalagi sa kalikasan ng pagkalalang ni Allah na nilalang Niya ang mga tao ayon doon. Walang pagpapalit sa pagkakalikha ni Allah.**³⁶

Sinabi rin niya (SAS): **Pakatandaan, tunay na ang Panginoon ko ay nag-utos sa akin na ituro ko sa inyo ang hindi niyon nalaman mula sa itinuro Niya sa akin sa araw ko na ito: Bawat ari-arian na ipinagkaloob Ko sa isang lingkod ay ipinahihintulot. Tunay na Ako ay lumikha sa mga lingkod Ko bilang mga makatotoo lahat sila. Tunay na sila ay pinuntahan ng mga demonyo saka pinagala-gala sila ng mga ito palayo sa Relihiyon nila at ipinagbawal ng mga ito sa kanila ang ipinahintulot Ko sa kanila. Inutusan sila ng mga ito na magtambal sa Akin gayong hindi Ako nagbaba roon ng isang patunay.**³⁷

C. Ang Napagkaisahang Pahayag ng mga Kalipunan

Nagkaisa sa pahayag ang mga kalipunan, ang matanda sa mga ito at ang makabago sa mga ito, na ang Sansinukob na ito ay mayroong tagapaglikha — Siya ay si Allah³⁸ — at na Siya ang Tagapaglikha ng mga langit at lupa. Wala Siyang katambal sa paglikha Niya at wala rin Siyang katambal sa paghahari Niya.

Walang naiulat mula sa anumang kalipunan mula sa mga lumipas na kalipunan na ito ay naniniwala na ang mga diyos nito ay nakilahok sa Diyos sa paglikha sa mga langit at lupa. Bagkus sila ay naniniwala noon na ang Diyos ay Tagapaglikha nila at Tagapaglikha ng mga diyos nila yamang walang tagapaglikha at tagapagtustos na iba pa sa Kanya. Ang pakinabang at ang pinsala ay nasa kamay Niya.³⁹

Sinabi ni Allah, na nagpapatid hinggil sa pagkilala ng mga Mushrik sa pagkapanginoon Niya: **Talagang kung tatanungin mo sila kung sino ang lumikha sa mga langit at mga lupa at nagpasunud-sunuran sa Araw at Buwan ay talagang sasabihin nga nilang si Allah. Kaya paanong nababaling sila palayo? Si Allah ay nagpapaluwag sa tustos sa sinumang loloobin Niya sa mga lingkod Niya at nagpapagipit dito. Tunay na si Allah sa bawat bagay ay Maalam. Talagang kung tinanong mo sila: “Sino ang nagpababa mula sa langit ng tubig kaya nagbigay-buhay sa pamamagitan niyon sa lupa matapos ang pagkamatay nito?” ay talagang sasabihin nga nila na si Allah. Sabihin mo: “Ang papuri ay ukol kay Allah.” Bagkus ang higit na marami sa kanila ay hindi nakauunawa.**⁴⁰

Nagsabi pa Siya: **Talagang kung tinanong mo sila kung sino ang lumikha sa mga langit at lupa, talagang sasabihin nga nila na lumikha sa mga ito ang Nakapangyayari, ang Maalam,**⁴¹

³⁶ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári sa Aklat ng Pagtatakda, kabanata 3; at ni Imám Muslim sa Aklat ng Pagtatakda, *Hadíth* bilang 2658, at ang pagkakalahad ay mula sa kanya.

³⁷ Isinalaysay ito ni Imám Aḥmad sa Musnad niya, tomo 4, pahina 162. Isinalaysay ito ni Imám Muslim, ang pagkakalahad ay mula sa kanya, sa *Kitáb al-Jannah wa Ṣifāh Na‘imihá wa Ahlihá* (Aklat ng Paraiso at Katangian ng Lugod Nito at ng mga Maninirahan Dito), *Hadíth* 2865.

³⁸ Ang salitang Allah ay ang pangalan ng tunay na Diyos sa wikang Arabe. Huwag akalain na si Allah ay Diyos lamang ng mga Arabe o mga Muslim.

³⁹ Tingnan ang *Majmú‘ al-Fatáwá* (Katipunan ng mga Fatwá) ni Shaykh al-Islám Ibnu Taymíyah, tomo 14, pahina 380-49, 7383.

⁴⁰ Qur’an 29:61-63.

⁴¹ Qur’an 43:9.

D. Ang Pangangailangang Pangkaisipan

Hindi makatatagpo ang mga isip ng pang-iwas sa pagkilala na ang Sansinukob na ito ay may dakilang tagapaglikha dahil ang isip ay nakakikita na ang Sansinukob ay nilikhang may simula at na ito ay hindi nagpairal sa sarili nito. Ang may simula ay hindi maiiwasang mayroong isang nagpasimula.

Ang tao ay nakaalam na may magdaraan sa kanya na mga krisis at mga kasawian. Kapag hindi nakaya ng tao na itulak ito, tunay na siya ay babaling kalakip ng puso niya sa langit at magpapasaklolo sa Panginoon niya upang alisin ang alalahanin niya at pawiin ang dalamhati niya kahit pa man siya ay nagkakaila noong ibang mga araw niya sa Panginoon niya at sumasamba sa diyus-diyusan niya. Ito ay isang pangangailangan na hindi maitutulak at hindi maiiwasang kilalanin. Bagkus tunay na ang hayop man, kapag nasaktan ng isang sakuna, ay nag-aangat ng ulo nito at nagtutuon ng paningin sa langit.

Nagpabatid nga si Allah tungkol sa tao na kapag dinapuan siya ng isang kapinsalaan ay nagdadali-dali siya tungo sa Panginoon niya, na humihiling sa Kanya na pawiin ang pinsala sa kanya. Nagsabi si Allah: **Kapag sinaling ang tao ng isang kapinsalaan ay nananalangin siya sa Panginoon nito na nagbabalik-loob sa Kanya. Pagkatapos ay kapag ginawaran Niya siya ng isang biyaya mula sa Kanya ay nalilimutan niya ang idinadalangin niya dati sa Kanya noong una at ginagawan niya si Allah ng mga kaagaw upang magligaw palayo sa landas Niya.**⁴²

Sinabi pa ni Allah, na nagpapatid hinggil sa kalagayan ng mga Mushrik: **Siya ang nagpalakbay sa inyo sa katihan at karagatan hanggang sa—nang kayo ay nasa mga sasakyang-dagat na at naglayag ang mga ito lulan sila sa pamamagitan ng isang mabuting hangin at natuwa sila rito—may dumating sa mga ito na isang bumubug-song hangin, dumating sa kanila ang mga alon mula sa bawat pook. Natiyak nila na sila ay pinalibutan na; dumalangin sila kay Allah, na mga nag-aalay ng kawagasan sa Kanya sa pagtalima: “Talagang kung ililigtas Mo kami mula rito ay talagang kami nga ay magiging kabilang na sa mga nagpapasalamat.” Ngunit noong nailigtas Niya sila walang anu-ano’y naghihimagsik sila sa lupa nang walang karapatan. O mga tao, ang paghihimagsik ninyo ay laban sa sarili ninyo lamang: kaluguran ng pangmundong buhay. Pagkatapos ay tungo sa Amin ang babalikan ninyo at ibabalita Namin sa inyo ang ginagawa ninyo noon.**⁴³

Sinabi pa Niya: **Kapag nilukob sila ng mga alon na gaya ng mga anino ay dumadalangin sila kay Allah, na mga nag-aalay ng kawagasan sa Kanya sa pagtalima. Ngunit noong nailigtas Niya sila patungo sa katihan ay mayroon sa kanila na katamtaman sa pagpapasalamat. Walang nagkakaila sa mga tanda Namin kundi ang bawat palasira sa pangako na walang utang na loob.**⁴⁴

Ang Diyos na ito na nagpalitaw sa Sansinukob mula sa wala, lumikha sa tao sa pinakamagandang tikas at nagkintal sa kalikasan nito ng pagpapakaalipin⁴⁵ sa Kanya at pagsuko sa Kanya — at nagpahinuhod naman ang mga isip sa pagkapanginoon Niya at pagkadiyos Niya at nagkaisa sa pahayag ang mga kalipunan sa pagkilala sa pagkapanginoon Niya — ay

⁴² Qur'an 39:8.

⁴³ Qur'an 10:22-23.

⁴⁴ Qur'an 31:32.

⁴⁵ Ang tao ay nagpapaalipin kay Allah dahil sa ayaw niya at sa gusto ay sumusunod siya sa Batas ng Kalikasan na ginawa ni Allah. Ang Tagapagsalin.

hindi maiiwasang nag-iisa sa pagkapanginoon Niya at pagkadiyos Niya. Kaya naman kung paanong Siya ay walang katambal sa paglikha gayon din naman wala Siyang katambal sa pagkadiyos Niya. Ang mga patunay doon ay marami, na ang ilan ay ang sumusunod.⁴⁶

1. Wala sa Sansinukob na ito kundi nag-iisang Diyos na Siya ang Tagapaglikha, ang Tagapagtustos. Walang nagdudulot ng pakinabang at walang nagtutulak ng pinsala kundi Siya.⁴⁷ Kung sakaling sa Sansinukob na ito ay may iba pang diyos ay talagang nagkaroon na sana ito ng gawa, paglikha at utos. Hindi masisiyahan ang isa sa dalawa sa pakikilahok ng iba pang diyos.⁴⁸ Hindi maiiwasan ng isa sa dalawa na daigin ang iba at lupigin ito. Ang nadaig ay hindi maaaring maging isang diyos. Ang dumaig ay ang totoong Diyos. Hindi makikilahok sa kanya ang isang diyos sa pagkadiyos niya gaya ng hindi paglahok sa kanya ng isang diyos sa pagkapanginoon niya. Nagsabi si Allah: **Hindi gumawa si Allah ng anumang anak. Hindi nangyaring may kasama Siya na anumang diyos. Kung nagkagayon ay talagang dinala na sana ng bawat diyos ang nilikha nito at talagang nangibabaw na sana ang ilan sa kanila sa iba. Napakamaluwalhati ni Allah kaysa sa anumang inilararawan nila.**⁴⁹
2. Walang karapat-dapat sa pagsamba kundi si Allah na may taglay ng paghahari sa mga langit at lupa dahil ang tao ay nagpapakalapit sa Diyos na nagdudulot sa kanya ng pakinabang, nagtutulak palayo sa kanya ng pinsala at nagbabaling palayo sa kanya ng kasamaan at mga kaguluhan. Ang mga bagay na ito ay walang nakakakaya kundi ang nagmay-ari sa mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito. Kung sakaling nangyari na Siya ay may kasamang ibang mga diyos gaya ng sinasabi ng mga Mushrik ay talagang kukunin ng mga tao ang mga daang hahantong sa pagsamba kay Allah, ang Haring Tootoo, dahil ang lahat ng sinasambang ito bukod pa kay Allah ay mga sumasamba lamang sa Kanya at nagpapakalapit lamang sa Kanya. Kaya naman naaangkop sa sinumang nagnais na magpapakalapit sa Kanya, na nasa kamay Niya ang pakinabang at ang pinsala, na sambahin Siya na totoong Diyos na sinasamba ng mga nasa mga langit at lupa kabilang na sa kanila ang mga diyos na ito na mga sinasamba bukod pa sa Kanya. Nagsabi si Allah: **Sabihin mo: “Kung sakaling nangyari na may kasama Siya na ibang mga diyos gaya ng sinasabi nila, samakatuwid talagang naghanged na sana ang mga ito ng isang landas tungo sa May-ari ng Trono.”**⁵⁰ Basahin ng nagnanais ng katotohanan ang sabi ni Allah: **Sabihin mo: “Tumawag kayo sa mga pinanindigan ninyo na mga diyos bukod pa kay Allah.”** Hindi sila nagmamay-ari ng kasimbibat ng isang langgam sa mga langit at ni sa lupa. Hindi sila nagkaroon sa mga ito ng anumang pakikihati at hindi Siya nagkaroon mula sa kanila ng anumang katulong. Hindi nagdudulot ng pakinabang ang pamamagitan sa Kanya maliban sa sinumang

⁴⁶ Para sa karagdagang pagpapalawak, tingnan ang *Kitáb al-Tawhíd* na akda ni Imám Muhammad ibnu ‘Abdulwahháb, kaawaan siya ni Allah.

⁴⁷ Ang pagdudulot o ang pagkakait ng pinsala o pakinabang ay isa sa pangunahing silbi ng Diyos sa tao. Ang totoong Diyos lamang ang makagagawa nito, at pati na ang pakinabang at pinsalang galing sa iba pa sa Diyos ay galing din naman sa Kanya dahil hindi naman matatamo iyon kung hindi Niya niloob. Ang Tagapagsalin.

⁴⁸ Tingnan ang *Sharh al-‘Aqídah at-Taháwíyah* (Pagpapaliwanag ng Paniniwalang Tahawita), pahina 39.

⁴⁹ Qur’an 23:91.

⁵⁰ Qur’an 17:42.

nagpahintulot Siya sa kanya.⁵¹ Ang mga talata na ito ay pumuputol sa pagkahumaling ng puso sa iba pa kay Allah sa pamamagitan ng apat na dahilan:

- 2.1. Na ang mga itinatambal kay Allah ay hindi nagmamay-ari ng isang kasimbigat ng langgam. Ang hindi nagmamay-ari ng isang kasimbigat ng langgam ay hindi nakapagdudulot ng pakinabang, hindi nakapagdudulot ng pinsala at hindi nararapat na maging isang diyos o isang nakikitambal kay Allah. Si Allah lamang ang nagmamay-ari sa kanila at namamahala sa kanila.
 - 2.2. Na sila ay hindi nagmamay-ari ng anumang mga langit at lupa, at wala silang isang kasimbigat ng langgam ng pakikibahagi sa mga ito.
 - 2.3. Na si Allah ay walang katulong sa paglikha Niya, bagkus Siya ang tumutulong sa kanila, nagdudulot ng pakinabang sa kanila at nagtutulak palayo sa kanila sa nakapinsala sa kanila dahil sa lubusang kasarinlan Niya sa kanila at sa pangangailangan nila sa Kanya.
 - 2.4. Na ang mga itinatambal kay Allah ay hindi makagagawang mamagitan kay Allah para sa mga tagasunod nila. Hindi Niya ipinahihintulot ito sa kanila. Hindi Siya nagpapahintulot na mamagitan kundi sa mga tinangkilik Niya. Hindi makapapamagitan ang mga tinangkilik maliban sa sinumang kinasiyahan ni Allah ang salita niya, ang gawa niya at ang paniniwala niya.⁵²
3. Ang pagkakaayos ng kalagayan ng buong Sandaigdigan at ang katumpakan ng kalagayan nito ay ang pinakamalaking patunay na ang tagapangasiwa nito ay nag-iisang Diyos, nag-iisang Hari at nag-iisang Panginoon. Walang Diyos para sa mga nilikha na iba pa sa Kanya at walang Panginoon para sa kanila maliban pa sa Kanya. Kung papaanong naging imposible ang pag-iral ng dalawang tagapaglikha para sa Sansinukob gayundin naman naging imposible ang pag-iral ng dalawang diyos. Nagsabi si Allah: **Kung sakaling sa mga langit at lupa na ito ay may mga diyos maliban kay Allah ay talagang nagulo na sana ang mga ito.**⁵³ Kaya kung sakaling ipagpapalagay na sa langit at lupa ay may isang diyos na iba pa kay Allah ay talagang nagulo na sana ang mga ito. Ang punto ng pagkakagulo ay na kapag si Allah ay may kasamang ibang diyos, kailangan na ang bawat isa sa dalawa ay makakakayang manaig at mamahala. Kaya naman magaganap sa sandaling iyon ang pagtatagisan at ang pagkakaiba, at mangyayari dahil dito ang pagkagulo.⁵⁴ Kung ang katawan ay imposible na ang nangangasiwa rito ay dalawang magkapatay na kaluluwa—at kung sakaling gayon nga ay talagang magugulo ito at mapupukso ito, at ito ay imposible—kaya papaanong maguguniguni ito sa Sansinukob samantalang ito ay higit na malaki?⁵⁵
4. Ang nagkakaisang pahayag ng mga propeta at mga sugo hinggil doon. Nagkaisa sa pahayag ang mga kalipunan na ang mga propeta at ang mga sugo ay ang pinakalubos na mga tao sa mga pag-iisip, ang pinakadalisay na mga tao sa mga kaluluwa, ang pinakamainam na mga tao sa mga kaasalan, ang pinakamapagpayo na mga tao sa mga pinangangalagaan

⁵¹ Qur'an 34:22-23.

⁵² Tingnan ang *Qurrah 'Uyún al-Muwahhidín* na akda ni Shaykh 'Abdurrahmán ibnu Hasan, kaawaan siya ni Allah, pahina 100.

⁵³ Qur'an 21:22.

⁵⁴ Tingnan ang *Fat'h al-Qadír*, tomo 3, pahina 403.

⁵⁵ Tingnan ang *Miftáh Dár as-Sa'adah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 1, pahina 260.

nila, ang pinakamaalam na mga tao sa nais ni Allah at ang pinakanapatnubayan sa matuwid na daan at tuwid na landasin dahil sila ay nakatatanggap ng pagsisiwalat buhat kay Allah at nagpaparating nito sa mga tao. Nagkaisa ang lahat ng propeta at mga sugo mula sa kauna-unahan sa kanila, si Adan (AS),⁵⁶ hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila, si Muhammad (SAS), sa pag-anyaya sa mga tao nila tungo sa pananampalataya kay Allah at pagtigil sa pagsamba sa iba pa sa Kanya, at na Siya ang totoong Diyos. Nagsabi si Allah: **Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng anumang sugo malibang nagsiwalat Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sambahin ninyo Ako.**⁵⁷ Nagsabi rin Siya tungkol kay Noe (AS) na pinasabi sa mga tao nito: **na huwag kayong sumamba kundi kay Allah; tunay na ako ay nangangamba para sa inyo sa pagdurusa sa isang masakit na araw.**⁵⁸ Nagsabi naman Siya tungkol sa kahuli-hulihan sa kanila, si Muhammad (SAS), na pinasabi sa mga tao nito: **Sabihin mo: “Isiniwalat lamang sa akin na ang Diyos ninyo ay isang Diyos lamang. Kaya kayo ba ay magpapasakop?”**⁵⁹

Ang Diyos na ito ay ang nagpalitaw sa Sansinukob mula sa wala at nagpasimula rito. Nilikha Niya ang tao sa pinakamagandang tikas at nagparangal sa kanya. Ikinintal Niya sa kalikasan ng pagkalalang sa kanya ang pagkilala sa pagkapanginoon Niya at pagkadiyos Niya. Ginawa Niya ang sarili ng tao na hindi mapalagay malibang kapag sumuko ito sa Kanya at lumakad ito sa daan Niya.

Inobluga Niya sa kaluluwa niya na hindi mapanatag malibang natiwasay sa Maykapal nito at nakipag-ugnayan sa Tagapaglikha nito. Walang Siyang pakikipag-ugnayan sa kaluluwa kundi sa pamamagitan ng tuwid na landasin Niya, na ipinarating na mga marangal na sugo. Nagkaloob si Allah sa tao ng isip na hindi tatatag ang kalagayan niya at hindi niya magagawa ang gawain niya sa pinakalubos na anyo malibang sumampalataya siya sa Kanya — napakamaluwalhati Niya.

Kaya kapag tumatag ang kalikasan ng pagkalalang, napanatag ang kaluluwa, natatahimik ang diwa at sumampalataya ang isip ay magkakatotoo sa kanya ang kaligayahan, ang katiwasayan at ang kapanatagan sa mundo at sa kabilang-buhay. Kung aayawan ng tao iyon ay mamumuhay siya na kakalat-kalat, watak-watak na pagala-gala sa mga lambak ng kamun-duhan at naibaha-bahagi sa mga diyos nito. Hindi niya nalalaman kung sino ang nagsasa-katuparan para sa kanya ng pakinabang at kung sino ang nagtutulak palayo sa kanya ng pinsala.

Upang mapalagay ang pananampalataya sa diwa at luminaw ang karumalan ng pagtanggap sa pananampalataya ay gumawa si Allah para roon ng isang paghahalintulad dahil sa ang paghahalintulad ay kabilang sa nagpapalapit ng kahulugan sa pagkaunawa. Ipinaghambing Niya sa paghahalintulad na ito ang isang lalaking nagkawatak-watak ang kalagayan sa gitna ng sari-saring diyos at ang isang lalaki na sumasamba sa Panginoon niya lamang.

⁵⁶ (AS): *‘Alayhis Salám*: Sumakanya ang Kapayapaan. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ng isang anghel o isang propeta bukod pa kay Propeta Muhammad (SAS).

⁵⁷ Qur’an 21:25.

⁵⁸ Qur’an 11:26.

⁵⁹ Qur’an 21:108.

Nagsabi si Allah: **Gumawa si Allah ng isang paghahalintulad: isang lalaki na pag-aari ng mga magkatambal na nagbabangayan at isang lalaki na pag-aaring tangi sa isang lalaki — magkakatantay ba silang dalawa sa paghahalintulad? Ang papuri ay ukol kay Allah. Bagkus ang higit na marami sa kanila ay hindi nakaaalam.**⁶⁰ Ginagawa ni Allah ang paghahalintulad ng aliping nag-iisa ang Diyos at ng aliping marami ang Diyos.

May isang alipin na minamay-ari ng mga magkasosyo na nagtutunggalian ang isa't isa kaugnay sa kanya. Siya ay pinaghahatian sa pagitan nila. Bawat isa sa kanila ay may atas sa kanya. Bawat isa sa kanila ay may inaatang sa kanya. Siya naman sa pagitan nila ay nalilito: hindi siya makapanatili sa isang pamamaraan at hindi siya makapanatili sa isang daan. Hindi niya magawang makapagbigay-kasiyahan sa mga pithaya nilang nag-aalitan, nagbabangayan, nagsasalungatan na gumugutay-gutay sa mga patutunguhan niya at mga lakas niya.

May isang alipin naman na minamay-ari ng nag-iisang amo. Siya ay nakaaalam sa hinihiling nito sa kanya at inaatang nito sa kanya. Kaya naman siya ay maginhawang nananatili sa nag-isang malinaw na pamamaraan. Samakatuwid hindi sila nagkakatantay. Itong isa ay nasasakupan ng nag-iisang amo at nagtatamasa ng kaginhawahan ng katatagan, kabatiran at katiyakan. Iyang isa naman ay nasasakupan ng mga among nagbabangayan kaya iyan ay nagdurusa, nababahala, hindi nananatili sa isang kalagayan at hindi makapagbigay-kasiyahan sa isa sa kanila huwag nang sabihing makapagbibigay-kasiyahan sa lahat.

Matapos kong linawin ang mga patunay na nagpapatunay sa kairalan ni Allah, pagkapaninooon Niya at pagkadiyos Niya ay makabubuting mapag-alaman natin ang pagkalikha Niya sa Sansinukob at tao at hanapin natin ang kadahilanan Niya roon.

Ang Pagkalikha sa Sansinukob

Ang Sansinukob na ito sampu ng mga langit nito, lupa nito, mga bituin nito, mga galaxy nito, mga dagat nito, mga kahoy nito at lahat ng hayop nito ay nilikha ni Allah mula sa wala.

Nagsabi si Allah: **Sabihin mo: “Tunay na kayo ba ay talagang tumatangging sumampalataya sa lumikha sa lupa sa dalawang araw at gumagawa sa Kanya ng mga kaagaw? Iyan ay ang Panginoon ng mga nilalang.” Naglagay Siya sa *lupa na ito ng mga matatag na bundok magmula sa ibabaw nito, nagpala Siya rito at nagtakda Siya rito ng mga pagkain ng mga naninirahan* dito sa loob ng apat na araw — magkakatantay para sa mga nagtatanong. Pagkatapos ay bumaling Siya sa langit nang ito ay usok pa at sinabi Niya rito at sa lupa: “Pumarito kayo sa pagtalima o sapilitan.” Nagsabi ang dalawa: “Pupunta kami na mga tumatalima.” Pagkadaka ay tinapos Niya ang mga ito bilang pitong langit sa dalawang araw at isiniwalat Niya sa bawat langit ang kapakanan nito. Ginayakan Niya ang pinakamababang langit ng mga lampara at bilang pangangalaga. Iyan ay ang pagtatakda ng Nakapangyayari, Maalam.”⁶¹**

Nagsabi pa Siya: **Hindi ba napag-alaman ng mga tumangging sumampalataya na ang mga langit at ang lupa ay magkasanib noon, pagkadaka ay pinaghiwalay Namin**

⁶⁰ Qur'an 39:29.

⁶¹ Qur'an 41:9-12.

ang mga ito? Ginawa Namin mula sa tubig ang bawat bagay na buhay. Kaya hindi ba sila sasampalataya? Naglagay Kami sa lupa ng mga matatag na bundok nang hindi gumalaw-galaw kasama nila at naglagay Kami sa mga ito ng mga daanang maluwang bilang mga landas nang harinawa sila ay mapatnubayan. Ginawa Namin ang langit na isang bubong na pinangangalagaan, samantalang sila, sa mga tanda nito, ay mga umiiwas.⁶²

Ang Sansinukob na ito ay nilikha ni Allah dahil sa mga dakilang kadahilanan na napakarami para bilangin. Bawat bahagi nito ay may mga dakilang kadahilanan at mga kagilas-gilas na tanda. Kung sakaling nagnilay-nilay ka sa iisang tanda mula sa mga ito ay talagang makatatagpo ka rito ng isang paghanga.

Kaya tingnan mo ang mga kahanga-hangang gawa ni Allah sa mga halaman na hindi halos nawawalan ang dahon ng mga ito ni ang ugat ni ang bunga ng mga kapakinabangan na nagpaparalisa sa mga isip ng tao sa pagtalos sa mga ito at sa mga detalye ng mga ito.

Tingnan mo ang mga daluyan ng tubig sa mga ugat na napakaliit, payat at mahina na iyon na hindi halos matalos ng paningin ang mga ito malibang matapos titigan. Papanong nakakaya ng mga ito na humatak ng tubig mula sa ibaba papunta sa itaas? Pagkatapos ay magpapalipat-lipat ang tubig na ito sa mga daluyang iyon ayon sa pagtanggap ng mga iyon at luwang ng mga iyon. Pagkatapos ay magkakahati-hati ang mga daluyang iyon, magsanga-sanga at liliit sa sukdulang hindi na naaarak ang mga iyon ng paningin.

Pagkatapos ay tingnan mo ang pagbuo ng bunga ng punong-kahoy at ang paglipat nito mula sa isang kalagayan tungo sa isang kalagayan gaya ng paglipat-lipat ng mga kalagayan ng fetus na nakalingid sa mga paningin. Habang nakikita mo ito na isang kahoy na hubad na walang damit, walang anu-ano ay dinadamitan ito ng Panginoon nito ng mga dahon na napakagandang damit.

Pagkatapos ay pinatubo Niya rito ang bunga nito na mahina at payat matapos na pinalabas Niya ang dahon nito bilang pangangalaga sa bungang iyon at bilang kasuutan sa mahinang bungang iyon upang ipanakip laban sa init, lamig at mga peste.

Pagkatapos ay ipadadala Niya sa mga bungang iyon ang panustos sa mga iyon at pagkain ng mga iyon sa mga ugat at mga daluyan na iyan at kakainin ito ng mga iyon gaya ng paginom ng bata sa gatas ng ina niya. Pagkatapos ay palalaguin Niya ang mga iyon at palalakin Niya ang mga iyon hanggang sa mahinog, malubos at matapos ang kahinugan ng mga iyon. Lumabas ang masarap na malambot na bungang iyon mula sa matigas na kahoy na iyon.

Kapag tiningnan mo ang lupa kung paanong nilikha ito ay makikita mo ito na kabilang sa napakadakilang mga tanda ng Tagapaglalang nito at Tagapagpasimula nito. Nilikha Niya ito bilang higaan at himlayan. Pinasakop Niya ito sa mga lingkod Niya. Naglagay Siya rito ng mga panustos nila, mga pagkain nila at mga ikinabubuhay nila. Naglagay Siya rito ng mga landas upang makagalaw sila rito sa mga pangangailangan nila at mga pagkilos nila.

Pinatatag Niya ito sa pamamagitan ng mga bundok na ginawa Niya na mga tulos na mangangalaga rito upang hindi ito gumalaw-galaw. Nilawakan Niya ang mga dako nito at hinugis-itlog Niya ito. Pagkatapos ay binanat Niya ito at inilatag Niya ito. Ginawa Niya ito na ipunan para sa mga buhay na magtitipon sa kanila sa ibabaw nito at ipunan para sa

⁶² Qur'an 21:30-32.

mga patay na magtitipon sa kanila sa ilalim nito kapag namatay sila. Ang ibabaw nito ay bayan ng mga buhay at ang ilalim nito ay bayan ng mga patay.

Pagkatapos ay tingnan mo ang mga makalangit na bagay na lumiligid sampu ng araw nito, buwan nito, mga bituin nito at mga konstelasyon nito. Papanong lumiligid sa Sandaigdigan na ito ang ganitong palaging pagligid hanggang sa katapusan ng panahon ayon sa ganitong pagkakaayos at sistema; ang kalakip niyon na pagsasalitan ng gabi at maghapon, mga panahon, at init at lamig; at ang napaloob doon na mga kapakanan ng nasa ibabaw ng lupa na mga uri ng hayop at halaman.

Pagkatapos ay pagmasdan mo ang pagkalikha ng langit. Ibalik mo ang paningin mo roon nang paulit-ulit, makikita mo na ito ay kabilang sa napakalaking mga tanda dahil sa taas nito, lawak nito at tatag nito. Walang haligi sa ilalim nito at walang nakaugnay sa ibabaw nito. Bagkus ito ay napipigilan dahil sa kapangyarihan ni Allah na pumipigil sa mga langit at lupa na lumipat.

Kapag tiningnan mo ang Sansinukob na ito, ang pagkakabuo ng mga bahagi nito, ang pagkakaayos nito ayon sa magandang kaayusan na nagpapatunay sa kalubusan ng kapangyarihan ng Tagapaglikha nito, kalubusan ng kaalaman Niya, kalubusan ng karunungan Niya at kalubusan ng kabaitan Niya ay masusumpungan mo ito na gaya ng isang bahay na ipinatayo.

Inihanda sa loob nito ang lahat ng kasangkapan nito at mga kapakanan nito at lahat ng kinakailangan nito. Ang langit ay bubungan nito na nakaangat sa ibabaw nito. Ang lupa naman ay himlayan, nakalatag at higaan na tuluyan ng nananahan. Ang araw at ang buwan ay mga sulo na nagniningning dito. Ang mga bituin ay mga lampara nito, gayak nito at gumagabay sa naglalakbay sa mga daan ng tahanang ito. Ang mga hiyas at ang mga metal ay nakaimbak dito gaya ng nakalaang itinagong kayamanan.

Bawat bagay sa mga iyon ay para sa kinauukulan nito na naaangkop dito. Ang mga uri ng halaman ay nakalaan para sa mga layunin nito. Ang mga uri ng hayop ay ibinaling sa mga kapakanan nito. Kabilang sa mga iyon ang sinasakyan. Kabilang sa mga iyon ang ginagatasan. Kabilang sa mga iyon ang pagkain. Kabilang sa mga iyon ang idinadamit. Kabilang sa mga iyon ang bantay. Ginawa ang tao na gaya ng hari na itinalaga roon, na namamahala rito sa pamamagitan ng gawa niya at utos niya.

Kung sakaling napagmasdan mo ang buong Sansinukob na ito o ang isang bahagi o mula sa mga bahagi nito ay talagang nakatagpo ka sana rito ng isang kahanga-hanga. Kung sakaling namalas mo ito nang buong pagmalas, naging makatarungan ka sa sarili mo at iwinaksi mo ang silo ng pithaya at paggaya-gaya ay talagang natiyak mo na sana nang lubos na pagkatiyak na ang Sansinukob na ito ay nilikha.

Nilikha ito ng Marunong, Makapangyarihan, Maalam. Tinakdaan Niya ito nang pinakamagandang pagtatakda. Isinaayos Niya ito nang napakagandang pagsasaayos. Ang Tagapaglikha ay imposible na maging dalawa, bagkus ang Diyos ay nag-iisa: walang Diyos kundi Siya. Kung sakaling sa mga langit at lupa ay may diyos na iba pa kay Allah ay nagulo na sana ang kalagayan ng mga ito, nabulabog ang pagkaayos ng mga ito at nasira ang mga kapa-kanan ng mga ito.

Kung aayaw ka na iugnay ang pagkalikha sa tagapaglikha nito ay ano ang sasabihin mo sa isang *waterwheel*⁶³ sa ilog, na mahusay ang mga instrumento, mahusay ang pagkabuo at sinukat ang mga kagamitan nang napakahusay at napakagaling na pagsukat? Hindi nakakikita ang nagmamasid dito ng mga depekto sa materyales nito ni sa anyo nito.

Pagkatapos ay inilagay ito sa isang malaking hardin na naglalaman ng mga uri ng mga bunga. Dinidiligan nito ang pangangailangan niyon. Sa hardin na iyon ay may nagtitipon ng mga kalat. Hinuhusayan ang pangangalaga roon, ang pag-aasikaso at ang pagsasagawa sa lahat ng kapakanan niyon. Kaya naman walang nabubulabog doon na anuman at walang nasisira sa mga bunga niyon. Pagkatapos ay hinahati ang kita niyon sa mga namimitas na nasa lahat ng labasan ayon sa mga pangangailangan nila at mga kinakailangan nila. Ukol sa bawat kategorya ang naaangkop dito. Hinahati ito nang ganoon palagi.

Sa tingin mo ba ito ay nangyari dala ng pagkakataon lamang, nang walang gumagawa, walang namimili at walang nangangasiwa? Bagkus nagkataon lamang ang pagkakaroon ng *waterwheel* at hardin? Lahat ng iyon ay nagkataong lamang nang walang gumagawa at walang nangangasiwa? Sa tingin mo ba ano ang sasabihin sa iyo ng isip mo hinggil doon kung sakaling nangyari ito? Ano ang ihahatol mo roon? Ano ang gumabay sa iyo sa hatol na iyon?⁶⁴

Ang Kadahilanan Niyon

Matapos ang paglilibot at ang pagmamasid na ito sa pagkalikha ng Sansinukob na ito, makabubuti sa atin na banggitin natin ang ilan sa mga kadahilanan na dahil sa mga ito ay nilikha ni Allah ang mga dakilang nilalang, at ang ilan sa mga nakasisilaw na tanda na ito. Kabilang dito:

1. Ang Pagpapasunud-sunuran Para sa Tao. Noong itinadhana ni Allah na maglagay sa lupa na ito ng isang kahalili na sasamba sa Kanya at maninirahan sa lupa ay nilikha Niya alang-alang sa kanya ang lahat ng iyon upang maging maaayos ang buhay niya at umangkop sa kanya ang lagay ng pamumuhay niya at darating na buhay niya. Nagsabi si Allah: **Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa — lahat mula sa Kanya.**⁶⁵ Sinabi pa Niya: **Si Allah ang lumikha ng mga langit at lupa at nagbaba mula sa langit ng tubig kaya nagpaluwal Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos sa inyo. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang mga daong upang maglayag sa dagat ayon sa utos Niya. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang mga ilog. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang araw at ang buwan, na mga nagpapatuloy sa *pag-inog*. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang gabi at ang maghapon. Nagbigay Siya sa inyo ng bawat hiningi**

⁶³ Isang malagulong na kasangkapan na ginagamit sa pagsalok ng tubig sa ilog para ipatubig sa pataniman. Nakalagay ito sa ibabaw ng ilog at bahagyang nakalubog ang isang bahagi ng *rim* nito na may mga panalok. Gumugulong ito dahil sa lakas ng daloy ng ilog samantalang ang mga panalok na nakalubog ay sumasalok ng tubig at saka umaangat upang ibuhos naman sa daluyan na papuntang pataniman. Ang Tagapagsalin.

⁶⁴ Ang bahaging ito ay hinalaw sa mga hiwa-hiwalay na bahagi mula sa aklat na *Miftáh Dár as-Sa'adah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 1, pahina 251-269.

⁶⁵ Qur'an 45:13.

- ninyo. **Kung bibilangin ninyo ang biyaya ni Allah ay hindi ninyo maiisa-isa ang mga ito. Tunay na ang tao ay mapaglabag sa katarungan, palatangging sumampalataya.**⁶⁶
2. Na ang mga langit, ang lupa at ang lahat ng nasa Sansinukob ay mga patotoo sa pagkapanginoon ni Allah at mga tanda ng pagkaiisa Niya. Iyan ay dahil sa ang pinakadakilang utos sa buhay na ito ay ang pagkilala sa pagkapanginoon Niya at ang pananampalataya sa pagkaiisa Niya. Dahil ito ay pinakadakilang utos, inilahad Niya rito ang pinakadakilang mga patotoo, itinanghal Niya rito ang pinakamalaking mga tanda, at ipinangatuwiran Niya rito ang pinakamalalim na mga katwiran. Pinanatili Niya ang mga langit, lupa at lahat ng umiiral upang maging patotoo doon. Dahil dito, madalas banggitin sa Qur'an ang ganito: **Kabilang sa mga tanda Niya, gaya ng nasaad sa sabi Niya: “Kabilang sa mga tanda Niya ang pagkalikha sa mga langit at lupa,” “Kabilang sa mga tanda Niya ang pagtulog ninyo sa gabi at maghapon,” “Kabilang sa mga tanda Niya ay ipinakikita Niya sa inyo ang kidlat na nagdudulot ng pangamba at paghahangad” at “Kabilang sa mga tanda Niya ay na mananatili ang langit at lupa ayon sa utos Niya.”**⁶⁷
3. Na ang buhay ay patotoo sa pagbubuhay, yamang ang buhay ay dalawang buhay: buhay sa mundo at buhay sa tahanang pangkabilang-buhay. Ang buhay sa tahanang pangkabilang-buhay ay ang tunay na buhay. Nagsabi Siya: **Walang iba ang buhay pangmundo na ito kundi isang paglilibang at isang laro. Tunay na ang tahanang pangkabilang-buhay ay talagang iyon ang lubusang buhay, kung sakaling nalalaman nila.**⁶⁸ Ito ay dahil sa iyon ang tahanang ng pagganti at pagtutuos at dahil sa naroon ang pananatiling magpakailanman sa paraisong lugod para sa karapat-dapat doon at ang pananatiling magpakailanman sa pagdurusa para sa karapat-dapat doon.

Yamang ang tahanang ito ay hindi mararating ng tao malibang matapos mamatay at buhayin matapos ang kamatayan, ikinaila iyon ng bawat sinumang nalagot ang kaugnayan sa Panginoon niya, napinsala ang kalikasan ng pagkalalang sa kanya at nagulo ang isip ni.

Kaya alang-alang doon ay itinanghal ni Allah ang mga katwiran at inilahad Niya ang mga katibayan. Ito ay nang sa gayon ay sumampalataya sa pagbubuhay ang mga kaluluwa at makatiyak dito ang mga puso dahil ang pag-ulit sa paglikha ay higit na madali kaysa sa pagsasagawa niyon sa unang pagkakataon. Bagkus ang pagkalikha sa mga langit at lupa ay higit na mabigat kaysa sa pag-uulit sa paglikha sa tao.

Nagsabi si Allah: **Siya ang nagpapasimula ng paglikha at pagkatapos ay uulitin Niya ito. Ito ay higit na madali sa Kanya.**⁶⁹ Sinabi rin Niya: **Talagang ang pagkalikha sa mga langit at lupa ay higit na malaki kaysa sa pagkalikha sa mga tao,**⁷⁰ Sinabi pa Niya: **Si Allah ang nag-angat sa mga langit nang walang mga haligi na nakikita ninyo. Pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono. Pinasunud-sunuran Niya ang araw at ang buwan; bawat isa ay tumatakbo sa takdang taning. Pinangangasiwaan Niya ang kapakanan;**

⁶⁶ Qur'an 14:32-34.

⁶⁷ Qur'an 30:22-25.

⁶⁸ Qur'an 29:64.

⁶⁹ Qur'an 30:27.

⁷⁰ Qur'an 40:57.

sinari-sari Niya ang mga tanda, nang harinawa kayo sa pakikipagtagpo sa Panginoon ninyo ay makatiyak.⁷¹

Pagkatapos ay ano pa, o Tao?

Kapag ang buong Sansinukob na ito ay pinasunud-sunuran alang-alang sa iyo. Kapag naitanghal ang mga tanda Niya at mga palatandaan Niya bilang mga patotoo sa harap ng mga paningin mo, na sumasaksi na walang Diyos kundi si Allah: nag-iisa Siya na walang katambal.

Kapag nalaman mo na ang pagbubuhay sa iyo at ang buhay mo matapos ang kamatayan mo ay higit na madali kaysa sa pagkalikha sa mga langit at lupa at na ikaw ay makikipagtagpo sa Panginoon mo sapagkat magtutuos sa iyo sa gawa mo? Kapag nalaman mo na ang buong Sansinukob na ito ay sumasamba sa Panginoon nito, kaya naman lahat ng nilikha Niya ay nagluluwalhati kalakip ng pagpupuri sa Panginoon nila.

Nagsabi si Allah: **Nagluluwalhati kay Allah ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa — ang Hari, ang Banal, ang Nakapangyayari, ang Marunong.**⁷² Nagpapatirapa ang mga ito sa kadakilaan Niya. Nagsabi pa Siya: **Hindi mo ba napag-alaman na kay Allah nagpapatirapa ang sinumang nasa mga langit, ang sinumang nasa lupa, ang Araw, ang Buwan, ang mga bituin, ang mga bundok, ang mga punong-kahoy, ang mga hayop at ang marami sa mga tao. May marami rin na naging karapat-dapat sa pagdurusa.**⁷³

Ang mga nilalang na ito ay nagdarasal sa Panginoon nila ng dasal na nababagay sa kanila. Nagsabi si Allah: **Hindi mo ba napag-alaman na kay Allah nagluluwalhati ang sinumang nasa mga langit at lupa, at ang mga ibon na mga nagbubuka ng mga pakpak. Bawat isa ay nakaalam na ng dasal nito at pagluluwalhati nito.**⁷⁴

Kung ang katawan mo ay kumikilos ayon sa sistema nito alinsunod sa pagtatakda ni Allah at pangangasiwa Niya, samakatuwid ang puso, ang baga, ang atay at ang nalalabing mga organ ay sumusuko sa Panginoon ng mga ito, nagpapasakop ang loob nito sa Panginoon nito.

Kaya naman ang piniling pasya mo ba na pinili mo sa pagitan ng pagsampalataya sa Panginoon mo at ng pagtanggap sumampalataya sa Panginoon mo ay ano? Ang pasya bang ito ay ang pagsalungat at ang paglihis sa pinagpalang landas sa Sansinukob sa paligid mo, bagkus sa katawan mo?

Tunay na ang lubos na nakauunawang tao ay magtuturing sa sarili niya na mataas para maging salungat at lihis sa dinadami-dami ng nasa malaking malawak na Sansinukob na ito.

Ang Pagkalikha sa Tao at ang Pagpaparangal sa Kanya

⁷¹ Qur'an 13:2.

⁷² Qur'an 62:1.

⁷³ Qur'an 22:18.

⁷⁴ Qur'an 24:41.

Itinadhana ni Allah na lumikha ng nilikhang karapat-dapat sa paninirahan sa Sansinukob na ito. Ang nilikhang ito ay ang tao. Hiniling ng karunungan Niya na ang sangkap na lilikhain Niya mula roon ang tao ay ang lupa. Sinimulan Niya ang paglikha sa kanya mula sa putik. Pagkatapos ay inanyuan Niya siya ayon sa magandang anyong ito na taglay ng tao.

Kaya noong nayari siya nang lubos sa hugis niya ay hinipan siya ni Allah ng mula sa Espiritu Niya. Walang anu-ano siya ay isang tao na nasa pinakamagandang tikas, na nakaririnig, nakakikita, nakakikilos at nakapagsasalita. Pinatira siya ng Panginoon niya sa Paraiso. Itinuro Niya sa kanya ang lahat ng kakailanganing malaman niya. Ipinahintulot Niya sa kanya ang lahat ng nasa Paraisong iyon, ngunit ipinagbawal Niya sa kanya ang nag-iisang puno bilang pagsubok at pagsusulit.

Ninais ni Allah na itanghal ang katayuan niya at ang kalagayan niya kaya inutusan Niya ang mga anghel Niya na magpatirapa sa harap niya. Nagpatirapa naman ang lahat ng anghel maliban kay Satanas.⁷⁵ Tumanggi siya na magpatirapa dala ng pagmamalaki at pagmamatigas.

Kaya naman nagalit sa kanya ang Panginoon niya dahil sa paglabag sa utos Niya. Itinaboy Niya siya mula sa awa Niya dahil siya ay nagmalaki sa Kanya. Ngunit hiniling niya sa Panginoon na pahabain ang buhay niya at palugitan siya hanggang sa araw ng pagkabuhay. Pinalugitan naman siya ng Panginoon niya. Pinahaba ang buhay niya hanggang sa araw ng pagkabuhay.

Nainggit ang Demonyo kay Adan (AS) dahil sa nahigitan siya niya at ng mga supling niya. Sumumpa siya sa Panginoon niya na ililisa ang lahat ng anak ni Adan. Sumumpa siya na siya ay pupunta sa harapan nila at sa likuran nila, at sa mga dakong kanan nila at sa mga dakong kaliwa nila. Maliban dito ang mga lingkod ni Allah na mga pinili, mga tapat, mga nangingilag magkasala sapagkat tunay na si Allah ay magsasanggalang sa kanila laban sa pakana at panlalansi ng Demonyo.

Binalaan ni Allah si Adan (AS) laban sa pakana ng Demonyo. Ngunit binulungan ng Demonyo si Adan at ang maybahay nito na si Eva upang mapalabas niya sila sa Paraiso at upang itambad niya sa kanila ang binalot para sa kanila na kahubaran nila. Sumumpa siya sa kanila: “Tunay na ako ay isang nagpapayo sa inyo. Si Allah ay nagbawal lamang sa inyo ng punong-kahoy na ito dahil ayaw Niya na kayo ay maging mga anghel o maging kabilang sa mga mananatiling-buhay.”

Kaya kumain sila mula sa punong iyon na ipinagbawal ni Allah. Ang unang dumapo sa kanila na parusa sa paglabag sa utos ni Allah ay ang pagkatambad ng kahubaran nila. Pinaalalahanan sila ng Panginoon nila sa pamamagitan ng pagbabala Niya sa kanila laban sa pakana ng Demonyo. Kaya naman humingi ng tawad si Adan (AS) sa Panginoon niya. Pinatawad Niya naman siya at tinanggap Niya ang pagsisisi niya. Hinirang Niya siya at pinatnubayan Niya siya.

⁷⁵ Sa Islam, si Satanas, o si Iblís sa wikang Arabe, ay hindi isang anghel bagamat nakasama siya ng mga anghel. Ayon sa Qur'an 7:12 siya ay nilikha mula sa apoy: **Sinabi Niya: “Ano ang pumigil sa iyo na magpatirapa ka noong nag-utos Ako sa iyo?” Nagsabi ito: “Ako ay mainam kaysa sa kanya; nilikha Mo ako mula sa apoy samantalang nilikha Mo siya mula sa putik.”** Samakatuwid, si Satanas ay nilikha mula sa apoy. Ayon naman kay Propeta Muhammad (SAS) ang mga anghel ay nilikha mula sa liwanag: ***Nilikha ang mga anghel mula sa liwanag, nilikha ang mga jinn̄ mula sa apoy na walang usok at nilikha si Adan ayon sa nailarawan na sa inyo.*** Ang Tagapagsalin.

Inutusan Niya siya na bumaba mula sa Paraiso na tinatahanan niya dati patungo sa lupa yamang iyon ay tuluyan niya. Naroon ang pampalugod niya sa pansamantala. Ipinabatid Niya sa kanya na mula roon siya nilikha, sa ibabaw niyon siya mamumuhay, doon siya mamamatay at mula roon siya bubuhayin.

Bumaba si Adan (AS) sa lupa kasama ng maybahay niya na si Eva. Isinilang ang mga supling nila. Sila ay sumasamba kay Allah ayon sa ipinag-utos Niya sa kanila yamang si Adan ay isang propeta. Ipinabatid sa atin ni Allah ang kabatirang ito yamang sinabi Niya:

Talaga ngang nilikha Namin kayo. Pagkatapos ay inanyuan Namin kayo. Pagkatapos ay nagsabi Kami sa mga anghel: “Magpatirapa kayo kay Adan.” Kaya nagpatirapa sila maliban kay Satanas; hindi siya naging kabilang sa mga nagpapatirapa. Nagsabi Siya: “Ano ang pumigil sa iyo na hindi magpatirapa noong nag-utos Ako sa iyo?” Sinabi niya: “Ako ay mainam kaysa sa kanya; nilikha Mo ako mula sa apoy saman-talang nilikha Mo siya mula sa putik.” Nagsabi Siya: “Kaya bumaba ka mula rito sapagkat hindi nauukol sa iyo na magmalaki rito; kaya lumabas ka na, tunay na ikaw ay kabilang na sa mga hamak.” Sinabi niya: “Ipagpaliban Mo ako hanggang sa araw na bubuhayin sila.” Nagsabi Siya: “Tunay na ikaw ay kabilang na sa mga ipinagpaliban.” Sinabi niya: “Kaya dahil inilisy Mo ako, talagang mag-aabang nga ako sa kanila sa landasin Mong tuwid. Pagkatapos ay talagang pupuntahan ko nga sila sa harapan nila at sa likuran nila, at sa mga dakong kanan nila at sa mga dakong kaliwa nila. Hindi Mo masusumpungan ang karamihan sa kanila na mga mapagpasalamat.” Nagsabi Siya: “Lumabas ka mula rito na dinudusta na pinagtatabuyan. Talagang ang sinumang sumunod sa iyo mula sa kanila ay talagang pupunuin Ko nga ang Impiyerno mula sa inyong lahat.” Nagsabi Siya: “O Adan, manahan ka at ang asawa mo sa Paraiso. Pagkadaka ay kumain kayo mula sa saan man ninyo naisin ngunit huwag kayong lumapit sa punong-kahoy na ito sapagkat kayo ay magiging kabilang sa mga luma-labag sa katarungan.” Ngunit bumulong sa kanila ang Demonyo upang itambad niya sa kanila ang binalot para sa kanila na kahubaran nila. Sinabi niya: “Hindi ipinag-bawal sa inyo ng Panginoon ninyo ang punong-kahoy na ito malibang upang hindi kayo maging mga anghel o upang hindi kayo maging kabilang sa mga mananatiling-buhay.” Sumumpa siya sa kanila: “Tunay na ako sa inyo ay kabilang sa mga nagpapayo.” Kaya naibulid niya sila dahil sa panlilinlang. Kaya noong natikman nila ang *bunga ng punong-kahoy* ay natambad sa kanila ang kahubaran nila at nagsimula sila na magtakip sa *kahubaran* nila mula sa mga dahon ng Paraiso. Tinawag sila ng Panginoon nila: “Hindi Ko ba ipinagbawal sa inyo ang punong-kahoy na iyon at sinabi Ko na sa inyo na tunay na ang Demonyo para sa inyo ay isang maliwanag na kaaway?” Sinabi nila: “Panginoon namin, lumabag kami sa katarungan sa mga sarili namin. Kung hindi Ka magpapatawad sa amin at maaawa sa amin, talagang kami nga ay magiging kabilang sa mga nalulugi.” Nagsabi Siya: “Bumaba kayo; ang ilan sa inyo para sa iba ay kaaway. Magkakaroon kayo sa lupa ng isang tuluyan at isang pam-palugod sa pansamantala.” Nagsabi Siya: “Doon kayo mabubuhay, doon kayo mama-matay at mula roon kayo ilalabas.”⁷⁶

Kapag pinagmamasdan mo ang dakilang ginawa ni Allah sa taong ito —yamang nilikha Niya ito sa pinakamagandang tikas at dinamitan ito ng kapa ng lahat ng karangalan gaya ng isip, kaalaman, pagpapahayag, pagsasalita, hugis, magandang larawan, marangal na anyo,

⁷⁶ Qur'an 7:11-25.

tuwid na pangangatawan, pagtamo ng mga kaalaman sa pamamagitan ng paghihinuha at pag-iisip, pagtataglay ng mga mabuting marangal na kaasalan gaya ng pagpapakabuti, pagtalima at pagpapaakay—ay gaano ang paghahambing sa kalagayan niya samantalang siya isang patak na inilagak sa loob ng matris, at sa kalagayan niya samantalang ang anghel ay pumasok sa kinaroroonan niya sa mga Hardin ng Eden? **Mapagpala si Allah, ang pinakamahasay sa mga lumilikha.**⁷⁷

Ang mundo ay isang nayon at ang tao ay nananahan dito. Ang bawat isa ay abala: nagsisikap para sa mga kapakanan niya. Ang lahat ay iniligay sa paglilingkod sa kanya at mga pangangailangan niya. Ang mga anghel na itinalaga sa kanya ay nangangalaga sa kanya sa buong gabi at buong maghapon. Ang mga anghel na itinalaga para sa ulan at halaman ay nagsisikap at gumagawa para sa pagtustos sa kanya.

Ang mga makalangit na bagay ay pinasunud-sunuran na nagpapaakay sa pag-ikot dahil sa anumang mga kapakanan. Ang araw, ang buwan at mga bituin ay mga pinasunud-sunuran na mga umiinog ayon sa pagtutuos ng mga panahon niya, mga oras niya at pagpapabuti ng mga palagiang pagkain niya.

Ang mundong panghimpapawid ay pinasunud-sunuran para sa kanya sampu ng mga hangin nito, mga ulap nito, mga ibon nito at anumang inilagak dito. Ang mababang mundo ay pinasunud-sunuran nang buo para sa kanya. Nilikha ito para sa mga kapakanan niya: ang lupa nito, ang mga bundok nito, ang mga dagat nito, ang mga ilog nito, ang mga kahoy nito, ang mga bunga nito, ang halaman nito, ang hayop nito at ang lahat ng narito gaya ng sinabi ni Allah:

Si Allah ang lumikha ng mga langit at lupa at nagbaba mula sa langit ng tubig kaya nagpaluwal Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos sa inyo. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang mga daong upang maglayag sa dagat ayon sa utos Niya. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang mga ilog. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang araw at ang buwan, na mga nagpapatuloy sa *pag-inog*. Pinasunud-sunuran Niya para sa inyo ang gabi at ang maghapon. Nagbigay Siya sa inyo ng bawat hiningi ninyo. Kung bibilangin ninyo ang biyaya ni Allah ay hindi ninyo maiisa-isa ang mga ito. Tunay na ang tao ay mapaglabag sa katarungan, palatangging sumampalataya.⁷⁸

Bahagi ng lubusang pagpaparantal ni Allah sa tao ay nilikha Niya para sa kanya ang lahat ng kinakailangan niya sa pangmundong buhay niya at kinakailangan niya na mga kaparaanan na magpaparating sa kanya sa mga mataas na antas sa tahanang pangkabilang-buhay. Ibinaba Niya sa kanya ang mga kasulatan at isinugo sa kanya ang mga sugo Niya na naglilinaw sa kanya sa isinabatas ni Allah at nag-aanyaya sa kanya tungo doon.

Pagkatapos ay lumikha Siya para rito mula sa sarili nito — mula sa sarili ni Adan (AS) — ng isang kabiyak na matatahimik ito roon, bilang pagtugon sa mga likas na pangangailangan nito: sikolohikal, pangkaisipan at pangkatawan, yamang masusumpungan nito roon ang kapahingahan, ang kapanatagan at ang katatagan. Masusumpungan nila sa pagsasama nila ang katahimikan, ang pagkakasya, ang pagmamahalan at ang awa dahil ang kayarian

⁷⁷ Qur'an 23:14.

⁷⁸ *Miftáh as-Sa'adah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 1, pahina 327-328. Ang mga talata ay mula sa Qur'an 14:32-34.

nila na pangkatawan, sikolohikal at emosyonal ay kapapansinan ng pagtugon sa mga ibig ng isa't isa.

Ang pagbubuklod nila ay para sa pagbabangon ng bagong salinlahi. Inilagak sa mga sarili nila ang mga emosyon at ang mga damdaming ito. Nilagyan ang ugnayang iyon ng katahimikan para sa sarili at emosyon, kapahingahan para sa katawan at puso, katatagan para sa buhay at pamumuhay, pagkapalagayang-loob para sa mga kaluluwa at mga budhi, at kapanatagan na magkapantay sa lalaki at babae.

Itinangi ni Allah ang mga mananampalataya sa gitna ng mga anak ni Adan. Kaya naman ginawa Niya sila na mga karapat-dapat sa pagtangkilik Niya at ginamit Niya sila sa pagtalima sa Kanya. Gumagawa sila para sa Kanya ayon sa Batas Niya upang sila ay maging karapat-dapat na makitabi sa Panginoon nila sa Paraiso Niya. Humirang Siya mula sa kanila ng mga propeta, mga sugo, mga tinangkilik at mga martir.

Pinagkalooban Niya sila sa mundong ito ng pinakadakilang biyaya na matatamasa ng mga kaluluwa. Pakatandaan, iyon ay ang pagsamba sa Kanya, ang pagtalima sa Kanya at ang pakikipagniig sa Kanya. Itinangi Niya sila sa mga malaking biyaya — hindi masusumpungan ang mga ito ng mga iba — na kabilang sa mga ito ang katiwasayan, ang kapanatagan at ang kaligayahan. Bagkus ang higit na malaki kaysa roon ay na sila ay nakaaalam sa katotohanan na inihatid ng mga isinugo, at sinampalatayanan naman nila ito.

Naglaan Siya para sa kanila sa tahanan pangkabilang-buhay ng lugod na mananatili at dakilang tagumpay, na nababagay sa pagkabukas-palad Niya at tutumbas sa pananampalataya nila sa Kanya at pag-uukol nila ng kawagasan sa Kanya. Bagkus dadagdagan pa Niya sila ng mula sa kabutihang-loob Niya.

Ang Katayuan ng Babae

Narating ng babae sa Islam ang isang mataas na katayuan na hindi naabot ng lumipas na relihiyon at hindi inabot ng sumunod na kalipunan yamang ang pagpaparangal ng Islam sa tao ay nakikilahok roon ang babae at ang lalaki nang magkapantay. Sila sa harap ng mga kahatulan ni Allah sa mundong ito ay magkapantay, kung paanong sila sa harap ng gantimpala Niya at ganti Niya sa tahanan pangkabilang-buhay ay magkapantay.

Nagsabi si Allah: **Talaga ngang pinarangalan Namin ang mga anak ni Adan,**⁷⁹ Sinabi pa Niya: **Ang mga lalaki ay may bahagi mula sa naiwan ng mga magulang at mga malapit na kaanak at ang mga babae ay may bahagi rin mula sa naiwan ng mga magulang at mga malapit na kaanak,**⁸⁰ Sinabi rin Niya: **Ang karapatang ukol sa kanila ay tulad ng isinatungkulin sa kanila ayon sa nakabubuti.**⁸¹ Nagsabi pa Siya: **Ang mga lalaking mananampalataya at ang mga babaing mananampalataya ay mga tagatangkilik ng isa't isa.**⁸²

Nagsabi rin Siya: **Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya at sa mga magulang ay magmagandang-loob. Kung aabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanila o ang kapwa sa kanila ay huwag kang magsabi sa kanila ng nakasusuya at huwag mong bulyawan sila. Magsabi ka sa kanila ng marangal na salita. Ibaba mo para sa kanila ang pakpak ng kababaang-loob bahagi ng pagkaawa**

⁷⁹ Qur'an 17:70.

⁸⁰ Qur'an 4:7.

⁸¹ Qur'an 2:228.

⁸² Qur'an 9:71.

at sabihin mo: “Panginoon ko, kaawaan Mo sila gaya ng pag-alaga nila sa akin noong bata pa ako.”⁸³

Sinabi rin Niya: **Kaya tinugon sila ng Panginoon nila: “Tunay na Ako ay hindi magwawala sa gawa ng isang gumagawa kabilang sa inyo, na isang lalaki o isang babae.”⁸⁴ Sinabi pa Niya: Ang sinumang gumawa ng isang matuwid, maging isang lalaki man o isang babae samantalang siya ay isang sumasampalataya, ay talagang pamumuhayin nga Namin siya nang isang mabuting buhay at talagang gagantihan nga Namin sila ng kabayaran nila na higit na magaling sa ginagawa nila noon.**⁸⁵

Nagsabi rin Siya: **Ang mga gumawa ng mga matuwid maging isang lalaki man o isang babae habang siya ay sumasampalataya, ang mga iyon ay papasok sa Paraiso at hindi sila gagawan ng paglabag sa katarungan ni katiting.**⁸⁶

Itong pagpaparangal na natamo ng babae sa Islam ay hindi makatatagpo ng katulad nito sa alinmang relihiyon o kapaniwalaan o batas. Kinilala nga ng kabihasnang Romano na ang babae ay isang kapisan na tagasunod ng lalaki. Lubusang wala siyang mga karapatan. May nagpulong sa Roma na isang malaking synod⁸⁷ at tumalakay sa mga nauukol sa babae. Napagpasyahan nila na siya ay isang nilikhang walang kaluluwa, na siya dahil dito ay hindi magmamana ng buhay na walang hanggan at na siya ay marumi.

Ang babae noon sa Athena ay itinuturing na isang patapong piraso kaya naman siya noon ay naipagbibili at nabibili. Siya noon ay itinuturing na isang marumi mula sa gawa ng Demonyo.

Itinakda ng mga pagbabatas ng matandang India na ang salot, ang kamatayan, ang impiyerno, ang kamandag ng mga ulupong at ang apoy ay higit na mabuti kaysa sa babae. Ang karapatan niya na mabuhay ay nagwawakas sa pagwawakas ng taning ng buhay ng asawa niya, na panginoon niya. Kaya kapag nakita niya ang bangkay nito na nasusunog na ay itatapon niya ang sarili niya sa apoy nito, at kung hindi ay magiging karapat-dapat siya sa sumpa.

Tungkol naman sa babaing Hudyo, nasasaad ang hatol sa kanya sa Matandang Tipan: “Ako’y pumihit at *inilagak* ang aking puso na umaalam, at sumisiyasat, at humahanap ng karunungan, at kadahilanan *ng mga bagay*, at umalam na ang kasamaan ay kamangmangan, at ang kamangmangan ay kaululan: At nakasumpong ako ng bagay na lalong mapait kay sa kamatayan, sa makatuwid baga’y ang babae na ang puso ay mga silo at mga bitag, at ang kaniyang mga kamay ay *gaya* ng mga panali.”⁸⁸

Iyon ay ang babae sa mga matandang panahon. Tungkol naman sa kalagayan niya sa mga gitna at makabagong panahon, liliwanagin iyon ng mga sumusunod ng pangyayari:

Ipinaliwanag ng Danes na manunulat na si Wieth Kordsten ang saloobin ng Iglesia Katolika sa babae sa sinabi niya: “Noong mga gitnang panahon, ang pagmamalasakit sa babaing Europea ay lubhang limitado alinsunod sa saloobin ng doktrinang Katolika na nagtuturing sa babae na isang nilikha sa ikalawang antas.”

⁸³ Qur’an 17:23-24.

⁸⁴ Qur’an 3:195.

⁸⁵ Qur’an 16:97.

⁸⁶ Qur’an 4:124.

⁸⁷ Pagpupulong ng iglesia upang talakayin ang mga usaping panrelihiyon. Ang Tagapagsalin.

⁸⁸ Ecclesiastes 7:25-26, *Holy Bible Ang Bibliya – King James Version (Tagalog-English Diglot)*, Philippine Bible Society. Ang Matandang Tipan ay binabanal at pinaniniwalaan ng mga Hudyo at Kristiyano.

Sa Francia naman ay nagdaos ng isang pulong noong taong 586 na magsisiyasat sa kalagayan ng babae kung siya ba ay maituturing na isang tao o hindi maituturing na isang tao? Matapos ang pagtatalakay, napagpasyahan ng mga nagpupulong na ang babae ay isang tao ngunit siya ay nilikha para maglingkod sa lalaki.

Nagtadhana ang ika-17 artikulo matapos ang 200 ng Batas ng Francia ng sumusunod: “Ang babaing may-asawa — pati na kung sakaling ang pakikipag-asawa niya ay nakasalig batay sa pagkahiwalay sa pagitan ng pag-aari niya at pag-aari ng asawa niya — ay hindi pinahihintulutan na magregalo, ni maglipat ng pag-aari niya, ni magsanla ni magmay-ari nang may kapalit o walang kapalit nang walang pakikilahok ng asawa niya sa kasunduan o pagsang-ayon nito nang may nakasulat na pagsang-ayon.”

Sa Inglatera ay ipinagbawal ni Henry VIII sa babaing Inglesa ang pagbabasa ng Bibliya. Nanatili ang mga babae hanggang sa taong 1850 na hindi ibinibilang na mga mamamayan. Nanatili sila hanggang sa taong 1882 na walang mga personal na karapatan.⁸⁹

Tungkol naman sa babaing kontemporaryo sa Europa, Amerika at iba pang mga industriyalisadong bansa, siya ay isang nilikhang nilalaspag at kinukunsumo kabilang sa mga kasangkapang pangkalakal yamang siya isang bahagi ng mga kampanyang pangmedya na pampatalastas. Bagkus humantong pa siya sa punto na maghubad ng mga kasuutan upang ilako sa pamamagitan niya ang mga paninda sa mga harap ng kampanyang pangkalakal. Ipinahintulot ang katawan niya at dangal niya alinsunod sa mga batas na itinakda ng mga lalaki upang siya maging isa na lamang aliwan para sa kanila sa lahat ng pook.

Siya ay tumpalan ng malasakit hanggang nakakaya niya na magbigay at magkaloob mula sa kamay niya o isip niya o katawan niya. Ngunit kapag tumanda siya at nawala na ang mga sangkap ng pagbibigay ay iniwan na siya ng lipunan sampu ng mga individuwal nito at mga institusyon nito. Mamumuhay siyang mag-isa sa bahay niya o sa mga mental sanitarium.

Ipaghambing mo ito — gayon hindi magkapantay — sa nasaad sa Marangal na Qur'an na sinabi ni Allah: **Ang mga lalaking mananampalataya at ang mga babaing mananampalataya ay mga tagatangkilik ng isa't isa.**⁹⁰ Sinabi pa Niya: **Ang karapatang ukol sa kanila ay tulad ng isinatungkulin sa kanila ayon sa nakabubuti.**⁹¹

Nagsabi rin Siya: **Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya at sa mga magulang ay magmagandang-loob. Kung aabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanila o ang kapwa sa kanila ay huwag kang magsabi sa kanila ng nakasusuya at huwag mong bulyawan sila. Magsabi ka sa kanila ng marangal na salita. Ibaba mo para sa kanila ang pakpak ng kababaang-loob bahagi ng pagkaawa at sabihin mo: “Panginoon ko, kaawaan Mo sila gaya ng pag-alaga nila sa akin noong bata pa ako.”**⁹²

Nang pinarangalan ito ang babae Panginoon niya ng ganitong pagpaparangal, nilinaw Niya sa lahat-lahat ng sangkatauhan na Siya ay lumikha sa kanya upang siya ay maging ina, maybahay, anak at kapatid. Nagsabatas Siya dahil doon ng mga takdang batas na nauukol sa babae hindi kasama ang lalaki.

⁸⁹ Serye ng Paghahambing ng mga Relihiyon, akda ni Dr. Ahmad Shibli, tomo 3, pahina 210-213.

⁹⁰ Qur'an 9:71.

⁹¹ Qur'an 2:228.

⁹² Qur'an 17:23-24.

Ang Kadahilanan ng Pagkalikha sa Tao

Nauna nang napag-usapan sa naunang bahagi na si Allah ay lumikha kay Adan, lumikha para sa kanya ng kabiyak niya na si Eva at nagpatira sa kanila sa Paraiso. Pagkatapos ay sumuway si Adan sa Panginoon niya. Pagkatapos ay humingi siya ng tawad sa Kanya. Tinanggap Niya naman ang pagsisisi niya at pinatnubayan Niya siya.

Inutusan Niya siya na lumabas sa Paraiso at bumaba sa lupa. Si Allah — napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas Niya — ay may mga kadahilanan doon, na nagpaparalisa sa mga isip sa pag-alam niyon at sa mga dila sa paglalarawan niyon. Maglalahad tayo sa mga pagkakataong ito ng ilan sa mga kadahilananang ito, na ang ilan ay ang sumusunod:

1. Na si Allah, napakamaluwalhati Niya, ay lumikha sa mga nilikha alang-alang sa pagsamba sa Kanya. Ito ang layon sa pagkakalikha sa kanila. Nagsabi si Allah: **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako.**⁹³ Alam natin na ang hinihiling na lubos na pagsamba ng nilikha kay Allah ay hindi matatamo sa Kabilang-buhay na tahanan ng paraisong lugod at imortalidad. Matatamo lamang ito sa Mundo na tahanan ng pagsusulit at pagsubok. Ang tahanan ng imortalidad ay tahanan ng sarap at lugod, hindi tahanan ng pagsusulit at pagpapakahirap.
2. Na Siya ay nagnais na gumawa mula sa mga nilikha ng mga propeta, mga sugo, mga tinangkilik at mga martir na minamahal Niya at nagmamahal sa Kanya. Kaya hinayaan Niya sila at ang mga kaaway nila at sinubok sila sa pamamagitan ng mga ito. Noong pinili nila Siya at ipinagkaloob nila ang mga sarili nila at ang mga ari-arian nila alang-alang sa ikasisiya Niya at sa pag-ibig sa Kanya ay nakamit nila ang pag-ibig Niya, ang kasiyahan Niya at pagkalapit sa Kanya na hindi nakakamit nang wala niyon sa simula. Samakatuwid ang antas ng pagkasugo, pagkapropeta at pagkamartir ay kabilang sa napakainam na mga antas sa ganang kay Allah. Hindi nangyaring natamo ng tao ito kung hindi sa ganitong paraan, na itinadhana ni Allah sa pagkababa ni Adan (AS) at ng mga supling nito sa lupa.
3. Na Siya ang malinaw na totoong Hari. Ang Hari ay ang nag-uutos at sumasaway, naggantimpala at nagpaparusa, humahamak at nagpaparangal, at nagbubunyi at nagpapaaba. Kaya naman hiniling ng pagkahari Niya na ibaba si Adan at ang mga supling nito sa isang tahanan na magaganap sa kanila roon ang mga kahatulan ng hari. Pagkatapos ay ililipat Niya sila sa isang tahanan na malulubos doon ang ganti sa kanila sa mga gawa nila.
4. Na si Allah ay lumikha kay Adan (AS) mula sa isang dakot ng lahat ng lupa. Ang lupa ay may mabuti at masama, magaspang at pino. Alam ni Allah na sa mga supling ni Adan (AS) ay mayroong hindi naaangkop na makipanirahan sa kanya sa tahanan niya. Kaya ibinaba Niya siya sa tahanan na nailalabas doon ang mabuti at ang masama. Pagkatapos ay pagbubukurin Niya sila sa dalawang tahanan. Gagawin Niya ang mga mabuti bilang mga karapat-dapat sa pakikitabi kay Adan at pakikipanirahan sa kanya at gagawin Niya naman ang mga masama bilang mga karapat-dapat sa tahanan ng kasawian, ang tahanan ng mga masama.

⁹³ Qur'an 51:56.

5. Na Siya ay may mga napakagandang pangalan. Ilan sa mga pangalan Niya ay ang al-Ghafúr (ang Mapagpatawad), ar-Rahím (ang Maawain), al-‘Afúw (ang Mapagpaumanhin), al-Halím (ang Matimpiin) at iba pa. Hindi maiwasang lumitaw ang epekto ng mga pangalang ito. Hiniling ng karunungan Niya na ibaba Niya si Adan (AS) at ang mga supling nito sa isang tahanan na lilitaw sa kanila roon ang epekto ng mga napakagandang pangalan Niya. Kaya naman nagpapatawad Siya sa sinumang loloobin Niya, naaawa Siya sa sinumang loloobin Niya, nagpapaumanhin Siya sa sinumang loloobin Niya, nagtitimpi Siya sa sinumang loloobin Niya at iba pa roon na kabilang sa paglitaw ng epekto ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya.
6. Na si Allah ay lumikha kay Adan (AS) at sa mga supling niya ayon sa pagkakayari na nagpapahintulot ng mabuti at masama, at nakatutugon sa panawagan ng hilig ng laman at tukso at panawagan ng katwiran at kaalaman. Siya ay lumikha sa loob ni Adan ng katwiran at hilig ng laman at ikinintal Niya ang mga ito bilang mga tagapag-anyaya ayon sa mga hinihiling ng mga ito upang matupad ang nais Niya at lumitaw sa mga lingkod Niya ang kapangyarihan Niya sa karunungan Niya, ang panunupil Niya, ang awa Niya, ang pakikipagmabutihan Niya, ang kabaitan Niya, ang awtoridad Niya at ang paghahari Niya. Kaya nga hiniling ng karunungan Niya na pababain si Adan (SAS) at ang mga supling niya sa lupa upang matupad ang pagsusulit at lumitaw ang mga epekto ng kahan-daan ng tao sa mga panawagang ito at pagtugon niya rito, at [ang mga epekto] ng pagpa-parangal sa kanya at paghamak sa kanya alinsunod doon.
7. Na ang pananampalataya sa nakalingid⁹⁴ ay ang napakikinabangang pananampalataya. Tungkol naman sa pananampalataya ayon sa nasasaksihan, ang bawat isa ay sasampalataya sa araw pa ng pagkabuhay. Kaya kung sakaling nilikha ang mga tao sa Paraiso na tahanan ng lugod ay hindi nila matatamo ang antas ng pananampalataya sa nakalingid, na sinusundan ng sarap at karangalan na natatamo dahil sa pagsampalataya sa nakalingid. Kaya dahil doon ay pinababa sila ni Allah sa lupa, sa isang tahanan ang pananampala-taya nila sa loob nito sa nakalingid ay may pagkakataon.
8. Na si Allah ay nagnais mula roon na malaman ng mga lingkod Niya na biniyayaan Niya ang kalubusan ng biyaya Niya sa kanila at ang halaga nito upang sila ay maging napakalaki sa pag-ibig at pasasalamat, at napakalaki sa pagtatamasa sa ibinigay Niya sa kanila na lugod. Kaya ipinakita Niya sa kanila ang ginawa Niya sa mga kaaway Niya at ang ini-handa Niya para sa mga iyon na pagdurusa. Pinasaksi Niya sa kanila ang pagtangi sa kanila sa pamamagitan ng napakataas na mga uri ng lugod upang madagdagan ang tuwa nila, malubos ang kaligayahan nila at lumaki ang saya nila. Iyon ay bahagi ng kalubusan ng pagbibiyaya sa kanila at pag-ibig sa kanila. Hindi naiwasan dahil doon ang pagpababa sa kanila sa lupa, ang pagsusulit sa kanila, ang pagpili sa kanila, ang pagpapanagumpay sa sinumang niloob Niya mula sa kanila bilang awa mula sa Kanya at kabutihang-loob, at ang pag-iwan sa sinumang niloob Niya mula sa kanila ayon sa kadahilanan mula sa Kanya at katarungan. Siya ang Maalam, ang Marunong.
9. Na si Allah ay nagnais na bumalik sa Paraiso si Adan (AS) at ang mga supling niya habang sila ay nasa napakagandang mga kalagayan nila. Nagpalasap Siya sa kanila bago niyon ng hirap sa mundo, mga dalamhati rito, mga alalahanin dito at mga pasakit dito,

⁹⁴ Anumang nakalingid sa mga pandama ng tao gaya ng Diyos, anghel, demonyo, Paraiso, Impiyerno at iba. Ang Tagapagsalin.

na nagpalaki para sa kanila sa saklaw ng pagpasok nila sa tahanan pangkabilang-buhay. Tunay na ang katangian ay pinalilitaw ang ganda nito ng kasalungat ng katangiang ito.⁹⁵

Matapos na linawin ko ang simula ng tao, magandang linawin natin ang pangangailangan niya sa tamang relihiyon.

Ang Pangangailangan ng mga Tao sa Relihiyon

Ang pangangailangan ng mga tao sa relihiyon ay higit na malaki kaysa sa pangangailangan nila sa iba pa na mga kinakailangan ng buhay dahil sa ang tao ay hindi makaiwas sa pag-alam sa mga kinaroroonan ng kasiyahan ni Allah at mga kinaroroonan ng yamot Niya. Hindi siya makaiwas sa pagkilos na ipanghahatak niya sa mapakikinabangan niya at pagkilos na ipantutulak niya sa makapipinsala sa kanya.

Ang Batas ay ang nagbubukod sa mga gawang napakikinabangan at mga gawang naka-pipinsala. Ito ay katarungan ni Allah sa mga nilikha Niya at liwanag Niya sa gitna ng mga lingkod Niya. Kaya naman hindi maaari sa tao na mamuhay nang walang batas na mabu-bukod nila sa pamamagitan nito ang gagawin nila at ang ititigil nila.

Kung ang tao ay may pagnanais ay hindi niya maiiwasan na malaman ang ninanais niya. Kung ito ba ay napakikinabangan o nakapipinsala? Kung ito ba ay nakaaayos o nakasisira? Ito ay maaaring nalalaman ng ilan sa mga tao sa pamamagitan ng kalikasan ng pagkalahang sa kanila. Ang iba sa kanila ay nakaalam nito sa pamamagitan ng paghinuha nito sa pamamagitan ng mga isip nila. Ang iba naman sa kanila ay hindi nakaalam nito kung hindi sa pamamagitan ng pagpapabatid ng mga sugo, ng paglilinaw ng mga ito sa kanila at ng pagpatnubay ng mga ito sa kanila.

Maging anuman ang paglaganap ng mga ideyolohiyang materyalistang ateista at ang pagmumukhang maganda ng mga ito, at maging anuman ang pagdami ng mga kaisipan at mga teoriya ay hindi maaalis ng mga individuwal at mga lipunan ang pangangailangan sa tamang relihiyon at hindi makakaya ng mga kaisipan at mga teoriya na ito na matugunan ang mga kahilingan ng kaluluwa at katawan.

Bagkus sa tuwing nagpapakalalim ang individuwal sa mga ito ay matitiyak niya nang lubusang pagkatiyak na ang mga ito ay hindi makapagkakaloob sa kanya ng katiwasayan, hindi makatutugon sa pagkauhaw niya at na wala tayong matatakas mula sa mga ito kundi ang tamang relihiyon.

Nagsasabi si Ernest Renan: “Maaaring maglaho ang panahon ng bawat bagay at mawalang-saysay ang kalayaan ng paggamit ng isip, kaalaman at kahusayan ngunit imposible na mapawi ang pagrerelihiyon. Bagkus mananatili ito na katwirang nangungusap laban sa ideyolohiyang materyalista na nagnanais na limitahan ang tao sa mga abang kakitiran ng panlupang buhay.”⁹⁶

Nagsasabi naman si Muhammad Faríd Wajdí: “Imposible na magmaliw ang ideya ng pagrerelihiyon dahil ito ay pinakamataas sa mga hilig ng kaluluwa at pinakamarangal sa mga damdamin nito, huwag nang sabihing isang hilig na nag-aangat sa ulo ng tao. Bagkus tunay ang hilig na ito ay madadagdagan sapagkat ang kalikasan ng pagrerelihiyon ay

⁹⁵ Tingnan ang *Miftáh Dár as-Sa‘ádah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 1, pahina 6-11.

⁹⁶ Tingnan ang *ad-Dín* (Ang Relihiyon), akda ni Muhammad ‘Abdulláh Darráz, pahina 87.

bubun-tot sa tao hanggang may pang-unawa na ipang-uunawa sa kagandahan at kapangitan. Mada-dagdagan sa kanya ang kalikasan na ito ayon sa sukat ng kataasan ng mga pagtalos niya at paglago ng mga kaalaman niya.”⁹⁷

Kapag nalayo ang tao sa Panginoon niya ay ayon ito sa sukat ng taas ng mga pagkatalos niya at sa lawak ng mga abot-tanaw ng kaalaman niya. Natatalos niya ang laki ng kamangmangan niya sa Panginoon niya; ang kinakailangang gampanan sa Kanya; ang kamangmangan niya sa sarili niya, sa anumang nagpapabuti rito, nagpapasama rito, nagpapaligaya rito at nagpapahapis dito; at ang kamangmangan niya sa mga kaliit-liitang bahagi ng mga agham at mga talasalitaan ng mga ito gaya ng Astronomiya, *Computer Science*, *Nuclear Physics* at iba pa.

Sa sandaling iyon, umuurong ang mundo mula sa yugto ng kapalaluan at pagkamapagmalaki tungo sa pagpapakumbaba at pagsuko. Naniniwala ito na sa likod ng agham ay may isang nakaalam na marunong at na sa likod ng kalikasan ay may isang tagapaglikhang nakakakaya.

Inoobliga ng katotohanang ito ang makatarungang mananaliksik na maniwala sa nakalingid, magpasakop sa matuwid na relihiyon, at tumugon sa panawagan ng kalikasan ng pagkalalang at katutubong gawi. Kapag iniwan ng tao iyon ay mapipinsala ang kalikasan ng pagkalalang sa kanya at babagsak sa antas ng piping hayop.

Maubuhod natin sa pamamagitan nito na ang totoong pagrerelihiyon — na nakasalig sa pagbubukod-tangi kay Allah sa pamamagitan ng Tawhid⁹⁸ at sa pagsamba sa Kanya alinsunod sa isinabatas Niya — ay isang kinakailangang sangkap ng buhay upang maisakutaparan ng tao sa pamamagitan nito ang pagkaalipin niya kay Allah, ang Panginoon ng mga nilang, at upang matamo niya ang kaligayahan niya at ang kaligtasan niya mula sa kapahamakan, paghihirap at kahapisan sa mundo at Kabilang-buhay.

Ito ay kinakailangan upang malubos sa tao ang lakas sa pampagmamasid. Sa pamamagitan lamang nito masusumpungan ng isip ang makabubusog sa lunggati niya. Bukod pa rito ay hindi maisasakaganapan ang mga napakataas ng mithiin niya.

Ang pagrerelihiyon ay isang kinakailangang sangkap para sa pagdadalisay sa kaluluwa at pagdidisiplina sa lakas ng emosyon yamang ang mga marangal na damdamin ay makasusumpung sa Islam ng isang larangang masagana at isang batis na hindi mauubusan ang bukal nito, na matatamo rito ng mga [damdaming] ito ang layon ng mga ito.

Ang pagrerelihiyon ay isang kinakailangang sangkap upang malubos ang lakas ng pagnanais dahil sa itinutulong nito na napakalaking mga pampasigla at mga pang-udyok. Nagpapatibay ito sa lakas ng pagnanais sa pamamagitan ng napakalaking mga paraan ng pagkalaban sa mga sanhi ng panghihina ng pag-asa at kawalan ng pag-asa.

Ayon dito, kung may nagsasabi na “ang tao ay sibilisado ayon sa kalikasan niya,” nararapat naman na sabihin natin na “ang tao ay relihiyoso ayon sa kalikasan ng pagkalalang sa kanya”⁹⁹ dahil ang tao ay may dalawang lakas: lakas pangkaalaman na pampagmamasid

⁹⁷ Tingnan ang *ad-Din* (Ang Relihiyon), akda ni Muhammad ‘Abdulláh Darráz, pahina 88.

⁹⁸ Sa literal na kahulugan ay “paniniwala sa pagkaiisa” at sa Islam naman ay “Paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at pamumukod-tangi Niya sa anumang nauukol sa Kanya na pagkapanginoon, pagkadiyos, at mga pangalan at mga katangian.” Ang kabaliktaran nito ay ang Shirk. Ang Tagapagsalin.

⁹⁹ Tingnan ang *ad-Din* (Ang Relihiyon), akda ni Muhammad ‘Abdulláh Darráz, pahina 84, 98.

at lakas pangkaalaman na pampagnanais.¹⁰⁰ Ang ganap na kaligayahan niya ay nakasalalay sa pagkalubos ng dalawang lakas niya: ang pangkaalaman at ang pampagnanais. Hindi naisasakaganapan ang paglulubos sa lakas pangkaalaman kundi sa pamamagitan ng pagkakilala sa sumusunod:

1. Ang pagkakilala sa Diyos na Tagapaglikha na Tagapagtustos na lumalang sa tao mula sa wala at nagpasagana sa kanya ng mga biyaya;
2. Ang pagkakilala sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya, sa isinatungkuling gampanan sa Kanya, at sa epekto ng mga pangalang ito sa mga lingkod Niya;
3. Ang pagkakilala sa daan na nagpaparating tungo kay Allah;
4. Ang pagkakilala sa mga bumabalakid at mga salot na humahadlang sa pagitan ng tao at ng pagkakilala sa daan na ito at sa ipinararating ng kaalamang ito sa kanya na dakilang lugod;
5. Ang pagkakilala sa sarili mo nang tunay na pagkakilala, ang pagkakilala sa kinakailangan nito at sa anumang nagpapabuti rito at nagpapasama rito, at ang pagkakilala sa nilalaman nito na mga kalamangan at mga kapintasan.

Sa pamamagitan ng limang pagkakilala na ito ay nalulubos ng tao ang pangkaalamang lakas niya. Ang paglulubos ng lakas na pangkaalaman at pampagnanais ay hindi magaganap kung hindi sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga karapatan ni Allah sa nilikha at pagsasagawa sa mga ito ayon sa kawagasan, katapatan, pagpapayo at pagsubaybay, at ayon sa pagsaksi sa biyaya Niya sa nilikha. Walang daan tungo sa pagkakalubos ng dalawang lakas na ito kundi sa pamamagitan ng tulong ni Allah sapagkat ang tao ay nangangailangan na patnubayan siya ni Allah sa tuwid na landasin, na pinatnubayan Niya ang mga tinangkilik Niya tungo roon.¹⁰¹

Matapos na malaman natin na ang tamang relihiyon ay ang ayudang makadiyos para sa iba-ibang lakas ng kaluluwa, tunay na ang Relihiyon din ang kalasag na nagsasanggalang sa lipunan. Iyon ay dahil sa ang buhay pantao ay hindi mananatili kundi sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pagitan ng mga kaanib nito, at hindi malulubos ang pagtutulungan na ito kung hindi sa pamamagitan ng isang sistema na nagsasaayos sa mga ugnayan nila, nag-tatakda ng mga tungkulin nila at nagagarantiya sa mga karapatan nila.

Ang sistema na ito ay hindi makaiwas sa pangangailangan sa awtoridad na sumasaway, sumusugpo at pumipigil sa tao sa paglabag dito, nagpapanais sa tao sa pangangalaga rito, gumagarantiya sa pagpipitagan dito ng mga tao at pumipigil sa paglabag sa mga ipinagbabawal nito.

Kaya ano ang awtoridad na ito? Masasabi ko na walang lakas sa balat ng lupa na makatutumbas sa lakas ng pagrerelihiyon o makalalapit doon sa paggagarantiya ng paggalang sa kaayusan at pagtitiyak sa pagbubukluran ng lipunan, katatagan ng sistema nito, at pagkakatugma ng mga kaparaanan ng kaginhawahan at katiwasayan dito.

Ang lihim doon ay na ang tao ay natatangi sa lahat ng nilikhang buhay dahil ang mga pagkilos niya at ang mga gawi niya na kusang-loob ay binabalikat ang pag-akay sa mga ito ng isang bagay na hindi natatalos ng pandinig ni paningin. Ito ay isang paniniwalang pampananampalataya lamang na nagdidisiplina sa kaluluwa at nagdadalisay sa mga bahagi ng katawan. Samakatuwid ang tao ay inaakay magpakailanman ng isang paniniwalang

¹⁰⁰ O lakas ng kaalaman sa pagmamasid at lakas ng kaalaman sa pagnanais. Ang Tagapagsalin.

¹⁰¹ Tingnan ang *al-Fawá id* (Ang mga Pakinabang), pahina 18, 19.

tumpak o tiwali. Kapag naging matuwid ang pinaniniwalaan niya ay magiging matuwid sa kanya ang bawat bagay. Kapag naging tiwali ito ay magiging tiwala ang bawat bagay.

Ang Pinaniniwalaan at ang Pananampalataya ay ang Pansariling Bantay sa Tao at ang mga ito — gaya ng napapansin sa kalahatan ng mga tao — ay nasa dalawang uri:

- Pananampalataya sa pagkamahalaga ng kabutihan, sa dangal ng tao at iba pang mga dalisay na katangian na ikahihiya ng mga mataas na kaluluwa ang pagsalungat sa mga udyok nito kahit pa alisan ang mga ito ng mga pananagutang panlabas at mga materyal na ganti.
- Pananampalataya kay Allah, na Siya ay Bantay sa mga lihim. Nalalaman Niya ang lihim at ang higit na lingid. Hinahango ng Shari‘ah ang awtoridad nito mula sa iniutos Niya at sinaway Niya. Nagliliyab ang mga damdamin sa pagkahiya kay Allah bunsod ng pag-ibig sa Kanya o pagkatakot sa Kanya o magkasabay. Walang pag-aalinlangan na ang uri na ito ng pananampalataya ay higit na malakas sa dalawang uri bilang awtoridad sa kaluluwang tao. Ito ay higit na matindi sa dalawa sa pagkalaban sa mga buhawi ng pithaya at mga pagpapabagu-bago ng mga emosyon, at higit na mabilis sa dalawa sa panunuot sa mga puso ng karaniwang tao at piling tao.

Alang-alang doon, ang relihiyon ay pinakamainam na tagapagtiyak sa pananatili ng pakikitungo sa pagitan ng mga tao ayon sa mga panuntunan ng katarungan at kawalang-pagkiling. Dahil doon ito ay isang pangangailangang panlipunan. Kaya naman walang pagtataka kung lumagay ang relihiyon kaugnay sa kalipunan nito sa kinalalagyan ng puso kaugnay sa katawan.¹⁰²

Kung ang relihiyon sa kabubuan ay nasa ganitong kalagayan, ang nasasaksihan naman sa ngayon ay ang pagkarami-raming relihiyon at kulto sa daigdig na ito. Matatagpuan mo ang bawat kalipunan na masaya sa taglay nilang relihiyon at nangangapit dito. Kaya ano naman ang tumpak na relihiyon na magsasakatuparan sa kaluluwang tao ng hinahangad nito? Ano ang mga pamantayan sa tumpak na relihiyon?

Ang mga Pamantayan sa Tumpak na Relihiyon?

Ang bawat kaanib ng isang kapaniwalaan ay naniniwala na ang kapaniwalaan niya ay ang totoo. Ang lahat ng tagasunod ng isang relihiyon ay naniniwala na ang relihiyon nila ang pinakaideyal na relihiyon at ang pinakatuwid na pamamaraan.

Kapag tinanong mo ang mga tagasunod ng mga relihiyong binaluktot o ang mga taga-sunod ng mga kapaniwalaang gawang-tao tungkol sa patunay sa paniniwala nila ay manga-ngatwiran sila na sila ay nakasumpong sa mga ninuno nila sa gayong daan kaya naman sila ay mga sumusunod sa mga bakas ng mga iyon.

Pagkatapos ay babanggit sila ng mga kuwento at mga ulat na hindi tumpak ang paraan ng pagpaparating ng mga ito at hindi naligtas ang teksto ng mga ito sa mga kapansanan at mga butas. Umaasa sila sa mga aklat na minana-mana, na hindi nalalaman kung sino ang nagsabi ng mga ito o nagsulat ng mga ito, ni kung sa aling wika unang sinulat ang mga ito, ni sa aling bayan unang natagpuan ang mga ito. Ang mga ito ay mga pinaghalo-halo na

¹⁰² Tingnan ang *ad-Din* (Ang Relihiyon), akda ni Muhammad ‘Abdulláh Darráz, pahina 98, 102.

tinipon, dinakila at minana-mana ng mga salinlahi nang walang makaagham na pagsisiyasat na nagtutumpak sa pamamaraan ng pagpaparating at nagsisiyasat sa teksto.

Ang mga aklat na di-alam ang pinagmulan, ang mga sanaysay at ang mga bulag na kaulagan na ito ay hindi naaangkop bilang katwiran sa larangan ng mga relihiyon at mga kapaniwalaan. Kaya ang lahat ba ng mga relihiyong binaluktot at mga kapaniwalaang gawang-tao na ito ay tumpak o kabulaanan?

Imposible na ang lahat ay nasa katotohanan dahil sa ang katotohanan ay nag-iisa hindi dumarami. Imposible na ang lahat ng relihiyong binaluktot at kapaniwalaang gawang-tao ay buhat kay Allah at na ang mga ito ay totoo. Kapag dumami ang mga ito, samantalang ang katotohanan ay nag-iisa, ay nasaan na ang katotohanan?

Samakatuwid, hindi maiiwasan na mayroong mga pamantayan na makikilala natin sa pamamagitan ng mga ito ang totoong relihiyon sa huwad na relihiyon. Kapag natagpuan natin na ang mga pamantayan na ito ay natupad sa isang relihiyon, malalaman natin na iyon ang totoo. Kapag nalabag sa isang relihiyon ang mga pamantayan na ito o ang isa sa mga ito, malalaman natin na iyon ay huwad.

Ang mga pamantayan na nakikilala sa pamamagitan ng mga ito ang kaibahan sa pagitan ng totoong relihiyon at ng huwad na relihiyon ay ang mga ito:

- A. Na ang relihiyon ay buhat kay Allah. Ibinaba Niya ito sa isa sa mga sugo Niya sa pamamagitan ng isa sa mga anghel upang iparating nito sa mga lingkod Niya dahil ang totoong Relihiyon ay ang Relihiyon mula kay Allah. Si Allah ang magpapanagot, magtutuos at gagantimpala sa mga nilikha sa araw ng pagkabuhay ayon sa relihiyon na ibinaba Niya sa kanila. Nagsabi si Allah: **Tunay na Kami ay nagsiwalat sa iyo gaya ng pagsiwalat Namin kay Noe at sa mga propeta noong wala na siya. Nagsiwalat Kami kay Abraham, kay Ismael, kay Isaac, kay Jacob, sa mga lipi, kay Jesus, kay Job, kay Jonas, kay Aaron at kay Solomon. Binigyan Namin si David ng Zabúr.**¹⁰³ Sinabi pa Niya: **Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng anumang sugo malibang nagsiwalat Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sambahin ninyo Ako.**¹⁰⁴ Batay doon, ang alinmang relihiyon na inihahatid ng anumang tao at ikinapit ito sa sarili niya hindi kay Allah, ito ay relihiyong huwad walang pasubali.
- B. Na nag-aanyaya ito sa pagbubukod-tangi sa Diyos sa pagsamba, sa pagbabawal sa Shirk,¹⁰⁵ sa pagbabawal sa mga kaparaanan na humahantong sa Shirk dahil ang pag-anyaya sa Tawhíd ay ang batayan ng paanyaya ng lahat ng propeta at isinugo. Ayon sa sinabi Niya, ang bawat propeta ay nagsabi sa mga tao nito: **sambahin ninyo si Allah;**

¹⁰³ Qur'an 4:163.

¹⁰⁴ Qur'an 21:25.

¹⁰⁵ Ang Shirk ay ang paniniwala na ang tunay na Diyos, na tinatawag sa wikang Arabe na Allah, ay may katambal o kasama sa pagkadiyos, pagkapanginoon, mga pangalan at mga katangian, at anumang nauukol lamang sa Kanya. Samakatuwid ang Mushrik ay ang naniniwala sa higit sa isang diyos o higit sa isang panginoon, o naniniwalang ang Diyos o ang pagkadiyos ay may higit sa isang persona o isang pamilya, o naniniwalang ang pagkadiyos ay matatamo ng tao o anuman, o naniniwalang ang iba pa sa tunay na Diyos ay panginoon din o maaaring maging panginoon, o naniniwalang mayroong iba pa sa Diyos ang nagtataglay ng mga pangalan at katangiang taglay lamang ng Diyos. Ang naniniwala sa Shirk o sa isang bahagi ng Shirk ay tinatawag na Mushrik. Ang Tagapagsalin.

wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya.¹⁰⁶ Tunay na ang alinmang relihiyon na naglalaman ng Shirk at nagtatambal kay Allah ng iba pa sa Kanya na isang propeta o isang anghel o isang tinangkilik na tao, ito ay isang huwad na relihiyon kahit pa man nakaugnay ang mga kasapi nito sa isa sa mga propeta.

- C. Na ito ay sumasang-ayon sa mga saligan na nag-aanyaya ayon sa mga ito ang mga sugo gaya ng pagsamba kay Allah lamang; pag-anyaya tungo sa landasin Niya; pagbabawal sa Shirk, sa paglapastangan sa mga magulang, sa pagpatay ng tao nang walang katwiran; at pagbabawal sa mga kahalayan: ang anumang nakahayag mula sa mga ito at ang ano mang nakakubli. Nagsabi si Allah: **Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng anumang sugo malibang nagsisiwalat Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sambahin ninyo Ako.**¹⁰⁷ Nagsabi pa Siya: **Sabihin mo: “Halikayo, bibigkasin ko ang ipinagbawal ng Panginoon ninyo sa inyo: na huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman, sa mga magulang ay magmagandang-loob, huwag ninyong patayin ang mga anak ninyo dahil sa kahirapan: Kami ay nagtutustos sa inyo at sa kanila, huwag kayong lumapit sa mga kahalayan: ang anumang nakahayag mula sa mga ito at ang anumang nakakubli, at huwag kayong kumitil ng buhay na ipinag-bawal ni Allah malibang ayon sa katotohanan.”** Iyan ay itinagubilin Niya sa inyo nang harinawa kayo ay umunawa.¹⁰⁸ Sinabi pa Niya: **Magtanong ka sa mga kalipunan ng isinugo Namin na mga sugo Namin noong wala ka pa kung gumawa ba Kami bukod pa sa Panginoong Napakamaawain ng mga diyos na sasambahin?**¹⁰⁹
- D. Na hindi nagkokontraan at nagkakasalungatan ang isang bahagi nito sa iba pang bahagi. Samakatuwid hindi ito mag-uutos ng isang utos at pagkatapos sasalungatin naman ng iba pang utos. Hindi ito magbabawal ng isang bagay pagkatapos ay magpapahintulot ng isang nakatutulad nito nang walang sanhi. Hindi ito magbabawal ng isang bagay o magpapahintulot niyon sa ibang pangkat at ipagbabawal naman sa ibang pangkat. Nagsabi si Allah: **Kaya hindi ba nila pinagninilay-nilayan ang Qur’an? Kung sakaling ito ay buhat sa iba pa kay Allah ay talagang nakasumpung na sana sila rito ng maraming salungatan.**¹¹⁰
- E. Na naglalaman ang relihiyon ng katuruang nangangalaga sa mga tao sa (A) relihiyon nila, (B) mga dangal nila, (C) mga ari-arian nila, (D) mga buhay nila at (E) mga supling nila sa pamamagitan ng isinasabatas na mga pag-uutos, mga pagsaway, mga pagsawata at mga kaasalan na nangangalaga sa limang kabuuan na ito.
- F. Na ang relihiyon ay awa para sa mga nilikha laban sa paglabag sa katarungan sa mga sarili nila at sa paglabag sa katarungan ng isa’t isa sa kanila, walang pagkakaiba kung ang paglabag sa katarungan na ito ay sa pamamagitan ng paglabag sa mga karapatan, o sa pamamagitan ng pangangamkam ng mga yaman, o sa pamamagitan ng panlilinlang ng mga malaki sa mga maliit. Nagsabi si Allah habang nagbabalita tungkol sa awa na nilalaman sa Torah na ibinaba kay Moises (AS): **Noong humupa na kay Moises ang**

¹⁰⁶ Qur’an 7:73.

¹⁰⁷ Qur’an 21:25.

¹⁰⁸ Qur’an 6:151.

¹⁰⁹ Qur’an 43:45.

¹¹⁰ Qur’an 4:82.

galit ay kinuha niya ang mga tablero. Sa nakatitik sa mga ito ay may patnubay at awa para sa mga nasisindak sa Panginoon nila.¹¹¹ Nagsabi pa Siya habang nagbabalita sa pagsusugo kay Moises (AS): **upang gawin Namin siya na isang tanda para sa mga tao at isang awa mula sa Amin.**¹¹² Nagsabi naman Siya tungkol kay Propeta Sálíh (AS): Nagsabi siya: **“O mga tao ko, nakita ba ninyo kung ako ay nasa isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ko at binigyan Niya ako mula sa Kanya ng isang awa”**¹¹³ Nagsabi naman Siya tungkol sa Qur’an: **Nagpapababa Kami ng bahagi ng Qur’an na siyang isang pagpapagaling at isang awa para sa mga mananampalataya,**¹¹⁴

- G. Na naglalaman ito ng patnubay tungo sa isinabatas ni Allah, paggabay sa tao sa nais ni Allah sa kanya at pagpapabatid sa kanya kung mula saan siya nanggaling at saan ang kahahantungan. Nagsabi si Allah habang nagbabalita tungkol sa Torah: **Tunay na Kami ay nagbaba ng Torah, na sa loob nito noon ay may patnubay at liwanag,**¹¹⁵ Nagsabi naman Siya tungkol sa Ebanghelyo: **at ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo na sa loob nito noon ay may patnubay at liwanag,**¹¹⁶ Nagsabi naman Siya hinggil sa Marangal na Qur’an: **Siya ang nagsugo sa Sugo Niya dala ang Patnubay at ang Relihiyon ng Katotohanan**¹¹⁷ Ang totoong Relihiyon ay ang naglalaman ng patnubay tungo sa isina-batas ni Allah at nagsasakatuparan para sa tao ng katiwasayan at kapanatagan, kung saan itinutulak nito palayo sa kanya ang bawat bulong ng Demonyo, tinutugon nito ang bawat katanungan at nililinaw ang bawat suliranin.
- H. Na nag-aanyaya ito tungo sa mga marangal sa mga kaasalan at mga gawain gaya ng katapatan, katarungan, pagkamapagkakatiwalaan, pagkahiya, kabinihan¹¹⁸ at pagkama-pagbigay; sumasaway sa masagwa sa mga ito gaya ng kalapastanganan sa mga magulang, at pagpatay ng tao; at pagbabawal sa mga gawang mahalay, pagsisinungaling, kawalang-katarungan, paglabag, karamutan at kasamaang-loob.
- I. Na nagsasakatuparan ito sa kaligayahan para sa sinumang sumampalataya rito. Nagsabi si Allah: **Tá. Há. Hindi Namin ibinaba sa iyo ang Qur’an upang mahapis ka.**¹¹⁹ ay sumasang-ayon sa normal na kalikasan ng pagkalalang: **Mamalagi sa kalikasan ng pagkalalang ni Allah na nilalang Niya ang mga tao ayon doon.**¹²⁰ at kasang-ayon sa matinong isip dahil ang tumpak na Relihiyon ay isinabatas ni Allah at ang matinong isip naman ay nilikha ni Allah. Imposible na magsalungatan ang isinabatas ni Allah at ang nilikha Niya.
- J. Na nagtuturo ng katotohanan, nagbababala laban sa kabulaanan, umaakay tungo sa patnubay, nagpapalayo ng loob sa pagkaligaw, at nag-aanyaya sa mga tao tungo sa tuwid

¹¹¹ Qur’an 7:154.

¹¹² Qur’an 19:21.

¹¹³ Qur’an 11:63.

¹¹⁴ Qur’an 17:82.

¹¹⁵ Qur’an 5:44.

¹¹⁶ Qur’an 5:46.

¹¹⁷ Qur’an 9:33.

¹¹⁸ Ang kabinihan na tinutukoy rito ay ang paglayo sa pangangalunya at ito ay hindi lamang ukol babae kundi sa lalaki rin.

¹¹⁹ Qur’an 20:1-2.

¹²⁰ Qur’an 30:30.

na landasin na walang kalikuan ni kabaluktutan. Nagsabi si Allah habang nagbabalita tungkol sa mga jinní na noong narinig nila ang Qur'an ay nagsabi ang ilan sa kanila sa iba: **Nagsabi sila: “O mga kapwa namin, tunay na nakapakinig kami sa isang Aklat na ibinaba noong wala na si Moises, na nagpapatotoo sa nauna rito, nagpapatnubay tungo sa katotohanan at tungo sa tuwid na landas.**¹²¹ Samakatuwid hindi ito nag-aanyaya tungo sa ikahahapis nila. Nagsabi si Allah: **Tá. Há. Hindi Namin ibinaba sa iyo ang Qur'an upang mahapis ka.**¹²² Hindi ito nag-uutos ng ikapapahamak nila. Nagsabi si Allah: **Huwag ninyong patayin ang mga sarili ninyo; tunay na si Allah sa inyo ay laging Maawain.**¹²³ Hindi ito nagtatangi sa mga tagasunod nito dahilan sa lahi o kulay o lipi. Nagsabi si Allah: **O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang pinakamapangilag sa inyo sa pagkakasala. Tunay na si Allah ay Maalam, Nakababatid.**¹²⁴ Kaya naman ang sukatan na isinasaalang-alang para sa pagkalamangan ayon sa totoong Relihiyon ay ang pangangilag sa pagkakasala kay Allah.

Matapos na ilahad ko ang mga pamantayan na nagpapakita sa kaibahan sa pagitan ng totoong Relihiyon at huwad na relihiyon—at pinatotohanan ko iyon ng nasaad sa Marangal na Qur'an na nagpapahiwatig na ang mga pamantayan na ito ay pangkalahatan para sa lahat ng tapat na sugo na isinugo buhat kay Allah—ay nababagay naman na talakayin natin ang mga pangkat ng mga relihiyon.

Ang mga Pangkat ng mga Relihiyon

Nahahati ang Sangkatauhan ayon sa mga relihiyon nila sa dalawang pangkat:

May isang pangkat na may kasulatan na ibinaba buhat kay Allah, gaya ng mga Hudyo, mga Kristiyano at mga Muslim. Ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano dahilan sa hindi nila paggawa ng ayon sa nasaad sa mga kasulatan nila, dahilan sa paggawa nila sa mga tao bilang mga panginoon bukod pa kay Allah at dahilan sa pagtagal ng panahon ay nawalan ng mga kasulatan nila na ibinaba ni Allah sa mga propeta nila.

Kaya naman sumulat para sa kanila ang mga pantas nila ng mga kasulatan na iginiit nila na buhat daw kay Allah gayong ang mga ito ay hindi naman buhat kay Allah. Ang mga ito ay bunga lamang ng pamamlaahiyo¹²⁵ ng mga bulaan at pamamaluktot ng mga nagpapakalabis.

Tungkol naman sa Aklat ng mga Muslim, ang Marangal na Qur'an, ito ang kahuli-hulihan sa mga makadiyos na kasulatan sa panahon ng paghahayag at ang pinakamatatag sa mga ito sa pagiging tipan. Gumarantiya si Allah sa pangangalaga nito at hindi Niya ipinagkati-

¹²¹ Qur'an 46:30.

¹²² Qur'an 20:1-2.

¹²³ Qur'an 4:29.

¹²⁴ Qur'an 49:13.

¹²⁵ Pagkuha at paggamit na parang sariling pag-aari ang mga ideya, ang mga isinulat ng ibang tao, at iba pa. Ang Tagapagsalin.

wala iyon sa mga tao. Nagsabi Siya: **Tunay na Kami ay nagpababa sa Paalaala, at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat.**¹²⁶

Ito ay napangalagaan sa pamamagitan ng mga pagkakasaulo at mga pagkakasulat dahil sa ito ang Huling Aklat na ginarantiyahan ni Allah ang pagpatnubay sa Sangkatauhang ito. Ginawa Niya ito na isang katwiran sa kanila hanggang sa pagdating ng Huling Sandali. Itinakda Niya para rito ang pananatili. Naghanda Siya para rito sa lahat ng panahon ng mga mangangalaga sa mga itinakda nito at mga titik nito, mga magsasagawa sa Batas nito, at mga sasampalataya rito. Darating ang karagdagang detalye tungkol sa dakilang Aklat na ito sa isang susunod na bahagi.¹²⁷

May isang pangkat na walang kasulatan na ibinaba buhat kay Allah bagamat mayroon silang kasulatan na minana-mana na ikinapit sa tagapagtatag ng relihiyon nila gaya ng mga Hindu, mga Mago,¹²⁸ mga Budhista, mga Confucianista at gaya ng mga Arabe bago ang pagsusugo kay Muhammad (SAS).

Walang anumang kalipunan malibang mayroon itong kaalaman at gawain alinsunod sa ikapananatili ng mga kapakanan ng pangmundong buhay nila. Ito ay kabilang sa patnubay na pangkalahatan na inilagay ni Allah sa bawat tao — bagkus sa bawat hayop din. Kung papaanong pinatnubayan Niya ang hayop sa pagtamo ng pakikinabangan nito na pagkain at inumin at sa pagtulak sa nakapipinsala rito, lumikha nga si Allah sa hayop ng pagkaibig sa isang bagay at pagkamuhi sa isang bagay.

Nagsabi si Allah: **Luwalhatiin mo ang pangalan ng Panginoon mo, ang Pinakamataas, na lumikha saka bumuo, na nagtakda saka nagpatnubay,**¹²⁹ Nagsabi naman Siya tungkol sa sinabi ni Moises (AS) kay Paraon: **“Ang Panginoon namin ay ang nagbigay sa bawat bagay ng anyo nito. Pagkatapos ay nagpatnubay Siya.”** Nagsabi naman Siya tungkol sa sinabi ni Abraham (AS): **na lumikha sa akin, at Siya ay nagpapatnubay sa akin,**¹³⁰

Alam ng bawat nakauunawa, na may napakaliit na pagmamasid at pagmumuni, na ang mga kaanib ng mga kapaniwalaan ay higit na lubos sa mga kaalamang napakikinabangan at mga gawaing matuwid kaysa sa hindi kabilang sa mga kaanib ng mga kapaniwalaan.

Walang anumang mabuti na matatagpuan sa mga hindi Muslim na mga kaanib ng mga ibang kapaniwalaan malibang taglay ng mga Muslim ang higit na lubos kaysa roon. Taglay ng mga kaanib ng mga relihiyon ang hindi matatagpuan sa mga iba. Iyan ay dahil sa ang mga kaalaman at ang mga gawain ay dalawang uri:

1. Ang natatamo sa pamamagitan ng isip gaya ng Aritmetika, Medisina at Industriya. Ang mga bagay na ito ay taglay ng mga kaanib ng mga kapaniwalaan kung paanong ang mga

¹²⁶ Qur'an 15:9.

¹²⁷ Tingnan ang pahina A-B, C-D ng aklat na ito.

¹²⁸ Mago ang isa pang tawag sa isang Mazdaista na kaanib ng relihiyong Mazdaismo. Ang Mazdaismo ay isang anyo ng Zoroasterianismo, ang relihiyong itinatag ni Zoroaster o Zarathustra na Persiano. Ang relihiyong ito ay naniniwala sa dalawang diyos na magkatunggali: ang diyos ng kabutihan at ang diyos ng kasamaan. Napakalaki ang pagpapahalagang idinudulot ng mga kaanib nito sa apoy anupat ang pagpapahalaga nila sa apoy ay nauwi na sa pagsamba nila sa apoy. Ang Tagapagsalin.

¹²⁹ Qur'an 87:1-3.

¹³⁰ Qur'an 26:78. Tingnan ang *al-Jawab as-Sahih Fi Man Baddala Din al-Masih* (Ang Tumpak na Sagot sa Sinumang Nagpalit sa Relihiyon ni Kristo), tomo 4, pahina 98.

ito ay taglay ng mga hindi kaanib. Bagkus ang mga kaanib ay higit na lubos kaysa sa mga hindi kaanib. Tungkol naman sa hindi malalaman sa pamamagitan ng lantay isip gaya ng mga kaalamang pandiyos at mga kaalamang panrelihiyon, ang mga ito ay natatangi sa mga kaanib ng mga relihiyon. Mayroon sa mga kaalamang ito na maaaring bigyan ng mga patunay na pangkaisipan. Ang mga sugo ay nagpatnubay at gumabay sa mga tao sa pag-papatunay ng mga isip sapagkat ang mga kaalamang ito ay isiniwalat at pinag-isipan.

2. Ang hindi malalaman kung hindi sa pamamagitan ng pagpapabatid ng mga sugo. Walang paraan sa pagtamo nito sa pamamagitan ng mga isip gaya ng kabatiran tungkol kay Allah, mga pangalan Niya at mga katangian Niya, tungkol sa Kabilang-buhay: ang lugod para sa sinumang tumalima sa Kanya at pagdurusa para sa sinumang sumuway sa Kanya, tungkol sa paglilinaw sa isinabatas Niya, tungkol sa kabatiran sa mga naunang propeta kasama ng mga kalipunan nila, at iba pa.¹³¹

Ang Kalagayan ng mga Relihiyong Umiiral

Ang mga pinakamalaking relihiyon, ang mga sinaunang kasulatan ng mga ito, at ang matandang batas ng mga ito ay naging biktima ng mga naglilimayon at mga naglalaro, naging laruan ng mga nambabaluktot at mga ipokrito, at nalantad sa mga madugong pang-yayari at mga malaking kasawian hanggang sa nawala ang diwa at ang anyo ng mga ito. Kaya kung sakaling bubuhayin ang mga unang kaanib ng mga ito at ang mga isinugong propeta ng mga ito ay talagang tatanggihan nila ang mga ito at ipagwawalang-bahala.

Ang Judaismo¹³² sa ngayon ay naging isang kumpol ng mga rituwal at mga tradisyon na walang kaluluwa at walang buhay. Ito, kung isasaisang-tabi ang nabanggit na iyon, ay isang pang-angkang relihiyon na nakalaan sa isang pangkat ng mga tao at isang takdang lahi at walang dinadalang mensahe para sa mundo ni paanyaya para sa mga bansa ni awa para sa Sangkatauhan.

Nasalanta ang relihiyong ito sa orihinal na pinaniniwalaan nito na may natatanging tatak noon sa gitna ng mga relihiyon at mga bansa. Nasa orihinal na kapaniwalaan nito ang lihim ng karangalan nito. Iyon ay ang paniniwala sa pagkaiisa ng Diyos na itinagubilin ni Abraham sa mga anak niya at kay Jacob, sumakanila ang pagbati. Ngunit nanghiram ng mga Hudyo ng marami sa mga tiwaling pinaniniwalaan ng mga kalipunan na naging kapit-bahay nila o bumagsak sa ilalim ng dominasyon nila, at ng marami sa mga kaugalian at mga tradisyon ng mga ito na pagano at pangkamangmangan.

Kinilala nga iyon ng mga makatarungang mananalaysay ng mga Hudyo. Nasaad nga sa Jewish Encyclopedia: “Ang pagkamuhí at ang galit ng mga propeta sa pagsamba sa mga diyus-diyusan ay nagpapakita na ang pagsamba sa mga diyus-diyusan at mga diyos ay nanuot na sa mga kaluluwa ng mga Israelita. Tumanggap sila ng mga paniniwalang pang-

¹³¹ Tingnan ang *Majmú‘ al-Fatáwá Shaykh al-Islám Ibnu Taymíyah* (Katipunan ng mga Fatwá ng Guro ng Islam na si Ibnu Taymíyah), tomo 4, pahina 210-211.

¹³² Para sa karagdagang pagpapalawak, tingnan ang *Iqhám al-Yahúd* (Pagsangkot ng mga Hudyo), akda ni Assamú‘al ibnu Yahyá al-Maghribí, na isang dating Hudyo na yumakap sa Islam.

idolatriya at pangmitolohiya. Ang Talmud din ay sumasaksi na ang paganismo ay may natatanging pang-akit sa mga Hudyo.”¹³³

Ang Talmud¹³⁴ ng Babilonia — na nagmamalabis ang mga Hudyo sa pagpapakabanal dito, na maaaring minamabuti nila higit sa Torah at laganap noon sa mga Hudyo noong ikaanim na siglong Kristiyano, at nag-umapaw sa mga pambihirang halimbawa ng kahinaan ng isip, kabalbalan, kapangahasan laban kay Allah, pang-uulol sa mga katotohanan, at paglalaro sa relihiyon at katwiran — ay nagpapatunay sa naabot ng lipunang Hudyo noong siglong iyon na pagbabang pangkaisipan at katiwalian ng pandamang panrelihiyon.¹³⁵

Tungkol naman sa Kristiyanismo, pinagdusa ito ng mga pambabaluktot ng mga nagmamalabis, pagpapakahulugan ng mga mangmang at paganismo ng mga Romanong nag-Kristiyano magmula sa unang panahon nito. Lahat ng iyon ay naging isang buntong na nalibing sa ilalim nito ang mga dakilang katuruan ni Kristo at naikubli ang liwanag ng Monoteismo at ang kawagasan ng pagsamba sa Diyos sa likod ng mga makapal na ulap.

Isinasalaysay ng isang Kristiyano ang saklaw ng panunuot ng pinaniniwalaang Trinidad sa lipunang Kristiyano magmula noong katapusan ng ikaapat na siglong Kristiyano. Sinasabi Niya: “Nunuot ang paniniwala na ang nag-iisang Diyos ay binubuo ng tatlong persona sa kaloob-looban ng buhay ng mundong Kristiyano at sa mga kaisipan nito magmula noong huling ikaapat na bahagi ng ikaapat na siglo. Nanatili ito na opisyal na batayang pinaniniwalaan sa lahat ng dako ng mundong Kristiyano. Hindi natigil ang pag-unlad ng pinaniniwalaang Trinidad at misteryo nito kundi pa noong ikalawang kalahati ng ika-19 na siglong Kristiyano.”¹³⁶

Isinasalaysay naman ng isang kontemporaryong Kristiyanong mananalaysay sa aklat na *History of Christianity in the Light of Modern Knowledge* ang tungkol sa paglitaw ng paganismo sa lipunang Kristiyano sa iba’t ibang pagkakalitaw at sari-saring kulay. Nagpakahusay ang mga Kristiyano sa panghihiram ng paganong mga rituwal, mga kaugalian, mga pagdiriwang at mga bayani mula sa mga kalipunan at mga relihiyon na matanda na sa idolatriya sa bisa ng panggagaya o paghanga o kamangmangan. Sinasabi niya:

“Nagwakas na ang Paganismo, subalit hindi ito nakatagpo ng ganap na pagkalipol. Bagkus ito ay nanuot sa mga kaluluwa at nagpatuloy ang lahat ng bagay rito sa ngalan ng Kristiyanismo at sa likod ng tabing nito. Ang mga nagwaksi sa mga diyos nila at mga bayani nila at nag-iwan sa mga ito ay kumuha naman ng isang martir sa mga martir nila at tinagurian ito ng mga paglalarawan ng mga diyos. Pagkatapos ay ginawan ito ng rebulto.”

“Ganito nalipat itong idolatriya at pagsamba sa mga diyus-diyusan sa mga lokal na martir na ito. Hindi nagwakas ang siglo na iyon hanggang sa lumaganap sa kanila ang pagsamba sa mga martir at mga banal. Nakabuo ng bagong pinaniniwalaan: na ang mga banal ay

¹³³ *Jewish Encyclopedia*, volume xii, p. 7, xii p. 568-569.

¹³⁴ Ang salitang Talmud ay nangangahulugan ng aklat ng katuruan ng relihiyon at mga kaasan ng mga Hudyo. Ito ay isang katipunan ng mga talababa at mga paliwanag ng aklat na Mishna na siyang Batas ng mga iskolar na Hudyo sa iba’t ibang panahon.

¹³⁵ Basahin para sa detalye ang *al-Yahúd ‘Alá Hasab at-Talmúd* (Ang mga Hudyo Alinsunod sa Talmud) ni Doktor Rohling, at ang salin nito na Arabe mula sa Pranses na *al-Kanz al-Margúd fi Qawá ‘id at-Talmúd* (Ang Nakatalagang Kayamanan sa mga Batas ng Talmud) ni Doktor Yúsuf Hanná Naşrulláh.

¹³⁶ Buod ng nasaad sa *New Catholic Encyclopaedia* sa paksa ng Banal na Trinidad, tomo 14, pahina 295.

nagtataglay ng mga katangian ng pagkadiyos. Ang mga banal at ang mga santo na ito ay naging mga nilikhang tulay sa pagitan ng Diyos at tao. Pinalitan ang mga pangalan ng mga paganong pagdiriwang ng mga bagong pangalan, hanggang sa binago noong taong 400 ang matandang pagdiriwang ng kapanganakan ng araw upang maging pagdiriwang ng kapanganakan ni Kristo.¹³⁷

Tungkol naman sa mga Mazdaista,¹³⁸ nakilala sila mula noong matandang panahon sa pagsamba sa mga elemento ng kalikasan, na ang pinakadakila sa mga ito ay ang apoy. Nanatili sila sa pagsamba rito sa bandang huli. Nagpapatayo sila para rito ng mga templo at mga sambahan. Lumaganap ang mga bahay ng apoy sa kahabaan at kaluwangan ng bayan at nalipol ang lahat ng pinaniniwalaan at relihiyon maliban sa pagsamba sa apoy at pagpapakabanal sa araw. Ang relihiyon sa ganang kanila ay naging mga rituwal at mga tradisyon na isinasagawa sa mga takdang pook.¹³⁹

Inilalarawan ng Danes na may-akda ng *Iran in the Age of the Sassanids* na si Arthur Christiansen ang uring mga pangulo ng relihiyon at ang mga gawain nila. Sinasabi niya:

“Isang tungkulin sa mga kawani na ito na sumamba sa araw nang apat na ulit isang araw, idinadagdag pa roon ang pagsamba sa buwan, apoy at tubig. Sila ay mga naaatasang huwag nilang hayaan ang apoy na maapula, na huwag masaling ng apoy at tubig ang isa’t isa, at na huwag nilang hayaan ang metal na kalawangin dahil ang mga metal sa ganang kanila ay binanal.¹⁴⁰

Naniwala sila Duwalismo¹⁴¹ sa lahat ng panahon. Iyan ay naging natatanging tatak nila. Sumasampalataya siya sa dalawang diyos: ang isa ay ang liwanag o ang diyos ng kabutihan at tinatawag nila na Ahura Mazda o Yazdan, at ang ikalawa ay ang kadiliman o ang diyos ng kasamaan na si Angra Mainyu. Ang tunggalian sa pagitan nilang dalawa ay umiiral pa at ang digmaan ay patuloy pa.¹⁴²

Tungkol naman sa Budhismo — ang relihiyon na laganap sa India noon at sa Gitnang Asia — ito ay isang paganong relihiyon na nagdadala kasama nito ng mga diyos-diyusan saan man tumahak ito, nagpapatayo ng mga templo, at nagpapatindig ng mga estatuwa ni Budha saanman tumigil at tumuloy ito.¹⁴³

Tungkol naman sa Hinduismo, ang relihiyon ng India, napabantog ito sa dami ng mga sinasamba at mga diyos. Naabot ng Paganismo [na ito] ang tugatog nito noong ikaanim na

¹³⁷ Rev. James Houston Baxter, *History of Christianity in the Light of Modern Knowledge*, Glasgow, 1929, pahina 407.

¹³⁸ Tingnan ang talababa bilang 34. Ang Tagapagsalin.

¹³⁹ Basahin ang aklat na *Iran in the Age of the Sassanids* ni Propesor Arthur Christiansen, Propesor ng mga Silanganing Wika sa Pamantasan ng Copenhagen sa Denmark at dalubhasa sa kasaysay ng Iran; at ang *History of Iran*, akda ng Zoroasteriano na si Shaheen Macarius.

¹⁴⁰ *Iran in the Age of the Sassanids*, Arthur Christiansen, pahina 155.

¹⁴¹ Pilosopiya o relihiyon na naniwalang may dalawang kapangyarihang umiiral sa sansinukob: ang mabuti at ang masama, o ang liwanag at ang kadiliman. Ang Zoroasterianismo at ang Manichaenismo ay mga relihiyong nakabatay sa paniniwalang ito. Ang Tagapagsalin.

¹⁴² *Iran in the Age of the Sassanids, The Zoroastrian Religion: Religion of the Government*, pahina 183-233.

¹⁴³ Sumangguni sa aklat na *Ancient India* ni Propesor Aishora Toba, Propesor ng Kasaysayan ng Kabihasang Indio sa Pamantasan ng Hyderabad at sa aklat na *The Discovery of India* ng may-akda nito na si Jawharlal Nehru, ang dating Punong Ministro ng India, pahina 201-202.

siglong Kristiyano yamang umabot ang bilang ng mga diyos noong siglong iyon sa 330 milyon.¹⁴⁴ Ang bawat bagay na kahanga-hanga, ang bawat bagay na kamangha-mangha at ang bawat bagay na kapaki-pakinabang ay naging diyos na sinasamba. Umangat ang indus-triya ng paglilok ng mga estatuwa sa panahong iyon at nagpakahusay rito ang mga mahusay.

Nagsasabi ang Hindu na si C. V. Vidya sa aklat niya na *History of Medieval India* habang tinatalakay niya ang tungkol sa panahon ng Haring Hirsh (606-648), ang panahon na sumunod sa paglitaw ng Islam sa Arabia:

“Ang relihiyong Hinduismo at ang relihiyong Budhismo ay paganismo na magkatulad na magkatulad, bagkus marahil ang relihiyong Budhismo ay nakahigit sa relihiyong Hinduismo sa pagkalubog sa paganismo. Ang pagsisimula ng relihiyong ito, ang Budhismo, ay ang pagkakaila sa Diyos, subalit ito ay dahan-dahang gumawa kay Budha na pinakamalaking diyos. Pagkatapos ay nagdagdag ito roon ng iba pang mga diyos tulad ng mga Bodhisattva.¹⁴⁵ Narating ng Paganismo [na ito] ang tugatog nito sa India hanggang sa ang salitang ‘Budha’ ay naging kasingkahulugan ng salitang diyus-diyusan o rebulto sa ilan sa mga wikang silanganin.”

Isa sa hindi mapagdududahan ay na ang Paganismo ay laganap na sa buong kontemporaryong Daigdig. Ang buong mundo mula sa Dagat Atlantiko hanggang sa Dagat Pasipiko ay nakalubog sa Paganismo. Para bang ang Kristiyanismo, ang mga relihiyong Semito at ang relihiyong Budhismo ay nag-uunahan sa pagdakila sa mga diyus-diyusan at pagpapabanal sa mga ito. Ang mga ito ay parang mga pinupustahang kabayo na tumatakbo sa iisang karrerahan.¹⁴⁶

Nagsasabi naman ang isa pang Hindu sa aklat niya na pinamagatang niyang *Prevalent Hinduism*: “Ang gawain ng paggawa ng mga diyos ay hindi nagwakas dito. Patuloy na may sumasaling mga maliit na diyos sa magkakaibang mga yugtong pangkasaysayan sa ‘konsehong pandiyos’ na ito sa malaking bilang hanggang sa mayroon sa mga ito na naging isang tambak na humigit sa takda at bilang.”¹⁴⁷

Ito ang lagay ng mga relihiyon. Tungkol naman sa mga sibilisadong bayan na nagkaroon ng mga malaking pamahalaan, nilaganapan ng maraming kaalaman at naging sinilangan ng kabihasan, mga industriya at mga panitikan, ang mga ito ay naging mga bayan na pinapangit ng mga relihiyon at nawala ang orihinalidad ng mga ito at ang lakas ng mga ito.

Nawala ang mga nagtutuwid. Naglaho ang mga nagtuturo. Umangat sa mga bayang ito ang Ateismo. Dumami sa mga ito ang katiwalian. Napalitan sa mga ito ang mga paman-tayan. Hinamak ng tao sa mga ito ang sarili niya. Dahil doon ay dumami ang pagpapati-

¹⁴⁴ Sumangguni sa aklat na *Ancient India* ni Propesor Aishora Toba, tomo 3, pahina 276; at ang *Prevalent Hinduism* ng may-akda nito na si L.S.S. O'Malley, pahina 6-7.

¹⁴⁵ Isang dinidiyos o tao na nagtamo ng kaliwanagan na karapat-dapat sa nirvana ngunit nananatili sa mundo ng tao upang tumulong sa iba. Ang nirvana ayon sa Hinduismo, Budhismo at Jainismo ay ang pagtamo ng kaliwanagan at ang pagkakalaya ng espirituwal na sarili mula sa pagkakaugnay sa mga makamundong bagay, na nagbibigay-wakas sa pagbabalik-balik ng pagsilang at muling pagsilang. Ang Tagapagsalin.

¹⁴⁶ C. V. Vidya, *History of Medieval India*, tomo 1, Poone, 1921.

¹⁴⁷ Tingnan ang *as-Sirah an-Nabawiyah* (ang Talambuhay ng Propeta) ni Abul Hasan an-Nadwi, pahina 19-28.

wakal. Nagkaputul-putol ang mga bigkis na pampamilya. Nalansag ang mga ugnayang panlipunan. Dinagsa ng mga pasyente sa mga bayang ito ang mga klinika ng mga doktor na psychiatrist. Lumitaw sa mga ito ang palengke ng mga manunuba.

Naranasan ng tao sa mga bayang ito ang bawat pampalugod. Sinunod niya ang bawat bagong kulto sa pagnanais ng ikabubusog ng kaluluwa niya, ikaliligaya ng sarili niya at kapanatagan ng puso niya. Ngunit hindi nagtagumpay ang mga pampalugod, ang mga kapaniwalaan at ang mga teoriya na ito sa pagsasakatuparan niyon. Magpapatuloy ang tao sa kahapisang pangkaluluwa at pagdurusang espirituwal na ito malibang maugnay siya sa Panginoon niya at sumamba sa Kanya alinsunod sa pamamaraan Niya na kinasiyahan Niya para sa sarili nito at ipinag-utos Niya sa mga sugo Niya.

Nagsabi si Allah habang naglilinaw sa lagay ng sinumang bumaling palayo sa Panginoon niya at naghangad ng patnubay ng iba pa: **Ang sinumang bumaling palayo sa pag-alaala sa Akin ay tunay na magkakaroon siya ng isang masikip na pamumuhay. Iipunin Namin siya sa araw ng pagbangon na isang bulag.**¹⁴⁸

Nagsabi naman Siya habang nagpapatid tungkol sa katiwasayan ng mga mananampalataya at kaligayahan nila sa buhay na ito: **Ang mga sumampalataya at hindi naghalo sa pananampalataya nila ng paglabag sa katarungan, ang mga iyon ay magkakaroon ng katahimikan at sila ay mga napatnubayan.**¹⁴⁹ Sinabi rin Niya: **Tungkol naman sa mga paliligayahin ay sa Hardin sila, na mga mananatili sa loob nito sa itatagal ng mga langit at lupa, maliban sa niloob ng Panginoon mo — isang bigay na hindi mapuputol.**¹⁵⁰

Ang mga relihiyon na ito — na hindi Islam — kung sakaling ipatutupad natin sa mga ito ang mga pamantayan ng totoong Relihiyon na nauna nang nabanggit¹⁵¹ ay talagang masusumpungan natin ang mga ito na nawalan na ng karamihan sa mga sangkap na iyon. Ito ay maliwanag na sa pamamagitan ng maikling paglalahad tungkol doon.

Ang pinakamalaking nilabag ng mga relihiyong ito ay ang paniniwala sa pagkaiisa ng Diyos sapagkat nagtambal ang mga tagasunod ng mga ito sa tunay na Diyos ng iba pang mga Diyos. Ang mga binaluktot na relihiyong ito ay hindi rin nagkakaloob sa mga tao ng batas na naaangkop sa bawat panahon at pook na mangangalaga sa mga tao sa relihiyon nila, mga karangalan nila, mga supling nila, mga ari-arian nila at mga buhay nila.

Hindi nagtuturo ang mga ito sa kanila at hindi gumagabay sa kanila sa batas ni Allah na ipinag-utos Niya. Hindi nagkakaloob ang mga ito sa mga kaanib ng mga ito ng kapanatagan at kaligayahan dahil sa nilalaman ng mga ito na kontrahan at salungatan.

Tungkol naman sa Islam, darating sa iyo sa mga sumusunod na bahagi ang maglilinaw na ito ang mananatiling totoong Relihiyon mula sa Diyos na kinasiyahan Niya para sa sarili Niya at kinasiyahan Niya para sa Sangkatauhan.

Sa pagwawakas ng bahaging ito ay nababagay na malaman natin ang katotohanan ng pagkapropeta, ang mga tanda ng pagkapropeta at ang pangangailangan ng tao roon, at na linawin natin ang mga saligan ng pag-aanyaya ng mga sugo at ang katotohanan ng pangwakas na mensaheng mananatili.

¹⁴⁸ Qur'an 20:124.

¹⁴⁹ Qur'an 6:82.

¹⁵⁰ Qur'an 11:108.

¹⁵¹ Tingnan ang pahina A-B ng aklat na ito.

Ang Katotohanan ng Pagkapropeta

Tunay na ang pinakamalaking isinasatungkulin sa tao ay na malaman niya sa buhay na ito ang [tunay na] pagkakilala sa Panginoon niya na nagpairal sa kanya mula sa wala at nagpanagana sa kanya ng mga biyaya. Tunay na ang pinakamalaking layon na nilikha ni Allah ang mga nilikha ayon doon ay ang pagsamba sa Kanya lamang, napakamaluwalhati Niya.

Subalit papaanong makikilala ng tao ang Panginoon niya nang totoong pagkakilala at ang kinakailangan ukol sa Panginoon na mga karapatan at mga tungkulin? Papaano niyang sasambahin ang Panginoon niya?

Tunay na ang tao ay makatatagpo ng tutulong sa kanya sa mga kasawian ng panahon niya, at ng para sa kanya sa mga kapakanan niya gaya ng paglulunas sa karamdaman, pagkakaloob ng gamot at pagtulong sa pagpapatayo ng tirahan at mga kawangis niyon. Subalit hindi siya makatatagpo sa lahat ng tao ng magpapakilala sa kanya sa Panginoon niya at maglilinaw sa kanya kung papaano niyang sasambahin ang Panginoon niya.

Ito ay dahil sa ang mga isip ay hindi makapagsosolo na makilala ang nais ni Allah yamang ang isip ng tao ay higit na mahina na matalos ang nais ng taong gaya niya bago maipabatid nito sa kanya ang nais nito kaya papaanong malalaman niya ang nais ni Allah? Ito ay dahil din sa ang tungkulin na ito ay nilimitahan sa mga sugo at mga propeta na hinirang ni Allah upang iparating ang mensahe, at sa mga pinuno ng patnubay na mga tagapagmana ng mga propeta, na mga nagdadala ng mga pamamaraan nila, na sumusunod sa mga bakas nila at nagpaparating para sa kanila ng mensahe nila.

Ito ay dahil din sa ang mga tao ay hindi hindi maaaring tumanggap nang tuwiran mula kay Allah at sila ay hindi makakakaya niyon. Nagsabi si Allah: **Hindi ukol sa tao na makikipag-usap sa kanya si Allah maliban sa isang pagsisiwalat, o makikipag-usap Siya sa likod ng isang tabing, o magsusugo Siya ng isang anghel na sugo, pagkadaka ay isisiwalat nito ayon sa kapahintulutan Niya ang anumang niloob Niya. Tunay na Siya ay Mataas, Marunong.**¹⁵²

Kaya naman hindi maiiwasan na may isang tulay at isang embahador na magpaparating buhat kay Allah ng isinabatas Niya patungo sa mga lingkod Niya. Ang mga embahador at ang mga tulay na ito ay ang mga sugo at ang mga propeta. Dinadala ng anghel ang mensahe ni Allah patungo sa propeta at ipinararating naman ito ng sugo sa mga tao. Hindi dinadala nang tuwiran ng anghel ang mga mensahe patungo sa mga tao dahil sa ang daigdig ng mga anghel ay naiiba sa daigdig ng mga tao sa kalikasan nito. Nagsabi si Allah: **Si Allah ay humihirang mula sa mga anghel ng mga sugo at mula sa mga tao.**¹⁵³

Hiniling ng karunungan Niya na ang sugo ay kabilang sa uri ng mga pinagsusuguan upang makaunawa sila buhat sa kanya at makaintindi sa kanya, upang magawa nilang kapana-yamin ito at kausapin ito. Kung sakaling nagpadala ng sugo na kabilang sa mga anghel ay talagang hindi nila makakaya na kaharapin ito ni matuto rito.¹⁵⁴

¹⁵² Qur'an 42:51.

¹⁵³ Qur'an 22:75.

¹⁵⁴ Tafsir *al-Qur'an al-'Adhim*, akda ni Abú al-Fidá' Ismá'il ibnu Kathír al-Qurashí, tomo 3, pahina 64.

Nagsabi Siya: Nagsabi sila: “Hindi kasi nagbaba sa kanya ng isang anghel.” Kung sakaling nagbaba Kami sa kanya ng isang anghel ay talagang napagpasyahan na sana ang usapin at pagkatapos ay hindi na sila palulugitan. Kung sakaling ginawa Namin *ang sugong* ito na isang anghel ay talagang ginawa sana Namin siya na isang lalaki at talagang nagpalito na sana Kami sa kanila ng ikinalilito nila.¹⁵⁵

Nagsabi pa Siya: Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng anumang mga isinugo malibang tunay na sila ay talagang kumakain ng pagkain at lumalakad sa mga pami-lihan. Ginawa Namin bilang isang pagsubok ang ilan sa inyo para sa iba — magtitiis ba kayo? Ang Panginoon mo ay laging Nakakikita. Nagsabi ang mga hindi umaasa na makipagkita sa Amin: “Hindi kasi nagbaba sa amin ng mga anghel o *hindi kasi* namin nakikita ang Panginoon namin.” Talaga ngang nagmalaki sila sa mga sarili nila at nagpakayabang ng isang malaking pagpapakayabang.¹⁵⁶

Nagsabi pa si Allah: Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa kundi ng mga lalaki na nagsiwalat Kami sa kanila.¹⁵⁷ Nagsabi pa Siya: Hindi Kami nagsugo ng isang sugo kundi ayon sa wika ng mga tao niya upang maglinaw siya sa kanila,¹⁵⁸

Nagtataglay ang mga sugo at ang mga propeta na ito ng katangian ng kalubusan ng pag-iisip, ng kaayusan ng kalikasan ng pagkalalang, ng katapatan sa salita at gawa, ng pagiging mapagkakatiwalaan sa pagpaparating ng ipinagkatiwala sa kanila, ng pangangalaga laban sa lahat ng nagpapapangit sa asal na pantao, at ng kalusugan ng mga katawan laban sa anumang ikaririmarim ng mga paningin at ikasusuklam ng mga matinong panlasa.¹⁵⁹

Dinalisay nga ni Allah ang mga sarili nila at ang mga kaasalan nila. Sila ay pinakalubos na mga tao sa kaasalan, pinakadalisay sa mga ito sa mga kaluluwa at pinakamapagbigay na mga tao. Tinipon ni Allah sa kanila ang mga marangal sa mga kaasalan at ang mga magandang ugali. Tinipon Niya rin sa kanila ang pagkamatiisin, ang pagkamaalam, ang pagkama-pagparaya, ang pagkamapagbigay, ang pagkamapagkaloob, ang katapangan at ang pagkama-katarungan hanggang sa nakilala sila sa mga kaasalan na ito sa gitna ng mga tao nila.

Itong mga tao ni Propeta Sálih (AS) ay nagsasabi sa kanya ayon sa ipinabatid ni Allah hinggil sa kanila: Nagsabi sila: “O Sálih, ikaw nga noon sa atin ay inaasahan bago *ang pahayag na ito*. Sinasaway mo ba kami na sambahin namin ang sinasamba ng mga ninuno namin?”¹⁶⁰

Nagsabi ang mga tao ni Propeta Shu‘ayb sa kanya ayon sa ipinabatid ni Allah: Nagsabi sila: “O Shu‘ayb, ang dasal mo ba ay nag-uutos sa iyo na iwan namin ang sinasamba ng mga ninuno namin at na huwag naming gawin sa mga yaman namin ang niloob namin? Tunay na ikaw ay talagang ikaw ang matimpiin, ang matino.”¹⁶¹

Napatanyag si Muhammad (SAS) sa mga kalipi niya sa taguring “ang mapagkakatiwalaan” bago nagbabaan sa kanya ang mensahe. Inilarawan siya ng Panginoon

¹⁵⁵ Qur’an 6:8-9.

¹⁵⁶ Qur’an 25:20-21.

¹⁵⁷ Qur’an 16:43.

¹⁵⁸ Qur’an 14:4.

¹⁵⁹ Tingnan ang *Lawámi‘ al-Anwár al-Bahíyah* (Ang Maningning na mga Kislap ng mga Liwanag), tomo 2, pahina 265; at ang *al-Islám*, akda ni Aḥmad Shibli, pahina 114.

¹⁶⁰ Qur’an 11:62.

¹⁶¹ Qur’an 11:87.

niya sa pamamagitan ng pagsabing: **Tunay na ikaw ay talagang nasa isang dakilang kaasalan.**¹⁶²

Sila ang mga pinili ni Allah mula sa mga nilikha Niya. Hinirang Niya sila at pinili Niya sila para magdala ng mensahe at magparating ng ipinagkatiwalang tungkulin. Nagsabi Siya: **Si Allah ay higit na nakaalam kung saan Niya ilalagay ang pasugo Niya.**¹⁶³ Nagsabi pa Siya: **Tunay na si Allah ay humirang kay Adan, kay Noe, sa mag-anak ni Abraham at sa mag-anak ni ‘Imrān higit sa ibang mga nilalang** —¹⁶⁴

Ang mga sugo at ang mga propeta na ito, sumakanila ang pagbati, sa kabila ng mga matayog na katangian na ipinanglarawan sa kanila ni Allah at ng mga mataas na katangian na ikinatanyag nila, gayunpaman, sila ay mga tao na dinadapuan ng dumadapo sa lahat ng tao. Kaya naman sila ay nagugutom, nagkakasakit, natutulog, kumakain, nag-aasawa at namamatay.

Nagsabi si Allah: **Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila ay mga mamamatay.**¹⁶⁵ Nagsabi rin Siya: **Talagang nagsugo na Kami ng mga sugo noong wala ka pa at gumawa Kami para sa kanila ng mga may-bahay at mga supling.**¹⁶⁶

Bagkus marahil siniil sila o pinatay sila o pinalayas sa mga tahanan nila. Nagsabi si Allah: **Banggitin noong nanlalansi laban sa iyo ang mga tumangging sumampalataya upang bihagin ka nila o patayin ka nila o palayasin ka nila. Nanlalansi sila at nanlalansi rin si Allah, at si Allah ay pinakamabuti sa mga nanlalansi.**¹⁶⁷

Subalit ang mabuting kahihinatnan, ang ayuda at ang kapamahalaan ay ukol sa kanila sa mundo at sa Kabilang-buhay. Sinabi Niya: **at talagang aayudahan nga ni Allah ang sinumang umaayuda sa Kanya.**¹⁶⁸ Sinabi pa Niya: **Itinakda ni Allah: “Talagang mananaig nga Ako sampu ng mga sugo Ko.” Tunay na si Allah ay Malakas, Nakapangyayari.**¹⁶⁹

Ang mga Tanda ng Pagkapropeta

Yamang ang pagkapropeta ay isang kaparaanan tungo sa pagkabatid sa pinakamarangal sa mga kaalaman at sa pagsasagawa sa pinakamarangal sa mga gawain at pinakakapita-pitagan sa mga ito, naging bahagi ng awa Niya na gawan ang mga propeta na ito ng mga tanda na nagpapatunay sa kanila, ipinapatunay ng mga tao para sa kanila at ipinakikilala sila ng mga ito sa pamamagitan ng mga iyon.

Kung may isang nag-aangkin ng pagkapropeta ay lilitaw sa kanya ang ilan sa mga pahiwatig at mga kalagayan na maglilinaw sa katapatan niya kung siya ay tapat at magbubunyag sa kasinungalingan niya kung siya ay sinungaling. Ang mga tanda na ito ay marami, na ang ilan ay ang sumusunod:

¹⁶² Qur'an 68:4.

¹⁶³ Qur'an 6:124.

¹⁶⁴ Qur'an 3:33.

¹⁶⁵ Qur'an 39:30.

¹⁶⁶ Qur'an 13:38.

¹⁶⁷ Qur'an 8:30.

¹⁶⁸ Qur'an 22:40.

¹⁶⁹ Qur'an 58:21.

1. Na nag-aanyaya ang propeta tungo sa pagsamba kay Allah lamang at sa pagtigil sa pagsamba sa anumang iba pa sa Kanya yamang ito ang layon na alang-alang dito ay nilikha ni Allah ang mga nilikha;
2. Na nag-aanyaya siya sa mga tao tungo sa pananampalataya kay Allah, paniniwala sa Kanya at paggawa ayon sa mensahe Niya. Inutusan nga Niya ang Propeta Niya na si Muhammad (SAS) na magsabi: **O mga tao, tunay na ako ay Sugo ni Allah sa inyong lahat, Siya na ukol sa Kanya ang paghahari sa mga Langit at Lupa;**¹⁷⁰
3. Na aalalayan siya ni Allah sa pamamagitan ng mga sari-saring patunay mula sa mga patunay ng pagkapropeta. Kabilang sa mga patunay na iyon ay ang mga tanda na dinadala ng propeta, at hindi nakakaya ng mga tao na tanggihan ang mga iyon o gumawa ng tulad sa mga iyon.
Kabilang doon ang himala ni Moises (AS) noong nagbago ang tungkod nito na naging isang ahas; ang himala ni Jesus (AS) noong nagpapagaling ito ng ipinanganak na bulag at ng ketongin ayon sa kapahintulutan ni Allah; ang himala ni Muhammad (SAS), ang Dakilang Qur'an, sa kabila ng pagiging di-nakapag-aral niya: hindi nakababasa at hindi nakasusulat; at iba pang mga himala ng mga propeta.
Kabilang din sa mga patunay na ito ang maliwanag na katotohanan na inihatid ng mga propeta at mga isinugo, sumakanila ang pagbati. Hindi nakakaya ng mga katunggali nila na itulak iyon o ikaila iyon. Bagkus tunay na ang mga katunggali na ito ay nakaaalam na ang ihinatid ng mga propeta ay ang katotohanan na hindi maitutulak.
Kabilang din sa mga patunay na ito ang itinangi ni Allah sa mga propeta Niya na kalubusan ng mga kalagayan, magandang mga katangian at mga marangal na mga kaasalan. Kabilang din dito ang pag-ayuda ni Allah sa kanila laban sa mga katunggali nila at ang pagpapangibabaw sa aral na ipinaaanyaya nila;
4. Na sasang-ayon ang paanyaya niya sa mga saligan na nag-anyaya tungo sa mga ito ang [iba pang] mga sugo at mga propeta;¹⁷¹
5. Na hindi siya mag-aanyaya sa pagsamba sa sarili niya o sa pagbaling sa kanya ng anuman sa pagsamba at hindi siya mag-aanyaya sa pagdakila sa lahi niya o pangkat niya. Nag-utos si Allah kay Muhammad (SAS) na magsabi sa mga tao: **Sabihin mo: “Hindi ko sinasabi sa inyo na taglay ko ang mga tagong kayamanan ni Allah, hindi ko nalalaman ang nakalingid at hindi ko sinasabi sa inyo na ako ay isang anghel. Wala akong sinusunod kundi ang isiniwalat sa akin.”**¹⁷²
6. Na hindi siya hihiling sa mga tao ng isa sa mga panandaliang bagay ng mundo kapalit ng pag-aanyaya niya. Nagsabi si Allah habang nagpapabatid tungkol sa mga propeta Niya na sina Noe, Húd, Sálìh, Lot at Shu‘ayb — sumakanila ang pagbati — na sila ay nagsabi sa mga tao nila: **Hindi ako humihingi sa inyo para roon ng anumang kabayaran; walang kabayaran sa akin maliban sa nasa Panginoon ng mga nilalang.**¹⁷³ Pinasabi naman

¹⁷⁰ Qur'an 7:158.

¹⁷¹ Tingnan ang *Majmú‘ al-Fatáwá Shaykh al-Islám Ibnu Taymíyah* (Katipunan ng mga Fatwá ng Guro ng Islam na si Ibnu Taymíyah), tomo 4, pahina 212-213.

¹⁷² Qur'an 6:50.

¹⁷³ Qur'an 26: 109, 127, 145, 164, 180.

si Muhammad sa mga tao niya: **Sabihin mo: “Hindi ako humihingi sa inyo para roon ng anumang kabayaran at ako ay hindi kabilang sa mga nagkukunwari.”**¹⁷⁴

Itong mga sugo at mga propeta, na bumanggit ko sa iyo ng ilan sa mga katangian nila at mga patunay sa pagkapropeta nila, ay marami. Nagsabi si Allah: **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo na nagsasabi: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang nagdidiyus-diyusan.”**¹⁷⁵

Lumigaya nga dahil sa kanila ang mga tao. Napuno ang kasaysayan ng tala ng mga sanaysay tungkol sa kanila. Nagtuluy-tuloy ang pagpaparating sa mga batas ng Relihiyon nila, na siyang katotohanan at katarungan. Nagtuluy-tuloy rin ang pagpaparating sa pinangyari ni Allah sa kanila na pag-ayuda sa kanila at paglipol sa mga kaaway nila gaya ng paggunaw sa mga tao ni Noe, pagkalunod ng Paraon, pagparusa sa mga tao ni Lot, pagwagi ni Muhammad (SAS) sa mga kaaway niya at paglaganap ng Relihiyon niya.

Kaya ang sinumang nakabatid niyon ay nakaalam nang tiyak na sila ay naghatid ng kabutihang, patnubay, patunay sa mga nilikha sa anumang pakikinabangan nila, babala sa kanila laban sa nakapipinsala sa kanila. Ang kauna-unahan sa kanila [na mga sugo] ay si Noe (AS) at ang kahuli-hulihan sa kanila ay si Muhammad (SAS).¹⁷⁶

Ang Pangangailangan ng mga Tao sa mga Sugong

Ang mga sugo ay ang mga propeta ni Allah sa mga lingkod Niya. Ipinararating nila sa mga tao ang mga utos Niya. Nagbabalita sila sa mga tao ng nakatutuwa hinggil sa inihanda ni Allah para sa mga ito na lugod sa Paraiso kung ang mga ito ay tumalima sa mga utos Niya. Nagbababala sila sa mga ito ng pagdurusing mananatili kung ang mga ito ay sumalungat sa isinaway Niya. Isinasalaysay nila ang mga ulat tungkol sa mga nagdaang kalipunan at ang dumapo sa mga iyon na pagdurusa at parusa sa mundo dahil sa pagsalungat ng mga iyon sa utos ng Panginoon ng mga iyon.

Itong makadiyos na mga utos at mga saway ay hindi maaaring sarilinin ng mga isip ang pag-alam sa mga ito. Dahil doon ay isinabatas ni Allah ang mga batas at isinatungkulin Niya na sundin ang mga utos at ang mga saway. Ito ay bilang pagpaparangal sa mga anak ng tao, bilang pagbubunyi sa kanila at pangangalaga sa mga kapakanan nila. Ito ay dahil sa ang mga tao ay maaaring mapasunod sa likod ng mga masamang hilig nila: lalabagin nila ang mga ipinagbabawal, magmamataas sila sa ibang mga tao at aagawan nila ang mga ito ng mga karapatan ng mga ito.

Kaya naging bahagi ng kapani-paniwalang katwiran na magpadala si Allah sa kanila sa tuwi-tuwina ng mga sugo na magpapaalaala sa kanila sa mga utos Niya, magbabala sa kanila laban sa pagkasadlak sa pagsuway sa Kanya, bibigkas sa kanila ng mga pangaral at babanggit sa kanila ng mga balita ng mga naunang tao.

¹⁷⁴ Qur'an 38:86.

¹⁷⁵ Qur'an 16:36.

¹⁷⁶ Ang kauna-unahan naman sa mga propeta ay si Adan (AS) at ang kahuli-hulihan sa kanila ay si Propeta Muhammad (SAS) din. Ang Tagapagsalin.

Tunay na ang mga pambihirang balita kapag kumatok sa mga pandinig at ang mga kaka-ibang pakahulugan kapag pumukaw sa mga isipan ay kukunin ang mga ito ng mga isip kaya madadagdagan ang kaalaman ng mga ito at tutumpak ang pagkaunawa ng mga ito.

Ang nakahihigit sa mga tao sa pakikinig ay ang nakahihigit sa kanila sa mga pagkahiwa-tig, ang nakahihigit sa kanila sa mga pagkahiwa-tig ay ang nakahihigit sa kanila sa pag-iisip-isip, ang nakahihigit sa kanila sa pag-iisip-isip ay ang nakahihigit sa kanila sa kaalaman, at ang nakahihigit sa kanila sa kaalaman ay ang nakahihigit sa kanila sa gawa. Kaya naman hindi nakasumpong ng isang maipang-iiwas sa pagpapadala ng mga sugo at walang pamalit sa kanila sa pagsasaayos sa katotohanan.¹⁷⁷

Nagsabi naman ang Guro ng Islam na si Ibnu Taymíyah,¹⁷⁸ kaawaan siya ni Allah:

“Ang pasugo¹⁷⁹ ay kinakailangan sa pag-aangkop sa tao sa pamumuhay niya at kabilang-buhay niya. Kaya kung papaanong walang kabutihan para sa kanya sa Kabilang-buhay niya kundi sa pamamagitan ng pagsunod sa pasugo, gayon din naman walang kabutihan para sa kanya sa pamumuhay niya at sa mundo niya kundi sa pamamagitan ng pagsunod sa pasugo. Ang tao ay mapipilitang sumunod sa batas dahil siya ay nasa pagitan ng dalawang pagkilos: pagkilos na ipinanghahatak niya sa pakikinabangan niya at pagkilos na ipinangtutulak niya sa nakapipinsala sa kanya.

“Ang batas ay ang liwanag na naglilinaw sa anumang nagdudulot ng pakinabang sa kanya at anumang nagdudulot ng kapinsalaan sa kanya. Ito ay liwanag ni Allah sa lupa Niya, katarungan Niya sa mga lingkod Niya at muog Niya na ang sinumang pumasok dito ay magiging ligtas. Ang ibig ipakahulugan ng batas ay hindi ang pagkakilala sa pamamagitan ng pandama sa pagkakaiba ng napakikinabangan at nakapipinsala sapagkat tunay na iyan nangyayari sa mga hayop yamang tunay na ang asno at ang kamelyo ay nakapagtatangi at nakakikilala sa kaibahan sa pagitan ng barley at lupa.

“Bagkus ito ay ang pagkakilala sa pagkakaiba sa pagitan ng mga gawang nakapipinsala sa gumagawa ng mga ito sa pamumuhay niya at kabilang-buhay niya, at ng mga gawang napakikinabangan niya sa pamumuhay niya at sa kabilang-buhay niya gaya ng pakinabang sa pananampalataya, paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, katarungan, pagpapakabuti, pagmagandang-loob, pagkamapagkakatiwalaan, kabinihan, katapangan, kaalaman, pagtitiis, pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, pakikipag-ugnayan sa mga kaanak, pagpapakabuti sa mga magulang, pagmamagandang-loob sa mga kapitbahay, pagtupad sa mga tungkulin, pag-uukol ng kawagasan kay Allah, pananalig sa Kanya, pagpapatulong sa Kanya, kasiyahan sa mga pangyayari na itinakda Niya, pagpapasakop sa kahatulan Niya, paniniwala sa Kanya at paniniwala sa mga sugo Niya sa lahat ng ipinabatid nila, at iba pa na pakinabang at kabutihan para sa tao sa mundo niya at sa kabilang-buhay niya. Nasa kasalungatan niyon ang kahapisan niya at ang kapinsalaan sa kanya sa mundo niya at sa kabilang-buhay niya.

¹⁷⁷ *A 'lám an-Nubíwah* (Ang mga Tanda ng Pagkapropeta), akda ni 'Alí ibnu Muhammad al-Máwirdí, pahina 33.

¹⁷⁸ Siya si Ahmad ibnu 'Abdilhalím ibni 'Abdissalám, na tanyag sa tawag na Ibnu Taymíyah. Ipinanga-nak siya noong 661 AH (1273) at pumanaw noong 728 AH (1328). Siya ay kabilang sa mga malaking pantas ng Islam. Mayroon siyang maraming mahalagang naisulat.

¹⁷⁹ Mensahe ni Allah na inihatid ng sugo Niya. Ang Tagapagsalin.

“Kung hindi sa pasugo, hindi napatnubayan ang isip tungo sa mga detalye ng mga napaki-kinabangan at mga nakapipinsala sa pamumuhay. Kabilang sa pinakadakilang mga biyaya ni Allah sa mga lingkod Niya at pinakamarangal na mga pagpapala Niya sa kanila ay na nagsugo Siya sa kanila ng mga sugo, nagbaba Siya sa kanila ng mga kasulatan Niya at nilinaw Niya sa kanila ang tuwid na landasin. Kung hindi dahil doon, talagang sila ay naging nasa kalagayan ng mga hayop at higit na masamang kalagayan kaysa sa mga iyon.

“Kaya ang sinumang tumanggap sa pasugo ni Allah at namalagi rito, siya ay kabilang sa pinakamabuti sa sangkinapal. Ang sinumang tumanggi rito at naghimagsik laban dito, siya ay kabilang sa pinakamasama sa sangkinapal, higit na masagwang kalagayan kaysa sa aso at baboy at higit na hamak kaysa sa lahat ng hamak. Walang matitira para sa mga naninirahan sa lupa kundi ang mga bakas ng alaala ng pasugo na natatagpuan sa kanila. Kaya kapag nabura ang mga bakas ng alaala ng mga sugo sa lupa, napawi ang mga palatandaan ng patnubay at winasak ni Allah ang mataas at mababang daigdig ay pinasapit na Niya ang pagbangon [ng mga patay].

“Ang pangangailangan ng mga naninirahan sa lupa sa sugo ay hindi gaya ng pangangailangan nila sa araw, buwan, hangin at ulan; hindi gaya ng pangangailangan ng tao sa buhay niya; at hindi gaya ng pangangailangan ng mata sa liwanag nito at ng katawan sa pagkain at inumin. Bagkus ay higit na malaki kaysa roon at higit na matinding pangangailangan kaysa sa lahat ng nakakakaya niya at sumasagi sa isip.

“Ang mga sugo, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati, ay mga tulay sa pagitan ni Allah at ng mga nilikha Niya kaugnay sa utos Niya at saway Niya. Sila ang mga embahador sa pagitan Niya at ng mga lingkod Niya. Ang pangwakas sa kanila, ang pangulo nila at ang pinakamarangal sa kanila sa Panginoon niya, ay si Muhammad. Sumakanilang lahat ang pagpapala at ang pagbati ni Allah. Isinugo siya ni Allah bilang awa sa mga nilalang, bilang katwiran sa mga tumatahak sa tama at bilang katwiran sa lahat ng nalikha.

“Isinatungkulin ni Allah sa mga tao ang pagtalima sa kanya, ang pag-ibig sa kanya, ang pagpipitagan sa kanya, ang pakamahalin siya, ang pagsasagawa sa pagtupad sa mga karapatan niya, ang pagsunod sa mga tipan at mga kasunduan sa pamamagitan ng paniniwala rito, at ang pagsunod sa kanya higit sa lahat ng propeta at sugo. Inutusan Niya sila na dalhin ang mensahe sa sinumang susunod sa kanila na mga mananampalataya.

“Isinugo Niya si Propeta Muhammad (SAS) sa harap ng Huling Sandali bilang isang tagapagbalita ng nakatutuwa, bilang isang tapagbabala, bilang isang tapag-anyaya tungo sa Kanya ayon sa kapahintulutan Niya, at bilang isang ilaw na nagbibigay-liwanag. Winakasan ni Allah sa pamamagitan niya ang pasugo, nagpatnubay sa pamamagitan niya laban sa pagkaligaw at nagturo sa pamamagitan niya laban sa kamangmangan. Binuksan ni Allah sa pamamagitan ng pasugo sa kanya ang mga matang bulag, ang mga taingang bingi at ang mga pusong nakapinid.

“Kaya nagliwanag ang lupa pagkatapos ng mga kadiliman nito. Nagkabukluran ang mga puso pagkatapos ng pagkahati-hati ng mga tao. Itinuwid ni Allah sa pamamagitan niya ang baluktot na kapaniwalaan. Ipinaliwanag ni Allah sa pamamagitan niya ang maliwanag na daan. Pinaluwag Niya sa kanya ang dibdib niya. Inalis Niya sa kanya ang pasanin niya. Inangat Niya para sa kanya ang katanyagan niya. Inilagay Niya ang pagkahamak at ang kaabahan sa sinumang sumalungat sa utos niya.

“Isinugo siya ni Allah noong isang yugto ng kawalan ng mga sugo at ng mga paglaho ng mga kasulatan, at noong binaluktot ang mga salita ng kapahayagan, pinalitan ang mga batas,

umaasa ang bawat kalipunan ng mga tao sa kadiliman ng mga pananaw nila at humatol sila kay Allah at sa mga lingkod Niya sa pamamagitan ng mga tiwaling pahayag nila at mga pithaya nila. Kaya naman pinatnubayan ni Allah sa pamamagitan niya ang mga nilikha, nilinaw ang mga daan at inilabas ang mga tao sa pamamagitan niya mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag.

“Ipinakilala ni Allah sa pamamagitan niya ang mga alagad ng tagumpay at ang mga alagad ng kasamaang-loob. Kaya ang sinumang napatnubayan sa pamamagitan ng patnubay niya ay napatnubayan nga. Ang sinumang lumihis sa landas niya ay naligaw nga at lumabag. Kaya pagpalain ni Allah at batiin siya sampu ng lahat ng sugo at propeta.”¹⁸⁰

Magagawa nating mabuod ang pangangailangan ng tao sa pasugo ayon sa sumusunod:

1. Na siya ay isang taong nilikha at inaalagaan at hindi maiiwasan na kumilala sa Tagapaglikha niya at umalam sa kung ano ang ninais Niya sa kanya at kung bakit siya nilikha. Hindi masosolo ng tao ang pag-alam doon at walang daan tungo roon kundi sa pamamagitan ng pagkakilala sa mga propeta at mga sugo at pagkakilala sa inihatid nila na patnubay at liwanag;
2. Na ang tao ay binubuo ng katawan at kaluluwa. Ang pagkain ng katawan ay ang anumang natatamong pagkain at inumin. Ang pagkain naman ng kaluluwa ay kinilala para rito ng lumikha rito: ang tumpak na relihiyon at ang matuwid na gawa. Ang mga propeta at ang mga isinugo ay naghatid ng tumpak na relihiyon at gumabay tungo sa matuwid na gawa;
3. Na ang tao ay relihiyoso sa kalikasan ng pagkalalang niya at hindi makaiiwas na magkaroon ng relihiyon na paniniwalaan. Ang relihiyon na ito ay kailangang tumpak Walang landas tungo sa tumpak na relihiyon kundi sa pamamagitan ng pananampalataya sa mga propeta at mga isinugo, at ng pananampalataya sa inihatid nila;
4. Na siya ay nangangailangan sa pagkaalam sa daan na magpaparating sa kanya sa ikasi-siya ni Allah sa mundo, at sa Paraiso Niya at lugod Niya sa kabilang-buhay. Ito ay daan na walang gumagabay tungo rito kundi ang mga propeta at ang mga isinugo;
5. Na ang tao ay mahina sa sarili niya at inaabangan ng maraming kaaway gaya ng demonyo na nagnanais na ilihis siya, ng kasamahan sa kasamaan na nagpapaganda ng gawang pangit, at ng kaluluwang palautos sa kasagwaan. Dahil doon, siya ay nangangailangan ng mangangalaga sa sarili niya laban sa pakana ng mga kaaway niya. Ang mga propeta at ang mga isinugo ay gumabay tungo roon at naglinaw niyon nang lubhang paglilinaw;
6. Na ang tao ay sibilisado sa kalikasan niya. Ang pakikisama niya sa mga nilikha at ang pakikihalubilo niya sa kanila ay hindi makaiiwas na magkaroon ng batas upang mapanatili ang mga tao sa pagkamakatarungan at katarungan. Kung hindi, ang buhay nila ay kawangis ng buhay sa gubat. Ang batas na ito ay kailangang mangalaga para sa bawat may karapatan ng karapatan niya nang walang pagpapabaya at pagpapalabis. Walang naghahatid ng buong batas kundi ang mga propeta at ang mga isinugo;

¹⁸⁰ *Qá'idah fí Wujúb al-'Itisám bi ar-Risálah* (Patakaran Kaugnay sa Pagkakinakailangan ng Pangungunyapit sa Pasugo) ng Guro ng Islam na si Ibnu Taymiyah — kaawaan siya ni Allah, tomo 19, pahina 99-102, *Majmú' al-Fatáwá* (Katipunan ng mga Fatwá); tingnan ang Tingnan ang *Lawámi' al-Anwár al-Bahiyah* (Ang Maningning na mga Kislap ng mga Liwanag), tomo 2, pahina 261-263.

7. Na siya ay nangangailangan sa pagkaalam sa magsasakatuparan para sa kanya ng kapanatagan, ng katiwasayang sikolohikal at ng gumagabay tungo sa mga kadahilanan ng tunay na kaligayahan. Ito ang iginagabay ng mga propeta at mga sugo.

Matapos ang paglilinaw sa pangangailangan ng mga nilikha sa mga propeta at mga sugo, nararapat sa atin na banggitin ang kabilang-buhay at linawin ang mga katibayan at ang mga patunay na nagpapatunay roon.

Ang Kabilang-buhay

Bawat tao ay nakaalam nang kaalamang tiyak na siya ay mamatay nang walang pasubali, ngunit ano ang kahahantungan niya matapos ang kamatayan? Siya ba ay maligaya o hapis?

Tunay na marami sa mga bansa at mga kalipunan ay naniniwala na sila ay bubuhayin matapos ang kamatayan at tutuusin sa mga gawa nila. Kung mabuti ay mabuti ang ganti, at kung masama ay masama ang ganti.¹⁸¹ Ang bagay na ito, ang pagbubuhay at ang pagtutuos, ay kinikilala ng mga matinong isip at kinakatigan ng mga batas na makadiyos. Ang batayan nito ay tatlong saligan:

1. Pagkilala sa kalubusan ng kaalaman ng Panginoon;
2. Pagkilala sa kalubusan ng kapangyarihan Niya;
3. Pagkilala sa kalubusan ng karunungan Niya.¹⁸²

Nagkatigan ang mga patunay na ipinahayag at pinag-isipan sa pagpapatibay sa kabilang-buhay. Ang ilan sa mga patunay na ito ay ang sumusunod:

1. Ang pagpapatunay sa pagbibigay-buhay sa mga patay sa pamamagitan ng pagkakalikha sa mga langit at lupa. Nagsabi si Allah: **Hindi ba nila nalalaman na si Allah na lumikha sa mga langit at lupa at hindi napagod sa paglikha sa mga ito ay nakakakaya na bumuhay sa mga patay? Oo, tunay na Siya sa lahat ng bagay ay Makapangyarihan.**¹⁸³ Nagsabi pa Siya: **Ang lumikha ba sa mga langit at lupa ay hindi nakakakaya na lumikha ng tulad nila? Oo, at Siya ay ang Mapaglikha, ang Maalam.**¹⁸⁴
2. Ang pagpapatunay sa kapangyarihan Niya sa pag-uulit sa paglikha sa ibang pagkakataon sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya sa pagkalikha sa mga nilikha nang walang nau-nang pagkakatulad. Ang nakakakaya sa paglikha ay lalong higit na nakakakaya sa pag-uulit. Nagsabi si Allah: **Siya ang nagpapasimula ng paglikha at pagkatapos ay uulitin Niya ito. Ito ay higit na madali sa Kanya. Taglay Niya ang pinakamataas na kata-ngian sa mga langit at lupa.**¹⁸⁵ Nagsabi pa Siya: **Gumawa ito para sa Amin ng isang paghahalimbawa at nakalimutan niya ang pagkalikha sa kanya. Nagsabi ito: “Sino ang magbibigay-buhay sa mga buto samantalang ang mga ito ay bulok na?” Sabihin**

¹⁸¹ Tingnan ang *al-Jawáb as-Sahih Fí Man Baddala Díñ al-Masih* (Ang Tumpak na Sagot sa Sinumang Nagpalit sa Relihiyon ni Kristo), tomo 4, pahina 96.

¹⁸² Tingnan ang *al-Fawá'id* (Ang mga Pakinabang) ni Ibnu al-Qayyim, pahina 6-7.

¹⁸³ Qur'an 46:33.

¹⁸⁴ Qur'an 36:81.

¹⁸⁵ Qur'an 30:27.

mo: “Bibigyang-buhay ang mga ito ng lumalang sa mga ito sa unang pagkakataon. Siya sa bawat nilikha ay Maalam.”¹⁸⁶

3. Ang pagkalikha sa tao sa pinakamagandang tikas ayon sa buong anyong ito kalakip ng mga bahagi nito, mga lakas nito, mga katangian nito at mga taglay nito na laman, buto, mga ugat, mga nerbiyos,¹⁸⁷ mga daluyan, mga organ, mga kaalaman, mga pagnanais at mga nagagawa na taglay niya ay pinakamalaking patunay sa kapangyarihan ni Allah sa pagbibigay-buhay sa mga patay.
4. Ang pagpapatunay sa kapangyarihan Niya sa pagbibigay-buhay sa tahanan sa kabilang-buhay sa pamamagitan ng pagbibigay-buhay na nagaganap sa buhay sa mundo. Nasaad ang kabatiran hinggil dito sa mga makadiyos na kasulatan na ibinaba ni Allah sa mga sugo Niya. Kabilang sa mga kabatirang ito ay ang pagbibigay-buhay sa mga patay ayon sa kapahintulutan ni Allah sa kamay ni Abraham at ni Kristo, sumakanila ang pagbati. Ang iba pa roon ay marami.
5. Ang pagpapatunay sa kapangyarihan Niya sa pagbibigay-buhay sa mga patay sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya na gumawa ng mga bagay na nakawawangis ng pagtiti-pon at pagkakalap [sa mga bahagi ng patay]. Ang ilan doon ay ang sumusunod:
 - A. Ang paglikha ni Allah sa tao mula sa patak ng punlay na dating magkakahiwalay sa mga bahagi ng katawan — dahil doon nakikilahok ang lahat ng bahagi ng katawan sa kasiyahan sa pakikipagtalik. Tinitipon ni Allah ang patak ng punlay na ito mula sa mga bahagi ng katawan. Pagkatapos ay inilalabas patungo sa lalagyan sa sinapupunan at lumilikha si Allah mula rito ng tao. Kaya kung ang mga bahaging magka-kahiwalay at pagkatapos ay tinipon Niya at binuo Niya mula sa mga ito ang taong iyon at kapag nagkahiwa-hiwalay ang mga ito muli dahil sa kamatayan ay papaanong magiging imposable sa Kanya ang pagtipon sa mga ito sa ibang pagkakataon? Nagsabi Siya: **Kaya magbalita kayo sa Akin ng tungkol sa punlay na inilalabas ninyo. Kayo ba ay lumilikha niyon o Kami ay ang Tagapaglikha?**¹⁸⁸
 - B. Na ang mga binhi ng mga halaman sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga anyo ng mga ito, kapag bumagsak sa namamasang lupa at pinaibabawan ng tubig at lupa, ang makatwirang pagmamasid ay humihiling na mabubulok at masisira ang mga ito. Iyon ay dahil sa ang alinman sa tubig at lupa ay makasasapat na sa pagpapaganap sa pagkabulok kaya naman lalo na kapag magkasama ang mga ito. Ngunit hindi nasisira ang mga ito, bagkus ay nanatiling napangalagaan. Pagkatapos kapag nadagdagan ang kahulumigmigan ay nabibiyak ang butil at lumalabas mula rito ang tubo. Kaya hindi ba nagpapatunay iyon sa lubos na kapangyarihan at masaklaw ng karunungan? Kaya ang Diyos na Marunong na Nakakaya na ito ay papaanong mawawalan ng kakayahan sa pagtitipon sa mga bahaging ito at sa pagbuo sa mga bahagi ng katawan? Nagsabi si Allah: **Kaya magbalita kayo sa Akin ng tungkol sa ipinunla ninyo? Kayo ba ay nagpapatubo niyon o Kami ang nagpapatubo?**¹⁸⁹ Ang katapat niyon ay ang sabi

¹⁸⁶ Qur'an 36:78-79.

¹⁸⁷ *Nerve* sa Ingles. Ang ugat ay dinadaluyan ng dugo samantalang nerbiyos o *nerve* ay ang hibla o bungkos ng mga hibla na nag-uugnay sa utak o *spinal chord* sa mga mata, tainga at iba pang bahagi ng katawan. Ang Tagapagsalin.

¹⁸⁸ Qur'an 56:58-59.

¹⁸⁹ Qur'an 56:63-64.

Niya: Nakikita mo na ang lupa ay patay, ngunit kapag ibinaba Namin sa ibabaw nito ang tubig ay gumalaw-galaw ito, lumago ito at nagpapatubo ito ng bawat nakatutuwang uri.¹⁹⁰

6. Na ang Tagapaglikha na Nakakakaya na Maalam na Marunong ay nagpapakalayo na lumikha ng mga nilikha dala ng paglalaru-laro at iiwanan sila na mga napababayaang. Nagsabi si Allah: **Hindi Namin nilikha ang langit at ang lupa, at ang anumang sa pagitan ng dalawang ito nang walang-kabuluhan. Iyon ay akala ng mga tumangging sumampalataya. Kaya kapighatian sa mga tumangging sumampalataya mula sa Apoy.**¹⁹¹ Bagkus ay nilikha Niya ang mga nilikha Niya dahil sa isang dakilang kadahilanan at kapita-pitagang layunin. Nagsabi si Allah: **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako.**¹⁹² Kaya hindi naaangkop sa Marunong na Diyos na ito na magkakapantay para sa Kanya ang tumatalima sa Kanya at ang sumusuway sa Kanya. Nagsabi si Allah: **O gagawin ba Namin ang mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid na gaya ng mga gumagawa ng katiwalian sa lupa? O gagawin ba Namin ang mga nangingilag magkasala na gaya ng mga masamang-loob?**¹⁹³ Dahil doon, bahagi ng kalubusan ng karunungan Niya at kadakilaan ng panggagapi Niya ay na buhayin Niya ang mga nilikha sa araw ng pagkabuhay upang gantihan ang bawat tao ayon sa gawa nito. Kaya naman gagantimpalaan Niya ang gumagawa ng maganda at pagdurusahin Niya ang gumagawa ng masama. Nagsabi si Allah: **Tungo sa Kanya ang balikan ninyong lahat. Nangako si Allah ng totoo. Tunay na Siya ay nagpapasimula sa paglikha, pagkatapos ay uulitin Niya ito upang gantihan ang mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid ayon sa pagkamakatarungan. Ang mga tumangging sumampalataya ay magkakaroon ng isang inumin mula sa kumukulong likido at isang masakit na pagdurusang**¹⁹⁴

Ang pananampalataya sa Huling Araw — ang Araw ng Pagkabuhay at Pagbubuhay — ay may maraming epekto sa individuwal at lipunan. Kabilang sa mga epekto nito:

1. Na magsisigasi ang tao sa pagtalima kay Allah dala ng pagkaibig sa gantimpala sa araw na iyon at lalayo siya sa pagsuway kay Allah dala ng pangamba sa parusa sa araw na iyon;
2. Ang pananampalataya sa Huling Araw ay may pang-aliw sa mananampalataya kapalit ng hindi niya nakamit na lugod at kasiyahan sa mundo, sa pamamagitan ng inaasahan niya na lugod at gantimpala sa kabilang-buhay;
3. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Huling Araw ay nalalaman ng tao kung saan ang kahahantungan niya pagkatapos ng kamatayan niya. Nalalaman niya na siya ay makikipagtagpo sa ganti ng gawa niya, na kung mabuti ay mabuti ang ganti at kung masama ay masama ang ganti; tatayo siya para sa pagtutuos; gagantihan siya ng sinumang nagawan niya ng paglabag sa katarungan; at sisingilin sa kanya ang mga karapatan ng mga tao na nagawan niya ng paglabag sa katarungan o inaway niya;

¹⁹⁰ Qur'an 22:5.

¹⁹¹ Qur'an 38:27.

¹⁹² Qur'an 51:56.

¹⁹³ Qur'an 38:28.

¹⁹⁴ Qur'an 10:4. Tingnan ang nabanggit na *al-Fawá'id* (Ang mga Pakinabang) ni Ibnu al-Qayyim, pahina 6-97; at ang *at-Tafsír al-Kabír* (Ang Malaking Tafsír) ni ar-Rázi, tomo 2, pahina 113-116.



4. Na ang pananampalataya kay Allah at sa kabilang-buhay ay magsasakatuparan para sa Sangkatauhan ng katiwasayan at kapayapaan — sa panahon na dumalang ang katiwasayan at hindi tumigil ang mga digmaan. Ito ay walang iba kundi dahil sa ang pananampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay nag-oobliga sa tao na magpigil sa kasamaan niya sa iba nang palihim at hayagan. Bagkus manunuot ito sa kinikimkim niya sa dibdib. Ililibing niya ang balak na kasamaan, kung may matagpuan, at kikitilin niya ito bago maisilang;
5. Ang pananampalataya sa Huling Araw ay pipigil sa tao sa paggawa ng paglabag sa katarungan sa mga ibang tao at sa paglabag sa mga karapatan nila. Kapag sumampalataya ang mga tao sa Huling Araw ay maliligtas sila sa paglabag sa katarungan ng ilan sa kanila sa iba pa, at mapangangalagaan ang mga karapatan nila;
6. Ang pananampalataya sa Huling Araw ay magbubunsod sa tao na tumingin sa tahanan sa mundo bilang isa sa mga yugto ng buhay at hindi ang buong buhay.

Sa pagwawakas sa bahaging ito ay makabubuting ipampatunay natin ang sabi ni Wayne Butt na isang Amerikano na dating Kristiyano na nagtatrabaho noon sa isa sa mga simbahan at pagkatapos ay yumakap sa Islam. Natagpuan niya ang bunga ng pananampalataya sa Huling Araw yamang nagsasabi siya: “Ako ngayon ay nakaaaalam na sa mga sagot sa apat na tanong na umukupa nang madalas sa buhay ko: Sino ako? Ano ang ninanais ko? Bakit ako narito? Saan ang kahahantungan ko?”¹⁹⁵

Mga Saligan ng Pag-anyaya ng mga Sugo

Nagkaisa ang lahat ng propeta at sugo sa pag-anyaya ayon sa mga saligang masaklaw¹⁹⁶ gaya ng paniniwala:

1. kay Allah,
2. sa mga anghel Niya,
3. sa mga kasulatan Niya,
4. sa mga sugo Niya,
5. sa Huling Araw, at
6. sa itinakda: ang mabuti rito at ang masama rito;

gaya ng pag-uutos:

1. sa pagsamba sa Kanya lamang nang walang katambal;
2. sa pagsunod sa landasin Niya at hindi pagsunod sa mga landas na sumasalungat;
3. sa pagbabawal sa apat na masama:
 - A. ang mga gawang mahalay: ang anumang nakahayag mula sa mga ito at ang anumang nakakubli,
 - B. ang kasalanan,
 - C. ang paghihimagsik nang wala sa katwiran, at
 - D. ang pagtatambal kay Allah at ang pagsamba sa mga diyus-diyusan at mga rebulto;

¹⁹⁵ *Majallah ad-Da‘wah as-Sa‘udiyah* (Magasing Saudi ng Da‘wah), isyu 1722, 19/9/1420 AH (12/27/1999), pahina 38.

¹⁹⁶ Nasaad ang pagtukoy sa mga masaklaw na saligang ito sa ika-2 kabanata ng Qur’an, mga talata: 285, 286; sa ika-6 na kabanata, mga talata: 151, 153; at sa ika-7 kabanata, talata: 33; sa ika-17, mga talata: 23, 38.

4. sa pagkakaila ng pagkakaroon ni Allah ng asawa, anak, katambal, katapat at katulad;
5. sa hindi pagsabi tungkol sa Kanya ng hindi totoo;
6. sa pagbabawal sa pagpatay sa mga anak;
7. sa pagbabawal sa pagpatay sa tao nang wala sa katwiran;
8. sa pagsaway sa interes at sa pagkamdang sa ari-arian ng ulila;
9. sa pag-uutos sa pagtupad sa mga kasunduan;
10. sa tamang pagtakal at pagtimbang;
11. sa pagpapakabuti sa mga magulang;
12. sa katarungan sa mga tao;
13. sa katapatan sa salita at gawa;
14. sa pagsaway sa pagwawaldas at pagmamalaki;
15. sa pakikinabang sa mga ari-arian ng mga tao sa pamamagitan ng kabulaanan.

Nagsabi si Ibnu al-Qayyim,¹⁹⁷ kaawaan siya ni Allah:

“Ang mga batas, lahat ng ito kaugnay sa mga saligan ng mga ito kahit pa nagkaiba, ay nagkakasundo. Naikintal ang kagandahan ng mga ito sa mga isip. Kung sakaling ipinatungkol ang mga ito sa hindi naman ukol sa mga ito ay talagang lalabas ang mga ito sa katwiran, kapakanan at awa.

“Bagkus imposible na magdulot ang mga ito ng kasalungatan sa [layong] inihatid ng mga ito: **Ngunit kung sakaling sumunod ang katotohanan sa mga pithaya nila ay talagang nagulo na sana ang mga langit at ang lupa at ang sinumang nasa mga ito.**¹⁹⁸ Papaanong ipahihintulot ng may isip na tanggihan ang Batas ng pinakahukom ng mga hukom sa pamamagitan ng laban isinasaad [ng Batas na] ito?”

Dahil dito ang relihiyon ng mga propeta ay iisa gaya ng sinabi ni Allah: **O mga sugo, kumain kayo mula sa anumang mga mabuting bagay at gumawa kayo ng matuwid; tunay na Ako sa anumang ginagawa ninyo ay Maalam. Tunay na ito ay kalipunan ninyo: nag-iisang kalipunan, at Ako ay Panginoon ninyo kaya mangilag kayong magkasala sa Akin.**¹⁹⁹

Nagsabi pa Siya: Nilinaw²⁰⁰ Niya para sa inyo *bilang* bahagi ng Relihiyon ang anumang itinagubilin Niya kay Noe at ang isiniwalat Namin sa iyo at ang anumang itinagubilin Namin kay Abraham, kay Moises at kay Jesus, *na nag-uutos*: “Pangalagaan ninyo ang Relihiyon at huwag kayong magkahati-hati rito.”²⁰¹

Bagkus ang nilalayon sa pamamagitan ng relihiyon ay humantong ang mga tao sa dahilan kung kaya nilikha sila: ang pagsamba sa Panginoon nila nang mag-isa na walang katambal. Kaya nagsasabatas ang relihiyon na ito para sa kanila ng mga tungkulin na isinasatungkulin sa kanila ang pagganap sa mga iyon at naggagarantiya ito para sa kanila ng mga karapatan. Nag-aalalay ito sa kanila ng mga kaparaanan na magpaparating sa kanila sa layuning ito.

¹⁹⁷ Siya si Muhammad ibnu Abi Bakr ibni Ayyub az-Zar'i. Ipinanganak siya noong taong 690 A.H. (1291 C.E.) at pumanaw noong taong 751 A.H. (1350 C.E.). Kabilang siya sa mga malaking pantas ng Islam. Mayroon siyang mga mahalagang naisulat.

¹⁹⁸ Qur'an 23:71.

¹⁹⁹ Qur'an 23:51-52.

²⁰⁰ O nagsabatas. Ang Tagapagsalin.

²⁰¹ Qur'an 42:13.

Iyon ay upang maisakatuparan sa kanila ang kasiyahan ni Allah at ang kaligayahan sa mundo at kabilang-buhay alinsunod sa makadiyos na pamamaraan na hindi gugutay-gutay sa tao nang buong pagkagutay-gutay ng pagkatao, hindi magdudulot sa personalidad niya ng sakit na mapanligalig na *schizophrenia*²⁰² na maghahatid sa kanya sa pagbubunguan ng kalikasan niya at kaluluwa niya, at ng Sansanikob sa paligid niya.

Ang lahat ng sugo ay nag-aanyaya sa makadiyos na relihiyon na nagdudulot sa Sangkatauhan ng batayang pampaniniwala na sasampalatayanan nila at ng batas na susundin nila sa buhay nila. Dahil doon, ang Torah noon ay pinaniniwalaan at batas. Naatangan ang mga tagasunod nito na magpahatol dito. Nagsabi si Allah: **Tunay na Kami ay nagbaba ng Torah, na sa loob nito noon ay may patnubay at liwanag, na naghahatol sa pamamagitan nito sa mga nagpakahudyo ang mga propeta na mga nagpasakop, at ang mga makapa-nginoon at ang mga pantas**²⁰³

Pagkatapos ay dumating ang Kristo (AS). Kasama niya ang Ebanghelyo na sa loob nito noon ay may patnubay at liwanag, at bilang nagpapatotoo sa nauna rito na Torah. Nagsabi si Allah: **Pinasunod Namin sa mga bakas nila si Jesus na anak ni Maria, bilang nagpapatotoo sa nauna sa kanya na Torah. Ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo na sa loob nito noon ay may patnubay at liwanag**²⁰⁴

Pagkatapos ay dumating si Propeta Muhammad (SAS) dala ang pangwakas na batas at buong kapaniwalaan bilang pamantayan sa nauna rito na mga batas at bilang nagpapawalang-saysay sa mga iyon. Ibinigay sa kanya ni Allah ang Qur'an bilang nagpapatotoo sa nauna rito na mga kasulatan. Nagsabi si Allah: **Ibinaba Namin sa iyo ang Aklat taglay ang katotohanan bilang nagpapatotoo sa nauna rito na mga kasulatan at bilang pamantayan sa mga ito. Kaya humatol ka sa kanila ayon sa ibinaba ni Allah at huwag mong sundin ang mga pithaya nila kapalit ng dumating sa iyo na katotohanan.**²⁰⁵

Nilinaw ni Allah na si Propeta Muhammad (SAS) at ang mga mananampalataya na kasama nito ay sumampalataya sa Kanya gaya ng pagsampalataya sa Kanya ng mga nauna sa kanila na mga propeta at mga sugo. Nagsabi si Allah: **Sumampalataya ang Sugo sa ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at gayon din ang mga mananampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. "Hindi kami nagtatangi-tangi sa mga sugo," sabi nila at sinabi pa nila: "Narinig namin at tumalima kami. Igawad Mo ang kapatawaran Mo, Panginoon namin, at tungo sa Iyo ang kahahantungan."**²⁰⁶

Ang Pasugong Mananatili²⁰⁷

²⁰² Malalang sakit na pang-isip na may sintomas ng karupukang pang-emosyon, pagkalayo sa reyalidad na kadalasang may mga kahibangan at mga guniguni, at paglalayo ng sarili sa iba. Ang Tagapagsalin.

²⁰³ Qur'an 5:44.

²⁰⁴ Qur'an 5:46.

²⁰⁵ Qur'an 5:48.

²⁰⁶ Qur'an 2:285.

²⁰⁷ Para sa karagdagang pagpapakalawak ay tingnan ang *ar-Rahiq al-Makhtum* (Isang Talambuhay ng Propeta), akda ni Safiyurrahmán al-Mubárakfúrí.

Ang nauna na paglalahad sa kalagayan ng mga relihiyong Judaismo, Kristiyanismo, Mazdaismo,²⁰⁸ Zoroasterianismo at sari-saring Paganismo ay naglilinaw sa kalagayan ng Sangkatauhan²⁰⁹ sa ikaanim na siglong Kristiyano. Kapag naging tiwali ang relihiyon ay nagiging tiwali ang mga kalagayang pampolitika, panlipunan at pang-ekonomiya.

Kaya naman lumaganap ang mga madugong digmaan. Lumitaw ang paniniil. Namuhay ang Sangkatauhan sa nakataklob na mapanglaw na dilim. Pinagdilim sanhi niyon ang mga puso dahil sa kadiliman ng kawalang-pananampalataya at kamangmangan. Nasalaula ang mga kaasalan. Nilapastangan ang mga dangal. Nalabag ang mga karapatan. Lumitaw ang katiwalian sa katihan at karagatan.

Anupat kung sakaling pagmamasdan ang mga ito ng isang nakauunawa ay talagang mata-talos niya na ang Sangkatauhan sa panahong iyon ay nasa isang kalagayan ng paghihingalo, at na sila ay nagpahayag na ng pagkalipol. Iyon ay kung hindi sila isinaayos ni Allah sa pamamagitan ng dakilang tagapagsaayos na nagdadala ng tanglaw ng pagkapropeta at sulo ng patnubay upang magbigay-liwanag sa sangkatauhan sa daan nila at magpatnubay sa kanila tungo sa tuwid na landas.

Nang panahong iyon ay ipinahintulot ni Allah na sumikat ang liwanag ng pagkapropetang magpakailanman mula sa Makkah, na kinaroonan ng Dakilang Bahay ni Allah. Ang kapaligiran nito noon ay nakatutulad ng lahat ng kapaligirang pantao kaugnay sa Shirk, kamangmangan, paglabag sa katarungan at paniniil. Gayunpaman ito ay natatangi sa ibang pook ayon sa maraming pagkakatangi, na ang ilan ay ang sumusunod:

1. Ang Makkah ay isang kapaligirang dalisay na hindi naapektuhan ng mga batik ng mga pilosopiyang Griyego o Romano o Hindu. Ang mga individuwal doon ay nagtatamasa ng mahinahong pagpapahayag, maalab na isip at malikhaing talento;
2. Ito ay nasa sentro ng mundo sapagkat ito ay nasa isang pook na nakagitna sa pagitan Europa, Asia at Afrika, na magiging isang mahalagang dahilan sa bilis ng paglaganap at pagdating ng pasugong magpakailanman sa mga rehiyong ito sa loob ng kaunting panahon;
3. Ito ay isang matiwasay na bayan kung saan si Allah ay nangalaga rito noong nagnasa si Abrahah na salakayin ito. Hindi ito napangibabawan ng mga emperyong katabi nito, ang Persia at ang Roma. Bagkus matiwasay pati ang pangangalakal nito sa hilaga at timog. Iyon ay isang pambihirang pangyayari para sa pagsusugo sa marangal na Propetang ito. Pinaalalahanan nga ni Allah ang mga mamamayan ng Makkah hinggil sa biyayang ito. Sinabi Niya: **Hindi ba nagpatatag Kami para sa kanila ng isang matiwasay na kanlungan na hinahakot dito ang mga bunga ng bawat bagay bilang panustos buhat sa Amin?**²¹⁰
4. Ito ay isang madisyertong kapaligiran na nagpanatili sa marami sa mga kapuri-puring ugali gaya pagkamapagbigay, pangangalaga sa pagkakabitbahay, pagpapahalaga sa mga dangal, at iba pa roon na mga katangiang nagpaangkop dito upang maging pook na nababagay sa pasugong magpakailanman.

²⁰⁸ Tingnan ang talababa bilang 34. Ang Tagapagsalin.

²⁰⁹ Tingnan ang bahagi hinggil sa kalagayan ng mga umiiral na relihiyon sa aklat na ito sa pahina A-B.

²¹⁰ Qur'an 28:57.

Mula sa dakilang pook na ito, mula sa liping Quraysh na napatanyag sa kalinawan sa pagsasalita, kahusayan sa pagpapahayag at mga marangal sa mga kaasalan, at may taglay na kamarhalikaan at pamumuno ay hinirang ni Allah ang Propeta Niya na si Muhammad (SAS) upang maging pangwakas sa mga propeta at mga isinugo. Ipinanganak siya noong mga 570 C.E. Lumaki siyang isang ulila yamang namatay ang ama niya noong siya ay nasa tiyan pa ng ina niya. Pagkatapos ay namatay ang ina niya at ang lolo niya sa ama noong ang edad niya nang sandaling iyon ay anim na taon. Inaruga siya ng tiyuhin niya na si Abú Tálíb at lumaki siya na isang ulila.

Lumitaw sa kanya ang mga tanda ng pangingibabaw. Ang mga gawi niya, ang mga kaasalan niya at ang ugali niya ay naiiba sa mga gawi ng mga kalipi niya. Hindi siya nagsisi-nungaling sa pananalita niya. Hindi nakasasakit sa isa man.

Napatanyag siya sa katapatan, kalinisan ng buhay at pagkamapagkakatiwalaan anupat ang marami sa mga anak ng lipi niya ay nagtitiwala sa kanya sa mga mamahaling ari-arian nila at naglalagak ng mga ito sa kanya. Siya naman ay nangangalaga sa mga ito gaya ng pangangalaga niya sa sarili niya at sa ari-arian niya, na nagbunsod sa kanila na tagurian siya na mapagkakatiwalaan.

Siya ay mahiyain: hindi nalantad sa isa man ang katawan niya habang nakahubad magmula noong sumapit siya sa kasibulan. Siya ay malinis ang pagkatao, mapangilagin sa pagkakasala.

Nasasaktan siya sa nakikita niya sa mga kalipi na pagsamba sa mga diyus-diyusan, paginom ng alak, at pagpapadanak ng dugo. Nakikitungo siya sa mga kalipi niya sa anumang ikinasisiya niya na mga gawain nila. Humihiwalay siya sa kanila sa sandali ng kagaslwan nila at kasuwailan nila. Tinutulungan niya ang mga ulila at ang mga balo. Pinakakain niya ang mga gutom.

Noong nalalapit na siya sa apatnapung taong gulang ay napuno na siya sa nakapaligid sa kanya na katiwalian. Nagsimula siyang tumuon sa pagsamba sa Panginoon niya. Hinihiling niya sa Panginoon na patnubayan siya sa tuwid na landas. Habang siya ay nasa ganitong kalagayan, walang anu-ano ay bumaba sa kanya ang isang anghel dala ang pagsisiwalat ng Panginoon Niya. Ipinag-utos sa kanya na iparating sa mga tao ang Islam at na anyayahan sila sa pagsamba sa Panginoon nila at sa pagtigil sa pagsamba sa iba pa.

Nagpatuloy ang pagbaba ng pagsisiwalat sa kanya dala ang mga batas at ang mga kahatulan isang araw pagkatapos ng isang araw at isang taon pagkatapos ng isang taon, hanggang sa nilubos ni Allah ang Islam para sa Sangkatauhan at binuo sa kanila ang biyaya ayon sa kalubusan nito. Kaya noong nalubos ang gawain niya ay binawi na siya ni Allah. Ang edad niya noong namatay siya ay 63 taon. Ang 40 taon ay bago naging propeta at ang 23 taon ay bilang propetang sugo.

Ang sinumang magninilay-nilay sa mga kalagayan ng mga propeta at sa aral ng kasaysayan nila ay makaaalam nang tiyak na walang paraang ipinampatunay sa pagkapropeta ng isang propeta kung hindi naipampatunay din sa pagkapropeta ni Muhammad (SAS) ang paraang ito nang higit pa.

Kapag inisip mo kung papaanong naiparating ang pagkapropeta nina Moises at Jesus, sumakanila ang pagbati, ay malalaman mo na ito ay naiparating sa paraan ng tuluy-tuloy na salaysay, at ang tuluy-tuloy ng salaysay na naiparating sa pamamagitan nito ang

pagkapropeta ni Muhammad ay higit na malaki, higit na matibay at higit na malapit sa panahon niya.²¹¹

@@Gayon din ang tuluy-tuloy na salaysay na naiparating sa pamamagitan nito ang mga himala nila at ang mga tanda ng pagkapropeta nila ay magkatulad din. Ngunit sa panig ni Muhammad (SAS) ay higit na malaki dahil ang mga tanda ng pagkapropeta niya ay marami. Bagkus ang pinakadakila sa mga tanda ng pagkapropeta niya ay ang Dakilang Qur'an na ito, na patuloy pa ring naipararating nang pagpaparating na tuluy-tuloy sa tinig at sa panulat.²¹²

Ang sinumang naghambing sa pagitan ng inihatid ni Moises at Jesus, sumakanila ang pagbati, at ng inihatid ni Propeta Muhammad (SAS) na tamang pinaniniwalaan, mga tumpak na batas at mga napakikinabangang kaalaman ay malalaman niya na ang lahat ng ito ay namutawi sa isang ilaw, ang ilaw ng pagkapropeta.

Ang sinumang naghambing sa pagitan ng mga kalagayan ng mga tagasunod ng mga ibang propeta at ng mga tagasunod ni Propeta Muhammad (SAS) ay malalaman niya na sila [na mga tagasunod ni Propeta Muhammad (SAS)] ay pinakamabuti sa mga tao sa mga kapwa tao. Bagkus sila ang pinakadakila sa lahat ng tagasunod ng mga propeta sa epektong naiwan sa mga dumating noong wala na sila yamang ipinalaganap nila ang Tawhíd at ipinakalat nila ang katarungan. Sila ay awa para sa mga mahina at mga dukha.²¹³

Kung nais mo ng karagdagang paglilinaw na magpapatunay sa pagkapropeta ni Muhammad (SAS) ay ilalahad ko sa iyo ang mga patunay at ang mga tanda na natagpuan ni 'Alí ibnu Rabbán at-Tabarí noong siya isang Kristiyano pa, na yumakap sa Islam dahil doon. Ang mga patunay na ito ay ang sumusunod:

1. Na siya ay nag-anyaya tungo sa pagsamba kay Allah lamang at sa pagtigil sa pagsamba sa iba pa, na sumasang-ayon naman doon sa lahat ng propeta;
2. Na nagpakita siya ng mga malinaw na tanda na walang makapagpakita kundi ang mga propeta ni Allah;
3. Na siya ay nagbalita ng mga pangyayaring panghinaharap at nagkatotoo naman ito gaya ng ibinalita niya;
4. Na siya ay nagbalita ng maraming pangyayari mula sa mga pangyayari sa mundo at mga bansa nito, na naganap naman gaya ng ibinalita niya;
5. Na ang aklat na inihatid ni Muhammad (SAS), ang Qur'an, ay isa sa mga tanda ng pagkapropeta. Iyon ay dahil sa ito ang pinakamahusay na aklat at ibinaba ito ni Allah sa isang lalaking di-nakapag-aral, na hindi nakababasa at hindi nakasusulat. Hinamon Niya ang mga malinaw magpahayag na magbigay ng tulad nito o tulad ng isang

²¹¹ Ang mga sanaysay tungkol kay Moises ay naitala noong matagal na siyang namatay. Ang mga sanaysay naman tungkol kay Jesus (AS) ay nagkaroon lamang ng opisyal ng pagtanggap noong 325 C.E. bunsod ni Emperador Constantino, na isang pagano. Ito ay mga 300 taon mula nang iniakyat siya sa langit. Ang mga sanaysay naman tungkol kay Propeta Muhammad ay sinimulang itala kahit noong nabubuhay pa siya. Ang Tagapagsalin.

²¹² Tingnan ang paksa na inalaan tungkol sa Qur'an sa aklat na ito sa pahina A-B.

²¹³ Tingnan ang *Majmú' al-Fatáwá Shaykh al-Islám Ibnu Taymíyah* (Katipunan ng mga Fatwá ng Guro ng Islam na si Ibnu Taymíyah), tomo 4, pahina 201, 211; at ang *Iqhám al-Yahúd* (Pagsangkot ng mga Hudyo), akda ni Assamú'al ibnu Yahyá al-Maghribí.

- kabanata mula rito. Iyon din ay dahil sa ginarantiyahan ni Allah ang pangangalaga sa Qur'an, pinangalagaan Niya sa pamamagitan nito ang tamang pinaniniwalaan, naglaman ito ng pinakalubos na batas, at nagtayo Siya sa pamamagitan nito ng pinakamainam na kalipunan;
6. Na siya ang pangwakas sa mga propeta. Kung sakaling hindi siya isinugo ay talagang nawalan na sana ng saysay ang pagkapropeta ng mga ibang propeta na nagpropesiya sa pagsusugo sa kanya;
 7. Na ang mga propeta, sumakanila ang pagbati, ay nagpropesiya sa kanya bago ang paglitaw niya nang matagal na panahon. Inilarawan nila ang pagsugo sa kanya, ang bayan niya at ang pagpapakumbaba ng mga bansa at mga hari sa kanya at sa kalipunan niya. Binanggit nila ang paglaganap ng relihiyon niya;
 8. Na ang pagwawagi niya laban sa mga kalipunan na nakidigma sa kanya ay isa sa mga tanda ng pagkapropeta yamang imposible na may isang taong mag-aangkin na siya isinugo mula kay Allah, gayong siya ay nagsisinungaling, at pagkatapos ay aayudahan siya ni Allah ng pagwawagi, pagpapatatag, paggapi sa mga kaaway, paglaganap ng paanyaya niya at dami ng mga tagasunod. Tunay na ito ay hindi naisasakatuparan maliban sa kamay ng isang propetang tapat;
 9. Ang taglay niya na pagsamba niya, kabinihan niya, katapatan niya, kapuri-puring ugali niya, mga kalakaran niya at mga batas niya, tunay na ito ay hindi natitipon maliban sa kalagayan ng isang propeta.

Nagsabi ang napatnubayang ito, matapos isalaysay ang mga patotoo na ito: “Kaya nga [mga nabanggit na] ito ay mga maningning na katangian at mga sapat na patunay. Ang sinumang nagtaglay ng mga ito ay nauukol sa kanya ang pagkapropeta. Natamo niya ang tagumpay niya. Nagtagumpay ang karapatan niya. Kinailangan ang paniniwala sa kanya. Ang sinumang tumanggi [sa pagkapropeta na] ito at magkaila rito ay mabibigo ang pagsisikap at malulugi ang buhay sa mundo at kabilang-buhay.”²¹⁴

Sa pagwawakas sa bahaging ito ay magsasalaysay ako sa iyo ng dalawang pagsaksi: ang pagsaksi ng Hari ng Silangang Roma²¹⁵ noong nakalipas na panahon, na kapanahon ni Propeta Muhammad (SAS), at ang pagsaksi ng ebanghelistang Ingles na kapanahon na si John Sant.²¹⁶

²¹⁴ *ad-Din wa ad-Dawlah fi Ithbat Nubuwah Nabiyyina Muhammad* (SAS) (Ang Relihiyon at ang Estado sa Pagpapatunay sa Pagkapropeta ng Propeta Natin na si Muhammad (SAS)), akda ni ‘Ali ibnu Rabban at-Tabari, pahina 47. Tingnan ang *al-I‘lam* (Ang Pagpapatid) ni al-Qurtubi, pahina 362 at kasunod nito.

²¹⁵ Ang Emperyong Romano ay nahati noon sa dalawa: ang Kanluraning Roma na ang kabisera ay ang lungsod ng Roma na sa ngayon ay kabisera ng bansang Italya, at ang Silanganing Roma na ang kabisera naman ay ang Constantinople noon na sa ngayon ay Istanbul na at naging bahagi na ng Republika ng Turkey. Ayon sa Encarta Encyclopedia, bagamat tinatawag ito ng mga Iskolar na Byzantium o Emperyo ng Silangang Romano, sa mga kapanahon nito at sa mga opisyal na katawagan ay tinatawag lamang ito na Emperyong Romano at ang mga nasasakupan naman ay mga Romano. Ang Tagapagsalin.

²¹⁶ Hindi matiyak kung ganito ang baybay ng apelyido ng taong ito dahil ang pagkakabaybay nito sa orihinal na Arabe na pinagsalanan ng aklat na ito ay hindi nagpapakita ng patinig. Ang Tagapagsalin.

Ang Unang Pagsaksi

Ang pagsaksi ng Heraclius. Binanggit ni Imám al-Bukhárí, kaaawaan siya ni Allah, ang balita ni Abú Sufyán nang inanyayahan siya ng Hari ng Silangang Roma. Sinabi niya: Isinalaysay sa atin ni Abú al-Yamán al-Hakam ibnu Náfi‘ na nagsabi: Ibinilita sa amin ni Shu‘ayb ayon kay az-Zuhrí na nagsabi: Ibinilita sa akin ni ‘Ubaydulláh ibnu ‘Abdullah ibni ‘Utbah ibni Mas‘úd na si ‘Abdulláh ibnu ‘Abbás ay nagbalita sa kanya na:

“Si Abú Sufyán ibnu Harb ay nagbalita sa kanya na si Heraclius ay nagpadala rito ng sugo habang nasa isang karaban ng Quraysh. Sila noon ay mga mangangalakal sa Shám²¹⁷ noong panahon na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagpaliban sa digmaan kina Abú Sufyán at mga Káfir²¹⁸ ng Quraysh kaya pinuntahan nila si Hercules noong sila ay nasa Ílyá’.²¹⁹ Tinawag niya sila sa kapulungan niya at nasa paligid niya ang mga malaking tao ng Roma. Pagkatapos ay tinawag niya ang mga ito.

“Ipinatawag niya ang tagapagsalin niya at sinabi: Alin sa inyo ang pinakamalapit sa kaangkanan ng lalaking ito na nag-aangkin na siya ay isang propeta? Kaya nagsabi si Abú Sufyán: Ako po ang pinakamalapit sa kanila sa kaangkanan. Kaya sinabi niya: Ilapit ninyo siya sa akin at palapitin ninyo ang mga kasamahan niya at ilagay ninyo sila sa likuran niya.

“Pagkatapos ay sinabi niya sa tagapagsalin niya: Sabihin mo sa kanila na ako ay magtatanong dito [kay Abú Sufyán] tungkol sa lalaking iyon; kaya kung magsisinungaling siya sa akin ay pasinungalingan ninyo siya. Nagsabi ito: At sumpa man kay Allah, kung hindi sa hiya na mag-ulat sila tungkol sa akin ng pagsisinungaling ay talagang nagsinungaling tungkol doon [sa Propeta].

“Pagkatapos ang una sa itinanong niya sa akin ay nang nagsabi siya: Papaano ang kaangkanan niya sa inyo? Nagsabi ako: Siya sa amin ay may mabuting kaangkanan.

“Sinabi niya: At sinabi na ba ang pagkasabing ito [ng pagkapropeta] ng isa na kabilang sa inyo kailanman bago pa siya? Nagsabi ako: Hindi po.

“Sinabi niya: At nagkaroon ba sa mga ninuno niya ng isang Hari? Nagsabi ako: Hindi po.

“Sinabi niya: At ang mga maharlika sa mga tao ay sumusunod sa kanya o ang mga mahina sa kanila? Kaya nagsabi ako: Bagkus ay ang mga mahina sa kanila.

“Sinabi niya: Nadadagdagan ba sila o nababawasan sila? Nagsabi ako: Bagkus ay nadadagdagan sila.

“Sinabi niya: At tumatalikod ba ang isa sa kanila dahil sa galit sa relihiyon niya matapos pumasok doon? Nagsabi ako: Hindi po.

“Sinabi niya: At kayo ba noon ay nagpapatang sa kanya ng kasinungalingan bago pa niya sabihin ang anumang sinabi na niya? Nagsabi ako: Hindi po.

²¹⁷ Ang Syria, ang Palestina, ang Lebanon at ang Jordan sa ngayon. Ang Tagapagsalin.

²¹⁸ Tumatangging sumampalataya o hindi Muslim. Ang Tagapagsalin.

²¹⁹ Jerusalem.

“Sinabi niya: At nagtatalusira²²⁰ ba siya? Nagsabi ako: Hindi po, ngunit kami ay nasa panahon ng pagpapaliban sa digmaan, na hindi namin alam kung ano ang gagawin niya sa loob nito.

“Nagsabi ito: Hindi ko nakakayang magsabi ng isang salita na idadagdag ko roon bukod pa sa salitang ito. Sinabi pa Niya: At nakipaglaban ba kayo sa kanya? Nagsabi ako: Opo.

“Sinabi niya: At papaano ang pakikipaglaban ninyo sa kanya? Nagsabi ako: Ang digmaan sa pagitan namin at niya ay salitan: nananalo siya sa amin at nananalo kami sa kanya.

“Sinabi niya: Ano ang ipinag-uutos niya sa inyo? Nagsabi ako: Nagsasabi siya [sa amin], ***Sambahin ninyo si Allah lamang, huwag kayong magtambal sa Kanya ng anumang at iwan ninyo ang sinasamba noon ng mga ninuno ninyo.*** Ipinag-uutos niya sa amin ang pagdarasal, ang katapatan, ang kabinihan at ang pakikipag-ugnayan sa kaanak.

“At sinabi niya sa tagapagsalin na sabihin dito: Nagtanong ako sa iyo tungkol sa kaangkanan niya at binanggit mo na siya sa inyo ay may mabuting kaangkanan; at gayon din naman ang mga sugo, isinusugo sila na may mabuting kaangkanan sa mga tao nila.

“Nagtanong ako sa iyo kung sinabi na ng isa sa inyo ang pagkasabing ito [ng pagkapropeta] bago pa siya at binanggit mo na hindi. Kaya sasabihin ko na kung sakaling may isa na nagsabi na ng pagkasabing ito [ng pagkapropeta] bago pa siya ay talagang sasabihin ko sana na [siya ay] isang lalaking gumagaya sa pagkasabing sinabi na bago pa siya.

“Nagtanong ako sa iyo kung nagkaroon ba sa mga ninuno niya ng isang Hari at binanggit mo na hindi. Sasabihin ko na kung sakaling nagkaroon sa mga ninuno niya ng isang Hari ay sasabihin ko sana na [siya ay isang] lalaking humihiling ng kaharian ng ninuno niya.

“Nagtanong ako sa iyo kung kayo ba noon ay nagpapatang sa kanya ng kasinungalingan bago pa niya sabihin ang anumang sinabi na niya at binanggit mo na hindi. Kaya naman nalalaman ko nga na hindi nangyari na iiwan niya ang pagsisinungaling sa mga tao at magsisinungaling naman siya kay Allah.

“Nagtanong ako sa iyo kung ang mga maharlika sa mga tao ay sumusunod sa kanya o ang mga mahina sa kanila at binanggit mo na ang mga mahina sa kanila ay sumunod sa kanya, at sila nga ay mga tagasunod ng mga sugo.

“Nagtanong ako sa iyo kung nadadagdagan ba sila o nababawasan sila at binanggit mo na sila ay nadadagdagan. Gayon ang lagay ng [totoong] pananampalataya hanggang sa mabuo ito.

“Nagtanong ako sa iyo kung tumatalikod ba ang isa sa kanila dahil sa galit sa relihiyon niya matapos pumasok doon at binanggit mo na hindi. Gayon ang pananampalataya kapag humahalo ang kasayahan nito sa mga puso.

“Nagtanong ako sa iyo kung nagtatalusira²²¹ ba siya at binanggit mo na hindi. Gayon ang mga sugo, hindi sila nagtatalusira.

“Nagtanong ako sa iyo kung ano ang ipinag-uutos niya sa inyo at binanggit mo na siya ay nag-uutos sa inyo na sambahin ninyo si Allah lamang, huwag kayong magtambal sa

²²⁰ Sumisira o nagtataksil o hindi tumutupad sa usapan o kasunduan. Ang Tagapagsalin.

²²¹ Sumisira o nagtataksil o hindi tumutupad sa usapan o kasunduan. Ang Tagapagsalin.

Kanya ng anuman. Sinasaway niya kayo sa pagsamba sa mga diyus-diyusan. Ipinag-uutos niya sa inyo ang pagdarasal, ang katapatan at ang kabinihan. Kaya kung ang sinasabi mo ay totoo, maghahari siya sa kinalalagyan ng mga paa ko na ito.

“Nalaman ko na nga na siya ay lalabas. Hindi ako noon nag-aakala na siya ay mula sa inyo. Kaya kung sakaling natitiyak ko na makararating ako sa kanya ay magpapakahirap ako sa pakikipagkita sa kanya. Kung sakaling ako ay nasa piling na niya, talagang huhugasan ko ang paa niya.

“Pagkatapos ay nanawagan siya na dalhin ang liham ng Sugo ni Allah (SAS) na ipinadala ni Dihyah sa gobernador ng Busrá, na ipinasa naman nito kay Heraclius. Binasa niya ito, na ang nilalaman:

“Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. Mula kay Muhammad na alipin ni Allah, kay Heraclius na pinuno ng Roma.²²² Kapayapaan sa sinumang sumunod sa patnubay. Sa pagsisimula, tunay na ako ay nag-aanyaya sa iyo sa pamamagitan ng paanyaya ng Islam: Yumakap ka sa Islam, maliligtas ka; ibibigay sa iyo ni Allah ang kabayaran sa iyo nang dalawang ulit. Ngunit kung tatalikod ka ay tunay na sa iyo ang kasalanan ng mga mag-aararo. At **“O mga May Kasulatan, halina kayo sa isang pahayag na makatarungan sa pagitan namin at ninyo: na hindi tayo sasamba kundi kay Allah, hindi tayo magtatambal sa Kanya ng anuman, at hindi gagawin ng iba sa atin ang ilan sa atin na mga panginoon bukod pa kay Allah.”** Ngunit kung tatalikod sila ay sabihin ninyo: **“Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim.”**²²³

Ang Ikalawang Pagsaksi

Ang pagsaksi ng ebanghelistang Ingles na kapanahon natin na si John Sant²²⁴ kung saan ay nagsasabi siya:

“Matapos ang tuluy-tuloy na pagsusuri sa mga detalyadong aspeto ng Islam, mga simulain nito sa paglilingkod sa individuwal at kalahatan, at katarungan nito sa pagpapanatili sa lipunan ayon sa mga saligan ng pagkakapantay-pantay at Tawhíd ay natagpuan ko ang sarili ko na nagdali-dali patungo sa Islam nang buong isip ko at kaluluwa ko. Nakipagkasundo ako kay Allah, napakamaluwalhati Niya, magmula ng araw na iyon na ako ay magiging isang tagapag-anyaya para sa Islam, isang tagapagbalita ng nakatutuwang patnubay nito sa lahat ng dako.”

²²² Ang pagtawag ni Propeta Muhammad (SAS) sa kaharian ng Heraclius na Roma sa halip na Bizantio ay tumpak ayon sa kasaysayan. Ayon sa Encarta Encyclopedia, bagamat tinatawag ito ng mga Iskolar na Bizantio o Emperyong Romano, sa mga kapanahon nito at sa mga opisyal na katawagan ay tinatawag lamang ito na Emperyong Romano at ang mga nasasakupan naman ay mga Romano. Ang Tagapagsalin.

²²³ Qur'an 3:64. Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári sa Aklat ng Pagsisimula ng Pagsisiwalat, kabanata 1.

²²⁴ Hindi matiyak kung ganito ang baybay ng apelyido ng taong ito dahil ang pagkakabaybay nito sa orihinal na Arabe na pinagsalanan ng aklat na ito ay hindi nagpapakita ng patinig. Ang Tagapagsalin.

Humantong nga siya sa katiyakang ito matapos ang pag-aaral niya ng Kristiyanismo at pagpapakalalim niya roon. Nasumpungan niya na ang Kristiyanismo ay hindi tumutugon sa marami sa mga tanong na umiikot sa buhay ng mga tao kaya naman nagsimulang abalihin siya ng pagdududa. Pagkatapos ay pinag-aralan niya ang Komunismo at ang Budhismo ngunit hindi niya natagpuan sa dalawang ito ang hinahanap niya. Pagkatapos ay nag-aral siya ng Islam at nagpapakalalim dito. Sumampalataya siya rito at nag-anyaya tungo rito.²²⁵

Ang Pagwawakas sa Pagkapropeta

Luminaw sa iyo ayon sa naunang pagtatalakay ang reyalidad ng pagkapropeta, ang mga tanda nito, ang mga himala nito at ang mga patunay ng pagkapropeta ng Propeta natin na si Muhammad (SAS). Bago pag-uusapan ang tungkol sa pagwawakas sa pagkapropeta ay kailangang malaman mo na si Allah ay hindi nagsusugo ng isang sugo maliban kung dahil sa isa sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Na ang mensahe ng propeta ay nauukol sa isang pangkat ng mga tao at hindi inutusan ang sugo na ito na iparating ang mensahe niya sa mga katabing kalipunan, kaya magsusugo si Allah ng iba pang sugo na may dalang mensahe na nauukol sa isa pang kalipunan;
2. Na ang mensahe ng naunang propeta ay napawi na, kaya magpapasalubot si Allah ng isang propeta na magpapanumbalik para sa mga tao ng relihiyon nila;
3. Na ang batas ng naunang propeta ay naaangkop sa panahon niya ngunit hindi nababagay sa mga sumusunod na panahon, kaya magpapasalubot si Allah ng isang sugo na magdadala ng isang mensahe at isang batas na nababagay sa pook at panahong nito. Hiniling nga ng karunungan Niya na ipadala Niya si Muhammad (SAS) na may dalang isang pangkalahatang mensahe para sa mga naninirahan sa lupa, na nababagay sa bawat panahon at pook. Pinangalagaan Niya ang mensaheng ito laban sa mga kamay ng pagbabago at pagpapalit upang manatili ang mensahe Niya na buhay na nabubuhay sa pamamagitan nito ang mga tao, malinis sa mga dungis ng pamamaluktot at pagpapalit. Alang-alang doon ay ginawa ito ni Allah na pangwakas sa mga mensahe.

Tunay na kabilang sa ipinantangi ni Allah kay Muhammad (SAS) ay na siya ang pangwakas sa mga propeta kaya wala nang propeta pagkatapos niya. Ito ay dahil sa si Allah ay naglubos sa mga mensahe sa pamamagitan niya, nagwakas sa mga batas sa pamamagitan niya at bumuo sa gusali [ng Islam].

Nagkatotoo sa pagkapropeta niya ang magandang balita ni Kristo tungkol sa kanya kung saan nagsabi ito: “Kailan man baga’y hindi ninyo nabasa sa mga kasulatan, Ang batong itinakuwil ng nangagtayo *ng gusali*, Ang siya ring ginawang pangulo sa panulok;”²²⁶

²²⁵ *Ad-Din al-Fitri al-Abadi* (Ang Likas na Magpakailanmang Relihiyon), akda ni Mubashshir at-Tarazi al-Husayni, tomo 2, pahina 319.

²²⁶ Evangelio ayon kay Mateo 21:42, *Holy Bible Ang Bibliya – King James Version (Tagalog-English Diglot)*, Philippine Bible Society.

Itinuring ng pari na si Ibráhim Khalíl — na yumakap sa Islam bandang huli — ang teksto na ito na sumasang-ayon sa sabi ni Propeta Muhammad (SAS) tungkol sa sarili niya: *Ang paghahalintulad sa akin at ang paghahalintulad sa mga propeta noong wala pa ako ay katulad ng isang lalaki na nagtayo ng isang bahay. Hinusayan niya ito at pinaganda niya ito maliban sa isang kinalalagyan ng isang laryo sa panulok. Kaya nagsimula ang mga tao na lumilibot dito at humahanga dito ngunit nagsasabi sila: Inilagay na sana kasi ang laryo na ito.* Nagsabi siya: *At ako ang laryo at ako ay ang pangwakas sa mga propeta.*²²⁷

Alang-alang doon ay ginawa ni Allah ang Aklat na inihatid ni Muhammad bilang isang pamantayan sa mga naunang kasulatan at nagpapawalang-saysay sa mga ito. Ginawa Niya ang batas nito na nagpapawalang-saysay sa lahat ng naunang batas. Ginarantiyahan ni Allah ang pangangalaga sa mensahe ng Propeta (SAS).

Naiparating ang mensaheng ito nang pagpaparating na tuluy-tuloy yamang naiparating ang Marangal na Qur'an sa isang pagpaparating na tuluy-tuloy sa tinig at sa panulat. Naiparating din ang Sunnah²²⁸ sa salita at gawa niya sa isang pagpaparating na tuluy-tuloy. Naiparating din ang praktikal na pagpapatupad sa mga batas ng Islam, mga pagsamba rito, mga kalakaran nito at mga kahatulan nito sa isang pagpaparating na tuluy-tuloy.

Ang sinumang nagsuri sa mga kalipunan ng mga aklat sa talambuhay ng Propeta at Sunnah ay malalaman niya na ang mga Kasamahan (RA)²²⁹ niya ay nag-ingat para sa Sangkatauhan ng lahat ng [ulat ng] pangyayari kaugnay sa kanya, lahat ng sinabi niya at lahat ng ginawa niya. Ipinarating nila ang [paraan ng] pagsamba niya sa Panginoon niya, ang pakikibaka niya, ang pag-alaala niya sa Panginoon, ang paghingi niya ng tawad, ang pagkamapagbigay niya, ang katapangan niya, at ang pakikitungo niya sa mga Kasamahan niya at sa mga dumadalaw sa kanya.

Ipinarating din nila ang saya niya; ang lungkot niya; ang paglalakbay niya; ang pananatili niya; ang katangian ng pagkain niya, inumin niya at kasuutan niya; ang pagkagising niya at ang pagkatulog niya. Kaya kapag nadama mo iyon ay matitiyak mo

²²⁷ Tingnan ang *Muhammad fi at-Tawrah wa al-Injil wa al-Qur'an* (Si Muhammad sa Torah, Ebanghelyo at Qur'an), akda ng napatnubayan sa Islam na si Ibráhim Khalíl Aḥmad, pahina 73. Ang Ḥadīth ay iniulat ni Imám al-Bukhárí sa *Kitáb al-Manáqib* (Aklat ng mga Kagalingan ng Propeta), kabanata 18, at ang pagkakalahad ay sa kanya; at ni Imám Muslim sa *Kitáb al-Fadá'il* (Aklat ng mga Kalamangan), Ḥadīth bilang 2286 mula sa Ḥadīth ayon kay Abú Hurayrah. Ito rin ay nasa Musnad Imám Aḥmad, tomo 2, pahina 256, 312.

²²⁸ Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay ang “kalakaran” o “pamamaraan” ni Propeta Muhammad (SAS). Tumutukoy ito sa kung ano **sinabi**, **ginawa**, **sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS) at **paglalarawan** sa kanya. Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng Ḥadīth o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman, na may maliit na titik na **s**, ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa. Ang Tagapagsalin.

²²⁹ (RA): *Radiyallāhu 'Anhu* para sa lalaki, *Radiyallāhu 'Anhā* para sa babae, *Radiyallāhu 'Anhum* para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Masiyahan nawa si Allah sa kanya (o kanila). Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o ang taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

na ang Relihiyong ito ng Islam ay napangalagaan sa pamamagitan ng pangangalaga ni Allah.

Malalaman mo sa sandaling ito na siya ang pangwakas sa mga propeta at mga isinugo dahil si Allah ay nagpabatid sa atin na ang Sugong ito ay ang pangwakas sa mga propeta. Nagsabi Siya: **Si Muhammad ay hindi ama ng isa sa mga kalalakhian ninyo bagkus ang Sugo ni Allah at ang pangwakas sa mga Propeta.**²³⁰ Nagsabi naman ang Sugo tungkol sa sarili niya: *Isinugo ako sa lahat ng nilikha at winakasan sa pamamagitan ko ang [pagpapadala ng] mga propeta.*²³¹

Ito na ang sandali ng pagpapakahulugan sa Islam at ang paglilinaw sa katotohanan nito, mga pinagmulan nito, mga sandigan nito at mga antas nito.

Ang Kahulugan ng Salitang Islam

Kapag sinangguni mo ang mga diksyunaryo ay malalaman mo na ang kahulugan ng salitang Islam ay “ang pagpapaakay, ang pagpapasailalim, ang pagpapahinuhod, ang pagsuko at ang pagsunod sa iniutos ng nag-uutos at sa sinasaway niya nang walang pagtutol.” Pinangalanan ni Allah ang totoong Relihiyon na Islam dahil sa ito ay pagtalima sa Kanya, pagpapaakay sa utos Niya nang walang pagtutol, pag-uukol ng kawagasan sa pagsamba sa Kanya, at paniniwala at pananampalataya sa ipinabatid Niya.

Ang pangalang Islam ay naging pangalang pantangi ng relihiyon na inihatid ni Propeta Muhammad (SAS).

Ang Pagpapakahulugan sa Islam²³²

Bakit tinawag ang Relihiyon na ito na Islam? Tunay na ang lahat ng nasa lupa na magkakaibang mga relihiyon ay pinangalanan ng mga pangalan na kaugnay sa pangalan ng isang tanging lalaki o isang komunidad.

Ang Kristiyanismo ay hinango ang pangalan nito mula sa salitang Kristo. Pinangalanan ang Budhismo ayon sa pangalan ng nagtayo nito na si Budha. Napatanyag ang Zoroasterianismo sa pangalang ito dahil sa ang tagapagtatag nito at tagadala ng watawat nito ay si Zoroaster.

Gayon din naman, lumitaw ang Judaismo sa gitna ng lipi na kilala sa tawag na Juda, kaya pinangalanan ito na Judaismo. At iba pang gaya nito. Maliban sa Islam sapagkat tunay na ito ay hindi nauugnay sa pangalan ng isang takdang lalaki ni sa isang komunidad mismo. Ang pangalan nito ay nagpapakita lamang ng natatanging katangian na nilalaman ng salitang Islam.

²³⁰ Qur'an 33:40.

²³¹ Isinalaysay ito ni Imám Ahmad sa Musnad niya, tomo 2, pahina 411, 412; at isinalaysay rin ni Imám Muslim sa *Kitáb al-Masájid* (Aklat ukol sa mga Masjid), at ang pagkalahad ay sa kanya, *Hadíth* bilang 523.

²³² Para sa karagdagang pagpapakalawak ay tingnan ang aklat na *Mabádi' al-Islám* (Mga Simulain ng Islam), akda ni Shaykh Hamúd al-Láhim; at ang aklat na *Dalil Mukhtaṣar li Fahm al-Islám* (Isang Maikling Gabay para sa Pag-unawa sa Islam), akda ni Ibráhim Harb.

Kabilang sa binibigyang-linaw mula sa pangalang ito ay na hindi ito tumukoy sa isang lalaking tao kaugnay sa pagpapairal at pagtatag ng relihiyong ito. Ito ay hindi rin nauukol sa isang takdang kalipunan bukod sa lahat ng kalipunan.

Ang layon nito ay magdulot lamang sa lahat ng naninirahan sa lupa ng katangian ng Islam sapagkat ang bawat nagtataglay ng katangiang ito mula sa yumaong mga tao at kasalukuyang mga tao, ay isang Muslim. Magiging isang Muslim ang sinumang magtataglay ng katangiang ito sa hinaharap.

Ang Reyalidad ng Islam

Nalalaman na ang bawat bagay sa Sansinukob na ito ay nagpapaakay sa isang takdang patakaran at isang matatag na kalakaran. Ang araw, ang buwan, ang mga bituin at ang lupa ay sunud-sunuran sa ilalim ng isang pangkalahatang patakaran. Walang kapangyarihan ang mga ito na kumilos palayo roon at lumabas doon kahit sa layong gabuhok.

Pati na ang tao mismo, kapag pinagmuni-munian mo ang kalagayan niya ay lilinaw sa iyo na siya ay nagpapahinuhod sa mga kalakaran ni Allah nang buong pagpapahinuhod. Kaya hindi siya humihinga at hindi nakadarama ng pangangailangan nito sa tubig, pagkain, liwanag at init malibang alinsunod sa pagtatakdang pandiyos na nagsasaayos ng buhay niya. Nagpapasakop sa pagtatakdang ito ang lahat ng bahagi ng katawan niya. Ang mga tungkulin na ginagampanan ng mga bahaging ito ay hindi maisasagawa malibang ayon sa pinagtibay ni Allah para sa mga ito.

Kaya ang masaklaw na pagtatakdang ito na nagpapasakop dito at hindi tumitigil sa pagtalima ang isang bagay sa Sansinukob na ito magmula sa pinakamalaking tala sa langit hanggang sa pinakamaliit na atom sa buhangin ng mundo ay bahagi ng pagtatakda ng isang Diyos na hari na pinagpipitagan na makapangyarihan. Kaya kapag ang bawat bagay sa mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito ay nagpapaakay sa pagtatakda, tunay na ang buong mundo ay tumatalima rin sa Haring Makapangyarihan na iyon na naglagay rito, at sumusunod sa utos Niya.

Lumilinaw mula sa pananaw na ito na ang Islam ay Relihiyon ng Sansinukob sa kabuuan dahil sa ang Islam ay nangangahulugan ng pagpapaakay at pagsunod sa inuutos ng Tagapag-utos at sa sinasaway Niya nang walang pagtutol, gaya ng nalaman mo kanina. Ang araw, ang buwan at ang lupa ay sumusuko. Ang hangin, ang tubig, ang liwanag, ang dilim at ang init ay sumusuko. Ang mga punong-kahoy, ang bato at ang mga hayupan ay sumusuko.

Bagkus tunay na ang isang tao na hindi nakakikilala sa Panginoon nito, nagkakaila sa kairalan Niya at tumatanggi sa mga tanda Niya, o sumasamba sa iba sa Kanya at nagtatambal sa Kanya ng iba pa ay sumusuko rin kung isasaalang-alang ang kalikasan ng pagkalalang dito na nilalang ito ayon doon.

Kapag natalos mo ito, halika na; tumingin tayo sa lagay ng tao at masusumpungan mo na ang tao ay pinagtutunggalian ng dalawang kalagayan:

1. Ang kalikasan ng pagkalalang na nilalang ni Allah ayon dito ang tao gaya ng pagsuko kay Allah; pagkaibig sa pagsamba sa Kanya; pagpapakalapit sa Kanya; pagkaibig sa naiibigan ni Allah gaya ng katotohanan, kabutihan at katapatan; pagkamuhi sa kinamumuhian ni Allah gaya ng kabulaanan, kasamaan, paniniil at paglabag sa

katarungan; anumang nauukol doon na mga udyok ng kalikasan ng pagkalalang gaya ng pag-ibig sa yaman, asawa at anak; pagkagusto sa pagkain, pag-inom at pag-aasawa; at anumang hinihiling niyon na pagsasagawa ng mga bahagi ng katawan sa mga gawain na kinakailangan para sa mga ito;

2. Ang kalooban ng tao at ang pagpipili nito. Nagsugo nga si Allah sa kanya ng mga sugo at nagbaba Siya ng mga kasulatan upang malaman niya ang kaibahan sa pagitan ng katotohanan at kabulaanan, ng patnubay at pagkaligaw, at ng mabuti at masama. Inalalayan ni Allah siya ng isip at pag-unawa upang siya ay magiging nakabatay sa kabatiran sa pagpili niya. Kung niloob niya ay tatahakin niya ang daan ng kabutihan at aakayin siya nito tungo sa katotohanan at patnbay. Kung niloob naman niya ay tatahakin niya ang mga landas ng kasamaan at aakayin siya ng mga ito tungo sa kasamaan at kapahamakan.

Kaya kapag tiningnan mo ang tao sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa unang kalagayan ay masusumpungan mo siya na hinubog sa pagsuko, nilalang na likas sa pagsunod niya at walang paglihis sa kanya roon. Ang kalagayan niya ay ang kalagayan din ng iba pang mga nilikha.

Kapag tiningnan mo naman siya sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa ikalawang kalagayan ay masusumpungan mo siya na nakakapamilya na pumipili ng anumang niloob niya. Kaya maaaring siya ay maging isang Muslim o maging isang Káfir: maaaring bilang isang nagpapasalamat o isang mapagkaila sa utang na loob.²³³

Dahil doon, masusumpungan mo na ang mga tao ay nasa dalawang uri. May tao na nakakikilala sa Tagapaglikha nito. Sumasampalataya siya sa Kanya bilang Panginoon, Hari at Diyos na tanging sinasamba nito. Sumusunod siya sa batas Niya kaugnay sa bahagi ng buhay na may mapagpipilian siya. Siya rin ay nilalang na likas sa pagsuko sa Panginoon niya nang walang paglihis sa kanya roon, at sumusunod sa pagtatakda ng Panginoon.

Ito ang lubos na Muslim na nakalubos sa pagkayakap niya sa Islam. Ang kaalaman niya ay naging tumpak dahil siya ay nakakilala kay Allah, ang Tagapaglikha niya at ang Tagapaglalang niya, na nagsugo sa kanya ng mga sugo at nagdulot sa kanya ng lakas ng kaalaman at pagkatuto.

Ang isip niya ay naging tumpak at ang pananaw niya ay naging tama dahil siya ay nagpagana sa pag-iisip niya at pagkatapos ay nagpasya siya na wala siyang sasambahin kundi si Allah na nagkaloob sa kanya ng regalo ng pagkaunawa at pananaw sa mga bagay. Ang dila niya ay naging tumpak na bumibigkas ng katotohanan dahil siya ay walang nang kinikilala ngayon kundi nag-iisang Panginoon, si Allah, na nagbiyaya sa kanya ng lakas ng pagbigkas at pagsasalita.

Kaya naman para bang ang buhay niya ay wala nang natira kundi ang katapatan dahil siya ay nagpaakay sa batas ni Allah kaugnay sa anumang mayroon siyang pamimilian sa nauukol sa kanya. Lumawak sa pagitan niya at ng lahat ng nilikha sa Sansinukob ang ugnayan ng pagkakilalahan at pagkakapalagayan dahil siya ay walang sinasamba kundi si Allah, ang Marunong at ang Maalam, na sumasamba rin sa Kanya, nagpapahinuhod sa

²³³ Qur'an 76:3.

utos Niya at nagpapaakay sa pagtatakda Niya ang lahat ng nilikha. Pinasunud-sunuran nga Niya ang mga ito alang-alang sa iyo, o tao.

Ang Reyalidad ng Kufr²³⁴

Katapat niyon ay may isa pang tao. Ipinanganak siya na sumusuko at namuhay na sumusuko sa tanang buhay niya nang hindi nadarama ang pagsuko niya o namamalayan iyon. Hindi niya nakilala ang Panginoon niya. Hindi siya sumampalataya sa batas ni Allah. Hindi siya sumunod sa mga sugo Niya. Hindi niya ginamit ang ipinagkaloob ni Allah na kaalaman at isip upang makilala kung sino ang lumikha sa kanya at bumukas sa pandinig niya at paningin niya.

Kaya ikinaila niya ang kairalan ni Allah. Nagmamalaki siya sa pagtanggap sa pagsamba sa Kanya. Umayaw siya na magpaakay sa batas ni Allah kaugnay sa bagay na binigyan siya ng karapatang magpasya at pumili sa mga kapakanan ng buhay niya. O nagtambal siya kay Allah ng iba pa. Umayaw siya na sumampalataya sa mga tanda Niya na nagpapatunay sa pagkaiisa Niya.

Ito ang Káfir. Iyon ay dahil sa ang [literal na] kahulugan ng Kufr ay pagtatakip, pagbabalot at pagtatabon. Sinasabi [sa wikang Arabe]: *Kafara dir'ahu bithawbihi*, na ang nangangahulugang: **Binalot niya (tinakpan niya) ang baluti niya ng damit niya.** Kaya tinatawag ang tulad ng taong ito na Káfir dahil ito ay nagtakip sa kalikasan nito at nagbalot niyon ng pambalot mula sa kamangmangan at kahunghangan.

Nalaman mo na siya ay hindi ipinanganak malibang ayon sa kalikasan ng Islam. Hindi gumagawa ang mga bahagi ng katawan niya malibang alinsunod sa kalikasan ng Islam. Hindi umiinog ang mundo sa paligid niya sa kabuuan nito malibang ayon sa mga kalakaran ng pagsuko. Subalit tinakpan siya ng tabing na nababalot ng kamangmangan at kahunghangan. Natabunan sa kabatiran niya ang kalikasan ng mundo at ang kalikasan ng sarili niya.

Kaya makikita mo siya na hindi gumagamit sa mga lakas niya na pangkaisipan at pangkaalaman kundi sa anumang sumasalungat sa kalikasan ng pagkalalang sa kanya. Walang siyang nakikita kundi ang kumukontra sa mga ito. Hindi siya nagsisikap kundi sa anumang nagpapawalang-saysay sa mga ito.

Maaari mo nang tayain ngayon sa pamamagitan ng sarili mo ang kinasadlakan ng Káfir na pagkaligaw at malinaw na kalisyaan.²³⁵

Itong Islam na humihiling sa iyo na sundin mo ay hindi mahirap na bagay. Bagkus ito ay madali sa sinumang pinadali ito ni Allah sa kanya. Ang Islam ay ang tinahak ng buong Sansinukob na ito: **sa Kanya nagpasakop ang sinumang nasa mga langit at lupa, nang kusang loob at labag sa loob,**²³⁶

²³⁴ Ang Kufr ay kawalang-pananampalataya o pagtanggap sumampalataya at ang nagsasagawa ng Kufr ay tinatawag na Káfir. Ang *kufr* (pagtatakip, pagtanggap sumampalataya) ay pawatas o *infinitive* o *verbal noun* ng pandiwang *kafara* (nagtakip siya, tumanggi siyang sumampalataya) at ang *káfir* (nagtatakip, tumatangging sumampalataya) ay pandiwaring tahasan o *active participle* ng *kafara*. Ang Tagapagsalin.

²³⁵ *Mabádi' al-Islám* (Mga Simulain ng Islam), pahina 3, 4.

²³⁶ Qur'an 3:83.

Ito ang Relihiyon mula kay Allah, gaya ng sinabi Niya: **Tunay na ang relihiyon sa ganang kay Allah ay ang Islam.**²³⁷ Ito ay pagpapasakop ng sarili kay Allah, gaya ng sinabi Niya: **Kaya kung pangangatwiranang ka nila ay sabihin mo: “Ipinasakop ko ang sarili ko kay Allah at ng sinumang sumusunod sa akin.”**²³⁸

Nilinaw na ng Propeta (SAS) ang kahulugan ng Islam yamang sinabi niya: *Na ipasakop mo ang puso mo kay Allah, na ibaling mo ang sarili mo kay Allah at magbigay ka ng zakáh,*²³⁹ *na isinatungkulin.*²⁴⁰

Tinanong ng isang lalaki ang Sugo (SAS): Ano po ang Islam? Sinabi niya: *Na magpasakop ang puso mo kay Allah, at na maligtas ang mga Muslim sa dila mo at kamay mo.* Nagsabi ito: Aling [bahagi ng] Islam ang pinakamainam? Sinabi niya: *Ang pananampalataya.* Nagsabi ito: Ano po ang pananampalataya? Sinabi niya: *Na maniwala ka kay Allah, sa mga anghel Niya, mga kasulatan Niya, mga sugo Niya at sa pagbubuhay matapos ang kamatayan.*²⁴¹

Nagsabi rin ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang Islam ay na sumaksi ka na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, na panatilihin mo ang dasal, na magbigay ka ng zakáh, na mag-ayuno ka sa Ramadán, at na magsagawa ka ng hajj sa Bahay [ni Allah] kung may makakaya kang isang landas patungo roon.*²⁴² Ang sabi pa niya: *Ang Muslim ay ang [tao na] naligtas ang mga Muslim sa dila niya at kamay niya.*²⁴³

Ang Relihiyon na ito ay ang Relihiyong Islam na hindi tatanggapin ni Allah ang isang relihiyon na iba pa rito mula sa mga nauna at ni mula sa mga nahuli. Tunay na ang lahat ng propeta ay nasa Relihiyong Islam.

Nagsabi si Allah hinggil kay Noe (AS): **Bigkasin mo sa kanila ang balita kay Noe, noong nagsabi siya sa mga tao niya: “O mga tao ko, kung bumigat sa inyo ang panatili ko at ang pagpapaalaala ko sa mga tanda ni Allah ay kay Allah naman ako nanalig. Kaya pagpasyahan ninyo ang balak ninyo kasama ng mga itinatambal ninyo kay Allah. Pagkatapos ang balak ninyo ay huwag sa inyo maging malabo. Pagkatapos ay ipatupad ninyo ito sa akin at huwag kayong magpalugit sa akin. Kaya kung tatalikod kayo sa paalaala ay hindi naman ako humingi sa inyo ng**

²³⁷ Qur'an 3:19.

²³⁸ Qur'an 3:20.

²³⁹ Ang zakáh ay isang kawanggawa mula sa isang takdang bahagi ng yaman na umabot sa takdang halaga na kailangang ibigay pagkalipas ng isang takdang panahon sa takdang pangkat ng mga tao. Ang Tagapagsalin.

²⁴⁰ Isinalaysay ito ni Imám Aḥmad, tomo 5, pahina 3; at ni Ibnu Hibbán, tomo 1, pahina 377.

²⁴¹ Isinalaysay ito ni Imám Aḥmad sa *Musnad*, tomo 4, pahina 114. Nagsabi si al-Haythamí sa *al-Mujamma'*, tomo 1, pahina 59; Nagsalaysa si Imám Aḥmad at si Imám at-Tabrání sa *al-Kabír* ng tulad nito; ang mga mananalaysay nito ay mga mapagkakatiwalaan. Tingnan ang *Risálah Fadl al-Islám* (Mensahe ng Kalamangan ng Islam) ni Imám Muḥammad ibnu 'Abdulwahháb, kaawaan siya ni Allah, pahina 8.

²⁴² Isinalaysay ito ni Imám Muslim sa *Kitáb al-Ímán* (Aklat ng Pananampalataya), *Ḥadíth* 8.

²⁴³ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí sa *Kitáb al-Ímán* (Aklat ng Pananampalataya), Kabanata *al-Muslim Man Salima al-Muslimín Min Lisánihi wa Yadihi* (Ang Muslim ay ang [tao na] naligtas ang mga Muslim sa dila niya at kamay niya), ang pagkakalahad ay sa kanya; at ni Imám Muslim sa *Ṣaḥíḥ* Muslim sa *Kitáb al-Ímán* (Aklat ng Pananampalataya), *Ḥadíth* 39.

anumang kabayaran. Walang kabayaran sa akin kundi nasa kay Allah. Inutusan ako na ako ay maging kabilang sa mga Muslim.^{244,245}

Nagsabi naman Siya hinggil kay Abraham (AS): **Noong nagsabi sa kanya ang Panginoon niya: “Magpasakop ka” ay nagsabi siya: “Nagpasakop ako sa Panginoon ng mga nilalang.”**²⁴⁶

Nagsabi naman Siya hinggil kay Moises (AS): **Nagsabi si Moises: “O mga tao ko, kung kayo ay sumampalataya na si Allah ay sa Kanya na kayo manalig kung kayo ay magiging mga Muslim.”**^{247,248}

Nagsabi Siya tungkol sa ulat kay Kristo (AS): **Noong nagsiwalat Ako sa mga disipulo, na nagsasabi: “Sumampalataya kayo sa Akin at sa Sugo Ko” ay nagsabi sila: “Sumampalataya kami at sumaksi Ka na kami ay mga Muslim.”**^{249,250}

Ang Relihiyong ito, ang Islam, ay humahango ng mga pagbabatas nito, mga pinaniniwalaan dito at mga kahatulan nito mula sa pagsisiwalat na pandiyos, ang Qur'an at ang Sunnah. Babanggit ako sa iyo ng isang maikling suluyap tungkol sa dalawang ito.

Ang mga Saligan ng Islam at ang mga Pinagkukunan Nito

Nakasanayan na ng mga tagasunod ng mga relihiyong napawalang-saysay at ng mga kapaniwalaang gawa-gawa na magpabanal sa mga kasulatang minana-mana sa kanila, na isinulat sa mga nakalipas na panahon. Maaaring hindi nalalaman nang totoo kung sino ang sumulat sa mga ito, ni kung sino ang nagsalin ng mga ito at ni kung sa aling panahon sinulat ang mga ito. Sinulat lamang ang mga ito ng mga taong nagdaranas ng anumang dinaranas ng mga tao gaya ng kahinaan, kakulangan, pithaya at pagkalimot.

Tungkol naman sa Islam, tunay na ito ay natatangi sa iba yamang bumabatay ito sa totoong pinagkukunan, ang pagsisiwalat na pandiyos: ang Qur'an at ang Sunnah. Sa sumusunod ay may maikling pagpapakilala sa dalawang ito:

A. Ang Dakilang Qur'an

Nalaman mo sa naunang paglalahad na ang Islam ay ang Relihiyon mula kay Allah. Alang-alang doon ay ibinaba ni Allah ang Qur'an kay Muhammad (SAS) bilang patnubay sa mga nangingilag magkasala, bilang saligang-batas para sa mga Muslim, bilang lunas sa [esprituwal na sakit sa] mga dibdib ng mga ninais ni Allah para sa kanila ang lunas, at bilang ilaw para sa mga ninais ni Allah para kanila ang tagumpay at tanglaw.

Ito ay naglalaman ng mga saligan na ipinadala ni Allah ang mga sugo alang-alang sa mga ito.²⁵¹ Ang Qur'an ay hindi isang bago mula sa mga kasulatan at si Muhammad ay

²⁴⁴ O nagpapasakop kay Allah. Ang Tagapagsalin.

²⁴⁵ Qur'an 10:71-72.

²⁴⁶ Qur'an 2:131.

²⁴⁷ O mga nagpapasakop kay Allah. Ang Tagapagsalin.

²⁴⁸ Qur'an 10:84.

²⁴⁹ O mga nagpapasakop kay Allah. Ang Tagapagsalin.

²⁵⁰ *At-Tadmuriyah*, pahina 109-110. Qur'an 5:111.

²⁵¹ *Al-Sunnah wa Makánatuhá fi at-Tashri' al-Islámi* (Ang Sunnah at ang Kalagayan Nito sa Pagbabatas Pang-Islam), akda ni Mustafá as-Sibá'í, pahina 376.

hindi rin isang bago mula sa mga sugo. Nagbaba na si Allah kay Abraham (AS) ng mga pahina ng kasulatan. Pinagkalooban Niya si Moises (AS) ng Torah, at si David ng Zabúr. Inihatid ng Kristo (AS) ang Ebanghelyo.

Ang mga kasulatan na ito ay pagsisiwalat mula kaya Allah, na isiniwalat Niya sa mga propeta Niya at mga sugo Niya. Subalit itong mga nabanggit na kasulatan ay naiwala ang marami sa mga ito at napawi ang karamihan sa mga ito. Dumanas ang mga ito ng pagbabaluktot at pagpapalit.

Tungkol naman sa Dakilang Qur'an, ginarrantiyahan ni Allah ang pangangalaga nito at ginawa Niya ito na isang pamantayan at nagpapawalang-saysay sa nauna rito na mga kasulatan. Nagsabi si Allah: **Ibinaba Namin sa iyo ang Aklat taglay katotohanan bilang nagpapatotoo sa nauna rito na mga kasulatan at bilang pamantayan sa mga ito.**²⁵²

Inilarawan ito ni Allah na ito ay isang paglilinaw para sa bawat bagay. Sinabi Niya: **Nagpababa Kami sa iyo ng Aklat bilang paglilinaw para sa bawat bagay, patnubay, awa at nakagagalak na balita para sa mga Muslim.**²⁵³

Ito ay patnubay at awa. Sinabi Niya: **Sapagkat may dumating na sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo, isang patnubay at isang awa.**²⁵⁴ Ito ay nagpapatnubay sa pinakaangkop: **Tunay na ang Qur'an na ito ay nagpapatnubay sa paraang siyang pinakaangkop**²⁵⁵ sapagkat ito ay nagpapatnubay sa Sangkatauhan sa pinakaangkop na landas para sa bawat kapakanan sa mga kapakanan ng buhay nila.

Ang sinumang nagsaisip kung papaanong pinababa ang Marangal na Qur'an at papaanong pinangalagaan ay makababatid ng halaga para sa Qur'an at mag-uukol ng kawagasan kay Allah sa layon niya. Nagsabi Siya: **Tunay na ang Qur'an na ito ay talagang isang pagpapababa ng pagsisiwalat ng Panginoon ng mga nilalang. Bumaba kasama nito ang Mapagkakatiwalaang Espiritu sa puso mo upang ikaw ay maging kabilang sa mga tagababala**²⁵⁶

Ang nagpababa ng Qur'an ay si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang bumaba kasama nito ay ang Mapagkakatiwalaang Espiritu, si Gabriel (AS). Ang binabaan nito sa puso niya ay ang Propeta (SAS).

Itong Qur'an ay isang mamamalaging himala ni Propeta Muhammad (SAS) sa loob ng mga talatang mamamalagi hanggang sa Araw ng Pagbangon. Ang mga himala ng mga naunang propeta at ang mga kababalaghan nila ay nagwawakas sa pagwakas ng buhay nila. Itong Qur'an naman ay ginawa nga ni Allah na isang katwirang mamamalagi.

Ito ang kapani-paniwalang katwiran at ang kagilas-gilas na himala. Hinamon ni Allah ang mga tao na magbigay ng tulad nito o ng sampung kabanata na tulad nito o ng iisang kabanata. Nawalan sila ng kakayahan bagamat ito ay binubuo ng mga titik at mga salita.

Ang kalipunan na binabaan nito ay kalipunan ng kalinawan sa pagsasalita at kahusayan sa pagpapahayag. Nagsabi Siya: **O nagsasabi ba sila na ginawa-gawa niya ito? Sabihin**

²⁵² Qur'an 5:48.

²⁵³ Qur'an 16:89.

²⁵⁴ Qur'an 6:157.

²⁵⁵ Qur'an 17:9.

²⁵⁶ Qur'an 26:192-194.

mo: “Kaya magdala nga kayo ng isang súra tulad nito at tawagin ninyo ang sinumang nakaya ninyo na iba pa kay Allah kung kayo ay mga nagtototoo?”²⁵⁷

Kabilang sa sumasaksi para sa Qur'an na ito na ito ay isang pagsisiwalat buhat kay Allah ay na ito ay naglaman ng maraming balita tungkol sa mga naunang kalipunan. Nagbalita ito ng mga pangyayaring panghinaharap, at naganap naman gaya ng ibinalita nito. Bumanggit ito mula sa mga patunay na makaagham ng maraming bagay na hindi naabot ng mga siyentipiko ang ilan sa bahagi ng mga iyon kung hindi sa panahong ito lamang.

Kabilang din sa sumasaksi para sa Qur'an na ito na ito ay isang pagsisiwalat buhat kay Allah ay na ang Propeta na pinagbabaan ng Qur'an na ito ay hindi napag-alaman buhat sa kanya ang isang tulad nito at hindi naiulat buhat sa kanya ang anumang nakawawangis nito bago pa pinababa Qur'an. Nagsabi Siya: **Sabihin mo: “Kung sakaling niloob ni Allah ay hindi ko na sana binigkas ito sa inyo at hindi Niya na sana ipinabatid ito sa inyo sapagkat nanatili nga ako sa inyo ng tanang-buhay bago pa ito. Kaya hindi ba kayo nakauunawa?”²⁵⁸**

Siya ay di-nakapag-aral: hindi nakababasa at hindi nakasusulat. Hindi siya pabalik-balik sa isang guro. Hindi siya naupo sa tabi ng isang tapagturo. Gayunpaman ay hinahamon niya ang mga malinaw magsalita at ang mga mahusay magpahayag na magbigay ng tulad nito: **Hindi ka noon bumibigkas bago ang Qur'an na ito ng anumang aklat at hindi ka nagsusulat niyon sa pamamagitan ng kanan mo dahil kung gayon ay talagang mag-aalinlangan ang mga nagpapabula.**²⁵⁹

Ang lalaking ito na di-nakapag-aral, na inilarawan sa Bibliya na siya ay hindi nakababasa at hindi nakasusulat,²⁶⁰ ay pinupuntahan ng mga pantas ng mga Hudyo at mga Kristiyano na mga nagtataglay ng mga natira sa [orihinal] na Torah at Ebanghelyo. Tinatanong nila siya hinggil sa pinagtatalunan nila at nagpapahatol sila sa kanya sa anumang pinagkakaalitan nila.

Nagsabi si Allah, na naglilinaw sa ulat kay Muhammad (SAS) sa Torah at Ebanghelyo: **ang mga sumusunod sa Sugo — ang Propeta na di-nakapag-aral, na matatagpuan nilang nakasulat sa taglay nila sa Torah at Ebanghelyo, na mag-uutos sa kanila sa nakabubuti at sasaway sa kanila sa nakasasama, magpapahintulot sa kanila ng mga minamabuti, magbabawal sa kanila ng mga minamasama,**²⁶¹

Nagsabi naman Siya, na naglilinaw sa tanong at hiling ng mga Hudyo at mga Kristiyano kay Muhammad (SAS): **Humihiling sa iyo ang mga may kasulatan na**

²⁵⁷ Qur'an 10:38.

²⁵⁸ Qur'an 10:16.

²⁵⁹ Qur'an 29:48.

²⁶⁰ Paghambingin ang nasaad sa Bibliya sa Isaias 19:12: “At ang aklat ay nabigay sa kaniya na hindi marunong, na **sinasabi, Iyong basahin ito**, isinasamo ko sa iyo: **at kaniyang sinasabi, Ako’y hindi marunong bumasa.**” at ang nasaad sa *Sahih* al-Bukhári, tomo 1, aklat 1, *Hadith* 3: “...Pagkatapos ay bumabalik siya kay Khadíjah at nagbabaon para sa tulad niyon, hanggang sa dumating sa kanya ang katotohanan habang siya ay nasa yungib ng *Hirá'*. Dumating sa kanya ang anghel at saka **nagsabi: Bumasa ka. Nagsabi siya: Ako ay hindi marunong bumasa...**” Ang Tapagsalin.

²⁶¹ Qur'an 7:157.

magpababa ka sa kanila ng isang aklat mula sa langit.²⁶² Nagsabi pa Siya: **Tinatanong ka nila tungkol sa kaluluwa.**²⁶³ Sinabi pa Niya: **Tinatanong ka nila tungkol kay Dhulqarnayn.**²⁶⁴ Sinabi pa Niya: **Tunay na itong Qur'an ay nagsasalaysay sa mga anak ni Israel ng nakararami sa bagay na sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba.**²⁶⁵

Talagang tinangka na ni Padre Abraham Phillips sa Tesis Doctoral niya na siraan ang Qur'an. Ngunit nawalan siya ng kakayahan doon at sinupil siya ng Qur'an sa pamamagitan ng mga katwiran nito, mga katibayan nito at mga patunay nito kaya ipinahayag niya ang kawalan niya ng kakayahan. Sumuko siya sa Tagapaglikha niya at ipinahayag ang pagyakap niya sa Islam.²⁶⁶

Noong niregaluhan ng isang Muslim ng isang kopya ng salin ng kahulugan ng Qur'an ang Amerikanong doktor na si Jeffrey Lange ay nasumupungan niya na ang Qur'an na ito ay kumakausap sa sarili niya, tumutugon sa mga tanong niya at nag-aalis ng mga tabing sa pagitan niya at ng sarili niya. Bagkus ay sinabi pa niya: "Ang nagbaba ng Qur'an ay para bang nakakikilala sa akin nang higit sa pagkakakilala ko sa sarili ko."²⁶⁷

Papaanong hindi? Gayong ang nagbaba ng Qur'an ay ang lumikha sa tao, si Allah: **Hindi ba nakaaalam ang lumikha sa *nilikha Niya* gayong Siya ay ang Nakatatalos, ang Nakababatid?**²⁶⁸ Pagkatapos, ang pagkabasa niya sa salin ng kahulugan ng Marangal na Qur'an ay isang dahilan sa pagyakap niya sa Islam at pag-akda ng aklat na iyon na sinipi ko para sa iyo.

Ang Dakilang Qur'an ay sumasaklaw sa bawat kinakailangan ng mga tao. Ito ay sumasaklaw sa mga saligan ng mga patakaran, mga pinaniniwalaan, mga kahatulan, mga pakikitungo at mga kaasalan. Nagsabi Siya: **Hindi Kami nagpabaya sa anumang bagay sa Aklat.**²⁷⁰

Samakatuwid, naglalaman ito ng paanyaya tungo sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at pagbanggit sa mga pangalan Niya, mga katangian Niya at mga gawa Niya. Nag-aanyaya ito tungo sa katumpakan ng inihatid ng mga propeta at mga isinugo. Kinikilala nito ang kabilang-buhay, ang pagganti at ang pagtutuos [sa mga gawa]. Naglalahad ito ng mga katwiran at mga katibayan doon.

Binabanggit nito ang mga balita ng mga nagdaang kalipunan, ang dumapo sa mga ito na mga pangsuwatang kaparusahan sa mundo, at ang naghihintay sa kanila na pagdurusa at babalang parusa sa kabilang-buhay.

²⁶² Qur'an 4:153.

²⁶³ Qur'an 7:85.

²⁶⁴ Qur'an 18:83

²⁶⁵ Qur'an 27:76.

²⁶⁶ Tingnan ang *al-Mustashriqin wa al-Mubashshirin fi al-'Alam al-'Arabi wa al-Islami* (Ang mga Oryentalista at ang mga Ebanghelista sa Mundong Arabe at Islamiko), akda ni Ibráhim Khalíl Ahmad.

²⁶⁷ *As-Sirá' Min Ajli al-Ímán* (Ang Tunggalian Alang-alang sa Pananampalataya), akda ni Doktor Jeffrey Lange, salin ni Dr. Mundhir al-'Absí, lathalain ng Dár al-Fikr, pahina 34.

²⁶⁸ O ang Mabait. Ang Tagapagsalin.

²⁶⁹ Qur'an 67:14.

²⁷⁰ Qur'an 6:38.

Naglalaman ito ng maraming bagay, mula sa mga talata, mga patunay at mga katibayan, na ikinagigilalas ng mga maalam at naaangkop sa bawat panahon. Natatagpuan dito ng mga maalam at mga mananaliksik ang hinahanap-hanap nila. Babanggit ako sa iyo ng tatlong halimbawa lamang na magbubunyag sa iyo ng isang bahagi niyon. Ang mga halimbawang ito ay ang sumusunod:

1. Ang sabi ni Allah: **Siya ang nagpawala sa dalawang katubigan: itong isa ay tabang na sariwa at itong isa pa ay alat na mapait, at naglagay Siya sa pagitan ng dalawang ito ng isang harang at isang hadlang na inihadlang.**²⁷¹ Nagsabi pa Siya: **O gaya ng mga kadiliman sa isang pagkalalim-lalim na dagat na tinatakpan ng mga alon, na sa ibabaw ng mga ito ay mga alon pa, na sa ibabaw na mga ito ay mga ulap. Mga kadiliman na ang ilan sa mga ito ay nasa ibabaw ng iba. Kapag inilabas niya ang kamay niya ay hindi niya halos makita ito. Ang sinumang hindi gumawa si Allah para sa kanya ng isang liwanag ay hindi siya magkakaroon ng anumang liwanag.**²⁷²

Alam natin na si Muhammad (SAS) ay hindi naglakbay sa dagat at sa panahong iyon ay walang mga materyal na kaparaanan na makatutulong sa kanya sa pagtuklas ng mga lalim ng dagat, kaya sino ang nagpabatid kay Muhammad (SAS) ng mga kaalamang ito kundi si Allah?

2. Ang sabi ni Allah: **Talaga ngang nilikha Namin ang tao mula sa isang hinango mula sa isang putik. Pagkatapos ay nilikha Namin ang patak bilang isang maladugong namuo,**²⁷³ **saka nilikha Namin ang mala-dugong namuo bilang isang mala-lamang nginuya, saka nilikha Namin ang mala-lamang nginuya bilang mga buto, saka binalot Namin ang mga buto ng laman. Pagkatapos ay binuo Namin ito na isang iba pang nilikha. Kaya mapagpala si Allah, ang pinakamahusay sa mga lumilikha.**²⁷⁴ Hindi natuklasan ng mga siyentipiko ang mga masusing detalyeng ito tungkol sa mga antas ng paglikha sa fetus kundi sa panahong ito.
3. Nagsabi si Allah: **Taglay Niya ang mga susi ng nakalingid; walang nakaaalam sa mga iyon kundi Siya. Nalalaman Niya ang anumang nasa katihan at karagatan. Walang nalalaglag na anumang dahon malibang nalalaman Niya ito. Walang butil sa mga kadiliman ng lupa at walang sariwa ni tuyot kundi nasa isang aklat na maglilinaw.**²⁷⁵

Ngunit hindi nasanay ang Sangkatauhan sa masaklaw na pag-iisip na ito at hindi nag-iisip-isip hinggil dito, huwag nang sabihing nakakaya nila ito. Bagkus kapag nag-oberba ang isang pangkat ng mga siyentipiko sa isang halaman o isang kulisap at itinala nila ang nalaman nila tungkol dito ay pinaghaharian tayo ng paghanga roon, gayong ang nakalingid sa kanila sa kalagayan nito ay higit na marami kaysa sa naobserbahan nila.

²⁷¹ Qur'an 25:53.

²⁷² Qur'an 24:40.

²⁷³ O malalanta, o nakabitin. Ang Tagapagsalin.

²⁷⁴ Qur'an 23:12-14.

²⁷⁵ Qur'an 6:59.

Ipinaghambing ng siyentipikong Pranses na si Maurice Bucaille ang Bibliya at ang Qur'an at nilinaw niya ang naabot ng mga makabagong pagkatuklas hinggil sa may kaugnayan sa pagkalikha ng mga langit at lupa at pagkalikha ng tao. Nasumpungan niya na ang mga napapanahong pagkatuklas ay umaayon sa nasaad sa Qur'an samantalang nasumpungan niya na ang kumakalat na Bibliya sa ngayon ay naglalaman ng maraming maling impormasyon tungkol sa pagkalikha ng mga langit at lupa at sa pagkalikha ng tao at hayop.²⁷⁶

B. Ang Sunnah ng Propeta

Ibinaba ni Allah sa Sugo Niya ang Marangal na Qur'an at isiniwalat sa kanya ang tulad nito: ang pampropetang Sunnah na tagapagpaliwanag at tagapaglinaw sa Qur'an. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Pakatandaan, tunay na ako ay binigyan ng Qur'an at ng tulad nito kasama nito.***²⁷⁷ Ipinahintulot nga ni Allah sa kanya na linawin ang nasa Qur'an na anumang pahayag na pangkalahatan, pahayag na pangnatatangi at pahayag na binuod. Nagsabi si Allah: ***Ibinaba Namin sa iyo ang Qur'an na paalaala upang linawin mo sa mga tao ang pinababa sa kanila at harinawa sila ay mag-isip-isip.***²⁷⁸

Ang Sunnah ay ang ikalawang pinagkukunan ng katuruan ng Islam. Ito ay ang lahat ng naisalaysay tungkol kay Propeta Muhammad (SAS) sa pamamagitan ng isang tumpak na kawing ng mga mananalaysay na umaabot hanggang sa Sugo (SAS) hinggil sa sinabi, o ginawa, o sinang-ayunan niya o paglalarawan [sa kanya].

Ang Sunnah ay isang pagsisiwalat ni Allah sa Sugo Niya na si Muhammad (SAS) dahil ang Propeta (SAS) ay hindi nagsasalita dala ng mga pithaya. Nagsabi Siya: ***Hindi siya bumibigkas ayon sa pithaya. Ito ay isang pagsisiwalat lamang na isiniwalat sa kanya. Tinuruan siya ng matindi ang lakas,***²⁷⁹ Ipinarating niya lamang sa mga tao ang ipinag-utos sa kanya. Nagsabi si Allah na sabihin niya: ***Wala akong sinusunod kundi ang isiniwalat sa akin at walang iba ako kundi isang tagpagbabalang naglilinaw.***²⁸⁰

Ang dinalisay na Sunnah ay panggawaing pagpapatupad sa Islam bilang mga kahatulan, mga pinaniniwalaan, mga pagsamba, mga pakikitungo at mga kaasalan. Ang Propeta nga noon ay sumusunod sa ipinag-utos ng Panginoon niya. Nililinaw niya iyon sa mga tao. Inutusan niya sila na gawin ang tulad sa ginawa niya, gaya ng sabi niya: ***Magdasal kayo gaya ng nakita ninyo na ako ay nagdarasal.***²⁸¹

Inutusan nga ni Allah ang mga mananampalataya na tularan ang Propeta sa mga gawa niya at mga salita niya nang sa gayon ay malubos nila ang pananampalataya nila. Nagsabi si Allah: ***Talaga ngang nagkaroon kayo sa Sugo ni Allah isang isang magandang***

²⁷⁶ *The Bible, the Qur'an and Modern Science*, akda ni Maurice Bucaille, na isang dating doktor na Kristiyanong Pranses na yumakap sa Islam.

²⁷⁷ Isinalaysay ito ni Imám Ahmad sa *Musnad* niya, tomo 4, pahina 131; ni Imám Abú Dáwud sa *Sunnah Abí Dáwud* sa *Kitáb as-Sunnah* (Aklat ng Sunnah), kabanata *Luzúm as-Sunnah* (Pananatili sa Sunnah), Hadíth 4604, tomo 4, pahina 200.

²⁷⁸ Qur'an 16:44.

²⁷⁹ Qur'an 53:3-5.

²⁸⁰ Qur'an 46:9.

²⁸¹ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári sa *Kitáb al-Adhán* (Aklat ng Adhán), kabanata 18.

huwaran para sa sinumang nag-aasam kay Allah at sa Huling Araw at nag-alaala kay Allah nang madalas.²⁸²

Naiparating ng mga marangal na Kasamahan ng Sugo (SAS), ang kasiyahan ni Allah ay sumakanila, sa mga kasunod nila ang mga sinabi niya at ang mga ginawa niya. Naiparating naman ng mga ito ang mga iyon sa mga kasunod ng mga ito. Pagkatapos ay naisagawa ang pagtatala ng mga iyon sa mga talaan ng Sunnah.

Ang mga nagpaparating ng Sunnah ay nagpapakahigpit sa sinumang pinagkukunan nila. Hinihiling nila sa kinukunan nila na siya ay kapanahon ng pinagkunan niya nang sa gayon madugtong ang kawing ng mga mananalaysay mula sa isang mananalaysay hanggang sa Sugo ni Allah, at na ang lahat ng mananalaysay sa kawing ng mga mananalaysay ay mga mapananaligan, mga makatarungan, mga tapat at mga mapagkakatiwalaan.

Ang Sunnah, kung papaanong ito ay panggawaing pagpapatupad sa Islam, ito rin ay naglililaw sa Marangal na Qur'an, nagpapaliwanag sa mga talata nito at nagdedetalye sa pangkalahatang mga kahatulan nito yamang ang Propeta (SAS) noon ay naglililaw sa [mga talata ng Qur'an] na ibinaba sa kanya: minsan sa pamamagitan ng salita, minsan sa pamamagitan ng gawa at minsan sa pamamagitan ng dalawang ito na magkasama. Maaaring magsarili ang Sunnah sa Qur'an sa paglililaw sa ilan sa mga kahatulan at mga pagbabatas.

Kinakailangan ang pananampalataya sa Qur'an at Sunnah yamang ang dalawang ito ay ang dalawang batayang pinagkukunan sa Relihiyong Islam. Kinakailangang sundin ang mga ito, sumangguni sa mga ito, sundin ang ipinag-uutos ng mga ito, iwasan ang sinasaway ng mga ito, paniwalaan ang mga ipinabatid ng mga ito, at sampalatayanan ang nilalaman ng mga ito hinggil sa mga pangalan at mga katangian ni Allah, mga gawa Niya, mga inihanda Niya sa mga mananampalatayang tinangkilik Niya, at mga ibinanta Niya sa mga kaaway Niya na mga tumatangging sumampalataya.

Nagsabi si Allah: **Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya malibang pinahahatol ka nila sa anumang pinagkahidwaan sa pagitan nila, pagkatapos ay hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang ihinusga mo at nagpapasakop sila nang *tunay na pagpapasakop.***²⁸³ Nagsabi pa si Allah: **Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang sinaway sa inyo ng Sugo ay tigilan ninyo.**²⁸⁴

Matapos ang pagpapakilala sa sa mga pinagkukunan ng katuruan ng Islam ay makabubuti sa atin na banggitin natin ang mga antas nito. Ang mga ito ay ang Islam, ang Ímán at ang Ihsán. Tatalakayin nang medyo maiksi ang mga sandigan ng mga antas na ito.

Ang Unang Antas²⁸⁵

²⁸² Qur'an 33:21.

²⁸³ Qur'an 4:65.

²⁸⁴ Qur'an 59:7.

²⁸⁵ Para sa karagdagang pagpapalawak dito ay tingnan ang *Kitáb at-Tawhíd* (Aklat ng Tawhíd), *al-Uṣūl ath-Thaláthah* (Ang Tatlong Saligan), at *Kitáb Ádáb al-Mashy Ilá as-Saláh* (Aklat ng Mga Kaasalan ng Paglalakad Papunta sa Dasal), akda ni Imám Muḥammad ibnu 'Abdulwahháb,

Ang Islam. Ang mga sandigan²⁸⁶ nito ay lima. Ang mga ito ay ang Shahádatán, ang Saláh, ang Zakáh, ang Sawm, at ang Hajj.²⁸⁷

1. Ang Shahádatán o ang Dalawang Pagsasaksi: ang Pagsaksi na *Lá Iláha Ill'Alláh Muhammadur Rasúl Alláh*: Walang Diyos Kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah

Ang kahulugan ng pagsasaksi na walang Diyos kundi si Allah ay ang pagsaksi na walang karapat-dapat sambahin sa lupa at langit kundi si Allah lamang sapagkat Siya ang Totoong Diyos at ang bawat diyos na iba pa sa kanya ay huwad.

Humihiling ang pagsaksing ito ng pag-uukol ng kawagasan sa pagsamba kay Allah lamang at pagkakaila nito sa iba pa sa Kanya. Hindi mapakikinabangan ang pagsaksing ito ng nagsasabi nito malibang naisasakatuparan dito ang dalawang bagay:

- A. Ang pagsabi ng *Lá Iláha Ill'Alláh* ayon sa pananampalataya, kaalaman, katiyakan, paniniwala at pag-ibig.
- B. Ang pagtanggap sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allah. Kaya ang sinumang magsabi ng pagsaksi na ito ngunit hindi tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allah ay hindi magdudulot ng pakinabang sa kanya ang pagsabing ito.

Ang kahulugan naman ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah (SAS) ay: ang pagtalima sa kanya sa anumang ipinag-utos niya; ang paniniwala kanya sa anumang ipinabatid niya;

- A. ang pag-iwas sa anumang sinaway niya at sinansala niya;
- B. ang hindi pagsamba kay Allah kundi ayon sa isinabatas Niya;
- C. ang pagkaalam at ang paniniwala na siya (SAS) ay Sugo ni Allah sa lahat ng tao;
- D. ang pagiging isang tao niya na hindi sinasamba at isang sugo na hindi mapasisinungalingan, bagkus ay tinatalima at sinusunod, na ang sinumang tumalima sa kanya ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa kanya ay papasok sa Impiyerno;

kaawaan siya ni Allah; ang aklat na *Dín al-Haqq* (Relihiyon ng Katotohanan), akda ni Shaykh ‘Abdurrahmán al-‘Umar; ang aklat na *Má Lá Buddá Min Ma‘firatihi ‘An al-Islám* (Ang Kailangang Malaman Tungkol sa Islam), akda ni Shaykh Muḥammad ibnu ‘Áli al-‘Arfaj; ang aklat na *Arkán al-Islám* (Mga Sandigan ng Islam), akda ni Shaykh ‘Abdulláh ibnu Járulláh al-Járulláh, kaawaan siya ni Allah; ang aklat na *Sharḥ Arkán al-Islám wa al-Ímán* (Pagpapaliwanag sa mga Sandigan ng Islam at Pananampalataya), akda ng isang pangkat ng mga mag-aaral ng Islam at nirepaso ni Shaykh ‘Abdulláh al-Jibrín.

²⁸⁶ Madalas isalin, pati na ng tagapagsaling ito noon, ang salitang Arabe na *rukḥ* bilang haligi, bunsod marahil ng pagkakasalin nito sa Ingles bilang *pillar*. Ngunit ang kahulugan talaga ng *rukḥ* ay ay **sandigan**, at ang haligi naman sa Arabe ay *‘amúd*. Tingnan ang *al-Mu‘jam al-Wasít*, ang *Hans Wehr Dictionary of Modern Written Arabic*, at ang *A Dictionary of Islamic Words and Expressions* ni Dr. Mahmoud Isma‘il Saleḥ. Ang Tagapagsalin.

²⁸⁷ Minabuting hindi muna isinalin ang mga pangalan ng limang haligi ng Islam dahil ang mga ito ay terminolohiyang dapat na malaman ng mga nag-aaral ng Islam. Ang Tagapagsalin.

E. ang pagkaalam at ang paniniwala na ang paghango sa isinasabatas sa Islam maging sa pinaniniwalaan man, o sa mga gawain, o sa mga pagsamba na ipinag-utos ni Allah, o sa sistema ng paghahatol at pagbabatas, o sa larangan ng mga kaasalan, o sa larangan ng pagtatayo ng pamilya, o sa larangan ng pagbabawal at pagpapahintulot ay hindi mangyayari kung hindi ayon sa pamamaraan ng Marangal na Sugo na ito na si Muhammad (SAS) dahil siya ang Sugo ni Allah na nagpaparating tungkol sa Kanya at sa Batas Niya.²⁸⁸

2. Ang Saláh²⁸⁹

Ito ang ikalawang sandigan ng Islam. Bagkus ito ang haligi ng Islam yamang ito ay pang-ugnay sa pagitan ng tao at Panginoon niya. Inuulit-ulit limang ulit sa bawat araw. Pinanunumbalik ng tao dahil sa saláh ang pananampalataya niya. Dinadalisay niya dahil dito ang sarili niya mula sa mga dumi ng mga pagkakasala. Humahadlang ito sa pagitan niya at ng mga gawang masagwa at mga kasalanan.

Kaya kapag nagising ang lingkod ni Allah sa pagkatulog sa madaling-araw ay tumatayo siya sa harap ng Panginoon niya na dalisay at malinis — bago magpakaabala sa mga panandaliang bagay ng mundo. Pagkatapos ay dadakilain niya ang Panginoon niya at kikilanin niya ang pagkaalipin niya. Magpapatulong siya sa Kanya at magpapatnubay sa Kanya. Panunumbalikin niya ang namagitan sa kanya at sa Panginoon nito na kasunduan ng pagtalima at pagkaalipin, habang nakapatirapa, nakatayo at nakayukod. Inuulit-ulit niya iyon limang ulit sa bawat araw.

Inoobliga sa pagganap ng saláh na ito na ang isang Muslim ay nagpapakalinis sa puso niya, katawan niya, kasuutan niya at lugar ng saláh niya. Inoobliga na isagawa niya ito sa isang pangkat kasama ng mga kapwa niya Muslim, kung magiging madali sa kanya iyon, na mga nakadako kalakip ng mga puso nila sa Panginoon nila, na mga nakadako kalakip ng mga mukha nila sa pinarangalang Ka‘bah, ang Bahay ni Allah.

Ang saláh ay ginawa sa pinakalubos at pinakamahusay na mga paraan na ipinangasamba ng mga lingkod Niya sa Tagapaglikha, mapagpala Siya at pagkataas-taas. Ito ay dahil sa paglalaman ng saláh ng pagdakila sa Kanya sa pamamagitan ng sari-saring uri ng mga bahagi ng katawan gaya ng pagbigkas ng dila, paggawa ng mga kamay, mga paa, ulo at mga pandama nito, at lahat ng bahagi ng katawan niya.

Ang bawat isang bahagi ay kumukuha ng bahagi nito mula sa dakilang pagsamba na ito. Ang mga pandama at ang mga paa at mga kamay ay kumukuha ng bahagi ng mga ito mula sa saláh. Ito ay binubuo ng pagbubunyi, papuri, pagluluwalhati, pagtatampok, pagdakila, pagsaksi sa katotohanan, pagbigkas sa Marangal na Qur’an, pagtayo sa harap ng Panginoon sa katayuan ng isang abang alipin na nagpapasailalim sa Panginoong nangangasiwa.

Pagkatapos ay ang pagpapakaaba sa Kanya, ang pagsusumamo, at ang pagpapakalapit-loob sa Kanya. Pagkatapos ay ang pagyukod, ang pagpapatirapa, ang pag-upo bilang

²⁸⁸ *Dín al-Haqq* (Relihiyon ng Katotohanan), akda ni Shaykh ‘Abdurrahmán al-‘Umar, pahina 51-52.

²⁸⁹ Kadalasang isinasalin ito na dasal o pagdarasal, ngunit ang ibig sabihin nito ay dasal o pagdarasal ayon sa mga pamamaraang itinakda ni Propeta Muhammad (SAS): may takdang oras, may takdang kilos, may takdang sinasabi at iba pa. Ang Tagapagsalin.

pagpapailalim, pagpapakumbaba, pangangayupapa sa kadakilaan Niya, at pagpapakaaba sa kapangyarihan Niya.

Nagpadaig ang puso niya, nagpaaba sa Kanya ang katawan nito at nagpababa sa Kanya ang mga bahagi ng katawan. Pagkatapos ay winawakasan niya ang *saláh* niya sa pamamagitan ng pagbubunyi kay Allah, at pagdalangin ng pagpapala at pagbati sa Propeta niya na si Muhammad (SAS). Pagkatapos ay hihingi siya sa Panginoon niya ng mabuti sa mundo at sa kabilang-buhay.

3. Ang Zakáh

Ito ang ikatlo sa mga sandigan ng Islam. Kinakailangan sa isang Muslim na may yaman na maglabas ng zakáh para sa ari-arian niya. Ito ay isang lubhang maliit na bahagi. Ibinibigay ito sa mga maralita, mga dukha²⁹⁰ at iba pa na pinahihintulutan na bigyan ng zakáh.

Isinasatungkulin na ibigay ito ng Muslim sa karapat-dapat dito nang bukal sa loob. Hindi niya isusumbat ito sa mga tumanggap nito at hindi niya sila liligaligin dahil dito. Kinakailangan na ibigay ito ng Muslim bilang paghahangad sa kasiyahan ni Allah, na hindi nagnanais sa pamamagitan niyon ng isang kabayaran ni pasasalamat mula sa mga nilalang. Bagkus ay ibibigay niya iyon nang wagas alang-alang sa ikasisiya ng mukha ni Allah, hindi upang makita ni marinig.

Dahil sa pagpapalabas ng zakáh ay may pagtamo ng biyaya; pagpalugod sa mga maralita, mga dukha at mga may pangangailangan; pagpapalaya sa kanila sa kaabahan ng panghihingi; awa sa kanila laban sa kapinsalaan at kahikahusan kapag pinabayaan sila ng mga mayaman. Dahil sa pagpapalabas ng zakáh ay may pagkamit ng mga katangian ng pagkamapagbigay, pagkabukas-palad, altruismo, pagkakaloob, pagkaawa at pagwawaksi ng mga tanda ng mga taong may karamutan at kaimbihan.

Dahil dito ay nagbabalikatan ang mga Muslim. Naaawa ang mayaman nila sa mahirap nila. Kaya walang matitira sa lipunan — kapag ipinatupad ang gawaing panrelihiyon na ito — na isang maralitang walang-wala, ni isang may-utang na hirap na hirap, ni manlalakbay na kinapos sa daan.

4. Ang Sawm²⁹¹

Ito ay ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadán mula sa pagputok ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw. Itinitigil sa sandaling ito ng nag-aayuno ang pagkain, ang pag-inom, ang pakikipagtalik at ang anumang halos gaya ng mga ito, bilang pagsamba kay Allah. Pinipigil niya ang sarili niya laban sa mga hilig ng laman nito.

Pinagaan na ni Allah ang pag-aayuno sa maysakit, naglalakbay, nagpapasuso, nirereгла at dinudugo dala ng panganganak. Ang bawat isa sa mga ito ay may kahatulang nauukol.

²⁹⁰ Tingnan ang Tingnan ang *Majmú' al-Fatáwá Shaykh al-Islám Ibnu Taymíyah* (Katipunan ng mga Fatwá ng Guro ng Islam na si Ibnu Taymíyah), tomo 4, pahina 201, 211; at ang *Iqhám al-Yahúd* (Pagsangkot ng mga Hudyo), akda ni Assamú'al ibnu Yahyá al-Maghribí.

²⁹¹ Para sa karagdagang pagpapalawak ay tingnan ang aklat na *Risálatán fi az-Zakáh wa as-Siyám* (Dalawang Artikulo sa Zakáh at Pag-aayuno), akda ni Shaykh 'Abdul'azíz ibnu Báz, kaawaan siya ni Allah.

Sa buwang ito ay pinipigil ng Muslim ang sarili niya laban sa mga hilig ng katawan niya. Kaya naman nailalabas niya ang sarili niya sa pamamagitan ng pagsambang ito mula sa pagkakawangis sa mga hayop tungo sa pagkakawangis sa mga anghel na malapit kay Allah. Sa bandang huli, tunay na ang nag-aayuno ay talagang makapaglalarawan sa sarili ng isang larawan ng isang walang pangangailangan sa mundo kundi ang pagtamo ng kasiyahan ni Allah.

Ang pag-aayuno ay bumubuhay sa puso, nagpapatalikod sa kamunduhan, nagpapaibig sa anumang gantimpalang nasa kay Allah at nagpapaalaala sa mga mayaman sa mga maralita at sa mga kalagayan ng mga ito. Kaya naman nahahabag ang mga puso nila sa mga ito at nalalaman nila ang tinatamasa nilang mga biyaya ni Allah kaya nadaragdagan ang pasasalamat nila.

Ang pag-aayuno ay nagdadalisay ng kaluluwa, nagpapanatili rito sa panginilag sa pagkakasala kay Allah at nagbubunsod sa individuwal at lipunan na madama ang pagmamasid ni Allah sa kanila sa sandali ng kaluwagan at kagipitan nang palihim at hayagan yamang namumuhay ang lipunan nang isang buong buwan na nagpapanatili sa pagsambang ito, na natatakot sa Panginoon.

Itinulak siya sa gayon ng takot kay Allah, ng pananampalataya kay Allah at sa Huling Araw, ng katiyakan na si Allah ay nakaaalam sa lihim at ikinubli, at ng paniniwala na ang tao ay hindi makaiwas sa isang araw na tatayo iyon sa harap ng Panginoon at tatanungin iyon tungkol sa lahat ng ginawa niyon, ang maliit sa mga ito at ang malaki sa mga ito.²⁹²

5. Ang Hajj²⁹³

Ito ay ang pagdalaw sa Banal na Bahay ni Allah sa Makkah. Isinasatungkulin ito sa bawat Muslim na nasa hustong gulang, matino ang pag-iisip, may kakayahan, nagtataglay ng kaparaanan sa paglalakbay o ng pang-upa patungo sa Makkah, at nagtataglay ng makasasapat sa kanya na panggugol sa pagpunta roon at pag-uwi mula roon sa kondisyon na ang panggugol na ito ay kalabisan sa pangangailangan ng mga sinusustentuhan niya at na siya ay ligtas ang sarili sa daan tungo roon at ligtas din ang mga sinusustentuhan niya sa panahon na wala siya sa kanila. Isinasatungkulin ang hajj isang ulit sa tanang-buhay para sa sinumang nakakayang pumunta roon.

Nararapat sa sinumang nagnais na magsagawa ng hajj na magsisi kay Allah upang madalisay ang sarili niya sa dumi ng mga pagkakasala. Kapag dumating sa Makkah at sa mga banal na pinagsasagawaan ng hajj ay isasagawa ang mga gawain ng hajj bilang pagsamba at pagdakila kay Allah.

Nalalaman niya na ang Ka'bah at ang lahat ng pinagsasagawaan ng hajj ay **hindi sinasamba** bukod pa kay Allah, na ang mga ito ay hindi nakapagdudulot ng pakinabang

²⁹² Tingnan ang *Miftáh Dár as-Sa'á dah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 2, pahina 384.

²⁹³ Para sa karagdagang pagpapalawak ay tingnan ang aklat na *Dalíl al-Hájj wa al-Mu'tamir* (Gabay ng Nagsasagawa ng Hajj at Nagsasagawa ng 'Umrah), akda ng isang katipunan ng mga iskolar; at ang aklat na *at-Tahqíq wa al-Ídáh li Kathír min Masá'il al-Hájj wa al-'Umrah* (Ang Pagsisiyasat at ang Pagpapaliwanag sa Marami sa mga Usapin ng Hajj at 'Umrah), akda ni Shaykh 'Abdul'azíz ibnu Báz, kaawaan siya ni Allah.

at hindi nakapagdudulot ng pinsala. Kung sakaling hindi ipinag-utos ni Allah ang hajj ay hindi sana naging tama para sa Muslim na magsasagawa ng hajj doon.

Sa hajj ay nagsusuot ang lalaking nagsasagawa ng hajj ng puting tapis at puting balabal.²⁹⁴ Nagtitipon ang Muslim mula sa lahat ng rehiyon ng daigdig sa iisang pook. Nagsusuot sila ng isang kasuutan. Sumasamba sila sa iisang Panginoon. Walang pagkakaiba sa pagitan ng pangulo o pinangunguluhan, mahirap o mayaman, at puti o itim. Ang lahat ay nilikha ni Allah at mga lingkod Niya. Walang kalamangan ang isang Muslim sa kapwa Muslim maliban sa pangangilag sa pagkakasala at tuwid na gawa.

Kaya naman nagaganap sa mga Muslim ang pagtutulungan at pagkakakilalahan. Inaalaala nila ang araw na bubuhayin silang lahat ni Allah at titipunin sa iisang lupa para sa pagtutuos. Kaya naghahanda sila sa pagtalima kay Allah para sa magaganap pagkatapos ng kamatayan.²⁹⁵

Ang Pagsamba Ayon sa Islam²⁹⁶

Ito ay ang pagpapakaalipin kay Allah sa literal at totoong kahulugan. Si Allah ay Tagapaglikha at ikaw naman ay nilikha, at ikaw ay tagasamba at si Allah ay sinasamba mo. Kapag iyon ay ganoon nga, kailangang lumakad ang tao sa buhay na ito sa tuwid na landasin ni Allah, na sumusunod sa batas Niya, na tinutunton ang bakas ng mga sugo Niya. Nagsabatas nga si Allah para sa mga lingkod Niya ng mga dakilang batas gaya ng pagsasakaganapan ng paniniwala sa pagkaiisa Niya na Panginoon ng mga nilalang, ng saláh, ng zakáh, ng pag-aayuno at ng hajj.

Subalit hindi ito ang lahat ng pagsamba ayon sa Islam. Ang pagsamba ayon sa Islam ay higit na masaklaw yamang ito ay ang lahat ng naiibigan ni Allah at kinasisiyahan Niya na mga gawain at mga pahayag, na panlabas at panloob. Samakatuwid ang bawat gawa o salita na ginawa mo o sinabi mo na kabilang sa naiibigan ni Allah at kinasisiyahan Niya ay pagsamba.

Bagkus ang bawat gawing maganda na ginawa mo na may layunin ng pagpapakalapit-loob kay Allah ay pagsamba. Kaya naman ang magandang pakikisama mo sa magulang mo, pamilya mo, asawa mo, mga anak mo at mga kapitbahay mo, kapag nilayon mo roon ang ikasisiya ng mukha ni Allah ay pagsamba. Ang magandang pakikitungo mo sa bahay, pamilihan at opisina, kapag nilayon mo roon ang ikasisiya ng mukha ni Allah ay pagsamba.

Ang pagganap sa ipinagkatiwalang tungkulin, ang pagsunod sa katapatan at katarungan, ang pagpipigil sa kapinsalaan, ang pagtulong sa mahina, ang pagkita mula sa ipinahihintulot na trabaho, ang paggugol sa asawa at mga anak, ang pag-alo sa maralita, ang pagdalaw sa maysakit, ang pagpapakain sa nagugutom at ang pag-adya sa naapi, lahat ng ito ay pagsamba kapag nilayon mo roon ang ikasisiya ng mukha ni Allah ay pagsamba.

²⁹⁴ Walang takdang kasuutan para sa babaing nagsasagawa ng hajj, at ang anumang kasuutan na tanggap sa Islam ay maaari niyang isuot. Ang Tagapagsalin.

²⁹⁵ Tingnan ang *Miftáh Dár as-Sa'ádah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 2, pahina 3854.

²⁹⁶ Para sa karagdagang pagpapalawak ay tingnan ang aklat na *al-'Ubúdiyah* (Ang Pagkaalipin kay Allah), akda ni Guro ng Islam na si Ibnu Taymiyah, kaawaan siya ni Allah.

Samakatuwid ang bawat gawain na ginagawa mo para sa sarili mo, o para sa pamilya mo, o para sa lipunan mo, o para sa bayan mo, na nilalayon mo roon ang ikasisiya ng mukha ni Allah, ito ay pagsamba. Bagkus pati na ang pagtugon sa mga hilig sa laman ng sarili mo ayon sa ipinahintulot sa iyo ni Allah ay magiging isang pagsamba kapag nilakipan mo ng matuwid na layunin.

Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Sa pakikipagtalik ng isa inyo ay may kawanggawa.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Allah, [kapag] tutugunin ba ng isa sa amin ang hilig ng laman niya ay magkakaroon siya dahil doon ng gantimpala? Nagsabi siya: ***Turan ninyo sa akin, kung sakaling inilagay niya iyon sa ipinagbabawal ay nagkaroon ba siya ng kasalanan? Kaya ganoon din naman, kapag inilagay niya ito sa ipinahihintulot ay magkakaroon siya ng gantimpala.***²⁹⁷

Nagsabi pa ang Sugo (SAS): ***Tungkulin ng bawat Muslim na magbigay ng kawanggawa.*** Sinabi: Ano sa tingin mo kung hindi siya nakasumpong [ng maibibigay]? Nagsabi siya: ***Magtrabaho siya sa pamamagitan ng mga kamay niya at madudulutan niya ng pakinabang ang sarili at magkawanggawa siya.*** Sinabi: Ano sa tingin mo kung hindi niya nakaya? Nagsabi siya: ***Tutulungan niya ang nalulumbay na may pangangailangan.*** Sinabi sa kanya: Ano sa tingin mo kung hindi niya nakaya? Nagsabi siya: ***Ipag-uutos niya ang nakabubuti o ang mabuti.*** Sinabi: Ano sa tingin mo kung hindi nakaya? Nagsabi ito: Ano sa tingin mo kung hindi niya ginawa. Nagsabi siya: ***Magpigil siya sa kasamaan sapagkat tunay na ito ay kawanggawa.***²⁹⁸

Ang Ikalawang Antas²⁹⁹

Ang Ímán o ang Pananampalataya. Ang mga sandigan nito ay anim. Ang mga ito ay ang paniniwala kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga sugo Niya, sa Huling Araw, at sa Pagtatakda.

1. Ang paniniwala kay Allah ay na sumampalataya ka sa pagkapanginoon ni Allah, na nangangahulugang Siya ang Panginoon, ang Tagapaglikha, ang Nagmamay-ari, ang Nangangasiwa sa lahat ng kapakanan; na sumampalataya ka sa pagkadiyos ni Allah, na nangangahulugang Siya ang totoong Diyos at ang bawat sinasamba na iba sa Kanya ay kabulaanan; na sumampalataya ka sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya, na nangangahulugang taglay Niya ang mga napakagandang pangalan at ang mga napakataas na katangiang lubos.

²⁹⁷ Isinalaysay ito ni Imám Muslim sa *Ṣaḥīḥ Muslim* sa *Kitáb az-Zakáh* (Aklat ng Zakáh), Ḥadīth 1006.

²⁹⁸ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári sa *Kitáb az-Zakáh* (Aklat ng Zakáh), kabanata 29; at ni Imám Muslim sa *Kitáb az-Zakáh* (Aklat ng Zakáh), Ḥadīth 1008, at ang pagkakalahad ay sa kanya.

²⁹⁹ Para sa karagdagang pagpapalawak ay tingnan ang *Sharḥ Uṣūl al-Ímán* (Pagpapaliwanag sa mga Saligan ng Pananampalataya), akda ni Shaykh Muḥammad ibnu Ṣálih al-‘Uthaymín; ang aklat na *al-Ímán*, akda ng Guro ng Islam na si Ibnu Taymiyah, kaawaan siya ni Allah; at ang aklat na *‘Aqídah Ahl as-Sunnah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah), akda ni Shaykh Muḥammad ibnu Ṣálih al-‘Uthaymín.

Sasampalataya ka sa pagkaiisa ni Allah doon: Siya ay walang katambal sa Pagkapanginoon Niya, ni sa Pagkadiyos Niya, ni sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Nagsabi si Allah: **ang Panginoon ng mga langit at lupa at ng nasa pagitan ng mga ito — kaya sambahin mo Siya at magpakamatiisin ka sa pagsamba sa Kanya. May nalalaman ka bang isang kapangalan para sa Kanya?**³⁰⁰

Sasampalataya ka na Siya ay hindi nadadala ng antok ni ng pagkatulog, na Siya ay Nakaaalam sa nakalingid at nasasaksihan, at na Siya ay nagtataglay ng paghahari sa mga langit at lupa: **Taglay Niya ang mga susi ng nakalingid; walang nakaaalam sa mga iyon kundi Siya. Nalalaman Niya ang anumang nasa katihan at nasa karagatan. Walang nalalaglag na anumang dahon malibang nalalaman Niya ito. Walang butil sa mga kadiliman ng lupa at walang sariwa ni tuyot kundi nasa isang aklat na maglilinaw.**³⁰¹

Sasampalataya ka na Siya, pagkataas-taas Niya, ay nasa Trono Niya, mataas sa mga nilikha Niya, at Siya rin ay kasama ng mga nilikha Niya:³⁰² nalalaman Niya ang mga kalagayan nila, naririnig Niya ang mga sinasabi nila, nakikita Niya ang kinaroroonan nila, pinangangasiwaan Niya ang mga kapakanan nila, tinutustusan Niya ang maralita, pinanunumbalik Niya ang bali, ibinibigay Niya ang paghahari sa sinumang loloobin Niya, inaalís Niya ang paghahari sa sinumang loloobin Niya, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.³⁰³

Kabilang sa mga bunga ng pananampalataya kay Allah ang sumusunod:

- A. Nagbubunga ito sa tao ng pag-ibig kay Allah at pagdakila sa Kanya, na kapwa nag-oobliga sa pagsasagawa sa ipinag-utos Niya at pag-iwas sa sinaway Niya. Kapag isinagawa iyon ng tao ay matatamo niya sa pamamagitan ng mga ito ang kalubusan ng kaligayahan sa mundo at kabilang-buhay;
- B. Na ang pananampalataya kay Allah ay nagdudulot sa kaluluwa ng karangalan at paggalang sa sarili dahil nalalaman nito na si Allah ang totoong nagmamay-ari sa lahat ng nasa sansinukob, na walang nagdudulot ng pakinabang at walang nagdudulot ng pinsala kundi Siya. Ang kaalamang iyon ay magbibigay rito ng kasapatan laban sa iba pa kay Allah at mag-aalis mula sa puso nito ng pangamba sa iba pa kay Allah. Kaya naman walang itong aasahan kundi si Allah at hindi mangangamba sa iba pa sa Kanya;
- C. Na ang pananampalataya kay Allah ay nagdudulot sa kaluluwa ng tao ng pagpapakumbaba dahil nalalaman nito na ang anumang biyaya mayroon ito ay mula kay Allah. Kaya hindi ito nadadaya ng Demonyo. Hindi ito nagyayabang at hindi nagmamalaki. Hindi niya ipinangangalandakan ang lakas niya at ang yaman niya;
- D. Na ang sumasampalataya kay Allah ay nakaaalam ayon sa tiyak na kaalaman na walang landas tungo sa tagumpay at kaligtasan kundi sa pamamagitan ng matuwid na gawa na ikinasisiya ni Allah. Samantala, naniniwala naman ang iba sa mga paniniwalang

³⁰⁰ Qur'an 19:65.

³⁰¹ Qur'an 6:59.

³⁰² Si Allah ay kasama ng mga nilikha Niya ayon sa kaalaman Niya sa kanila hindi ayon sa pakikihalubilo Niya sa kanila. Ang Tagapagsalin.

³⁰³ Tingnan ang *'Aqidah Ahl as-Sunnah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah), pahina 7, 11.

kabulaanan gaya ng paniniwala na si Allah daw ay nag-utos na ipapako sa krus ang anak Niya bilang pagtubos sa mga kasalanan ng mga tao. O sumasampalataya siya sa mga diyos at naniniwala na ang mga ito ay nagsasakatuparan para sa kanya ng anumang ninais niya, gayong ang mga ito sa katotohanan ay hindi nakapagdudulot ng pakinabang at hindi nakapagdudulot ng pinsala. O siya ay isang ateista kaya naman hindi naniniwala sa kairalan ng isang tagapaglikha. Lahat ng ito ay mga mithi. Sa bandang huli kapag dumating sila kay Allah sa Araw ng Pagbangon at nakita nila ang mga katotohanan ay matatalos nila na sila noon ay nasa isang malinaw na pagkaligaw; E. Na ang pananampalataya ay nag-aalaga sa tao ng dakilang lakas ng pagpapasya, kabuuan ng loob, pagtitiis, katatagan at pananalig kapag bumabalikat siya ng mga mataas ng tungkulin sa mundo dahil na rin sa paghahangad ng nakasisiya kay Allah. Siya ay magiging nasa lubos na katiyakan na siya ay nananalig sa Hari ng mga langit at lupa, na siya inayudahan Niya at inaakay Niya. Kaya naman siya ay nagiging matatag gaya ng tatag ng mga bundok sa pagtitiis niya, katatagan niya at pananalig niya.³⁰⁴

2. Ang Paniniwala sa mga Anghel. Si Allah ay lumikha sa kanila upang tumalima sa Kanya. Inilarawan Niya na sila ay: **mga pinarangalang likod sila. Hindi nila Siya inuunahan sa pagsasalita at sila sa utos Niya ay nagsasagawa. Nalalaman Niya ang nasa harapan nila at ang nasa likuran nila. Hindi sila makapamamagitan kundi sa sinumang kinasiyahan Niya, at sila sa takot sa Kanya ay mga nababagabag.**³⁰⁵ at na sila ay: **hindi nagmamalaki na tumatangi sa pagsamba sa Kanya at hindi rin sila napapagod. Nagluluwalhati sila sa araw at gabi; hindi sila nananamlay.**³⁰⁶

Ikinukubli sila ni Allah sa atin kaya hindi natin sila nakikita. Marahil inilalantad ni Allah ang ilan sa kanila sa ilan sa mga propeta Niya at mga sugo Niya.

Ang mga anghel ay may mga gawaing iniatang sa kanila. Kabilang sa kanila si Gabriel na itinalaga sa paghahatid ng pagsisiwalat [ni Allah]. Ibinababa niya ito buhat kay Allah sa sinumang niloob Niya sa mga lingkod Niya na mga isinugo. Kabilang sa kanila ang itinalaga sa pagkuha sa mga kaluluwa.

Kabilang sa kanila ang mga anghel na mga itinalaga sa mga fetus sa loob ng mga sinapupunan. Kabilang sa kanila ang mga itinalaga sa pangangalaga sa mga anak ni Adan. Kabilang sa kanila ang mga itinalaga sa pagsusulat sa mga gawa ng mga tao kaya naman ang bawat tao ay may dalawang anghel: **nasa dakong kanan at nasa dakong kaliwa nakaupo. Wala siyang binibigkas na anumang pagkakasabi malibang sa tabi niya ay may isang nakamasid na handa magtala.**³⁰⁷

Ilan sa mga bunga ng paniniwala sa mga anghel:

A. Na nadadalisay ang pinaniniwalaan ng Muslim mula sa mga bahid ng Shirk at dumi nito dahil ang Muslim, kapag naniwala sa pagkakaroon ng mga anghel na inatangan ni

³⁰⁴ Tingnan ang *'Aqidah Ahl as-Sunnah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah), pahina 44; at ang *Mabádi' al-Islám*, pahina 80,84.

³⁰⁵ Qur'an 21:25-27.

³⁰⁶ Qur'an 21:19-20.

³⁰⁷ Qur'an 50:17-18. Tingnan ang *'Aqidah Ahl as-Sunnah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah), pahina 19.

- Allah ng mga dakilang gawaing ito, ay magwawaksi ng paniniwala sa pagkakaroon ng mga bagay na likhang-isip na nakikilahok daw sa pagpapainog sa Sansinukob;
- B. Na nalalaman ng Muslim na ang mga anghel ay hindi nakapagdudulot ng pakinabang at hindi nakapagdudulot ng pinsala. Sila ay mga pinarangalang lingkod lamang na hindi sumusuway kay Allah sa ipinag-uutos sa kanila at gumagawa sa mga ipinag-uutos sa kanila. Kaya naman hindi niya sila sinasamba, hindi siya bumabaling sa kanila, at hindi siya nahuhumaling sa kanila.

3. Ang paniniwala sa mga kasulatan. Ito ay ang pananampalataya na si Allah ay nagbaba ng mga kasulatan sa mga propeta Niya at mga sugo Niya upang linawin ang karapatan Niya at mag-anyaya tungo sa Kanya, gaya ng sinabi Niya: **Talaga ngang isinugo Namin ang mga sugo kalakip ang mga malinaw na patunay at ibinaba Namin kasama nila ang kasulatan at ang timbangan upang magpanatili ang mga tao sa katarungan.**³⁰⁸ Ang mga kasulatan na ito ay marami, na ang ilan ay ang mga pahina ni Abraham, ang Torah na ibinigay kay Moises, ang kalatas na ibinigay kay David at ang Ebanghelyo na inihatid ni Kristo, sumakanila ang pagbati.

Ang pananampalataya sa mga naunang kasulatan na ito ay naisasakaganapan sa pamamagitan ng pagsampalataya na si Allah ay nagbaba sa mga ito sa mga sugo Niya, at na ang mga ito ay naglaman ng batas na ninais ni Allah na iparating sa mga tao noong panahong iyon.

Ang mga kasulatan na ito na nagpabatid sa atin si Allah hinggil sa mga ito ay naglaho na. Wala nang natira sa mga pahina ni Abraham sa mundo. Tungkol naman sa Torah, Ebanghelyo at Kalatas ni Dawud, ang mga ito, bagamat mayroon pa ring tinatawag sa mga pangalang ito na taglay ng mga Hudyo at mga Kristiyano, gayunpaman ay nabaluktot na at napalitan na.

Nawala ang marami sa bahagi ng mga ito. Pumasok sa mga ito ang hindi naman bahagi ng mga ito. Bagkus ay iniugnay sa mga hindi kinauukulan ng mga ito. Ang Matandang Tipan ay mayroong higit sa apatnapung aklat³⁰⁹ at itinaguri kay Moises (AS) ang lima lamang. Ang mga Ebanghelyo na matatagpuan sa ngayon ay walang isa mang itinaguri kay Kristo.

Tungkol naman sa pinakahuli sa mga kasulatan na ibinaba buhat kay Allah, ito ay ang Dakilang Qur'an na ibinaba Niya kay Muhammad (SAS). Nananatili itong napangangalagaan sa pamamagitan ng pangangalaga ni Allah. Walang nangyari rito na pagbabago o pagpapalit sa mga titik nito o mga salita nito o mga patinig nito o mga kahulugan nito.

Ang pagkakaiba sa pagitan ng Dakilang Qur'an at ng mga nagdaang kasulatan ayon sa maraming aspeto ay ang ilan ang sumusunod:

- A. Na ang mga nagdaang kasulatan na ito ay nawala na; pinasok ng pagbabaluktot at pagpapalit; iniugnay sa mga hindi kinauukulan ng mga ito; dinagdagan ng mga pagpapaliwanag, mga komentaryo at mga paglilinaw; at naglaman na ng maraming

³⁰⁸ Qur'an 57:25.

³⁰⁹ Kung isasama ang mga *Deuterocanonical* na aklat na kinikilala ng Iglesia Romana Catolica. Ang Tagapagsalin.

bagay na mga usaping sumasalungat sa makadiyos na pagsisiwalat, sa katwiran at sa kalikasan ng pagkalalang.

Tungkol naman sa Qur'an, ito ay nananatiling napangangalagaan sa pamamagitan ng pangangalaga ni Allah sa mismong mga titik at mga salita na ibinaba ni Allah kay Muhammad (SAS). Walang nangyari rito na pagbabago at hindi ito pinasok ng pagdaragdag yamang nagmasigasig ang mga Muslim na manatili ang Marangal na Qur'an na dalisay sa bawat dungis. Kaya naman hindi nila ito hinaluan ng iba pa gaya ng talambuhay ng Sugo (SAS) o ng talambuhay ng mga Kasamahan niya, masiyahan nawa si Allah sa kanila, o ng mga paglilinaw rito, o mga patakaran ng mga pagsamba at mga pakikitungo.

B. Na ang mga matandang kasulatan ay walang nalalamang ang mga ito ay may makasaysayang batayan ng kawing ng mga nagsalaysay. May ilan pa sa mga ito na hindi nalalaman kung kanino ipinahayag ni sa kung aling wika unang isinulat. Ang ilan sa mga ito ay iniugnay sa iba na hindi naghatid sa mga ito.

Tungkol naman sa Qur'an, ipinarating ito ng mga Muslim buhat kay Muhammad (SAS) ayon sa tuluy-tuloy na pagpaparating sa bibig at sa panulat. Ang mga Muslim sa bawat panahon at pook ay may libu-libong nakasaulo ng buong Qur'an³¹⁰ at libu-libong³¹¹ nakasulat na kopya. Kapag hindi sumang-ayon ang mga isinatinig na kopya³¹² ng Qur'an sa mga nakasulat na kopya ay hindi isasaalang-alang ang mga kopya na magkasalungat. Kailangang sumang-ayon ang anumang naisaulo sa anumang naisulat.

Higit pa roon, tunay na ang Qur'an ay ipinarating sa pamamagitan ng pagpaparating ng bibig na hindi "pinalad" ng gayon ang alinman aklat sa mundo. Bagkus ay walang natagpuan na anyo ng ganitong pagpaparating kundi sa kalipunan ni Muhammad (SAS). Ang pamamaraan ng pagpaparating na ito ay ganito:

Isinasaulo ng mag-aaral ang Qur'an sa harap ng guro niya. Ang guro niya naman ay naisaulo ang Qur'an sa harap din ng guro nito. Pagkatapos ay pinagkalooban ng guro ang estudyante niya ng isang katunayan na tinatawag na ijazah, na pinatutunayan dito ng guro na siya ay nagpabigkas sa estudyante niya ng [buong Qur'an, na] binigkas niya rin sa mga guro niya. Isang guro pagkatapos ng isang guro. Ang bawat isa sa mga iyon ay babangitin ng guro niya sa mismong pangalan hanggang sa umabot ang kawing ng mga guro sa Sugo ni Allah (SAS). Ganito nagkakarugtong ang kawing ng pagbigkas mula sa isang mag-aaral hanggang sa Sugo.

Nagkatulungan nga ang mga malakas na patunay at ang mga makasaysayang patotoo, na magkakarugtong din ang kawing ng nagpatotoo, sa pagkakaalam sa bawat kabanata at bawat talata ng Marangal na Qur'an kung saan at kailan bumaba kay Muhammad (SAS).

C. Na ang mga wika na ginamit sa pagpapahayag sa mga mga nagdaang kasulatan ay naglaho na magmula ng matagal na panahon na. Kaya walang matatagpuang isang

³¹⁰ Ang Qur'an ay halos kasingkapal ng Bagong Tipan ngunit magpahanggang sa ngayon ay wala pang isang taong nabalitaang nakasaulo sa buong Bagong Tipan. Ang Tagapagsalin.

³¹¹ Sa ngayon ay milyun-milyong kopya at marahil nga ay mahigit bilyon na. Ang Tagapagsalin.

³¹² Sa *cassette* o CD. Ang Tagapagsalin.

nagsasalita nito at kakaunti ang nakauunawa rito sa kasalukuyang panahon.³¹³ Tungkol naman sa wika na ginamit sa pagpapahayag sa Qur'an, ito ay isang buhay na wika na sinasalita sa ngayon ng milyun-milyong tao. Ito ay itinuturo at natututuhan sa lahat ng rehiyon ng mundo. Ang sinumang hindi natuto nito ay makasusumpung sa bawat pook ng makapagpapaunawa sa kanya sa kahulugan ng Marangal na Qur'an.

D. Na ang mga matandang kasulatan ay ukol sa isang takdang panahon at nakatuon sa isang kalipunan mismo at hindi sa ibang pang mga tao. Dahil doon, naglaman ang mga ito ng mga patakaran na laan sa kalipunang iyon at panahong iyon. Ang anumang gaya niyon ay hindi nababagay na maging ukol sa lahat ng tao.

Tungkol naman sa Qur'an, ito ay isang aklat na sumasaklaw sa bawat panahon, naaangkop sa bawat pook at naglalaman ng mga patakaran, mga batas ng pakikitungo at mga kaasalan na naaangkop sa bawat kalipunan at nababagay sa bawat panahon yamang ang pinatutungkulan dito ay nakatuon sa tao sa pangkalahatan.

Sa pamamagitan niyon ay lumilinaw na ang patunay ni Allah sa mga tao ay hindi maaaring maging nasa mga kasulatan na hindi natatagpuan ang mga orihinal na kopya ng mga ito at hindi nakatatagpo sa balat ng lupa ng mga nakapagsasalita ng mga wikang ginamit sa pagsulat sa mga kasulatan na iyon matapos nabaluktot ang mga iyon.

Ang patunay ni Allah sa mga nilikha Niya ay nasa kasulatan lamang na napangalagaan, na naligtas sa pagdaragdag, pagkabawas at pagkabaluktot, na isang kopya na napagtibay sa bawat pook, na nakasulat sa isang buhay na wika na binabasa ng milyun-milyong tao na nagpaparating sa mga mensahe ni Allah sa mga tao.

Ang kasulatan na ito ay ang Dakilang Qur'an na ibinaba ni Allah kay Propeta Muhammad (SAS). Ito ang pamantayan sa mga naunang kasulatan na iyon, ang nagpapatotoo sa mga iyon — bago ang pagkabaluktot sa mga iyon — at ang sumasaksi para sa mga iyon.

Ito ang isinasatungkulin sa buong sangkatauhan na sundin upang magtamo sila ng liwanag, lunas, patnubay at awa. Nagsabi si Allah: **Ito ay isang Aklat na ibinaba Namin, na pinagpala — kaya sundin ninyo ito at mangilag kayong magkasala nang harinawa kayo ay kaawaan** —³¹⁴ Nagsabi pa Siya: **Sabihin mo: “O mga tao, tunay na ako ay Sugo ni Allah sa inyong lahat,**³¹⁵

4. Ang Pananampalataya sa mga sugo, sumakanila ang mga biyaya ni Allah at ang pagbati Niya sa kanila. Si Allah ay nagsugo sa mga nilikha Niya ng mga sugo

³¹³ Ang Bibliya ay naisulat sa tatlong wika: ang Hebreo, ang Aramaic at ang Griego. Ang Hebreo na ginagamit sa ngayon ng Palestina ay ang makabagong Hebreo o Ivrit, hawig ito sa Hebreo ng Bibliya na matagal nang patay. Ang Aramaik naman ay namatay nang lumaganap ang Islam sa Syria at Palestina noong ika-7 siglo. Ang Griego naman ng Bagong Tipan ay nauna pang namatay kaysa sa Aramaic. Ang Tagapagsalin.

³¹⁴ Qur'an 6:155.

³¹⁵ Qur'an 7:158. Tingnan ang naunang *al-'Aqidah as-Sahihah wa má Yuddáduhá* (Ang Tamang Pinaniniwalaan at ang Sumasalungat Dito), pahina 18; *'Aqidah Ahl as-Sunnah wa al-Jamá'ah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah at Pagkakabuklod), pahina 22; at *Mabádi' al-Islám* (Mga Simulain ng Islam), pahina 89.

nagbabalita sa kanila ng hinggil sa Paraiso kapag sumampalataya siya at naniwala sa mga isinugo at nagbababala sa kanila ng pagdurusa kapag sumuway sila.

Nagsabi si Allah: **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo na nagsasabi: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang nagdidiyus-diyusan.”**³¹⁶ Nagsabi pa Siya: **Nagsugo ng mga sugo bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala upang hindi na magkaroon ang mga tao ng isang katwiran kay Allah matapos ang mga sugo.**³¹⁷

Ang mga sugo na ito ay marami. Ang kauna-unahan sa kanila ay Noe (AS) at ang kahuli-hulihan sa kanila ay si Muhammad (SAS). Ang ilan sa kanila ay ibinalita ni Allah ang tungkol sa kanila gaya ni Abraham, ni Moises, ni Jesus, ni David, ni Juan, ni Zacarias at ni *Sálih*, sumakanila ang pagbati. Ang ilan sa kanila ay hindi binanggit ni Allah ang tungkol sa kanila. Nagsabi si Allah: **May mga sugo na isinalaysay na Namin sa iyo noong una at may mga sugo na hindi Namin isinalaysay sa iyo.**³¹⁸

Ang mga sugong ito ay pawang mga tao na nilikha ni Allah. Wala silang anumang bahagi mula sa mga katangian ng pagkapanginoon at pagkadiyos kaya hindi magbabaling sa kanila ng anumang pagsamba o bahagi nito. Hindi rin sila nakakakayang magdulot ng pakinabang ni pinsala para sa mga sarili nila.

Nagsabi si Allah tungkol kay Noe (AS), ang kauna-unahan sa kanila, na siya ay nagsabi sa mga tao niya: **Hindi ko sinasabi sa inyo na taglay ko ang mga imbakan ng panustos ni Allah. Hindi ko nalalaman ang nakalingid. Hindi ko sinasabi na tunay na ako ay isang anghel.**³¹⁹

Inutusan din ni Allah si Muhammad (SAS), ang kahuli-hulihan sa kanila, na magsabi: **Hindi ko sinasabi sa inyo na taglay ko ang mga imbakan ng panustos ni Allah. Hindi ko nalalaman ang nakalingid. Hindi ko sinasabi sa inyo na tunay na ako ay isang anghel. Wala akong sinusunod kundi ang isiniwalat sa akin.**³²⁰ at na magsabi pa: **Hindi ako nakakaya para sa sarili ko na magdulot ng pakinabang ni pinsala maliban sa niloob ni Allah.**³²¹

Samakatuwid ang mga propeta ay mga aliping pinarangalan. Hinirang sila ni Allah at pinarangalan na magparating ng mensahe. Inilarawan Niya sila sa katangiang pagkaalipin [sa Kanya]. Ang Relihiyon nila ay Islam. Hindi tumatanggap si Allah ng isang relihiyon na iba pa roon. Nagsabi si Allah: **Tunay na ang relihiyon sa ganang kay Allah ay ang Islam.**³²²

Nagkaisa ang mga mensahe nila ayon sa mga saligan ng mga ito at nagkaiba-iba ang mga batas nila. Nagsabi si Allah: **Para sa bawat kalipunan ay nagtalaga Kami sa inyo ng isang pagbabatas at isang pamamaraan.**³²³ Ang pangwakas sa mga batas na ito ay ang batas na hatid ni Muhammad (SAS). Ito rin ay nagpapawalang-saysay sa bawat

³¹⁶ Qur'an 16:36.

³¹⁷ Qur'an 4:165.

³¹⁸ Qur'an 4:164.

³¹⁹ Qur'an 11:31.

³²⁰ Qur'an 6:50.

³²¹ Qur'an 7:188.

³²² Qur'an 3:19.

³²³ Qur'an 5:48.

naunang batas. Ang mensahe niya ay ang pangwakas sa mga mensahe. Siya ang pangwakas sa mga isinugo.

Ang sinumang sumampalataya sa isang propeta ay isinatungkulin sa kanya na sumampalataya sa lahat ng propeta. Ang sinumang nagpasinungaling sa isang propeta ay nagpasinungaling na sa kanilang lahat dahil sa ang lahat ng propeta at isinugo ay nag-aanyaya tungo sa panampalataya kay Allah, sa mga anghel, sa mga kasulatan, sa mga sugo at sa Kabilang-buhay, at dahil sa ang relihiyon nila ay iisa.

Samakatuwid ang nagtatangi-tangi sa kanila o sumasampalataya sa ilan sa kanila at tumatangging sumampalataya sa iba pa sa kanila ay tumanggi nang sumampalataya sa kanilang lahat sapagkat lahat sila ay nag-aanyaya tungo sa panampalataya sa lahat ng propeta at isinugo.³²⁴

Nagsabi si Allah: **Sumampalataya ang Sugo sa ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at *gayon din* ang mga manampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. “Hindi kami nagtatangi-tangi sa mga sugo Niya,” *sabi nila*,**³²⁵

Nagsabi pa Siya:

Tunay na ang mga tumatangging sumampalataya kay Allah at sa mga sugo Niya, nagnanais na magtangi-tangi sa pagitan ni Allah at ng mga sugo Niya,³²⁶ nagsasabi: “Sumasampalataya kami sa ilan at tumatanggi kaming sumampalataya sa iba pa,” at nagnanais na lumagay sa isang daan sa pagitan niyon ay ang mga iyon sa totoo ang mga tumatangging sumampalataya. Naghanda Kami para sa mga tumatangging sumampalataya ng isang nakahihyang pagdurusa.³²⁷

5. Ang Panampalataya sa Huling Araw. Iyon ay dahil sa ang wakas ng bawat nilikha sa mundo ay ang kamatayan. Ano kahahantungan ng tao pagkatapos ng kamatayan? Ano ang kauuwian ng mga lumalabag sa katarungan na nakaligtas sa pagdurusa sa mundo? Maliligtas ba sila sa paghihiganti sa paglabag nila sa katarungan? Ang mga nagmamagandang-loob na nakaalpas sa kanila ang bahagi nila at ganti sa pagmamagandang-loob nila sa mundo, mawawala ba ang mga kabayaran sa kanila?

Tunay na ang Sangkatauhan ay nagsusunuran tungo sa kamatayan? Isang salinlahi pagkatapos ng isang salinlahi, hanggang sa ipahintulot ni Allah ang pagbibigay-wakas sa mundo at malipol ang lahat ng nilikha sa ibaba nito. Bubuhayin ni Allah ang lahat ng nilikha sa isang masasaksihang araw. Titipunin ni Allah sa araw na iyon ang mga nauna at ang mga nahuli. Pagkatapos ay tutuusin ang mga tao sa mga gawa nila na mabuti o masama na natamo nila sa mundo. Ang mga manampalataya ay aakayin sa Paraiso at ang mga tumatangging sumampalataya ay aakayin sa Apoy.

³²⁴ Tingnan ang *al-‘Aqidah as-Sahihah wa má Yuddáduhá* (Ang Tamang Pinaniniwalaan at ang Sumasalungat Dito), pahina 17; ang *‘Aqidah Ahl as-Sunnah wa al-Jamá‘ah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah at Pagkakabuklod), pahina 25.

³²⁵ Qur’an 2:285.

³²⁶ Sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Allah at pagtangging sumampalataya sa mga sugo Niya.

³²⁷ Qur’an 4:150-151.

Ang Paraiso ay ang lugod na inihanda ni Allah para sa mga tinangkilik Niya na mga mananampalataya. Sa loob nito ay mayroong mga uri ng lugod na hindi makakaya ng isa na ilarawan. Sa loob nito ay may isandaang antas. Para sa bawat antas ay may mga maninirahan ayon sa sukat ng pananampalataya nila kay Allah at pagtalima nila sa Kanya. Ang pinakamababang antas sa mga maninirahan sa Paraiso ay ang bibigyan ng lugod na tulad ng paghahari ng isang hari ng mundo at sampung ulit nito.

Ang Impiyerno ay ang pagdurusa na inihanda ni Allah sa sinumang tumangging sumampalataya sa Kanya. Sa loob nito ay mayroong mga uri ng pagdurusa na nakapangingilabot banggitin. Kung sakaling ipahihintulot ni Allah ang kamatayan para sa isang tao sa Kabilang-buhay ay talagang namatay na sana ang mga maninirahan sa Impiyerno pagkakita lamang niyon.

Nalaman nga ni Allah, sa pamamagitan ng naunang kaalaman Niya, ang anumang sasabihin at gagawin ng bawat tao, na mabuti o masama, na palihim man o hayagan. Pagkatapos ay nagtalaga Siya sa bawat tao ng dalawang anghel na ang isa dalawa ay nagsusulat ng mga magandang gawa at ang isa pa nagsusulat naman ng mga masagwang gawa. Walang nakalulusot na anuman sa kanilang dalawa. Nagsabi si Allah: **Wala siyang binibigkas na anumang pagkakasabi malibang sa tabi niya ay may isang nakamasid na nakahanda magtala.**³²⁸

Itinatala ang mga gawang ito sa isang aklat na ibibigay sa tao sa Araw ng Pagbangon. Nagsabi si Allah: **Ilalagay ang aklat ng mga gawa kaya makikita mo na ang mga sumasalansang ay mga nababagabag sa nasa loob nito at magsasabi: “O kapighatian sa amin; anong mayroon sa aklat na ito na hindi nag-iiwan ng isang maliit ni isang malaki malibang inisa-isa nito iyon.” Masusumpungan nila na ang anumang ginawa nila ay naroroon. Hindi lalabag ang Panginoon mo sa katarungan sa isa.**³²⁹

Kaya babasahin ng tao ang aklat ng mga gawa niya. Hindi siya magkakaila sa anuman mula rito. Ang sinumang magkakaila sa anuman sa mga gawa niya ay pabibigkasin ni Allah ang pandinig niya, ang paningin niya, ang mga kamay niya, ang mga paa niya at ang balat niya ng lahat ng ginawa niya.

Nagsabi si Allah: **Sasabihin nila sa mga balat nila: “Bakit kayo sumaksi laban sa amin?” Magsasabi ang mga ito: “Pinabigkas kami ni Allah na nagpabigkas sa bawat bagay; at Siya ay lumikha sa inyo sa unang pagkakataon at tungo sa Kanya ay ibabalik kayo. Hindi kayo noon nagkukubli yamang sasaksi laban sa inyo ang pandinig ninyo, ang mga paningin ninyo at ang mga balat ninyo, subalit inakala ninyo na si Allah ay hindi nakaaalam sa marami sa ginagawa ninyo noon.**³³⁰

Ang pananampalataya sa Huling Araw,³³¹ ang Araw ng Pagbangon, ang Araw ng Pagkabuhay at Pagbibigay-buhay ay inihatid ng lahat ng propeta at isinugo. Nagsabi si Allah: **Kabilang sa mga tanda Niya ay na ikaw ay nakakikita na ang lupa ay tigang ngunit kapag ibinaba Namin dito ang tubig ay gumagalaw-galaw ito at lumalago ito.**

³²⁸ Qur'an 50:18.

³²⁹ Qur'an 18:49.

³³⁰ Qur'an 41:21-22.

³³¹ Tingnan para sa karagdagang mga patunay sa Araw ng Pagkabuhay ang pahina A-B ng aklat na ito.

Tunay na ang nagbigay-buhay rito ay talagang magbibigay-buhay sa mga patay. Tunay na Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.³³² Nagsabi pa Siya: **Hindi ba nila napag-alaman na si Allah na lumikha sa mga langit at lupa at hindi napagod sa paglikha sa mga ito ay nakakakaya nga na bumuhay sa mga patay?**³³³

Ito ang hinihiling ng karunungan pandiyos. Si Allah ay hindi lumikha sa mga nilikha Niya bilang isang laro at hindi nag-iwan sa kanila na napababayaan yamang ang pinakamahinang isip sa mga tao ay hindi maaaring gumawa ng isang gawaing may halaga nang walang nalalamang layuning taglay niya, nang walang balak mula sa kanya.

Kaya paanong hindi maguguniguni ito mula sa tao at pagkatapos ay mag-aakala naman ang tao sa Panginoon nito na Siya ay lumikha sa mga nilikha Niya bilang isang laro lamang, at iiwan sila na napababayaan? Pagkataas-taas ni Allah nang malaking kataasan sa sinasabi nila.

Nagsabi Siya: **Kaya ipinagpapalagay ba ninyo na nilikha Namin kayo bilang isang laro lamang, at na kayo sa Amin ay hindi magbabalik?**³³⁴ Nagsabi pa Siya: **Hindi Namin nilikha ang langit at ang lupa, at ang anumang sa pagitan ng dalawang ito nang walang-kabuluhan. Iyon ay akala ng mga tumatangging sumampalataya. Kaya kapighatian sa mga tumangging sumampalataya mula sa Apoy.**³³⁵

Sumaksi sa pananampalataya sa Kanya ang lahat ng matalino. [Ang pagsaksing] ito ay hinihiling ng talino at nagpapasakop dito ang mga matuwid na kalikasan [ng mga tao] dahil sa ang tao, kapag sumampalataya sa Araw ng Pagbangon, ay makatatalos kung bakit itinitigil ng tao ang gawang itinitigil niya at ginagawa ang gawang ginagawa niya bilang paghahangad sa gantimpala buhat kay Allah.

Pagkatapos ay matatalos niya rin na ang sinumang lumabag sa katarungan sa mga tao ay hindi makaiwas na kumuha ng bahagi niya mula sa parusa at gagantihan siya ng mga tao sa Araw ng Pagbangon. Ang tao ay hindi makaiwas na tumanggap ng ganti sa kanya: kung mabuti ay mabuti ang ganti at kung masama ay masama ang ganti, upang magantihan ang bawat kaluluwa sa anumang pinagpunyagian nito at maisakatuparan ang katarungang pandiyos.

Nagsabi si Allah: **Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang munting langgam na kabutihan ay makikita niya iyon; at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang munting langgam na kasamaan ay makikita niya iyon.**³³⁶

Hindi nalalaman ng isa sa mga nilikha kung kailan darating ang Araw ng Pagbangon sapagkat ito ay araw na hindi nalalaman ng isang propetang isinugo ni ng isang anghel na malapit kay Allah, bagkus ay natangi si Allah doon sa kaalaman Niya. Nagsabi Siya: **Tinatanong ka ba nila hinggil sa Huling Oras, kung kailan ang pagdating nito? Sabihin mo: “Ang kaalaman hinggil doon ay nasa Panginoon ko lamang; walang**

³³² Qur'an 41:39.

³³³ Qur'an 46:33.

³³⁴ Qur'an 23:115.

³³⁵ Qur'an 38:27.

³³⁶ Qur'an 99:7-8.

makapagpapahayag dito ukol sa oras nito kundi Siya.³³⁷ Nagsabi pa Siya: **Tunay na si Allah ay may taglay sa kaalaman sa Huling Oras,**³³⁸

6. Ang Pananampalataya sa Tadhana at Pagtatakda. Sasampalataya na si Allah ay nakaalam sa anumang nangyari, anumang nangyayari at anumang mangyayari. Alam Niya ang mga kalagayan ng mga tao, ang mga gawa nila, ang mga taning nila at ang mga ikabubuhay nila.

Nagsabi si Allah: **Tunay na si Allah sa bawat bagay ay Maalam.**³³⁹ Nagsabi pa Siya: **Taglay Niya ang mga susi ng nakalingid; walang nakaaalam sa mga iyon kundi Siya. Nalalaman Niya ang anumang nasa katihan at karagatan. Walang nalalaglag na anumang dahon malibang nalalaman Niya ito. Walang butil sa mga kadiliman ng lupa at walang sariwa ni tuyot kundi nasa isang aklat na maglilinaw.**³⁴⁰

Isinulat Niya ang lahat ng iyon sa isang aklat na nasa Kanya. Nagsabi si Allah: **Bawat bagay ay inisa-isa Namin sa talaang naglilinaw.**³⁴¹ Sinabi pa Niya: **Hindi mo ba nalalaman na si Allah ay nakaaalam sa anumang nasa langit at lupa. Tunay na iyon ay nasa isang aklat. Tunay na iyon kay Allah ay madali.**³⁴²

Kaya kapag niloob ni Allah ang isang bagay ay magsasabi Siya para roon ng “Mangyari” at mangyayari naman. Nagsabi Siya: **Ang utos Niya, kapag niloob Niya ang isang bagay, ay na magsasabi lamang Siya para roon ng “Mangyari” at mangyayari.**³⁴³

Si Allah, kung paanong Siya ay nagtackda sa bawat bagay, Siya rin ang Tagapaglikha sa bawat bagay. Nagsabi Siya: **Tunay na Kami sa bawat bagay ay lumikha ayon sa takda.**³⁴⁴ Nagsabi pa Siya: **Si Allah ay Tagapaglikha ng bawat bagay,**³⁴⁵

Nilikha Niya ang mga tao alang-alang sa pagtalima sa Kanya. Nilinaw Niya ito sa kanila at ipinag-utos Niya ito sa kanila. Sinaway Niya sila laban sa pagsuway sa Kanya at nilinaw Niya ito sa kanila. Ginawan Niya sila ng kakayahan at kalooban na maisasagawa nila sa pamamagitan ng mga ito ang pagtupad sa mga kautusan Niya kaya matatamo nila

³³⁷ Qur'an 7:187.

³³⁸ Qur'an 31:34.

³³⁹ Qur'an 29:62.

³⁴⁰ Qur'an 6:59. Kung sakaling wala [nang talata] sa Marangal Qur'an kundi ito, talagang ito ay magiging isang malinaw na patotoo at kapani-paniwalang katwiran na ang Qur'an ay buhat kay Allah. Iyon ay dahil sa ang sangkatauhan sa lahat ng panahon nila—pati na sa panahong ito na lumaganap na ang kaalaman at nagmalaki ang tao—ay hindi nag-iisip nang ganitong masaklaw na pagkatalos, huwag nang sabihing makakaya nila iyon. Ang sukdulang pagsusumikap nila ay magmasid sa isang puno o isang kulisap sa isang takdang kapaligiran upang tuklasin para sa atin ang isang bahagi ng mga lihim nito ngunit ang nakakubli sa kanila mula rito ay higit na malaki. Tungkol naman sa masaklaw na pag-iisip at masaklaw na pagkatalos, ito ay hindi nakasanayan ng sangkatauhan at hindi nila makakaya.

³⁴¹ Qur'an 36:12.

³⁴² Qur'an 22:70.

³⁴³ Qur'an 36:82.

³⁴⁴ Qur'an 54:49.

³⁴⁵ Qur'an 39:62.

ang gantimpala, at ang paggawa ng mga pagsuway sa Kanya kaya naman magiging karapat-dapat sila sa pagdurusa.

Kapag sumampalataya ang tao sa tadhana at pagtatakda ay maisasakatuparan sa kanya ang sumusunod:

1. Ang pagsandig niya kay Allah sa sandali ng paggawa ng mga kadahilanan [ng ninanais] dahil nalalaman niya na ang kadahilanan [ng ninanais] at ang ibinunga ng kadahilanan [ng ninanais] ay kapwa ayon sa pagtatadhana at pagtatakda ni Allah.
2. Ang katiwasayan ng kaluluwa at ang kapanatagan ng puso dahil kapag nalaman niya na iyon ay ayon sa pagtatadhana at pagtatakda ni Allah at na ang kinasusuklaman na itinakdang magaganap ay mangyayari nang walang pasubali ay matitiwasay ang kaluluwa niya at masisiyahan sa pagtatadhana ni Allah. Kaya naman walang isang higit na kaaya-aya sa pamumuhay, higit na matiwasay ang kaluluwa at higit na malakas sa kapanatagan kaysa sa isang sumampalataya sa pagtatakda.
3. Ang pagtatatuboy sa paghanga sa sarili sa sandali ng pagkatamo ng ninanais dahil ang pagkatamo niyon ay isang biyaya mula Allah ayon sa itinakda Niya na mga kadahilanan ng pagtamo ng mga mabuti at tagumpay, kaya naman magpapasalamat siya kay Allah dahil doon.
4. Ang pagtatatuboy sa ligalig at pagkainis sa sandali ng pagkaalpas ng ninanais o pagkatamo ng kinasusuklaman, dahil iyon ay ayon sa pagtatadhana ni Allah na walang makapagtutulak sa utos Niya at walang walang makapag-iiba³⁴⁶ sa kahatulan Niya. Ito ay mangyayari nang walang pasubali kaya magtitiis siya at aasa ng gantimpala mula kay Allah: **Walang dumapong anumang sakuna sa lupa ni sa mga sarili ninyo malibang naisulat sa aklat bago pa Namin nilalang iyon. Tunay na iyon ay madali para kay Allah. Iyan ay upang hindi kayo magdalamhati sa anumang nakaalpas sa inyo at hindi kayo magsaya na nagmamayabang sa anumang ibinigay sa inyo. Si Allah ay hindi nakaiibig sa bawat palalong hambog,**³⁴⁷
5. Ang ganap na pananalig kay Allah dahil ang Muslim ay nakaaalam na nasa kamay Niya lamang namumutawi ang pakinabang at ang pinsala. Kaya hindi siya masisindak sa isang malakas dahil sa lakas nito at hindi siya hihina sa paggawa ng mabuti dahil sa pangamba sa isa sa mga tao. Nagsabi ang Sugo (SAS) kay Ibnu ‘Abbás (RA): *Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling pagkaisahan nila na dulutan ka ng pakinabang ay hindi sila makapagdudulot sa iyo ng pakinabang maliban sa isang bagay na itinakda na ni Allah para sa iyo, at kung sakaling pagkaisahan nila na dulutan ka ng pinsala ay hindi sila makapagdudulot sa iyo ng pinsala maliban sa isang bagay na itinakda na ni Allah laban sa iyo.*³⁴⁸

³⁴⁶ O makapagpapawalang-bisa. Ang Tagapagsalin.

³⁴⁷ Qur’an 57:22-23. Tingnan ang *al-‘Aqidah as-Sahihah wa má Yuddáduhá* (Ang Tamang Pinaniniwalaan at ang Sumasalungat Dito), pahina 19; ang *‘Aqidah Ahl as-Sunnah wa al-Jam‘ah* (Ang Pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah at Pagkakabuklod), pahina 39; at ang *Dín al-Haqq* (Ang Relihiyon ng Katotohanan), pahina 18.

³⁴⁸ Isinalaysay ito ni Imám Aḥmad sa *Musnad* niya, tomo 1, pahina 293; at ni Imám at-Tirmidhí sa *Sunan at-Tirmidhí sa Abwáb al-Qiyámah* (Mga Kabanata ng Pagbangon ng Patay), tomo 4, pahina 76.

Ang Ikatlong Antas

Ang Ihsán o ang Kagandahang-loob. Ito ay may iisang sandigan. Ito ay ang sambahin mo si Allah na para bang ikaw ay nakakikita sa Kanya, at kung hindi mo man Siya nakakikita ay tunay na Siya ay nakakikita sa iyo. Kaya sasambahin ng tao ang Panginoon niya ayon sa paglalarawang ito: ang pagsasaisip ng pagkalapit sa Kanya at na Siya ay harapan niya. Iyan ay nag-oobliga ng takot, pangamba, pangingilabot at pagdakila at nag-oobliga ng katapatan sa pagsamba at pag-uukol ng pagsisikap sa pagpapahusay at paglubos nito.

Samakatuwid, ang tao ay matatakot sa Panginoon niya sa pagganap sa pagsamba. Isasaisip niya ang kalapitan niya sa Kanya nang sa gayon ay para bang siya ay nakakikita sa Kanya. Ngunit kung naging mahirap sa kanya iyon ay magpapatulong siya [kay Allah] sa pagsasakatuparan niyon sa pamamagitan ng pananampalataya niya na si Allah ay nakakikita sa kanya at nakababatid sa lihim niya at inihahayag niya, sa panloob niya at panlabas niya. Walang naikukubli kay Allah na anuman sa pumapatungkol sa tao.³⁴⁹

Ang tao na nakaabot sa antas na ito ay sumasamba sa Panginoon niya, na nag-uukol ng kawagasan sa Kanya. Hindi siya lumilingon sa isang iba pa kay Allah. Kaya naman hindi niya hinihintay ang pagbubunyi ng mga tao at hindi siya natatakot sa pamumula nila yamang sapat na sa kanya na masiyahan sa kanya ang Panginoon niya at purihin siya ng Poon Niya.

Samakatuwid siya ay isang tao na nagkatulad ang inihahayag niya at ang lihim niya. Siya ay sumasamba sa Panginoon nang sarilinan at nang lantaran, nakatitiyak nang lubusang katiyakan na si Allah ay nakababatid sa kinimkim ng puso niya at ibinubulong nito sa sarili niya. Nanaig ang pananampalataya sa puso niya at nadarama niya ang pagmamasid ng Panginoon niya sa kanya.

Sumuko ang mga kamay at ang mga paa niya sa Tagapaglalang ng mga ito. Kaya wala siyang ginagawang gawain sa pamamagitan ng mga ito kundi ang naiibigan ni Allah at kinasisiyahan Niya. Sumusuko siya sa Panginoon niya.

Nahumaling ang puso niya sa Panginoon niya kaya hindi siya nagpapatulong sa isang nilikha dahil sa kasapatan para sa kanya ni Allah. Hindi siya dumadaing sa tao dahil siya ay nagdulog ng pangangailangan niya kay Allah, at sapat na Siya bilang tagatulong. Hindi siya nangungulila sa isang pook at hindi natatakot sa isa man dahil siya ay nakaaalam na si Allah ay kasama niya sa lahat ng kalagayan niya. Siya ay sapat na sa kanya at kay inam na Tagaadya.

Wala siyang iniwang utos na ipinag-utos ni Allah at hindi siya gumagawa ng pagsuway kay Allah dahil siya ay nahihya kay Allah at kinasusuklaman niya na maiwala ang utos yamang ipinag-utos Niya sa kanya o masumpungan ang pagsuway yamang sinaway Niya sa kanya. Hindi siya nangangaway o lumalabag sa katarungan sa isang nilikha o hindi niya kinukuha ang ukol doon dahil siya ay nakaaalam na si Allah ay nakakikita sa kanya at na Siya ay magtutuos sa mga gawa niya.

³⁴⁹ Tingnan ang *Jámi' al-'Ulum wa al-Hikam* (Kalipunan ng mga Kaalaman at mga Karunungan), pahina 128.

Hindi siya nanggugulo sa mundo dahil siya ay nakaaalam na ang anumang nasa mundo na mga biyaya ay pag-aari ni Allah na ipinagamit Niya sa mga nilikha Niya. Samakatuwid siya ay kumukuha mula sa mga biyayang ito ayon sa sukat ng pangangailangan niya at nagpapasalamat sa Panginoon niya na nagpadali para sa kanya sa pagtamo ng mga ito.

Ang Buod

Tunay na ang nabanggit ko sa iyo at inilahad ko sa harap mo sa aklat na ito ay walang iba kundi mga mahalagang bagay at mga dakilang sandigan sa Islam. Ang mga sandigan na ito ay ang bagay na kapag sinampalatayanan ng tao at isinagawa ay magiging isang Muslim siya.

Ang Islam, gaya ng nabanggit ko sa iyo, ay isang relihiyon at isang mundo, at isang pagsamba at isang paraan ng buhay. Ito ay isang sistemang pandiyos, na masaklaw, na lubos na nasakop sa mga pagbabatas nito ang lahat ng kinakailangan ng kapwa individuwal at kalipunan sa lahat ng larangan ng buhay pampaniniwala, pampolitika, pang-ekonomiya, panlipunan at pangseguridad.

Makatatagpo rito ang tao ng mga panuntunan, mga saligan at mga patakaran na nagsasaayos sa kapayapaan, digmaan at mga obligadong karapatan, at nangangalaga sa karangalan ng tao, ibon, hayop at kapaligiran sa palibot niya. Nililinaw ng Islam sa kanya ang reyalidad ng tao, buhay, kamatayan, at pagkabuhay matapos ang kamatayan.

Matatagpuan rin ng tao sa Islam ang pinakaideyal na pamamaraan sa pakikitungo sa mga tao sa paligid niya, na tulad ng sabi Niya: **magsalita kayo sa mga tao ng maganda;**³⁵⁰ Ang sabi pa Niya: **at mga nagpapaumanhin sa mga tao.**³⁵¹ at ang sabi pa Niya: **Huwag nga mag-uudyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao upang hindi kayo magmakatarungan. Magmakatarungan kayo; ito ay pinakamalapit sa pangingilag sa pagkakasala.**³⁵²

Makabubuti sa atin, yamang nailahad na natin ang mga antas ng Islam at ang mga sandigan ng bawat isa sa mga antas nito, na bumanggit ng isang kaunting sulyap mula sa mga kagandahan nito.

Ilan sa mga Kagandahan ng Islam³⁵³

Mawawalan ng kakayahan ang panulat sa pagsaklaw sa mga kagandahan ng Islam at manghihina ang pagpapahayag sa paglubos sa pagbanggit sa mga kalamangan ng Relihiyong ito. Iyon ay walang iba kundi dahil sa ang Relihiyong ito ay ang Relihiyon mula kay Allah, napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas Niya.

Kaya kung paanong hindi nakasaklaw ang paningin kay Allah sa pagkatalos at hindi nakasaklaw ang mga tao sa Kanya sa kaalaman, gayon din naman ang Batas Niya, hindi

³⁵⁰ Qur'an 2:83.

³⁵¹ Qur'an 3:134.

³⁵² Qur'an 5:8.

³⁵³ Para sa karagdagang pagpapalawak sa paksang ito ay tingnan ang *ad-Dawrah al-Mukhtasarah fi Mahásin ad-Dín al-Islámi* (Maikling Kurso Tungkol sa mga Kagandahan ng Relihiyong Islamiko), akda ni Shaykh 'Abdurrahmán as-Sa'dí, kaawaan siya ni Allah; at ang *Mahásin al-Islám* (Ang mga Kagandahan ng Islam), akda ni Shaykh 'Abdul'azíz as-Salmán.

nakasasaklaw ang panulat sa paglalarawan dito. Nasabi nga ni Ibnu al-Qayyim, kaawaan siya ni Allah:

“Kapag pinagnilay-nilayan mo ang kagilas-gilas na kadahilanan sa matuwid na Relihiyong ito, ang makatotoong kapaniwalaan at ang Batas na inihatid ni Muhammad (SAS) na hindi matatamo ng pagpapahayag ang kalubusan ng mga ito, hindi mararating ng paglalarawan ang kagandahan ng mga ito, at hindi maipanunukala ng mga isip ng mga palaisip — kahit pa man nagkaisa sila at nasa pamumuno ng pinakalubos na lalaki sa kanila — ang mataas pa sa mga ito ay sapat na sa mga isip na lubos na nakalalamang na matalos ang ganda ng mga ito at masaksihan ang kalamangan ng mga ito.

“Walang dumating sa mundo na isang Batas na higit na lubos, ni higit na kapita-pitagan, ni higit na dakila kaysa rito. Kung sakaling hindi naghatid ang Sugo ng isang katibayan para rito ay talagang nakasapat na sana ito [mismo] bilang katunayan, tanda at saksi na ito ay buhat kay Allah. Lahat ng ito ay isang saksi sa kalubusan ng kaalaman; kalubusan ng karunungan; lawak ng awa, kabutihan, pagmamagandang-loob, pagkatalos sa nakalingid at nasasaksihan; at kaalaman sa mga simula at mga kinahihinatnan.

“Ito rin ay kabilang sa napakadakila sa mga biyaya ni Allah na ibinayaya Niya sa mga lingkod Niya. Hindi Siya nagbiyaya sa kanila ng isang biyaya na higit na dakila sa pagpatnubay Niya sa kanila tungo [sa Batas na] ito. Ginawa Niya sila na kabilang sa mga tagatangkilik nito at kabilang sa kinasiyahan Niya para rito.

“Kaya dahil dito ay nagkaloob Siya ng isang biyaya sa mga lingkod Niya sa pamamagitan ng pagpatnubay sa kanila tungo rito. Nagsabi si Allah: **Talaga ngang nagkaloob si Allah ng biyaya sa mga sumasampalataya noong nagpadala Siya sa piling nila ng isang Sugo na kabilang sa mga sarili nila, na bumibigkas sa kanila ng mga Kapahayagan Niya, at naglilinis sa kanila sa kasalanan, at nagtuturo sa kanila ng Aklat at Karunungan, yamang sila noong bago niyon ay talagang nasa isang malinaw na pagkaligaw.**³⁵⁴

“Nagsabi pa Siya, na nagpapakilala sa mga lingkod Niya at nagpapaalaala sa kadakilaan ng biyaya Niya sa kanila, at nanawagan sa kanila na magpasalamat sa Kanya dahil sa paggawa Niya sa kanila ng mga tagatangkilik nito: **Sa araw na ito ay nilubos Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo,**”³⁵⁵

Bahagi ng pasasalamat kay Allah sa panig natin dahil sa Relihiyong ito ay na bumanggit tayo ng mga aspeto ng mga kagandahan nito, kaya masasabi natin:

1. Ito ay Relihiyong mula kay Allah

Ito ang relihiyon na kinasiyahan Niya para sarili Niya. Ipinadala Niya dahil dito ang mga sugo Niya. Ipinahintulot Niya para sa mga lingkod Niya na sambahin nila Siya sa pamamagitan nito. Kung paanong hindi nakawawangis ng Tagapaglikha ang nilikha ay gayon din naman hindi nakawawangis ng Relihiyon mula sa Kanya — ang Islam — ang mga batas na gawa ng mga nilikha at ang mga relihiyon na gawa nila.

³⁵⁴ Qur'an 3:164.

³⁵⁵ *Miftáh Dár as-Sa'adah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 1, pahina 374-375. Qur'an 5:3.

Kung paanong nailarawan Siya sa pamamagitan ganap na kalubusan, gayon din naman ang Relihiyon mula sa Kanya ay may ganap na kalubusan sa paglubos sa mga batas na nagpapabuti sa pamumuhay ng mga tao at sa kabilang-buhay nila, at sa pagsaklaw sa mga karapatan ng Tagapaglikha, mga tungkulin ng mga tao sa Kanya, mga karapatan ng isa't isa sa kanila, at mga tungkulin ng isa't isa sa kanila.

2. Ang Pagkamasaklaw

Kabilang sa pinakatampok sa mga kagandahan ng Relihiyong ito ay ang pagsaklaw nito sa lahat ng bagay. Nagsabi si Allah: **Wala Kaming pinabayaan sa aklat na anumang bagay.**³⁵⁶ Nasaklawan ng Relihiyong ito ang lahat ng nauugnay sa Tagapaglikha gaya ng mga pangalan ni Niya, mga katangian Niya at mga karapatan Niya, at ang lahat ng nauugnay sa nilikha gaya ng mga batas, mga tungkulin, mga kaasalan at pakikitungo.

Nasakop din ng Relihiyong ito ang tungkol sa mga naunang tao, mga nahuling tao, mga anghel, mga propeta at mga isinugo. Nagsalita ito tungkol sa langit, lupa, mga celestial body, mga bituin, mga dagat, mga kahoy at Sansinukob. Binanggit nito ang dahilan ng paglikha, ang layon nito at ang wakas nito. Binanggit nito ang Paraiso at ang kauuwian ng mga mananampalataya. Binanggit din nito ang Impiyerno at ang wakas ng mga tumatangging sumampalataya.

3. Inuugnay nito ang Tagapaglikha sa nilikha

Natangi ang bawat bulaang relihiyon at ang bawat kapaniwalaan sa pag-uugnay nito ng tao sa taong tulad niya na nakalantad sa kamatayan, kahinaan, kawalan ng kakayahan at sakit. Bagkus marahil ay itinatali nito siya sa isang taong namatay magmula pa noong daan-daang taon at naging mga buto at alabok na.

Natangi ang Relihiyong ito, ang Islam, sa direktahang pag-uugnay nito ng tao sa Tagapaglikha niya. Kaya naman walang nang pari ni santo ni banal na sakramento. Ito ay direktahang pagkakaugnay lamang sa pagitan ng Tagapaglikha at nilikha. Isang pagkakaugnay na nagtatali sa isip sa Panginoon nito. Kaya naman napagliliwanagan ito, nagpapagabay ito, nagpapakatayog ito, nagpapakataas-taas ito, humihiling ito ng kalubusan at nagwawalang-bahala ito sa mga kabalbalan at mga maliit na bagay yamang ang bawat puso na hindi nakatali sa Tagapaglikha nito ay higit na ligaw kaysa sa mga hayop.

Ito ay isang pagkakaugnay sa pagitan ng Tagapaglikha at nilikha, na nalalaman niya sa pamamagitan nito ang nais ni Allah sa kanya kaya naman sinasamba niya si Allah ayon sa kamalayan. Nalalaman niya ang mga kinaroroonan ng kasiyahan ni Allah kaya naman hinahanap niya ang mga ito, at ang mga kinaroroonan ng galit Niya kaya naman iniwasan niya ang mga ito.

Ito ay isang pagkakaugnay sa pagitan ng Dakilang Tagapaglikha at nilikhang mahina na nangangailangan kaya naman hinihiling niya mula sa Kanya ang ayuda, ang tulong at ang pagpapanagumpay. Hinihingi niya sa Kanya na pangalagaan siya laban sa pakana ng mga nagpapakana at laro ng mga demonyo.

4. Pagsasaalang-alang sa mga kapakanan sa mundo at kabilang-buhay

³⁵⁶ Qur'an 6:38.

Ibinatay ang Batas ng Islam sa pagsasaalang-alang sa mga kapakanan sa mundo at kabilang-buhay at paglubos sa mga marangal sa mga kaasalan.

Tungkol naman sa paglilinaw sa mga kapakanan sa kabilang-buhay, nilinaw na nitong Batas ng Islam na ang mga aspeto ng mga iyon at walang nawaglit na anuman mula sa mga iyon. Bagkus ay ipinaliwanag nito ang mga iyon at binigyang-pakahulugan nito ang mga iyon upang walang hindi malaman na anuman sa mga iyon. Nangako ito ng lugod sa kabilang-buhay at nagbanta rin ng pagdurusa roon.

Tungkol naman sa paglilinaw sa mga kapakanang pangmundo, isinabatas na ni Allah sa Relihiyong ito ang nangangalaga sa tao sa relihiyon niya, sarili niya, ari-arian niya, kaangkanan niya, karangalan niya at isip niya.

Tungkol naman sa paglilinaw sa mga marangal sa mga kaasalan, ipinag-utos ang mga iyon ng Islam sa panlabas at panloob. Sinaway nito ang mga masama at ang mga walang-kabuluhan sa mga iyon. Kabilang sa mga marangal na mga kaasalan na panlabas ay ang kalinisan, ang kadalisan, ang pag-iwas sa mga kasalulaan at mga marumi.

Itinagubilin nito ang pagpapabango at ang pagpapaganda ng anyo. Ipinagbabawal nito ang mga masagwa gaya ng pangangalunya, pag-inom ng alak, at pagkain ng hayop na hindi nakatay,³⁵⁷ ng dugo at ng baboy. Ipinag-utos nito ang pagkain ng mabuting bagay at sinaway ang pagsasayang at ang pagwawaldas.

Tungkol naman sa panloob na kalinisan, ito ay pumapatungkol sa pagtalikod sa mapupulaang mga kaasalan at sa pagtataglay ng mapupuri at minamagandang mga kaasalan. Ang mga kaasalang mapupulaan ay gaya ng pagkasinungaling, pagkabuktot, pagkamagagalitin, pagkamainggitin, pagkamaramot, pagkaaba ng sarili, pagkamaibigin sa katanyagan, pagkamaibigin sa kamunduhan, pagkamapagmalaki, pagkahambog at pagkamapagpakitang-tao. Kabilang naman sa mga mapupuring kaasalan ay ang kagandahan ng asal, ang kagandahan ng pakikisama sa mga tao, ang pagmamagandang-loob sa kanila, ang katarungan, ang pagpapakumbaba, ang katapatan, ang kagalantehan ng kaluluwa, ang pagkamapagkaloob, ang pananalig kay Allah, ang kawagasan, ang takot kay Allah, ang pagtitiis, at ang pagpapasalamat.³⁵⁸

5. Ang Kadalian

Ito ay isa sa mga katangian na namukod ang Relihiyon na ito sapagkat sa bawat isa sa mga gawain nito ay may kadalian at bawat isa sa mga pagsamba nito ay may kadalian. Nagsabi si Allah: **at hindi Siya naglagay sa inyo sa Relihiyon ng anumang pahirap,**³⁵⁹

Ang una sa kadalian na ito ay na ang sinumang nagnanais na pumasok sa Relihiyong ito ay hindi na mangangailangan ng isang tulay na tao o ng isang pagkumpisal ng kasalanan ng nagdaang kahapon. Bagkus ang kailangan sa kanya ay magpakadalisan, maglinis, sumaksi na walang tunay na Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, maniwala sa kahulugan ng mga ito, at isagawa ang hinihiling ng pagsaksing ito.

³⁵⁷ Ang hayop na namatay sa sakuna o sa sakit. Ang Tagapagsalin.

³⁵⁸ Tingnan ang *al-I'lam Bimá Fí Dín an-Naşárá Min al-Fasád wa al-Awhám* (Ang Pagpapaalam sa Nasa Relihiyon ng mga Kristiyano na Katiwalian at mga Kahibangan) ni al-Qurtubí, pahina 442-445.

³⁵⁹ Qur'an 22:78.

Pagkatapos, tunay na ang bawat pagsamba ay pinapasok ng kadalian at pagpapagaan kapag naglakbay ang tao o nagkasakit. Ngunit nagtatala para sa kanya ng gawain na tulad ng ginagawa niya noong siya ay malusog at hindi naglalakbay. Tunay na ang buhay ng tunay na Muslim ay nagiging pinadali at panatag, taliwas sa buhay ng tumatangging sumampalataya sapagkat ito ay masikap at mahirap.

Gayon din ang kamatayan ng mananampalataya, ito ay magiging madali sapagkat lalabas ang kaluluwa niya gaya ng paglabas ng patak mula sa sisidlan. Nagsabi si Allah: **na mga kukunin ng mga anghel habang mga mabuti sila, na nagsasabi: “Kapayapaan ay sumainyo. Pasukin ninyo ang Paraiso dahil sa ginagawa ninyo noon.”**³⁶⁰

Tungkol naman sa tumatangging sumampalataya, dadalo ang mga mabagsik na anghel sa sandali ng kamatayan niya at hahagupitin nila siya ng mga latigo. Nagsabi si Allah: **Kung nakikita mo sana nang ang mga lumalabag sa katarungan ay nasa mga hapdi ng kamatayan samantalang ang mga anghel ay nag-aabot ng mga kamay nila, na nagsasabi: “Ilabas ninyo ang mga kaluluwa ninyo; ngayon ay gagantihan kayo ng pagdurusa ng kahihyan dahil sa kayo noon ay nagsasabi hinggil kay Allah ng hindi totoo at kayo noon sa mga tanda Niya ay nagmamalaki.”**³⁶¹

Nagsabi pa Siya: **Kung nakikita mo sana kapag kinukuha ang mga tumangging sumasampalataya ng mga anghel, na hinahagupit ng mga ito ang mga mukha nila at ang mga likod nila habang sinasabihan: “Lasapin ninyo ang pagdurusa ng pagkasunog.”**³⁶²

6. Ang Katarungan

Ito ay dahil sa ang nagsabatas ng mga batas na pang-Islam ay si Allah lamang. Siya ang Tagapaglikha ng lahat ng nilikha: ang puti at ang itim, at ang lalaki at ang babae. Sila sa harap ng kahatulan Niya, katarungan Niya at awa Niya ay magkatulad. Nagsabatas na Siya para sa bawat lalaki at babae ng nababagay sa kanila.

Kaya sa sandaling iyon ay imposible na papanigan ng Batas ng Islam ang lalaki sa ikapipinsala ng babae, o papaboran ang babae at lalabag naman sa katarungan sa lalaki, o itatangi ang taong puti ng ilang pagtatangi at pagkakaitan ng mga ito ang taong itim. Samakatuwid ang lahat sa harap ng batas ni Allah ay magkatulad; walang pagkakaiba sa kanila kundi sa pangangilag sa pagkakasala.

7. Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama

Naglaman ang Batas ng Islam ng marangal na katangian at matayog na kakanyahan. Pakatandaan, ito ay ang pag-uutos sa nakabubuti at ang pagsaway sa nakasasama. Isinasatungkulin sa bawat lalaking Muslim at babaing Muslim, na may hustong gulang, na may sapat na pag-iisip at na nakakaya, na mag-utos at sumaway ayon sa kakayahan niya, alinsunod sa mga antas ng pag-uutos at pagsaway.

Ito ay ang pag-uutos at ang pagsaway ayon sa magagawa niya; ngunit kung hindi niya makakaya ay ayon sa masasabi niya; ngunit kung hindi niya rin makakaya ayon sa

³⁶⁰ Qur'an 16:32.

³⁶¹ Qur'an 6:93.

³⁶² Qur'an 8:50.

maisasapuso niya. Sa pamamagitan nito, ang buong kalipunan ay maging tagamasid sa kalipunan. Kaya ang bawat individuwal ay may tungkulin na mag-uutos sa nakabubuti at sumaway sa nakasasama sa sinumang nagkulang sa nakabubuti o nakagawa ng nakasasama, maging sa namumuno o pinumumunuan alinsunod sa kakayahan at ayon sa mga panuntunan ng Batas ng Islam na nagreregula sa bagay na ito.

Ang pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama na ito, gaya ng nakikita mo, ay tungkulin ng bawat individuwal alinsunod sa kakayahan niya samantalang ipinagmamalaki naman ng marami sa mga makabagong sistemang pulitikal na ang mga ito raw ay nagkakaloob sa mga partidong oposisyon na magmasid sa daloy ng gawaing pampamahalaan at sa pagganap sa mga opisyal na burukrasya.

Ito ang ilan sa mga kagandahan ng Islam. Kung sakaling nais mo ang detalye ay talagang mangangailangan iyon ng pagtalakay sa bawat gawain, bawat tungkulin, bawat pag-uutos at bawat pagsaway, para sa paglilinaw sa tinataglay nito na kapani-paniwalang katwiran, tumpak na pagbabatas, sukdulang kagandahan at kalubusang walang-kaparis. Ang sinumang nagnilay-nilay sa mga isinabatas ng Relihiyong ito ay malalaman niya nang may kaalamang nakatitiyak na ang mga ito ay buhat kay Allah at na ang mga ito ay ang katotohanan na walang duda at ang patnubay na walang kaligawan.

Kaya kung nais mo na lumapit kay Allah, sundin ang Batas Niya, sundan ang bakas ng mga propeta Niya at mga sugo Niya at ang pinto ng pagbabalik-loob sa harap mo ay nakabukas at ang Panginoon mo ay ang Mapagpatawad, ang Pinakamaawain, na nanawagan sa iyo upang magpatawad sa iyo.

Ang Pagbabalik-loob

Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Bawat anak ni Adan ay mapagkamali at ang pinakamabuti sa mga mapagkamali at ang mga mapagbalik-loob.***³⁶³ Ang tao ay mahina sa sarili niya, mahina sa pagtitika niya at pagpapasya niya. Hindi niya nakakaya na dalhin ang resulta ng pagkakasala niya at pagkakamali niya.

Kaya naman nagpagaan si Allah sa tao bilang awa sa kanya. Isinabatas Niya para sa kanya ang pagbabalik-loob. Ang katotohanan ng pagbabalik-loob ay ang pagtigil sa pagkakasala dahil sa kapangitan nito dala ng pangamba kay Allah at pag-asa sa inihanda Niya sa mga lingkod Niya, ang pagsisisi sa anumang pagpapabaya mula sa kanya, ang pagpapasya sa pagtigil sa panunumbalik, at ang pagtutumpak sa anumang natira sa buhay sa pamamagitan ng mga matuwid na gawa.³⁶⁴

Samakatuwid ito, gaya ng nalalaman mo, ay isang purong gawaing pampuso sa pagitan ng tao at ng Panginoon niya, na walang pagod para sa kanya ni pagkapagal, at walang pagpapakahirap sa isang mabigat na gawain. Ito ay gawain ng puso at pagkalas sa pagkakasala at hindi pagbalik doon. Sa pagpipigil ay may pagtigil at kapahingahan.³⁶⁵

³⁶³ Isinalaysay ito ni Imám Aḥmad sa Musnad niya, tomo 3, pahina 198; ni Imám at-Tirmidhí sa Sunan at-Tirmidhí sa *Abwáb Sifah al-Qiyámah*, tomo 4, pahina 49; at ni Ibnu Májah sa *Kitáb az-Zuhd*, tomo 4, pahina 491.

³⁶⁴ *Al-Mufradát Fí Gharíb al-Qur'án* (Ang Bokabularyo ng Bhirang Salita ng Qur'an), pahina 76.

³⁶⁵ *Al-Fawá'id* (Ang mga Pakinabang) ni Ibnu al-Qayyim, pahina 116.

Samakatuwid hindi mo kakailanganin na magbalik-loob sa kamay ng tao na maaaring magbuko sa iyo, magbunyag sa lihim mo at magsamantala sa kahinaan mo. Ito ay isang pakikipagsarilinan lamang sa pagitan mo at ng Panginoon mo. Hihingi ka ng tawad sa Kanya at hihingi ka ng patnubay sa Kanya, tatanggapin Niya naman ang pagbabalik-loob mo.

Samakatuwid sa Islam ay walang manang kasalanan at walang hinihintay na tagapagligtas sa kasalanan ng mga tao. Gaya nga ng nasumpungan ng dating Hudyo na Austriano na napatnubayan sa Islam na si Muhammad Asad kung saan nagsabi siya:

“Hindi ko nakaya na makasumpong sa alinmang bahagi ng Qur’an ng alinmang pagbanggit sa pangangailangan sa kaligtasan sa [manang] kasalanan. Sa Islam ay walang manang kasalanan na humahdlang sa pagitan ng individuwal at kahahantungan niya. Iyon ay dahil sa **walang ukol sa tao kundi ang pinagpunyagian niya,**³⁶⁶ Hindi hinihiling sa tao na maghandog ng alay o patayin ang sarili niya upang mabuksan sa kanya ang mga pinto ng pagbabalik-loob at makapagwaksi ng kasalanan.”³⁶⁷

Bagkus gaya nga ng sinabi ni Allah: **na hindi papasanin ng isang pumapasan ang kasalanang pasanin ng iba,**³⁶⁸

Ang Pagbabalik-loob ay may mga dakilang epekto at bunga. Babanggitin natin ang ilan sa mga ito:

1. Na malalaman ng tao ang lawak ng pagtitimpi ni Allah at ng pagkamapagbigay Niya dahil sa pagtatakip Niya. Kung sakaling niloob Niya ay talagang minadali na Niya sana siya dahil sa pagkakasala niya at talagang ibinuko na Niya sana siya sa mga lingkod Niya, kaya hindi magiging kaaya-aya para sa kanya na mamuhay kasama nila. Bagkus ay pinarangalan Niya siya sa pamamagitan ng pagtatakip Niya, binalot Niya siya ng pagtitimpi Niya, at inayudahan Niya siya ng kapangyarihan, lakas, panustos at pagkain.
2. Na malalaman niya ang reyalidad ng sarili. Ito ay isang kaluluwang palautos sa kasamaan. Ang anumang namutawi mula rito na kasalanan, pagkakasala at pagkukulang ay isang patunay sa kahinaan ng kaluluwa at kawalang kakayahan nito sa pagtitiis laban sa mga ipinagbabawal na hilig nito. Walang kalayaan ito sa pangangailangan kay Allah — isang kikap mata man — upang dalisayin Niya ito at patnubayan Niya ito.
3. Isinabatas ni Allah ang pagbabalik-loob upang matamo sa pamamagitan nito ang pinakadakila sa mga kadahilanan ng kaligayahan ng tao: ang pagpapakanlong kay Allah at ang pagpapatulong sa Kanya. Natatamo rin sa pamamagitan nito ang mga uri ng panalangin, pagsusumamo, pamamanhik, pagdulog, pag-ibig, pangamba at pag-asa. Kaya napapalapit ang kaluluwa sa Tagapaglikha niya sa isang pagkakalapit na natatangi, na hindi naganap sa kanya nang walang pagbabalik-loob at pagpapakanlong kay Allah.
4. Na magpapatawad si Allah sa Kanya sa anumang nagdaan na pagkakasala niya. Nagsabi si Allah: **Sabihin mo sa mga tumangging sumampalataya na kung titigil sila ay magpapatawad sa kanila sa anumang pagkakasalang nakalipas na;**³⁶⁹

³⁶⁶ Qur’an 53:39.

³⁶⁷ *The Way to Islam*, ni Muhammad Asad, pahina 140.

³⁶⁸ Qur’an 53:38.

5. Na papalitan ang mga masagwang nagawa ng tao ng mga maganda. Nagsabi si Allah: **Maliban sa sinumang nagbalik-loob, sumampalataya at gumawa ng gawang matuwid sapagkat ang mga iyon ay papalitan ni Allah ang mga gawang masagwa nila ng gawang maganda. Si Allah ay laging Mapagpatawad, Maawain.**³⁷⁰
6. Na pakikitunguhan ng tao ang mga kalahi niya—sa kabila ng paggawa nila ng masama sa kanya at mga mali nila sa kanya—ng iibigin niyang ipakikitungo ni Allah sa kanya sa kabila paggawa niya ng masama, mga mali niya at mga pagkakasala niya sapagkat ang ganti ay kauri ng ginawa. Kaya kapag pinakitunguhan niya ang mga tao ng ganitong magandang pakikitungo ay sasailalim din siya sa tulad nito mula sa Panginoon niya. Tutumbasan ni Allah ang paglapastangan niya at ang pagkakasala niya ng pagmamagandang-loob gaya noong itinutumbas niya sa paglapastangan ng mga tao sa kanya.
7. Na nalalaman niya na ang sarili niya ay maraming mali at kapintasan, kaya nag-oobliga sa kanya iyon ng pagpigil sa pagpuna sa mga kapintasan ng mga tao. Magpapakaabala siya sa pagpapabuti sa sarili niya sa halip na pag-isip-isipan ang mga kapintasan ng mga iba.³⁷¹

Wawakasan ko ang paksang ito sa pamamagitan ng balita ng isang lalaki na pumunta sa Propeta (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Allah, walang akong iniwan na maliit na pagsuway ni malaking pagsuway malibang ginawa ko. Nagsabi siya nang tatlong ulit: **Hindi ka ba sumasaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah?** Nagsabi ito: Hindi po. Nagsabi siya: **[Ang pagsaksing] iyan ay pupuksa sa [pagkakasalang] iyon.** Sa isa namang salaysay: **Tunay na [ang pagsaksing] ito ay pupuksa sa lahat ng [pagkakasalang] iyon.**³⁷²

Sa isa pang salaysay ay nasaad: Na may pumuntang isang lalaki sa Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi: Ano po ang tingin mo sa isang lalaki na gumawa ng lahat ng pagkakasala ngunit hindi nagtambal kay Allah, pagkataas-taas Niya, ng anuman at siya sa [sandaling] iyon ay hindi nag-iiwan ng isang maliit na pagsuway o malaking pagsuway malibang kinukuha niya ito sa pamamagitan ng kanan niya. Kaya may pagtanggap ba ng pagbabalik-loob para roon?

Nagsabi siya: **Yumakap ka ba sa Islam?** Nagsabi ito: Tungkol naman sa akin, sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Allah lamang: wala Siyang katambal, at na ikaw ay Sugo ni Allah. Nagsabi siya: **Oo! Gagawin na mo ang mga mabuti at iiwan mo na ang mga masama. Gagawin ang mga ito ni Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, para sa iyo bilang mga kabutihan lahat.**

³⁶⁹ Qur'an 8:38.

³⁷⁰ Qur'an 25:70.

³⁷¹ Tingnan ang *Miftáh Dár as-Sa'adah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 1, pahina 358-370.

³⁷² Isinalaysay ito ni Abú Ya'lí sa *Musnad* niya, tomo 6, pahina 155; ni at-Tabrání sa *al-Mu'jam al-Wasít*, tomo 7, pahina 132; sa *aṣ-Saghír*, tomo 2, pahina 201; sa *ad-Diyá' Fí al-Mukhtárah*, tomo 5, pahina 151-152. Sinabi niya na ang kawing ng pagkasalaysay nito ay tumpak. Sinabi niya sa *al-Mujamma'*, tomo 10, pahina 83: Isinalaysay ito ni Abú Ya'lí, ni al-Barráz na tulad nito, ni at-Tabrání sa *aṣ-Saghír* at *al-Awsát*. Ang mga mananalaysay nito ay mga mapananaligan.

Nagsabi ito: [Pati] ang mga pandaraya ko at ang mga kahalayan ko? Nagsabi siya: **Oo.** Nagsabi ito: Si Allah ay pinakadakila. Hindi ito tumigil sa pagdakila hanggang sa naglaho ito.³⁷³

Samakatuwid ang Islam ay nagpapawalang-kabuluhan sa nauna rito at ang tapat na pagbabalik-loob ay papawi sa naunang [kasalanan] dito, gaya ng pinagtibay ayon doon ng Hadith buhat sa Propeta (SAS).

Ang Kahihinatnan ng Hindi Sumunod sa Islam

Luminaw sa iyo sa aklat na ito na ang Islam ay ang Relihiyon mula kay Allah. Ito ang totoong Relihiyon. Ito ang Relihiyon na inihatid ng lahat ng propeta at isinugo. Naghanda na si Allah ng malaking gantimpala sa mundo at kabilang-buhay sa sinumang sumampalataya rito at nagbanta ng matinding pagdurusa sa sinumang tumangging sumampalataya rito.

Sapagkat si Allah ang Tagapaglikha, ang Nagmamay-ari at ang Namamahala sa Sansinukob na ito — samantalang ikaw, tao, ay isa sa mga nilikha Niya — nilikha ka Niya, pinasunud-sunuran Niya sa iyo ang lahat ng nasa Sansinukob, isinabatas Niya ang batas Niya at inutusan ka Niya na sundin ito. Kaya kung sumampalataya ka, tumalima ka sa ipinag-utos Niya sa iyo at itinigil mo ang anumang sinaway Niya sa iyo ay matatamo mo ang ipinangako Niya sa iyo sa tahanan sa kabilang-buhay: ang lugod na mananatili.

Liligaya ka sa mundo sa pamamagitan ng ibinibiyaya sa iyo na mga uri ng lugod at magiging kawangis ka ng pinakalubos sa mga tao sa pag-iisip at pinakadalisay sa kanila sa mga kaluluwa. Sila ay ang mga propeta, ang mga sugo, ang mga matuwid at mga anghel na malapit kay Allah.

Kung tumanggi kang sumampalataya at sumuway ka sa Panginoon ay mapapahamak ang mundo mo at ang kabilang-buhay mo at mahaharap ka galit Niya at parusa Niya sa mundo at kabilang-buhay. Ikaw ay magiging kawangis ng pinakamasama sa mga nilikha, pinakakulang sa kanila sa mga pang-unawa at pinakahamak sa kanila sa mga kaluluwa: ang mga demonyo, ang mga nang-aapi, ang mga nanggugulo at ang mga nagdidiyus-diyusan. Ito ay ayon sa paglalahat.

Maglilinaw ako sa iyo ng ilan sa mga kahihinatnan ng kawalang-panampalataya sa paraang madetalye:

1. Ang Pangamba at Kawalan ng Katiwasayan

Pinangakuan ni Allah ang mga sumampalataya sa Kanya at sumunod sa mga sugo Niya ng lubos na katiwasayan sa buhay sa mundo at sa kabilang-buhay. Nagsabi si Allah: **Ang mga sumampalataya at hindi naghalo sa panampalataya nila ng isang paglabag sa katarungan, ang mga iyon ay magkakaroon ng katiwasayan at sila ay mga napapatnubayan.**³⁷⁴

³⁷³ Isinalaysay ito ni Ibnu 'Asim sa *al-Āḥad wa al-Mathānī*, tomo 5, pahina: 188; at ni at-Ṭabrānī sa *al-Kabīr*, tomo 7, pahina 53 at pahina 314. Nagsabi si al-Haythamī sa *al-Mujamma'*, tomo 1, pahina 32: Isinalaysay ito ni at-Ṭabrānī at ni al-Barrāz na tulad nito. Ang mga mananalaysay ni al-Barrāz ay mga mananalaysay na tumpak maliban kay Muhammad ibnu Hārūn Abī Nashīṭ.

³⁷⁴ Qur'an 6:82.

Si Allah ang Tagapagpatiwasay at ang Tagpagbantay. Siya ang Nagmamay-ari sa lahat ng nasa Sansinukob. Kapag umibig Siya sa isang tao dahil sa pananampalataya nito ay pinagkakalooban Niya ito ng katiwasayan, katahimikan at kapanatagan. Kapag tumangging sumampalataya ang tao ay aalisin Niya rito ang kapanatagan nito at ang katiwasayan nito.

Kaya hindi mo siya makikita kundi nangangamba sa kahahantungan niya sa tahanan sa kabilang-buhay, nangangamba para sa sarili niya sa mga karamdaman at mga sakit, at nangangamba sa hinaharap niya sa mundo. Dahil dito ay lumitaw ang pamilihan ng *insurance* para sa buhay at mga pag-aari dahil sa kawalan ng katiwasayan at kawalan ng pananalig kay Allah.

2. Ang Masikip na Pamumuhay

Nilikha ni Allah ang tao. Pinasunud-sunuran Niya para sa kanya ang lahat ng nasa Sansinukob. Hinati-hati Niya sa bawat nilikha ang bahagi nito na panustos at buhay. Kaya ikaw ay nakakikita na ang ibon ay umaalis sa pugad nito upang maghanap ng ikabubuhay nito at pupulutin iyon. Nagpapalipat-lipat ito mula sa isang sanga patungo sa isa pang sanga. Umaawit ito ng napakatamis na mga himig.

Ang tao ay isang nilikha na kabilang sa mga nilikhang ito na hinatian ng ikabubuhay ng mga ito at buhay ng mga ito. Kaya kung sumampalataya siya sa Panginoon nito at nanatili sa Batas Niya ay pagkakalooban siya ng kaligayahan at katiwasayan at padadaliin ang nauukol sa kanya, kahit pa wala siyang anuman kundi ang pinakamaliit na mga kailangan ng buhay.

Kung tumanggi siyang sumampalataya sa Panginoon niya at nagmalaki sa pagtangga sa pagsamba sa Kanya ay gagawin Niya ang buhay niya na masikip at titipunin sa kanya ang mga alalahanin at mga pighati, kahit pa man nagtaglay siya ng lahat ng kaparaanan ng kapahingahan at uri ng pampalugod. Hindi mo ba nakikita ang dami ng mga nagpapatiwakal sa mga bansang naggagarantiya sa mga mamamayan ng mga ito ng lahat ng kaparaanan ng luho? Hindi mo ba nakikita ang pagsasayang sa mga klase ng mga kasangkapan at mga uri ng paglalakbay alang-alang sa pagpapakaligaya sa buhay?

Tunay na ang nagtutulak sa pagsasayang doon ay ang kawalan ng puso ng pananampalataya, ang pagkadama ng paninikip ng dibdib at paninikip ng buhay at ang pagtatangka na itaboy ang pagkabagabag na ito sa pamamagitan na iba-ibang mga pabagu-pabagong kaparaanan. Nagsabi si Allah ng totoo yamang sinasabi Niya: **Ang sinumang bumaling palayo sa pag-alaala sa Akin ay tunay na magkakaroon siya ng isang masikip na pamumuhay. Iipunin Namin siya sa araw ng pagbangon na isang bulag.**³⁷⁵

3. Namumuhay siya sa pakikipagtunggali sa sarili niya at sa Sansinukob sa paligid niya

Iyan ay dahil sa ang sarili niya ay nilalang sa paniniwala sa pagkaiisa ng Diyos. Nagsabi si Allah: **Mamalagi sa kalikasan ng pagkalalang ni Allah na nilalang Niya ang mga tao ayon doon.**³⁷⁶ Ang katawan niya ay sumuko sa Tagapaglikha niya at tumahak sa

³⁷⁵ Qur'an 20:124.

³⁷⁶ Qur'an 30:30.

sistema Niya. Ngunit walang ninais ang tumatangging sumampalataya kundi salungatin ang kalikasan niya at mamuhay ayon sa mga pinipiling kapasyahan niya na sumasalungat sa utos ng Panginoon niya. Kaya talagang kung ang katawan niya ay sumusuko, tunay na ang pagpipili niya ay sumasalungat naman.

Siya ay nasa isang pakikipagtunggali sa Sansinukob sa pagligid niya. Iyan ay dahil sa ang buong Sansinukob na ito mula sa pinakamalaki na mga galaxy nito hanggang sa pinakamaliit na mga kulisap nito ay tumatahak ayon sa pagtatakda na isinabatas para rito ng Panginoon nito. Nagsabi si Allah: **Pagkatapos ay bumaling Siya sa langit nang ito ay usok pa at sinabi Niya rito at sa lupa: “Pumarito kayong dalawa nang may pagtalima o sapilitan.” Nagsabi ang dalawa: “Pupunta kami na mga tumatalima.”**³⁷⁷ Bagkus ang Sansinukob na ito ay umiibig sa sumasang-ayon dito sa pagsuko kay Allah at nasusuklam sa sumasalungat dito.

Ang tumatangging sumampalataya ay ang nagmamatigas sa mga nilikhang ito yamang itinalaga niya ang sarili niya na sumasalungat sa Panginoon niya at nakikipagtulungan laban sa Kanya. Dahil dito ay naging karapat-dapat para sa mga langit, lupa at lahat ng nilikha na kamuhian siya at kamuhian ang kawalang-pananampalataya niya at ang pagtangga niya.

Nagsabi si Allah: **Sinabi nila: Nagkaroon ang Napakamaawain ng isang anak. Talaga ngang nagsabi kayo ng isang bagay na kasuklam-suklam. Halos ang mga langit ay magkabitak-bitak dahil doon at mabiyak ang lupa at gumuho ang mga bundok nang durug-durog, dahil nagparatang sila sa Napakamaawain ng isang anak. Hindi nararapat para sa Napakamaawain na magkaroon ng anak. Lahat ng sinumang nasa mga langit at lupa ay pupunta lamang sa Napakamaawain bilang isang alipin.**³⁷⁸

Nagsabi naman Siya tungkol kay Paraon at sa hukbo nito: **Kaya hindi umiyak para sa kanila ang langit at ang lupa at sila ay hindi mga ipagpapaliban.**³⁷⁹

4. Siya ay mamumuhay na isang mangmang

ito ay yamang ang kawalang-pananampalataya ay ang kamangmangan. Bagkus ay ito ang pinakamalaking kamangmangan dahil sa ang tumatangging sumampalataya ay hindi nakaaalam sa Panginoon niya. Nasasaksihan niya ang Sansinukob na ito na nilikha ng Panginoon niya at hinusayan Niya ang pagkalikha nito. Nakikita niya sa sarili niya ang kadakilaan ng pagkakayari at ang karangalan ng pagkalikha, pagkatapos ay hindi niya nakikilala kung sino ang lumikha sa Sansinukob na ito at bumuo sa sarili niya? Hindi ba ito ang pinakamalaking kamangmangan?

5. Nabubuhay siya na lumalabag sa katarungan sa sarili niya at lumalabag sa katarungan sa sinumang nasa paligid niya

Ito ay dahil sa siya ay nagpasunud-sunuran sa sarili niya para sa layuning iba sa layon ng pagkalikha rito. Hindi siya sumamba sa Panginoon niya, bagkus ay sumamba siya sa iba. Ang paglabag sa katarungan ay ang paglalagay sa isang bagay sa hindi nito

³⁷⁷ Qur'an 41:11.

³⁷⁸ Qur'an 19:88-93.

³⁷⁹ Qur'an 44:29.

kinalalagyan. Aling paglabag sa katarungan ang higit na malaki kaysa sa pagtutuon ng pagsamba sa hindi karapat-dapat dito?

Nagsabi si Allah na nagsabi si Luqmán na marunong, na naglilinaw sa karumalan ng Shirk: **O anak ko, huwag kang magtambal kay Allah. Tunay na ang pagtatambal sa Kanya ay talagang mabigat na paglabag sa katarungan.**³⁸⁰

Siya ay isang kawalang-katarungan sa sinumang nakapaligid sa kanya na mga tao at mga nilikha dahil sa siya ay hindi nakakikilala sa karapatan ng isang may karapatan. Kaya kapag nangyari ang Araw ng Pagbangon ay tatayo sa harap niya ang bawat nilabag niya sa katarungan na tao o hayop, na hihiling sa Panginoon niya na gumanti para rito laban sa kanya.

6. Inilantad niya ang sarili niya sa suklam at galit ni Allah habang nasa mundo

Siya ay nagiging nakalantad upang babaan ng mga kasawian at dapuan ng mga krisis bilang agarang parusa.

Nagsabi si Allah: **Kaya natiwasay ba ang mga nagpanukala ng mga gawang masagwa na hindi magpapalamon si Allah sa kanila sa lupa, o hindi pupunta sa kanila ang pagdurusa mula sa hindi nila nararamdaman, o hindi Niya kukunin sila sa sandali ng paglalakbay-lakbay nila at sila ay hindi makalulusot, o hindi Niya kukunin sila sa sandali ng isang pangangaba-ngaba? Ngunit tunay na ang Panginoon ninyo ay talagang Mahabagin, Maawain.**³⁸¹

Nagsabi pa Siya: **Hindi matitigil ang mga tumangging sumampalataya na tinatamaan ng dagok dahil sa masamang ginawa nila o dinadapuan nito malapit sa tahanan nila hanggang sa dumating ang pangako ni Allah. Tunay na si Allah ay hindi sumisira sa naipangako.**³⁸²

Sinabi pa Niya: **O natiwasay ba ang mga nakatira sa mga bayan na pupuntahan sila ng parusa Namin sa kaumagahan samantalang sila ay naglalaro?**³⁸³

Ito ang kalagayan ng bawat tumatanggi sa pag-alaala kay Allah. Nagsabi Siya habang nagbabalita sa mga parusa sa mga nagdaang kalipunan na tumatangging sumampalataya: **Kaya ang bawat isa ay pinarusahan Namin dahil sa pagkakasala nito. Kaya mayroon sa kanila na pinadalhan Namin ng isang unos ng mga bato, mayroon sa kanila na dinaklot ng hiyaw, mayroon sa kanila na ipinalamon Namin sa lupa at mayroon sa kanila na pinalunod Namin. Hindi mangyayaring si Allah ay lalabag sa katarungan sa kanila, subalit sila noon sa mga sarili nila ay lumalabag sa katarungan.**³⁸⁴ Nakikita mo rin ang mga kasawian ng nasa paligid mo na dinapuan ng kaparusahan ni Allah at parusang pambabala Niya.

7. Itatakda sa kanya ang kabiguan at ang pagkatalo

³⁸⁰ Qur'an 31:13.

³⁸¹ Qur'an 16:45-47.

³⁸² Qur'an 13:31.

³⁸³ Qur'an 7:98.

³⁸⁴ Qur'an 29:40.

Kaya dahil sa paglabag niya sa katarungan ay naipatalo niya ang pinakamalaking tinatamasa ng mga puso at mga kaluluwa: ang pagkakilala kay Allah, ang pikipagpalagayang-loob sa pakikipagniig sa Kanya at ang kapanatagan.

Naipatalo niya ang buhay sa mundo dahil siya ay namuhay roon nang buhay na aba at nalilito. Naipatalo niya ang sarili niya, na alang-alang dito ay nagtitipon siya ng pakinabang, dahil hindi niya ito pinasunud-sunuran sa layon ng pagkakalikha rito. Hindi siya lumigaya sa mundo dahil sa sarili niya dahil ito ay namuhay nang hapis, namatay nang hapis, at bubuhayin kasama ng mga hapis.

Nagsabi si Allah: **Ang sinumang gumaan ang mga timbangan niya sa kabutihan, ang mga iyon ay ang nagpatalo sa mga sarili nila**³⁸⁵ Ipinatalo niya ang mag-anak niya dahil siya ay namuhay kasama nila sa pagtanggap sumampalataya kay Allah, kaya naman sila ay tulad niya sa kapwa kahapisan at kasikipan ng buhay. Ang kahahantungan nila ay tungo sa Impiyerno. Nagsabi si Allah: **Tunay na ang mga nalulugi ay ang mga ipinalugi ang mga sarili nila at ang mga mag-anak nila sa Araw ng Pagbangon.**³⁸⁶

Sa Araw ng Pagbangon ay titipunin sila sa Impiyerno. Kaaba-abang pamamalagian! Nagsabi si Allah: **Tipunin ninyo ang mga lumabag sa katarungan, ang mga kapara nila at ang sinasamba nila noon bukod pa kay Allah at patnubayan ninyo sila sa landasin ng Impiyerno**³⁸⁷

8. Namumuhay siya nang walang utang na loob sa Panginoon niya at nagkakaila sa biyaya Niya

Ito ay sapagkat si Allah ay lumikha sa kanya mula sa wala at nagpasagana sa kanya ng lahat ng biyaya kaya papaanong sumasamba siya sa iba sa Kanya, tumatangkilik sa iba pa sa Kanya at nagpapasalamat sa iba sa Kanya. Aling pagkakaila ang higit na malaki kaysa rito? Aling pagtanggap ang higit na karumal-dumal kaysa rito?

9. Pagkakaitan siya ng tunay na buhay

Iyon ay dahil sa ang tao na karapat-dapat sa buhay ay ang sumampalataya sa Panginoon niya, nakaalam sa layon niya, malinaw sa kanya ang kahahantungan niya at nakatiyak sa pagbubuhay sa kanya. Nalalaman niya ang karapatan ng bawat may karapatan kaya naman wala siyang ikakailang karapatan at wala siyang pipinsalaing nilikha.

Namumuhay siya nang pamumuhay ng mga maligaya at matatamo niya ang kaaya-ayang buhay sa mundo at kabilang-buhay. Nagsabi si Allah: **Ang sinumang gumawa ng isang matuwid, maging isang lalaki man o isang babae samantalang siya ay isang sumasampalataya, ay talagang pamumuhayin nga Namin siya nang isang kaaya-ayang buhay**³⁸⁸ at sa kabilang-buhay naman: **mga kaaya-ayang tahanan sa mga Hardin ng Pamamalagi. Iyan ay ang dakilang pagtamo.**³⁸⁹

Tungkol naman sa namuhay sa buhay na ito nang pamumuhay na kawangis ng buhay ng mga hayop — kaya naman hindi niya nakikilala ang Panginoon niya, hindi niya

³⁸⁵ Qur'an 7:9.

³⁸⁶ Qur'an 39:15, 42:45.

³⁸⁷ Qur'an 37:22-23.

³⁸⁸ Qur'an 16:97.

³⁸⁹ Qur'an 61:12.

nababatid ang layon sa kanya at hindi niya nalalaman ang kahahantungan niya, bagkus ang layon niya ay kumain, uminom at matulog — ay ano na ang kaibahan sa pagitan niya at ng lahat ng hayop? Bagkus siya ay higit na ligaw kaysa sa mga ito.

Nagsabi si Allah: **Talaga ngang lumikha Kami para sa Impiyerno ng marami mula sa jinn at tao. Mayroon silang mga puso na hindi sila nakauunawa sa pamamagitan ng mga ito, mayroon silang mga mata na hindi sila nakakikita sa pamamagitan ng mga ito, at mayroon silang mga tainga na hindi sila nakaririnig sa pamamagitan ng mga ito. Ang mga iyon ay gaya ng mga hayupan, bagkus sila ay higit na ligaw. Ang mga iyon ay ang mga nagpapabaya.**³⁹⁰

Nagsabi pa Siya: **O inaakala mo ba na ang higit na marami sa kanila ay nakaririnig o nakauunawa? Walang iba sila kundi gaya ng mga hayupan, bagkus sila ay higit na ligaw sa landas.**³⁹¹

10. Siya ay mamamalagi sa pagdurusa

Iyon ay dahil sa ang tumatangging sumampalataya ay lilipat-lipat mula sa isang pagdurusa patungo sa isa pang pagdurusa. Siya ay lalabas sa mundo, noong nalagok na niya ang mga kapaitan doon at mga kasawian doon, patungo sa tahanan sa kabilang-buhay. Sa unang yugto niyon ay may magbababaan na mga anghel ng kamatayan na uunahan ng mga anghel ng pagdurusa upang magpalasap sa kanya ng pagdurusa na karapat-dapat sa kanya. Nagsabi si Allah: **Kung nakikita mo sana kapag kinukuha ang mga tumangging sumasampalataya ng mga anghel, na hinahagupit ng mga ito ang mga mukha nila at ang mga likod nila**³⁹²

Pagkatapos kapag lumabas na ang kaluluwa niya at ibinaba na sa libingan niya ay makikipagkita siya sa higit na matinding pagdurusa. Nagsabi si Allah, na nagbabalita tungkol sa mga kampon ni Paraon: **Ang Apoy, idadarang sila roon sa umaga at gabi. Sa araw na sasapit ang Oras ng Pagpaparusa ay sasabihin sa mga anghel: “Papasukin ninyo ang mga kampon ni Paraon sa pinakamatinding pagdurusa.”**³⁹³

Pagkatapos kapag nangyari na ang Araw ng Pagbangon [ng mga patay], binuhay na ang mga nilikha, itinanghal na ang mga gawa, at nakita na ng tumatangging sumampalataya na si Allah ay nag-isa-isa para sa kanya ng lahat ng gawa niya sa aklat na iyon na nagsabi si Allah tungkol doon: **Ilalagay ang aklat ng mga gawa kaya makikita mo na ang mga sumasalansang ay mga nababagabag sa nasa loob nito at magsasabi: “O kapighatian sa amin; anong mayroon sa aklat na ito na hindi nag-iiwan ng isang maliit ni isang malaki malibang inisa-isa nito iyon.”**³⁹⁴ ay doon iibigin ng tumatangging sumampalataya na siya sana ay naging alabok: **sa Araw na masisilayan ng tao ang anumang gawang ipinauna ng mga kamay niya, at magsasabi ang tumatangging sumampalataya: “O kung sana ako ay naging alabok!”**³⁹⁵

³⁹⁰ Qur'an 7:179.

³⁹¹ Qur'an 25:44.

³⁹² Qur'an 8:50.

³⁹³ Qur'an 40:46.

³⁹⁴ Qur'an 18:49.

³⁹⁵ Qur'an 78:40.

Dahil sa tindi ng hilakbot sa pagtayo [sa Araw ng Pagkabuhay], tunay na ang tao, kung sakaling minamay-ari niya ang lahat ng nasa lupa, ay talagang ipantutubos na sana niya iyon sa sarili mula sa pagdurusa sa Araw na iyon. Nagsabi si Allah: **Kung sakaling taglay ng mga lumabag sa katarungan ang lahat ng nasa lupa at tulad nito kasama nito ay talagang ipantutubos na sana nila ito sa mga sarili mula sa kasagwaan ng pagdurusa sa Araw ng Pagbangon.**³⁹⁶

Nagsabi pa Siya: **Pakaiibigin ng sumasalansang na tubusin niya sana ang sarili mula sa isang pagdurusa sa araw na iyon sa pamamagitan ng mga anak niya at asawa niya at kapatid niya at angkan niya na nagpapatuloy noon sa kanya at sinumang nasa lupa sa kalahatan, upang pagkatapos ay maililigtas siya nito.**³⁹⁷

Dahil sa ang tahanan ng pagganti at hindi tahanan ng mga mithiin, hindi maiiwasang makatagpo ng tao ang ganti sa gawa niya: kung mabuti ay mabuti ang ganti at kung masama ay masama ang ganti. Ang masama na makatatagpo ng tumatangging sumampalataya sa tahanan pangkabilang-buhay ay ang pagdurusa sa Impiyerno. Sinari-sari nga ni Allah sa mga mananahan sa Impiyerno ang mga uri ng pagdurusa upang malasap nila ang karubduban ng kinahinatnan ng gawa nila.

Nagsabi si Allah: **Ito ay ang Impiyerno na pinasisinungalingan ng mga sumasalansang; magpapabalik-balik sila sa pagitan ng Impiyernong ito at ng napakainit na tubig na kumukulo,**³⁹⁸ Nagsabi pa Siya, na nagbabalita tungkol sa inumin nila at mga kasuutan nila: **Ngunit ang mga tumangging sumampalataya ay magpuputul-putol para sa kanila ng mga damit na yari sa apoy. Ibibuhos mula sa ibabaw ng mga ulo nila ang kumukulong tubig. Malulusaw sa pamamagitan nito ang nasa mga tiyan nila at mga balat. Maghahagupit sa kanila ng mga kawit na bakal.**³⁹⁹

Ang Pagwawakas

O tao!

Ikaw noon ay lantay na wala. Nagsabi si Allah: **Hindi ba naaalaala ng tao na Kami ay lumikha sa kanya noon samantalang siya noon ay hindi isang bagay?**⁴⁰⁰ Pagkatapos ay nilikha ka ni Allah mula sa punlay at ginawa ka Niya na isang nakaririnig, isang nakakikita. Nagsabi si Allah: **May dumating ba sa tao na isang sandali mula sa panahon noong siya ay hindi pa isang bagay na nababanggit? Tunay na Kami ay lumikha sa tao mula sa patak na mga pinaghalo-halong bagay, upang subukin siya. Pagkatapos ay ginawa Namin siya na isang nakaririnig, isang nakakikita.**⁴⁰¹

Pagkatapos ay unti-unti siyang nagbago mula sa kahinaan hanggang sa kalakasan. Ngunit ang panunumbalikan mo ay ang panghihina. Nagsabi si Allah: **Si Allah ay ang lumikha sa inyo mula sa kahinaan; pagkatapos ay gumawa Siya, matapos ng kahinaan, ng kalakasan; pagkatapos ay gumawa Siya, matapos ng kalakasan, ng**

³⁹⁶ Qur'an 39:47.

³⁹⁷ Qur'an 70:11-14.

³⁹⁸ Qur'an 55:43-44.

³⁹⁹ Qur'an 22:19-21.

⁴⁰⁰ Qur'an 19:66.

⁴⁰¹ Qur'an 76:1-2.

kahinaan at uban. Nililikha Niya ang anumang niloloob Niya. Siya ang Maalam, ang Makapangyarihan.⁴⁰²

Pagkatapos ang wakas na walang duda hinggil doon ay ang kamatayan. Ikaw naman sa mga yugto na iyon ay lumilipat mula sa isang kahinaan tungo sa isa pang kahinaan. Hindi mo nakakayang itulak ang kapinsalaan palayo sa sarili mo ni tamuhin para sa sarili mo ang pakinabang kundi sa pamamagitan ng pagpapatulong mo para roon sa pamamagitan ng mga biyaya ni Allah sa iyo na gaya ng kakayahan, lakas at pagkain. Ikaw ay mahirap na nangangailangan alinsunod sa kalikasan ng pagkalalang.

Kay rami roon ng bagay roon na kakailanganin mo para sa pagpapanatili ng buhay mo, na hindi maabot ng kamay mo. Maaaring makamit mo ito sa isang pagkakataon at maagaw mo ito sa ibang pagkakataon. Kay rami roon ng mga bagay na magdudulot sa iyo ng pakinabang at ninanais mong makamtan. Maaaring matamo mo ito sa isang pagkakataon at hindi mo ito makuha sa ibang pagkakataon.

Kay rami ng bagay na nakapipinsala sa iyo, sumisira sa mga pag-asa mo, nagwawala sa mga pinagsikapan mo at humahatak para sa iyo ng mga pagsubok at mga salot. Ninanais mo na itulak ito palayo sa sarili mo, at naitutulak mo naman ito sa isang pagkakataon at hindi mo nakakaya sa ibang pagkakataon. Hindi mo ba nadama ang karalitaan mo at ang pangangailangan mo kay Allah? Si Allah ay nagsasabi: **O mga tao, kayo ang mga nangangailangan kay Allah samantalang si Allah ang Walang-pangangailangan, ang Kapuri-puri.**⁴⁰³

Hinaharang ka ng isang mahinang virus na hindi nakikita ng lantay na mata, pagkadaka ay iginugupo ka ng karamdaman at hindi mo nakakayang itulak iyon. Pupunta ka sa isang taong mahina tulad mo upang magpaggamot ka. Minsan ay tumatalab ang gamot ngunit minsan naman ay hindi nakakaya ng manggamot kaya naman pinangingibabawan ng kalituhan ang pasyente at ang manggagamot.

Pakatandaan, anong hina mo, o anak ni Adan. Kung sakaling inagawan ka ng mga langaw ng isang bagay ay hindi mo makakaya na bawiin ito mula sa mga iyon. Totoo ang sinabi ni Allah yamang sinasabi Niya: **O mga tao, gumawa ng isang paghahalimbawa kaya pakinggan ninyo ito. Tunay na ang dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allah ay hindi makalilikha ng mga langaw, kahit pa man nagtipon sila para roon. Kung aagawan sila ng langaw ng isang bagay ay hindi nila masasagip ito mula roon. Mahina ang humihiling sa diyus-diyusan at ang hinihilingan na diyus-diyusan.**⁴⁰⁴ Kaya kapag ikaw ay hindi nakakakaya na sumagip ng inagaw sa iyo ng mga langaw, ano na ang makakaya mo sa nauukol sa iyo?

Ang bumbunan mo ay nasa kamay ni Allah, ang sarili mo ay nasa kamay Niya, at ang puso mo ay nasa pagitan ng dalawa sa mga daliri ng Panginoong Napakamaawain, na binabagu-bago Niya kung papaanong niloob Niya.

Ang buhay mo at ang kamatayan mo ay nasa kamay Niya. Ang kaligayahan mo at ang kahapisan mo ay nasa kamay Niya. Ang mga kilos mo, ang mga di-paggalaw mo at ang mga sinabi mo ay ayon sa kapahintulutan ni Allah at kalooban Niya. Kaya huwag kang

⁴⁰² Qur'an 30:54.

⁴⁰³ Qur'an 35:15.

⁴⁰⁴ Qur'an 22:73.

kumilos malibang ayon sa kapahintulutan Niya at huwag kang gumawa malibang ayon sa kalooban Niya.

Kung ipinagkatiwala ka Niya sa sarili mo ay ipinagkatiwala ka Niya sa kawalang-kakayahan, kahinaan, pagpapabaya, pagkakasala at pagkakamali. Kung ipinagkatiwala ka Niya sa iba pa sa iyo ay ipinagkatiwala ka Niya sa isang hindi nakakayang magdulot sa iyo ng pinsala ni pakinabang ni kamatayan ni buhay ni pagbubuhay. Kaya walang kalayaan sa iyo sa pangangailangan sa Kanya isang kisap mata man. Bagkus ikaw ay mapipilitang dumulog sa Kanya ayon sa maaabot ng mga hininga mo, sa panlabas at panloob.

Pinasagana Niya sa iyo ang mga biyaya samantalang ikaw ay nagpapakita ng pagkasuklam sa Kanya sa pamamagitan ng mga pagsuway at kawalang-pananampalataya sa kabila ng tindi ng pangangailangan sa Kanya sa lahat ng aspeto. Kinalimutan mo Siya samantalang ang panunumbalikan mo at ang kauuwian mo ay sa Kanya at ang tatayuan mo ay sa harap Niya.⁴⁰⁵

O tao, sa pagsasaalang-alang sa kahinaan mo at kawalang kakayahan mo sa pagdala sa mga kahihinatnan ng mga pagkakasala mo ay **Ninanais ni Allah na pagaanin ang pahirap sa inyo, at nilikha ang tao na mahina.**⁴⁰⁶ Isinugo ni Allah ang mga sugo, ibinaba Niya ang mga kasulatan, isinabatas Niya ang mga batas, at inilagay Niya sa harapan mo ang tuwid na daan.

Inilahad Niya ang mga malinaw na patunay, ang mga katwiran, ang mga patotoo at ang mga katunayan, hanggang sa gumawa Siya para sa bawat bagay ng isang tanda na nagpapatunay sa pagkaiisa Niya, pagkapanginoon Niya at pagkadiyos Niya samantalang ikaw naman ay nagtutulak sa katotohanan sa pamamagitan ng kabulaanan.

Ginawa mo ang demonyo na tagatangkilik bukod pa kay Allah at nakikipagtalo ka sa pamamagitan ng kabulaanan: **ngunit ang tao ay laging pinakahigit na bagay sa pakikipagtalo.**⁴⁰⁷

Pinalimot sa iyo ng mga biyaya ni Allah na tinatamasa mo ang simula mo at ang wakas mo. Hindi mo ba natandaan na ikaw ay nilikha mula sa punlay, na ang panunumbalikan mo ay isang hukay at na ang pagdadalhan sa iyo ay sa isang paraiso o isang impiyerno?

Nagsabi si Allah: **Hindi ba napag-alaman ng tao na Kami ay lumikha sa kanya mula sa isang punlay, ngunit walang anu-ano siya ay isang maliwanag na kaalitan? Gumawa siya para sa Amin ng isang paghahalimbawa at nakalimutan niya ang pagkalikha sa kanya. Nagsabi siya: “Sino ang magbibigay-buhay sa mga buto samantalang ang mga ito ay bulok na?” Sabihin mo: “Bibigyang-buhay ang mga ito ng lumalang sa mga ito sa unang pagkakataon. Siya sa bawat nilikha ay Maalam.”⁴⁰⁸**

Nagsabi pa Siya: **O tao, ano ang nakadaya sa iyo hinggil sa Panginoon mo, ang Mapagbigay, na lumikha sa iyo, at saka bumuo sa iyo, saka nagpaangkop sa iyo? Sa alinmang anyo na niloob Niya ay niyari ka Niya.**⁴⁰⁹

⁴⁰⁵ *Al-Fawáid* ni Ibnu al-Qayyim, pahina 56.

⁴⁰⁶ Qur'an 4:28.

⁴⁰⁷ Qur'an 18:54.

⁴⁰⁸ Qur'an 36:77-79.

⁴⁰⁹ Qur'an 82:6-8.

O tao, bakit mo pinagkakaitan ang sarili mo ng sarap ng pagtayo sa harap ni Allah habang nakikipagsarilinan ka sa Kanya upang bigyan ka ng kasapatan mula sa kahirapan, pagalingin ka sa karamdaman, pawiin ang pighati mo, patawarin ang pagkakasala mo, alisin ang pinsala sa iyo, iadya ka kung nilabag ka sa katarungan, gabayan ka kung nalito ka at naligaw ka, turuan ka ng hindi mo nalalaman, patiwasayin ka kapag nangamba ka, kaawaan ka sa sandali ng panghihina mo, itaboy palayo sa iyo ang mga kaaway mo at magdulot sa iyo ng panustos sa iyo?⁴¹⁰

O tao, tunay na ang pinakamalaking biyaya na ibiniyaya ni Allah sa tao, matapos ang biyaya ng tunay na Relihiyon, ay ang biyaya ng isip. Ito ay upang matalos mo sa pamamagitan nito ang kaibahan sa pagitan ng nagdudulot sa iyo ng pakinabang at ng nagdudulot sa iyo ng pinsala, upang maunawaan mo buhat kay Allah ang ipinag-uutos Niya at ang sinasaway Niya, at upang malaman sa pamamagitan nito ang pinakadakilang layon: ang pagsamba kay Allah lamang nang walang katambal sa Kanya. Nagsabi si Allah: **Ang anumang nasa inyo na biyaya ay mula kay Allah. Pagkatapos ay kapag nasaling kayo ng kapinsalaan ay sa Kanya kayo nagsusumamo. Pagkatapos kapag hinawi Niya ang pinsala palayo sa inyo walang anu-ano ay may isang pangkat kabilang sa inyo na sa Panginoon nila ay nagtatambal.**⁴¹¹

O tao, tunay na ang taong nakauunawa ay umiibig sa mga matayog na bagay at nasusuklam sa mga mababang bagay. Pakaiibigin niya na tumulad sa bawat matuwid at marangal na mga propeta at mga matuwid. Inaasahan niya ang sarili niya na masundan sila kung hindi man niya maabot sila. Ang landas tungo doon ay ang ipinatnubay ni Allah ayon sa sabi Niya: **Kung kayo ay umiibig kay Allah ay sundin ninyo ako,**⁴¹² Kapag sinunod niya iyan ay isasama siya ni Allah sa mga propeta, mga sugo at mga matuwid. Nagsabi si Allah: **Ang sinumang tumatalima kay Allah at sa Sugo, ang mga iyon ay kasama nila na mga biniyayaan ni Allah na kinabibilangan ng mga propeta, mga mapagsampalataya, mga martir at mga matuwid. Maganda ang mga iyon bilang kasama.**⁴¹³

O tao, pinangangaralan lamang kita na makipagsarilinan ka sa sarili mo. Pagkatapos ay pagmuni-munian mo ang dumating sa iyo na katotohanan. Titingnan mo ang mga patunay nito at pagbulay-bulayan mo ang mga katunayan nito. Kaya kapag nakita mo na ito ay totoo ay halika sa pagsunod nito. Huwag kang maging bihag ng nakasanayan at nakagawian. Alamin mo na ang sarili mo ay higit na mahal sa iyo kaysa sa mga kabarkada mo, mga kababata mo at pamana ng mga lolo mo. Nangaral nga si Allah sa mga tumatangging sumampalataya ng ganito at nanawagan Siya sa kanila para rito. Nagsabi Siya: **Sabihin mo: “Pangangaralan ko lamang kayo ng iisa lamang: na tumayo kayo alang-alang kay Allah nang dalawahan at isahan, pagkatapos ay mag-isip-isip kayo.”** Walang taglay ang kasamahan ninyo na anumang kabaliwan.

⁴¹⁰ Tingnan ang *Miftáh Dár as-Sa'adah* (Ang Susi sa Tahanan ng Kaligayahan), tomo 1, pahina 251.

⁴¹¹ Qur'an 16:53-54.

⁴¹² Qur'an 3:31.

⁴¹³ Qur'an 4:69.

Walang iba siya kundi isang tagapagbabala sa inyo sa harap ng matinding pagdurusa.⁴¹⁴

O tao, tunay na ikaw, kung yayakap ka Islam, ay hindi malulugi ng anuman. Nagsabi si Allah: **Ano ang mawawala sa kanila kung sakaling sumampalataya sila kay Allah at sa Kabilang-buhay, at gumugol mula sa itinustos sa kanila ni Allah? Si Allah sa kanila ay laging Maalam.**⁴¹⁵ Nagsabi si Ibnu Kathir,⁴¹⁶ kaawaan siya ni Allah:

“Aling bagay ang pipinsala sa kanila kung sakaling sumampalataya sila kay Allah, tumahak sila sa daang kapuri-puri, sumampalataya sila kay Allah dahil sa pag-asa sa ipinangako Niya sa tahananang pangkabilang-buhay para sa sinumang nagpapabuti sa gawa niya, at gumugol mula sa itinustos ni Allah sa kanila sa mga paraang naiibigan ni Allah at kinasisiyahan Niya. Siya ay nakaaalam sa mga matuwid at tiwaling layunin nila, nakaaalam sa sinumang naging karapat-dapat na panagumpayin sa kanila kaya pananagumpayin Niya siya, magpahiwatig sa kanya ng gabay sa kanya, at magtatalaga sa kanya sa gawaing matuwid na masisiyahan Siya sa kanya pamamagitan nito. Siya ay nakaaalam sa sinumang naging karapat-dapat na iwan at itaboy palayo sa pandiyos na dakilang pagtangkilik Niya, na ang sinumang naitaboy palayo sa pinto nito ay nabigo nga at nalugi nga sa mundo at kabilang-buhay.”⁴¹⁷

Tunay na ang pagyakap mo sa Islam ay hindi makahahadlang sa pagitan mo at sa alinmang bagay na ninanais mong gawin o kunin, na kabilang sa ipinahintulot ni Allah sa iyo. Bagkus tunay na si Allah ay maggagantimpala sa iyo sa bawat gawain na gagawin mo na hinahangad sa pamamagitan nito ang ikasisiya ng mukha ni Allah, kahit pa ang kabilang ito sa nakabubuti sa pangmundong buhay mo at nakadaragdag sa yaman mo o katanyagan mo karangalan mo.

Bagkus pati na ang kinukuha mo na mga pinapayagang bagay kapag isinaalang-alang mo na magkakasya ka sa ipinahihintulot sa halip na sa ipinagbabawal. Magkakaroon ka rin dito ng gantimpala. Nagsabi ang Sugo (SAS): **Sa pakikipagtalik ng isa inyo ay may kawanggawa.** Nagsabi sila: O Sugo ni Allah, [kapag] tutugunin ba ng isa sa amin ang hilig ng laman niya ay magkakaroon siya dahil doon ng gantimpala? Nagsabi siya: **Turan ninyo sa akin, kung sakaling inilagay niya iyon sa ipinagbabawal ay nagkaroon ba siya ng kasalanan? Kaya ganoon din naman kapag inilagay niya ito sa ipinahihintulot ay magkakaroon siya ng gantimpala.**⁴¹⁸

O tao, tunay na ang mga sugo ay naghatid sa katotohanan at nagparating sa nais ni Allah. Ang tao naman ay nangangailangan sa pagkakilala sa batas ni Allah upang tumahak sa buhay na ito ayon sa kabatiran at upang sa kabilang-buhay ay maging kabilang sa mga nagtamo. Nagsabi si Allah: **O mga tao, dumating na sa inyo ang Sugo kalakip ng katotohanan mula sa Panginoon ninyo. Kaya sumampalataya kayo; magiging mabuti iyan para sa inyo. Kung tatanggi kayong sumampalataya ay tunay na kay Allah ang anumang nasa mga langit at lupa. Si Allah ay laging Maalam,**

⁴¹⁴ Qur'an 34:46.

⁴¹⁵ Qur'an 4:39.

⁴¹⁶ Isa siyang pantas sa pagpapaliwanag sa Qur'an. Ang Tagapagsalin.

⁴¹⁷ *Tafsir al-Qur'an al-'Adhim* ni Ibnu Kathir, tomo 1, pahina 497.

⁴¹⁸ Isinalaysay ito ni Imam Muslim sa *Sahih Muslim* sa *Kitab az-Zakah* (Aklat ng Zakah), Hadith 1006.

Marunong.⁴¹⁹ Nagsabi pa Siya: Sabihin mo: “O mga tao, dumating na sa inyo ang katotohanan mula sa Panginoon ninyo. Kaya ang sinumang napatnubayan ay napatnubayan lamang para sa *kapakanan ng sarili niya*; at ang sinumang naligaw ay naligaw lamang para sa *kapahamakan nito*. Ako sa inyo ay hindi isang katiwala.”⁴²⁰

O tao, tunay na ikaw, kung yumakap ka sa Islam, ay walang dudulutan ng pakinabang kundi ang sarili mo. Kung tumanggi kang sumampalataya ay wala kang dudulutan ng pinsala kundi ang sarili mo. Tunay na si Allah ay Walang-pangangailangan sa mga lingkod Niya. Kaya naman hindi Siya napipinsala ng pagsuway ng mga sumusuway at hindi Siya nakikinabang sa pagtalima ng mga tumatalima. Hindi Siya masusuway malibang ayon sa kaalaman Niya at hindi Siya matatalima malibang ayon sa kapahintulutan Niya. Nagsabi nga si Allah ayon sa ibinalita tungkol doon ng Propeta Niya (SAS):

O mga lingkod Ko, tunay na Ako ay nagbawal sa sarili Ko ng paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya naman huwag kayong maglabagan sa katarungan.

O mga lingkod Ko, lahat kayo ay naliligaw maliban sa pinatnubayan Ko; kaya humingi kayo ng patnubay sa Akin, papatnubayan Ko kayo.

O mga lingkod Ko, lahat kayo ay nagugutom maliban sa pinakain Ko; kaya humingi kayo ng makakain sa Akin, pakakainin Ko kayo.

O mga lingkod Ko, lahat kayo ay hubad maliban sa pinadamitan Ko; kaya magpadamit kayo sa Akin, dadamitan Ko kayo.

O mga lingkod Ko, tunay na kayo ay nagkakamali sa gabi at maghapon at Ako ay nagpapatawad sa lahat ng pagkakasala; kaya humingi kayo ng tawad sa Akin, magpapatawad Ako sa inyo.

O mga lingkod Ko, tunay na kayo ay hindi makapaghahatid ng pinsala sa Akin para mapinsala ninyo Ako at hindi makapaghahatid ng pakinabang sa Akin para pakinabangin ninyo Ako.

O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging alinsunod sa pinakanangingilag magkasala na puso ng iisang lalaki mula sa inyo, walang maidadagdag iyon na anuman sa paghahari Ko.

O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging alinsunod sa napakabuktot na puso ng iisang lalaki mula sa inyo, walang maibabawas iyon na anuman sa paghahari Ko.

O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay tumayo man sa iisang kapatagan at humingi sa Akin at binigyan Ko ang bawat tao ng hiningi niya, walang maibabawas iyon mula sa taglay Ko kundi gaya ng naibabawas ng karayom kapag ipinasok ito sa dagat.

O mga lingkod Ko, ang mga ito ay mga gawa ninyo lamang na binibilang Ko para sa inyo. Pagkatapos ay tutumbasan Ko kayo sa mga iyon. Kaya ang sinumang

⁴¹⁹ Qur'an 4:170.

⁴²⁰ Qur'an 10:108.

nakatagpo ng isang mabuti ay magpuri siya kay Allah, at ang sinumang nakatagpo ng iba roon ay huwag nga siyang maninisi kundi sa sarili niya.⁴²¹

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol sa pinakamarangal sa mga propeta at mga isinugo, ang Propeta natin na si Muhammad, at sa mag-anak niya at lahat ng Kasamahan niya.

Naisalin ito ng Zulfi Foreigners Guidance Office noong Disyembre 5, 2006.

⁴²¹ Isinalaysay ito ni Imám Muslim sa *Kitáb al-Birr wa as-Silah* (Aklat ng Pagpapakabuti at Pakikipag-ugnayan sa Kaanak), *Báb Tahrim adh-Dhulm* (Kabanata ng Pagbabawal sa Paglabag sa Katarungan), Hadith 2577.